



Humanities Diliman

A Philippine Journal of Humanities • January - June 2026 • Vol. 23 No. 1

ARTICLES

Artista bilang Aktibista: Pagsusuri sa Naratibo ng Eksibit na *Warm Bodies* gamit ang Semyotikang Pangmuseo
Jay Israel B. De Leon and Maria Elena M. Dator

Mga Nakapaloob na Ideolohiyang Politikang sa Klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano sa Eksibit na *Sining Saysay* ng Gateway Gallery
Rose P. Capulla and Feorillo Petronilo A. Demeterio III

Local Culture and Contextual Design: Visual identification on Lamuri Tombstone Ornaments
Bambang Sunarto, Agung Zainal Muttakin Raden, Agung Purnomo, and Andra Arie Anto

'Our Silent Slavery, Our Silent Martyrdom': The Janus-Facedness of Silence as a Feminist Rhetorical Art
Nicko Enrique L. Manalastas

The War Against COVID: A Critical Discourse Analysis of Former President Duterte's Speeches During the 2020 Pandemic in the Philippines
Ejay R. Domingo

Pagsasalin ng Dugo: Ang Ugnayan ng Rasismo at Kolonyalismo sa Salin ng *The Octoroon* ni Mary Elizabeth Braddon tungong *Dugo sa Dugo* ni Francisco Laksamana
Christoffer Mitch C. Cerda

Ang D.A.N.A.S at Kuripot: Dalumat-Salita sa Marangyang *Padas* ng Diasporang-Ilokana sa Singapore
Baby Jean VC. Jose

REVIEW

Revaluing Manong: Nicanor Tiongson's *Manong: The Life and Works of Gerardo de Leon*
Laurence Marvin S. Castillo

CONTENTS

FROM THE EDITOR	ii
<i>Ruth Jordana L. Pison</i>	
ARTICLES	
Artista bilang Aktibista: Pagsusuri sa Naratibo ng Eksibit na <i>Warm Bodies</i> gamit ang Semyotikang Pangmuseo	1
<i>Jay Israel B. De Leon and Maria Elena M. Dator</i>	
Mga Nakapaloob na Ideolohiyang Politikang sa Klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano sa Eksibit na <i>Sining Saysay</i> ng Gateway Gallery	58
<i>Rose P. Capulla and Feorillo Petronilo A. Demeterio III</i>	
Local Culture and Contextual Design: Visual identification on Lamuri Tombstone Ornaments	96
<i>Bambang Sunarto, Agung Zainal Muttakin Raden, Agung Purnomo, and Andra Arie Anto</i>	
‘Our Silent Slavery, Our Silent Martyrdom’: The Janus-Facedness of Silence as a Feminist Rhetorical Art	121
<i>Nicko Enrique L. Manalastas</i>	
The War Against COVID: A Critical Discourse Analysis of former President Duterte’s Speeches During the 2020 Pandemic in the Philippines	141
<i>Ejay R. Domingo</i>	
Pagsasalin ng Dugo: Ang Ugnayan ng Rasismo at Kolonyalismo sa Salin ng <i>The Octoroon</i> ni Mary Elizabeth Braddon tungong <i>Dugo sa Dugo</i> ni Francisco Laksamana	168
<i>Christoffer Mitch C. Cerda</i>	
Ang D.A.N.A.S at Kuripot: Dalumat-Salita sa Marangyang <i>Padas</i> ng Diasporang-Ilokana sa Singapore	222
<i>Baby Jean VC. Jose</i>	
REVIEW	
Revaluing Manong: Nicanor Tiongson’s <i>Manong: The Life and Works</i> of Gerardo de Leon	262
<i>Laurence Marvin S. Castillo</i>	
Call for Papers	268
Journal Subscription Form	269
Editorial and Publication Ethics Policy	270
Information for Authors	272

Humanities Diliman's January-June 2026 issue features articles that are cross-cultural and interdisciplinary in their analysis of cultural practices and exchanges, aesthetics, discourse, translation, and identity. Consistent with the critical, context-specific, and deconstructive nature of studies in the humanities, the articles in this issue underline the necessity of probing into the complex interplay of history, economics, and politics in the analysis of any cultural material.

In “Artista bilang Aktibista: Pagsusuri sa Naratibo ng Eksibit na *Warm Bodies* gamit ang Semyotikang Pangmuseo,” Jay Israel B. De Leon and Maria Elena M. Dator examine *Warm Bodies: Upholding Freedom of Expression*, an exhibit of the Concerned Artists of the Philippines at the University of the Philippines from 26 January to 17 February 2024.

Using museum semiotics as a framework to analyze the narrative of the exhibit, the study provides a critical reading of the various parts of the exhibit, in particular its linguistic, iconic, and design codes to show how artists and cultural workers in the Philippines have struggled for freedom of expression since the 1970s. Taking off from the meaning of “warm bodies” which refers to a general way of determining the number of people in gatherings such as protests and rallies, the exhibit reveals that each warm body has a particular story to tell. Readers are not only provided with a clear method of mapping out the segments of the exhibit—“Rehimeng Marcos Sr.,” “Rehimeng Duterte,” and “Rehimeng Marcos, Jr.”—before particular works such as songs, photographs, editorial cartoons, and paintings are semiotically approached, but also with an analysis of the entire exhibit as a system of signification whose objects and elements constitute a discourse. As such, the narrative of the entire exhibit is shown to be one of repression of freedom of speech—a repression of warm bodies calling for justice—in the Philippines.

In a similar vein, Rose P. Capulla and Feorillo Petronillo A. Demeterio III’s “Mga Ideolohiyang Politikang Nakapaloob sa mga Obrang Kabilang sa Klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano ng Permanenteng Exhibit na *Sining Saysay* ng Gateway Gallery” examines the ideologies of six paintings under the American Period cluster of *Sining Saysay: Philippine History in Art* in the Gateway Gallery. The current study complements the authors’ 2023 article titled “Mga Ideolohiyang Politikang Nakapaloob sa mga Obra ng *Sining Saysay* na

Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan” which focused on the fifth sequential cluster of the exhibit. Complementing Roland Barthes’s semiotics with Hans Slomp’s and F.P.A. Demeterio’s ideological spectrum and Alice Guillermo’s art criticism as hermeneutical lenses, the study determines and compares each painting’s politics—from liberal libertarian, to conservative libertarian, to authoritarian. The discussion then uses both synchronic and diachronic perspectives in further looking at the general ideology of the cluster. The meticulous identification of the different elements of each painting reminds us of the importance of exploring the six works in relation to the other paintings in the exhibit— twenty-three sequential works and seven thematic works in all. What the study demonstrates is a way of engaging with numerous artworks curated according to historical periods and themes. Moreover, *Sining Saysay* is an important subject of analysis as it is a permanent exhibit at the Araneta Center continuously viewed by shoppers, employees, and passersby, and the result of collaborative efforts of the University of the Philippines Diliman’s Alumni Association and Araneta Center, Incorporated.

Whereas the first two articles examine the process of signification within the intersemiotic space of an exhibition, Bambang Sunarto, Agung Zainal Muttakin Raden, Agung Purnomo, and Andra Arie Anto’s “Local Culture and Contextual Design: Visual Identification on Lamuri Tombstone Ornaments” turns to a public space and focuses on gravestones not just as personal symbols of remembrance but as cultural and historical markers.

For a deeper appreciation of the Lamuri Plak-Plieng tombstones, the study deploys a visual methodology to determine and examine their ornaments. Readers will find fascinating the historical and archaeological significance of the Lamuri site, in Lamreh Village, Mesjid Raya District, Aceh Besar Regency, Aceh Province, Indonesia. Such critical location made it a major hub of trade from the 13th to the 15th centuries; Lamuri was once a strong kingdom and played a crucial part in the development of the Aceh Sultanate. The perspective afforded by the visual methodology used in the study leads to the investigation of four correlated sites: site of production, site of image, site of circulation, and site of audience. The analysis pays attention to the craft involved in making the tombstones—design elements such as symmetry, floral patterns, ornamental motifs, and geometrics—

as a clear indication of skills and as an index of interactions between Hinduism, Buddhism, and Islam. The Plak-Plieng tombstones, as the study asserts, gesture toward a narrative of cultural exchange and adaptation.

From discussions on different cultural productions and artifacts, the next two articles deconstruct discourses and their ideological implications.

“‘Our Silent Slavery, Our Silent Martyrdom’: The Janus-facedness of Silence as a Feminist Rhetorical Art” by Nicko Enrique L. Manalastas returns to a long-debated issue of whether silence is an act of cowardice or a strategic deployment of power. Discussing the extent of violence against women in the Philippines as a background to highlight the significance of both remaining and breaking one’s silence, the study then narrates the courageous opposition voiced out by Tessa Luz Reyes-Sevilla, wife of a military officer who was about to be appointed to the rank of Brigadier General in the Armed Forces of the Philippines. After remaining silent regarding the abuse she and her children experienced in the hands of her husband, Reyes-Sevilla finally spoke up. Although the problematization of whether silence as a rhetorical act is a form of power has been done by numerous scholars, in particular those in the West, Manalastas’s study locates the issue in the context of Philippine society, its patriarchal value system that informs familial relationships. Rhetorical silence, as the study asserts, is a “necessary antecedent to speaking out,” an argument that traces its provenance to the developments in queer, feminist, and racial liberation movements in the second half of the 20th century. Because silence is not the opposite of speaking but shares its potency and thus could be considered its supplemental, the study reiterates that in remaining silent before speaking out, Reyes-Sevilla recognized the former’s strategic power.

If silence’s potency is at the core of Manalastas’s study, it is the “loud” and intense language of former President Rodrigo Duterte’s pandemic speeches which is the focus of Ejay Domingo’s “The War Against COVID: A Critical Discourse Analysis of former President Duterte’s Speeches during the 2020 Pandemic in the Philippines.” By combining critical discourse analysis, corpus linguistics, and critical metaphor analysis, Domingo identifies the pervasive discourse during the first few months of the COVID-19 pandemic in the Philippines. The analysis of twenty-one transcripts of Duterte’s speeches from March 2020 to May 2020 reveals the particular lexical

and metaphorical choices which framed the pandemic as a “war” necessitating an aggressive response. Such discursive framing, palpable in the word choice, collocation, and connotations in the speeches, became more apparent when Duterte appointed numerous retired army generals to the National Task Force (NTF) Against COVID-19. More interesting, however, is Domingo’s assertion that the COVID-19 pandemic war discourse must not be seen as distinct and peculiar to Duterte’s administration as the latter just resurrected former President Ferdinand Marcos Sr.’s rhetoric of war to rationalize the use of force in dealing with the new enemy—the virus.

Interrogating the politics of discourse is equally critical in dealing with translations. Christopher Mitch Cerda’s “The Pagsasalin ng Dugo: Ang Ugnayan ng Rasismo at Kolonyalismo sa Salin ng *The Octoroon* ni Mary Elizabeth Braddon tungong *Dugo sa Dugo* ni Francisco Laksamana” thoroughly teases out the interventions that occurred in the translation of *The Octoroon* by Mary Elizabeth Braddon. Using as major references the computer-aided analysis programs deployed in Ramon Guillermo’s *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal’s Guillermo Tell* (2009) and the essay “The Pulse of the Text: Using Digital Tools for Closer Reading,” the analysis carefully details the strategies employed in translating the English novel to Tagalog. Cerda’s reading of the two novels calls attention to how the act of translating is, to an extent, an act of re-writing and as such necessitates an intimate relationship with both the source text and its translation. As Cerda argues, the themes of slavery and racism were reworked from *The Octoroon*’s abolitionist and anti-racist discourse into *Dugo sa Dugo*’s anti-colonial and anti-imperialist discourse. The study’s exhaustive comparison of the novels—the English published in 1862 and the Filipino, in 1921—demonstrates the complementarity of machine-aided data collection, literary studies, and a deep understanding of the factors informing the process of translation.

The last article in this issue revisits a common belief about the Ilocano people—their extreme sense of frugality bordering on selfishness, otherwise known as “pagka kuripot.” Baby Jean VC Jose, in “Ang D.A.N.A.S at Kuripot: Dalumat-Salita sa Marangyang *Padas* ng Diasporang-Ilokana sa Singapore” untangles the web of Filipino values and characteristics associated with this identity/cultural marker in the context of Ilocano women’s migration from the Province of Isabela in the Northern Philippines. Generally seen as a negative trait of the Ilocano people,

panagkuripot, as Jose explains must be understood in light of the economic and cultural realities of the Northern Philippines—Isabela in particular—and the challenges faced by Ilokano women in the diaspora. Thirteen women with five to twenty-five years of work experience in Singapore as domestic helpers, caregivers, nurses, and sales representatives were the primary informants of the study framed by Rogelia Pe Pua’s push and pull theory accounting for the various reasons why these women leave the country. Jose encapsulates her findings in the acronym D.A.N.A.S or D(anag/anxiety), A(nus)/sacrifice, N(amnama)/hope, A(rapaap)/aspiration, S(anikua)/accumulation, which explains the various aspects of the lived experiences of Ilokano women in Singapore. What emerges in the study is a finer appreciation of the word “kuripot,” one which points at prudence, careful management of resources, community solidarity, and a range of related positive Filipino values.

This issue closes with Laurence Marvin Castillo’s review of Nicanor Tiongson’s *Manong: The Life and Works of Gerardo de Leon*, published by the University of the Philippines Press in 2025. By emplotting the different sections of the book and summarizing each part which foregrounds National Artist for Film Gerardo de Leon’s contribution to Philippine cinema, the evaluation likewise offers readers a glimpse of Tiongson’s breadth of knowledge—described by Castillo as his “encyclopedic grasp of Philippine cultural history and archival rigor”—not only of Philippine cinema but also of Philippine culture in general. Castillo’s review is thus two-pronged as it highlights both de Leon’s achievements and legacy and Tiongson’s contribution to scholarship in Philippine arts and humanities.

We hope that the articles in this issue have made visible how ideologies and conditions of production and utterance shape, structure, and influence the processes of knowledge creation. Indeed, a wealth of insights always emerge from the many ways of approaching texts and considering their positionality and situatedness.



RUTH JORDANA L. PISON
Editor-in-Chief

Artista bilang Aktibista: Pagsusuri sa Naratibo ng Eksibit na *Warm Bodies* gamit ang Semyotikang Pangmuseo

Artist as Activist: Analyzing the Narrative of the Exhibit *Warm Bodies* using Museum Semiotics

Jay Israel B. De Leon

De La Salle University, Manila

Maria Elena M. Dator

National University, Philippines

De La Salle University, Manila

ABSTRAK

Noong 26 Enero hanggang 17 Pebrero 2024, binuksan ng Concerned Artists of the Philippines ang isang eksibit na pinamagatang *Warm Bodies: Upholding Freedom of Expression* sa University of the Philippines Fine Arts Gallery, Diliman, Quezon City. Isa itong tugon sa opisyal na pagbisita sa bansa ng United Nations Special Rapporteur on Freedom of Opinion and Expression. Ipinakita ng eksibit na ito ang mga paraan ng mga artista at manggagawang pangkultura sa pagtataguyod ng kalayaan sa pamamahayag sa gitna ng panggigipit ng mga puwersa ng pamahalaan. Ang ganitong konteksto ay nag-aanyaya ng masusing pagsisiyasat kung paano binubuo at ipinahahayag ng isang eksibit ang naratibo nito sa publiko. Kaugnay nito, nilalayon ng pag-aaral na suriin ang eksibit na *Warm Bodies* mula sa lente ng semyotikang pangmuseo (museum semiotics). Nahahati ang diskusyon ng papel sa dalawang sustantibong seksiyon: 1) segmentasyon ng eksibit at 2) imbentaryo at koordinasyon ng mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo sa loob ng eksibit. Sa pagsusuri, lumitaw ang sumusunod na temang pinag-ugnay-ugnay sa isang pangkalahatang naratibo: 1) kolonyalismo at neokolonyalismo, 2) pagbabaluktot sa kasaysayan, 3) politikal na persekusyon, 4) karahasan at pag-abuso sa kapangyarihan, at 5) pagtindig at pakikibaka. Sa dulo, binigyang-diin na kinakailangan ang patuloy na pagsasalaysay ng

mga naratibo ng opresyon at paglaban sa lipunang Pilipino na maaaring magbunga ng mas malalaki pang pagkilos sa hinaharap.

Mga Susing Salita: *Warm Bodies*, Concerned Artists of the Philippines, semyotikang pangmuseo, kalayaan sa pamamahayag, Pilipinong sining biswal

ABSTRACT

On 26 January to 17 February 2024, the Concerned Artists of the Philippines opened an exhibit titled *Warm Bodies: Upholding Freedom of Expression* at the University of the Philippines Fine Arts Gallery, Diliman, Quezon City. It was a response to the official visit of the United Nations Special Rapporteur on Freedom of Opinion and Expression in the country. The exhibit presented how artists and cultural workers fought for freedom of expression amidst repression by government forces. This context invites a careful examination of how an exhibit constructs and communicates its narrative to the public. In this regard, the study analyzes the exhibit *Warm Bodies* through the lens of museum semiotics. The discussion is divided into two substantive sections: 1) segmentation of the exhibit and 2) inventory and coordination of the linguistic, iconic, and design codes in the exhibit. The analysis shows the following themes which were woven in the overall narrative: 1) colonialism and neocolonialism, 2) historical distortion, 3) political persecution, 4) violence and abuse of power, and 5) dissent and struggle. In the end, the study emphasizes that the persistent narration of the story of oppression and resistance in Philippine society is necessary and may result in larger movements in the future.

Keywords: *Warm Bodies*, Concerned Artists of the Philippines, museum semiotics, freedom of expression, Philippine visual arts

For it is the supreme duty of the artist to investigate the truth, no matter what forces attempt to hide it. And then to report it to the people, to confront them with it, like a whiplash that will cause wounds but will free the mind from the various fantasies and escapist fare that the Establishment pollutes our minds with.

—sipi mula sa “Artist as Citizen” ni Lino Brocka (1939-1991), Pambansang Alagad ng Sining para sa Pelikula at Brodkast

Introduksiyon

Noong 2 Enero hanggang 2 Pebrero 2024, bumisita sa Pilipinas si Irene Khan, United Nations (UN) Special Rapporteur on Freedom of Opinion and Expression, upang siyasatin ang estado ng pagtataguyod sa karapatan sa malayang pagsasalita at pamamahayag sa bansa. Kabilang ito sa mga gawain ng UN upang matiyak na napangangalagaan ang mga pundamental na kalayaang inihayag sa preambulo ng 1948 Universal Declaration of Human Rights, kung saan nangunguna ang kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag (Umali). Samantalang ang pagbisita ni Khan ay bunsod ng imbitasyon ng pamahalaan ng Pilipinas (Khan 1), napapanahon ito sapagkat ang Pilipinas ay nananatiling isa sa pinakamapapanganib na bansa para mga mamamahayag at iba pang praktisyoner sa midya, mga artista at manggagawang pangkultura, mga akademiko, mga aktibista, at iba pang kritikal sa pamahalaan. Sa tala ng World Press Freedom Index 2023, ang Pilipinas ay ika-132 sa 180 bansa at minarkahang nasa mahirap na sitwasyon. Ayon dito, “dumanas ng mga pag-atake at panggigipit ang mga mamamahayag at awtlet pangmidya na masyadong kritikal sa pamahalaan mula noong 2016” (“Philippines”; amin ang salin). Sa tala naman ng Freedom in the World 2023, ang Pilipinas ay bahagyang malaya at may gradong 58/100 lamang. Sa aspekto ng kalayaan sa pagsasalita, binanggit nito na ang mga mamamahayag sa Pilipinas ay nakararanas ng mga pisikal na pag-atake, pagbabanta, red-tagging, at pagpatay (“Philippines: Freedom in the World”).

Sa kasaysayan ng pamamahayag sa Pilipinas, maituturing ang rehimen ng diktador na si Ferdinand Marcos, Sr. bilang isang napakadilim na yugto. Sa pagpapatupad niya ng Batas Militar noong 1972 hanggang sa pagpapataksik sa kaniya noong 1986 sa pamamagitan ng makasaysayang EDSA People Power Revolution,

lubusang nasikil ang kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag ng mga Pilipino (Umali). Gayunpaman, mula 1986 hanggang 2022, nananatiling nabubusalan ang kalayaang ito. Tinatayang nasa 199 mamamahayag ang pinaslang sa bansa (Bollo). Ayon sa kaniyang preliminaryong ulat, sinabi ni Khan na sa kaniyang pakikipagpulong sa iba't ibang miyembro ng lipunang sibil, palagi niyang naririnig ang red-tagging o terror-tagging ng pamahalaan, kung saan ang mga grupo o indibidwal ay pinararatangang sumusuporta o kaanib ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) (3). Nagiging instrumento ito ng pamahalaan upang patahimikin ang mga entidad na may mga pananaw na kritikal at progresibo. Nagreresulta ito sa mga pagbabanta, ilegal na pagmamanman, pag-atake, at pagpatay, gayundin sa panliligalig ng kalayaan sa pagsasalita na sumisikil sa aktibismo, peryodismo, debate, at kritisismo (Khan 4). Lubusan itong pinalakas sa ilalim ng administrasyon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte, lalo na sa pamamagitan ng nilikha nitong National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Sa cyberspace, lubusan ding nararamdaman ang mga panliligalig na ito. Bukod sa mga pagbabanta, itinuturing na pinakamatinding kaaway ngayon ng malayang pamamahayag ang paglaganap sa social media ng disimpormasyon, misimpormasyon, fake news, at black propaganda (Umali). Hinahadlangan nito ang malayang pag-akses sa tama at mapagkakatiwalaang impormasyon na mahalaga sa isang demokratikong lipunan. Bagama't sinabi ni Pangulong Marcos Jr. na walang lugar ang fake news sa modernong lipunan, matatandaang siya ang pinakanakinabang sa disimpormasyon noong kampanya sa pambansang halalan noong 2022 (Cupin).

Kabilang sa mga nakararanas ng pagsikil sa kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag ang mga artista ng iba't ibang midya. Bilang kanilang tugon sa pagbisita ni Khan sa Pilipinas, binuksan ng Concerned Artists of the Philippines (CAP) sa publiko noong 26 Enero hanggang 17 Pebrero 2024 ang isang eksibit na pinamagatang *Warm Bodies: Upholding Freedom of Expression* sa University of the Philippines (UP) Fine Arts Gallery, Diliman, Quezon City. Ayon sa kurador ng eksibit na si Propesor Lisa Ito-Tapang, ang eksibit ay isang "panahunang paglalantad" (temporal unpacking) ng krisis sa karapatang pantao sa loob at labas ng komunidad ng Pilipinong sining (*On The Historical Imperative*). Karaniwang

naririnig ang mga salitang “warm bodies” tuwing may mga pagtitipon upang tukuyin ang mga taong dumalo rito. Ayon kay Ito-Tapang, isa itong paraan ng pagbibilang ng mga tao at pagpapahayag ng pangangailangan sa maraming tao sa mga gawain tulad ng mga kilos-protesta. Ngunit nais ipaalala ng eksibit na may kuwento ang bawat warm body na lumalahok sa mga kilusang panlipunan, at ang mga kuwentong ito ay matatagpuan sa bawat likhang-sining (Ito-Tapang).

Sinipat ng *Warm Bodies* ang mga paraan ng mga artista at manggagawang pangkultura, mula noong dekada 70 hanggang kasalukuyan, sa pagtataguyod ng kalayaan sa pamamahayag sa gitna ng panunupil at panggigipit ng mga puwersa ng pamahalaan. Mula sa pagkakatatag ng CAP noong 1983 hanggang sa kasalukuyan, naging aktibo ito sa paglaban sa iba’t ibang uri ng represyon at pakikipag-ugnayan sa iba pang sektor ng lipunan. Naging biktima rin ang mga kasapi nito sa iba’t ibang uri ng sensorsyip at pagbabanta dahil sa kanilang mga paninindigan. Sa pamamagitan ng eksibit na *Warm Bodies*, patuloy na ipinaaalala ng CAP na hindi pa tapos at lalong kinakailangan sa kasalukuyan ang pakikibaka para sa kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag.

Sa ganitong konteksto, ipinapalagay ng pag-aaral na ang koleksiyon ng mga artepaktong matatagpuan sa loob ng eksibit na *Warm Bodies* ay may ipinahahayag na naratibo. Samakatwid, ang eksibit ay isang tekstong maaaring basahin. Kaugnay nito, tinugunan ng pag-aaral ang pangunahing suliranin na: “Ano ang ipinahahayag na naratibo ng mga kurador ng eksibit na *Warm Bodies*?” Mula sa pangunahing suliraning ito, nais sagutin ng pag-aaral ang sumusunod na katanungan: 1) “Paano maaaring imapa sa mga seksiyon o segment ang eksibit na *Warm Bodies*?”; 2) “Ano-ano ang mga kahulugang matatagpuan sa bawat seksiyon o segment ng eksibit?”; at 3) “Paano nagkakaugnay-ugnay sa isang naratibo ang mga kahulugang matatagpuan sa eksibit?”

Makabuluhan ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng pagpapahalaga sa kasaysayan at pinapakahulugan ang mga pangyayaring may kinalaman sa pakikibaka para sa kalayaan sa pagsasalita at pamamahayag sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga likhang-sining na sumibol mula rito. Inaasahan ng mga mananaliksik na makaaambag ang pag-aaral na ito sa pagdidiskurso at patuloy na pagtataguyod ng malayang pagsasalita at pamamahayag at iba pang karapatang

pantao sa bansa na humaharap sa iba't ibang uri ng banta. Sa larangan ng Araling Filipino, mahalaga ang pag-aaral na ito sa lalo pang pagpapayabong ng teoretikal na batis at aplikasyon ng semyotika sa pagsusuri ng mga imahen sa iba't ibang midya. Sa larangan naman ng sining at museolohiya, makatutulong ang pag-aaral na ito upang mas maging malay ang mga kurador ng mga eksibit at museo sa paglalahok ng mga artepakto at pagsasaayos ng mga ito sa loob ng isang espasyo sa isang makahulugang paraan sang-ayon sa mensahe o paninindigang nais nilang matanggap ng mga bisita. Naghahandog din ang pag-aaral ng isang sistematikong paraan o proseso ng semyotikong pagsusuri o deskodipikasyon ng isang eksibit o museo na may mga partikular na magkakasunod na hakbang na maaaring iangkop ng mga susunod na katulad na pag-aaral. Ipinakikita rin ng pag-aaral na ito na hanggang ngayon, nananatiling makabuluhan at makapangyarihang instrumento ng protesta, pagmumulat, at pakikibaka ang sining. Katulad ng CAP na naglunsad ng *Warm Bodies*, naniniwala rin ang mga mananaliksik na ang mga artista, gayundin ang mga mananaliksik na sumusuri at nagsusulat tungkol sa kanilang sining, ay may responsibilidad sa lipunan: ang paglingkuran ito sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng katotohanan at pagtataguyod ng katarungan.

Nabanggit sa itaas na ang eksibit ay isang tekstong maaaring basahin, at sa pag-aaral na ito, ang pamamaraan ng pagbasa ay semyotika. Mula sa mga layunin ng kurador ng naturang eksibit, makikita rin ang mga usaping panlipunan at pampolitikang nais niyang patingkarin, partikular na ang sensorsyip, represyon, mahinang pamamahala, at kawalang-katarungan sa lipunang Pilipino. Ang semyotika bilang kagamitang metodolohikal ay makapangyarihan sa pagbasa ng iba't ibang politikal na teksto, tulad ng mga nakasulat na akda, sining-biswal, mga awitin, at iba pa. Sa Pilipinas, nakasentro ang maraming semyotikong pag-aaral sa pagbabaklas sa “mito” ng teksto at pagpapalitaw sa ideolohiya napapaloob dito, sang-ayon sa eksplikasyon ng teoristang si Roland Barthes sa semyotika. Sa pagsusuri ni Feorillo Petronilo Demeterio sa mga awitin ng Pilipinong rapper na si Gloc-9, mahusay na ibinuod ang kaisipan ni Barthes hinggil sa semyolohiya batay sa libro nitong *Mythologies* na kaniya namang inilapat sa ideolohikal na pagsusuri ng mga awitin ni Gloc-9. Sa madaling pagpapaliwanag, ang semyotika o semyolohiya ay tumutukoy sa pag-aaral ng *sign* o senyas na binubuo ng *signifier* (i.e., ang materyal) at *signified* (i.e., ang mental na konsepto) na nagsasanib sa prosesong tinatawag na signipikasyon.

Mula sa pagsusuring semyolohikal ni Demeterio, lumitaw ang mga tema ng korapsiyon, pagkamakabayan, kahirapan at buhay-manggagawa, krimen at kaguluhan, at homopobya sa mga piling awitin ni Gloc-9 ("Semyolohikal" 25). Sa isa pang pag-aaral, inilapat din ni Demeterio (sa paraang pabaliktad o kontra-diskurso) ang semyolohiya ni Barthes sa pagsusuri naman ng mga retratong kuha ng mamamahayag na si Rafael Lerma tungkol sa "drug war" ng dating pangulong Rodrigo Duterte. Ayon kay Demeterio, ang mga mito ay diskursong kapwa nakikita o nakukubli sa mga imahen ng isang lipunan, lalo na ang mga imahen ng kulturang popular, at maaaring malay o di-malay ang tagapagpalaganap ng mito sa kabuuang dimensiyon ng kaniyang signipikasyon o sa gawain ng pagpapalaganap ng naturang signipikasyon ("Rafael Lerma's" 93, 97). Kabilang sa mga sosyokultural na imaheng natukoy ni Demeterio mula sa dalawampu't limang retrato ang kahirapan, pang-aapi o kawalan ng pagpapahalaga sa mga nasawi, relihiyon, mahinang pamamahala sa Pilipinas, "Oplan Tokhang" ng Philippine National Police, at ang estado. Matagumpay rin na nailapat ang mga pamamaraan ng semyotika sa pagsusuri ng mga kartung editoryal na mabisang ginagamit sa pagpapahayag ng mga isyung politikal (Montaña at Nares 261). Sa pagsusuri ng mga piling kartung editoryal mula sa iba't ibang pahayagan sa Pilipinas na pumapatungkol sa noo'y papalapit na pambansang halalan 2022, nadekonstrak nina Joveth Jay Montaña at John Albert Nares ang mga mito tulad ng alitang politikal, politikal na kulay, mga pangako noong halalan, pag-aabuso sa kapangyarihan, ang impluwensiya ng social media sa kampanya, ang banyagang impluwensiya sa halalan, at katapatan sa halalan, na sa kabuu'y nagpapahayag ng negatibong perspektiba hinggil sa sitwasyong panghalalan ng Pilipinas (271).

Sa mga nirebyung literatura sa itaas, makikita ang tunay na kapakinabangan ng semyotika sa pagsusuri ng mga imahen sa iba't ibang teksto. Sa pag-aaral na ito, inilapat naman ang semyotika sa pagbabasa ng mga likhang-sining. Ayon kay Alice Guillermo, sangkot sa pag-unawa ng sining ang pagbabasa sa biswal na obra bilang muling presentasyon ng mundo, isang artistikong likha, at gawaing nagpapakahulugan na nagpapahayag ng isang kompleks ng mga idea, damdamin, halagahin, saloobin, at kapaligiran na nagmumula sa mga pagtingin sa mundo at ideolohiya (1). Ang paggamit ng semyotika sa paglalantad ng ideolohiya ng likhang-sining ay matagumpay na naisagawa nina Rose Pascual Capulla at Demeterio sa isang pag-aaral hinggil sa ilang pintang matatagpuan sa isang

eksibit na pinamagatang *Sining Saysay: Philippine History in Art*. Sa partikular, sinuri nila ang apat na obrang nauukol sa panahon ng Batas Militar sa Pilipinas sa pamumuno ni Ferdinand Marcos, Sr. Ginamit nila ang semyolohiya ni Barthes upang matukoy ang mga historikal at kultural na icon na nilalaman ng mga obra at maangkat ang mga dala-dala nitong ideolohikal na usapin (Capulla at Demeterio 78). Bukod sa pagtukoy sa posisyon ng mga sinuring obra sa ideolohikal na espektro, lumitaw rin sa pag-aaral nina Capulla at Demeterio ang mga tema tulad ng diktadura, pang-aabuso sa karapatang pantao, aktibismo, demokrasya, at korapsiyon na mahahalagang paksa para sa mga Pilipinong umaasa ng panlipunang kaunlaran (77).

Ang mga pag-aaral na sinipi sa itaas ay gumamit ng semyotika sa pagsusuri ng mga indibidwal na awitin, retrato, kartung editoryal, at pinta. Samantala, ginamit naman sa pag-aaral na ito ang semyotika sa pagsusuri ng eksibit bilang isang kabuuan. Sa isang pag-aaral ni Maria de Lourdes Parreiras Horta, mahusay na ipinakita kung paano maaaring suriin ang isang museo, eksibisyon, o anomang organisadong koleksiyon ng mga artepakto sa balangkas ng semyotikang pangmuseo. Batay ito sa dalawang pangunahing teoretikal na batis—ang teorya ng semyotika ni Umberto Eco at ang semyolohiya ni Barthes. Tinitingnan ng semyotikang pangmuseo ang isang museo bilang isang sistema ng signipikasyon na may natatanging wika, i.e., isang “wikang pangmuseo,” at binubuo ng mga obhetong pangmuseo (museum objects) bilang mga behikulong nagpapakahulugan (signifying vehicles) na nagtataglay ng sign-function na nililikha (kinokodipika) ng mga tagapaghatid ng mensahe (i.e., ang kurador ng museo) at pinapakahulugan (dinedeskodipika) ng mga tagatanggap ng mensahe (i.e., ang publiko) (Horta 7). Ang mga senyas na ito ay isinaayos sa isang makahulugang paraan sa isang diskursong pangmuseo (i.e., ang rabaw ng pahayag o expression-plane) na kumakatawan sa mga mensahe (i.e., ang rabaw ng nilalaman o content-plane) (7-8). Lumilitaw mula rito na na ang museo ay maituturing bilang isang tekstong maaaring basahin. Ayon kay Daria Arkhipova, ang tekstuwal na analisis ng isang museo ay maaaring makapagbigay-liwanag sa mga estruktural na ugnayan sa pagitan ng lahat ng mga bahagi at gamit ng museo bilang isang kabuuan (255). Samakatwid, ang mga artepakto sa loob ng museo ay maihahalintulad sa pinakamaliliit na bahagi ng isang teksto, tulad ng mga salita at pangungusap. Sa ganang ito, lumalabas na ang museo bilang teksto ay ipinahahayag (i.e., nakapako ito sa isang wika o sistema ng

mga senyas), kinumpleto (i.e., may isinasalaysay itong idea), at estrukturalisado (i.e., mayroon itong kaayusang panloob) (Arkhipova 255). Gayunman, kailangan pa ring isaisip na ang mga bagay-bagay sa isang museo, bilang mga indibidwal na obheto, ay may kani-kaniyang taglay na mga simbolo at kahulugan. Ngunit kapag pinagsama-sama na ang mga ito sa isang espasyo, nagkakaroon ang koleksiyon ng mga bagong kahulugan bilang isang kabuuan. Ayon kina Samuel Smith at Kenneth Foote, ang pagkakaayos ng espasyo at pagpoposisyon ng mga bagay sa loob nito ay karaniwang may malaking ambag sa pagpapakahulugan (2). Maihahalintulad ito sa pagsasaayos ng mga pangungusap at kaisipan sa loob ng isang teksto upang makapagpahayag ito ng isang mensahe o diskurso. Samakatwid, nagdidiskurso ang mga kagamitan sa museo sapagkat inayos ang mga ito sa isang makahulugang paraan.

Hindi rin maihihiwalay ang kahulugan ng museo sa kontekstong panlipunan nito. Hindi matatanggal ang suhetibong elemento sa konteksto ng museo sapagkat ang mismong proseso ng pagpili ng mga bagay na ilalahok sa eksibit at pagsasaayos ng mga ito sa isang “makahulugang” paraan ay hitik na sa intensiyon sa parte ng mga kurador. Bitbit naman ng mga bibisita sa museo ang namamayaning ideolohiya ng lipunan kung saan inilunsad ang museo. Sa semyotikong pagsusuri ng isang museong pang-agham, binigyang-diin nina Glykeria Anyfandi et al. ang pangangailangan sa mas malalim na pagsisiyasat sa kung paano nililikha ang kahulugan sa museo kaugnay ng at sa loob ng mas malawak na kapaligirang sosyo-kultural (231). Natatransporma rin ang kahulugan ng mga kagamitan sa loob ng museo na naiimpluwensiyahan ng namamayaning kaayusang panlipunan at mga dominanteng ideolohiya (Anyfandi et al. 231). Mula sa isang semyotikong perspektiba, ang mga gawain tulad ng pagpili, pagsasaayos, at pagtatanghal ng mga artepakto sa museo ay may simbolikong papel na hinubog ng pang-ilalim na lohikang panlipunan (Zou et al. 2). Ayon kay Peter Vergo, ang pagkakaroon o kawalan ng mga partikular na bagay sa isang museo ay sumasalamin sa mga partikular na puwersang ideolohikal at mga ugnayang panlipunan (sinipi sa Zou et al. 2). Ang mga bagay na ito ay nakaiimpluwensiya sa diskurso at naratibo ng mga museo.

Sangkot sa pangangalap ng datos para sa pag-aaral na ito ang dokumentasyong biswal ng buong espasyo ng eksibit. Noong 6-7 Pebrero 2024, bumisita sa eksibit ang mga mananaliksik upang kumuha ng mga larawan at bidyo. Mula sa entrada

ng eksibit, kumuha ng bidyo ang mga mananaliksik habang naglalakad papasok at paikot sa buong eksibit upang maidokumento ang pagkakaayos ng mga bagay at obra sa loob nito. Sinunod ng mga mananaliksik ang mga panandang arrow sa sahig habang iniikot ang eksibit. Pagkatapos nito, kinunan ng larawan ang bawat obra sa loob ng eksibit, kasama na ang kalakip na karatula na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa obra. Mula sa dokumentasyong ito, lumikha ng isang simpleng floor plan ng eksibit ang mga mananaliksik (tingnan ang Figura 1). Naidokumento rin ng mga mananaliksik ang konseptong papel na nakapaskil sa eksibit at nagsagawa rin ng interbyu ang mga mananaliksik sa kurador ng eksibit na si Propesor Lisa Ito-Tapang na nagsilbing supplementaryang datos sa pagdedeskodipika ng naratibong nilalaman nito.

Sa pagsusuri ng naratibong ipinahahayag ng eksibit na *Warm Bodies*, sinunod ng mga mananaliksik ang balangkas ng semyotikang pangmuseo ni Horta na siyang sisipiin sa mga susunod na talata ng seksiyong ito. Ayon sa kaniya, may tatlong magkakasunod na yugto ang semyotikang pangmuseo: 1) pagsusuri ng mensahe gamit ang mga metodong semyotiko at retorikal; 2) pagsusuri ng pagtanggap sa mensahe gamit ang ebalwasyon ng mga bumisita sa museo; at 3) pagsusuri ng datos mula sa una't ikalawang yugto upang matasa ang antas ng kabisaan o komunikabilidad ng museo (186-88). Sapagkat interesado lamang ang pag-aaral na ito sa nilalamang naratibo ng eksibit, ililimita lamang ang kasalukuyang pag-aaral sa unang yugto ng pagsusuri. Mayroon itong tatlong yugto na isinang-ayon ni Horta kay Barthes (176): 1) segmentasyon; 2) imbentaryo ng mga koda; at 3) koordinasyon ng mga koda sa isang naratibo.

Tinutugunan ng segmentasyon ang unang tiyak na suliranin ng pag-aaral. Sangkot dito ang paghahati-hati sa teksto (i.e., ang buong museo) sa mga piraso na maaaring paglunsaran ng mas malalimang pagbasa, o mga yunit na tinatawag na *lexia* (176). Magagawa ito sa pamamagitan ng pagmamapa sa plano ng museo o pagtukoy sa mga seksiyon o pangunahing paksa nito (187). Mula sa mga naidokumentong obra sa loob ng eksibit, pinagpangkat-pangkat ang mga ito. Maihahalintulad ito sa isinagawa nina Capulla at Demeterio na pagkakalaster ng mga icon na matatagpuan sa obrang kanilang sinuri. Samantalang minapa nina Capulla at Demeterio ang mga senyas ng isang pinta, minapa naman ng kasalukuyang pag-aaral ang mga behikulong nagpapahiwatig (i.e., mga obhet) ng isang buong eksibit.


Tinutugunan naman ng imbentaryo ng mga koda ang ikalawang tiyak na suliranin ng pag-aaral. Sa yugtong ito, tinutukoy ang mga kahulugang napapaloob sa bawat *lexia* o segment ng museo (177). May tatlong koda ang wikang pangmuseo: 1) kodang lingguwistiko; 2) kodang ikoniko; at 3) koda ng disenyo. Tumutukoy ang kodang lingguwistiko sa mga tekstong berbal na kalakip ng bawat obra (198). Ginagamit ang kodang lingguwistiko sa pagkontrol sa pagtanggap ng mensahe sapagkat nagbibigay ito ng balangkas sa ninanais na paraan ng pagbasa ng mga tagapagsalaysay ng naratibo (i.e., mga kurador ng museo) (246). Tumutukoy naman ang kodang ikoniko sa mga kongkreto at biswal na tandang makikita sa mga obra (198). Tumutukoy naman ang koda ng disenyo sa paraan ng pagkakatanghal o framing ng mga kodang ikoniko sa espasyo ng museo (199). Sangkot dito ang dramatikong pagkakaayos, estilo, o dekorasyon na nakaaambag sa ekspresyon ng mga damdamin at saloobin ng mga tagapaghatid ng mensahe kaugnay ng nilalamang nais nilang ipahayag (114).

Tinutugunan naman ng koordinasyon ng mga koda ang ikatlong tiyak na suliranin ng pag-aaral. Sangkot dito ang pag-uugnay-ugnay ng mga kahulugang natukoy sa una at ikalawang yugto sa isang pangkalahatang naratibo. Tinitingnan dito ang museo bilang “nasa proseso” ng pagpapahayag ng mensahe na maaaring sumangguni sa mga reperensiyang nasa loob at nasa labas ng eksibit (Horta 178). May kani-kaniyang papel na ginagampanan ang mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo sa pagbubuo ng naratibo. May tatlong gamit ang kodang lingguwistiko: reperensiyal, ekspresibo, at konatibo. Reperensiyal ang kodang lingguwistiko kapag binibigyang-ngalan nito ang kongkretong bagay sa isang natural at mapaggiit na paraan (Horta 262). Samakatwid, isa itong direktang representasyon ng bagay na pinatutungkulan ng salita o mga salita. Konatibo (conative) ang kodang lingguwistiko kapag iginigiit nito ang gustong paraan ng pagbasa ng tagapaghatid ng mensahe sa pamamagitan ng detalyadong paglalarawan ng mga anyo, hugis, at iba pang mga tanda na gumagamit ng mga panloob at panlabas na sanggunian (263). Ekspresibo naman ang kodang lingguwistiko kapag ibinubunyag nito ang sistema ng signipikasyon o ang mismong mensahe na nais ipahayag ng awtor ng diskurso (265). Sa mga salita ni Barthes, ito ang “mito” na nais ipalaganap ng tagapaghatid ng mensahe. Ginagamit naman na subkoda ang kodang ikoniko sapagkat pinatutungkulan ito ng kodang lingguwistiko sa paraang mapangangatwiran o mailalarawan ito

(268). Samakatwid, nagsisilbing suporta ang kadang ikoniko sa kodipikasyon ng kahulugan. Mangyari pa, ang kadang ikoniko ay nagpapatunay o nagpapatibay sa mitikal na lengguwahe ng tagapaghatid ng mensahe (272). Ang disenyo naman ng eksibisyon ay sumusuporta sa paliwanag na ibinibigay ng mga tagapaghatid ng mensahe sa publiko (274). Nag-aambag ang disenyo sa pagbibigay ng lalim sa itinatag na kaayusan sa loob ng eksibisyon (274).

Pagtukoy sa mga Segment ng Eksibit


Sa ibang museo o eksibit, karaniwang may inihandang floor plan o mapa ang mga kurador na nagpapakita kung paano nakagrupo ang mga artepakto sa mga seksiyon o mas maliliit na eksibisyon. Gayunman, walang ganitong katangian ang *Warm Bodies* kung kaya't nasa kamay ng mga mananaliksik kung paano hahatiin sa mas maliliit na segment ang eksibit upang magsilbing lexias ng mas malalimang pagbasa sa mga susunod na yugto ng pagsusuri. Unang tiningnan ang tila konseptong papel na nakapaskil sa bandang entrada ng eksibit na pinamagatang *On The Historical Imperative of Dissent* (tingnan ang Imahen 1)



Imahen 1: Nakapaskil na konseptong papel ng eksibit

sa pag-asang inilalarawan doon kung paano isinaayos ang mga kagamitan sa loob ng silid. Bagama't hindi eksplisitong nagbanggit ang naturang teksto ng mga partikular na seksiyong bumubuo sa eksibit, nagbibigay ito ng idea sa kung paano pinili ang mga obrang ilalahok sa eksibit. Ayon dito, pumili ang kurador ng mga obra mula sa permanenteng koleksiyon ng UP College of Fine Arts na nilikha sa panahong may pagbabanta sa pagkakapantay-pantay, nasyonalismo, at demokrasya sa bansa. Isinama sa eksibit ang mga obrang ito upang "makipag-usap" sa mga mas kontemporaryong obra na inatake ng estado dahil sa pagtataguyod ng mga ito sa karapatang pantao. Kinalap ang mga obrang ito sa pamamagitan ng mga network at kontak ng kurador sa mga kultural na organisasyon at mga mismong artista at manggagawang pangkultura (Ito-Tapang). Ang mga obra ding ito ay ginawan ng case study ng CAP at isinama sa ulat na kanilang isinumite kay Khan (Ito-Tapang). Sa ganang ito, ang eksibit ay nagsilbing salubungan at lunsaran ng talastasan ng nakaraan at kasalukuyan.

Ang ikalawang isinaalang-alang ng mga mananaliksik sa segmentasyon ng eksibit ay ang mga arrow na nakadikit sa sahig na tila nagmumungkahi sa mga bisita ng partikular na paraan ng paglakad at pag-ikot sa eksibit. Ang mga naturang pananda ay nakatutulong sa oryentasyon at sirkulasyon sa loob ng eksibit. Sangkot sa oryentasyon ang kamalayan at pag-unawa sa mga tema at pagkakaayos ng mga paksa sa isang pasilidad (Bitgood 156). Kapaki-pakinabang para dito ang mga kagamitang pang-oryentasyon tulad ng mga mapa at iba pang panandang pandireksiyon. Inilalarawan naman ng sirkulasyon ang galaw at pagbagtas ng mga tao sa loob ng pasilidad (156). Bagama't walang anomang paalala sa loob ng eksibit na kailangang sundin ang direksiyong ibinibigay ng mga arrow, maaaring ipahayag ng mga panandang ito (tingnan ang Pigura 1) ang idea ng mungkahing landas mula sa parte ng kurador. Sa katunayan, ayon kay Ito-Tapang, ito nga sana ang ideal na direksiyon ng pag-ikot sa eksibit. Kung mula sa entrada ay lumakad ang bisita patungo sa kanang bahagi ng eksibit, magsisimula muna siya sa mas historikal na dimensiyon ng eksibit sa pamamagitan ng mga obrang nagpapakita kung bakit nga ba nasa ganitong sitwasyon ngayon ang bansa (Ito-Tapang). Ngunit maaari din naman daw na magsimula sa kaliwang bahagi ng eksibit ang bisita kung saan makikita naman niya ang mga mas kontemporaryong obra tungkol sa extrajudicial killings hanggang sa unti-unti niyang mabalikan ang kasaysayan habang lumalakad patungo sa kanang bahagi ng eksibit (Ito-Tapang). Sang-



Pigura 1: Simpleng floor plan ng eksibit na *Warm Bodies* at mga segment nito

ayon dito, napansin ng mga mananaliksik na may pagkakronolohikal nga ang pagkakaayos ng mga obra sa loob ng eksibit. Ang kronolohiyang ito ay batay sa nilalamang paksa ng mga obra at hindi lamang sa petsa ng pagkakalikha. Mula sa mga impormasyong ito, mababakas ang intensiyon ng kurador na magsalaysay ng isang partikular na naratibo mula sa pagpasok ng bisita hanggang sa siya'y makalabas.

Mula sa oryentasyon at sirkulasyong iminungkahi ng mga panandang arrow, napagpasyahang gawing dayakroniko ang lapit sa pagtukoy sa mga segment ng eksibit. Tatlong segment ang natukoy: 1) “Rehimeng Marcos, Sr.”; 2) “Rehimeng Duterte”; at 3) “Rehimeng Marcos, Jr.” Ipinakikita ng Imahen 2 ang harapang panig ng eksibit na bubungad sa bisita pagpasok sa eksibit. Ipinakikita naman ng Figura 1 ang simpleng floor plan na ginawa ng mga mananaliksik na nagpapakita ng segmentasyon ng eksibit.

Tumutukoy ang mga segment sa mga rehimen ng tatlong pangulo ng Pilipinas na ang mga pangala'y nagpapaalala sa awtoritaryang pamamahala na kalaban

ng malayang pagsasalita at pamamahayag. Una na riyan ang rehimen ni dating pangulong Ferdinand Marcos, Sr. (1965-1986) na mula 1972 hanggang 1986 ay isinailalim sa madugong diktadura ang bansa. Ang rehimen naman ni dating pangulong Rodrigo Duterte (2016-2022) ay nagmarka rin bilang isang awtoritaryang rehimen sa kaniyang pagpapatupad ng “war on drugs” o giyera kontra droga, pagpapalawig sa kapangyarihan ng mga koersibong institusyon tulad ng kapulisan at militar, sistematiko at agresibong pag-atake sa oposisyon at midya, at disimpormasyon (Curato). Ang rehimen naman ni pangulong Ferdinand “Bongbong” Marcos, Jr., bagama’t hindi pa natatapos, ay hindi maihihiwalay sa rehimen ng kaniyang ama. Aktibong ginamit ng nakababatang Marcos ang pangalan at alaala ng ama sa kaniyang kampanya. Ipinagtanggol din niya ang pagpapatupad ng Batas Militar ng ama, at sinabing ito’y kinakailangan upang maipagtanggol umano ng pamahalaan ang sarili nito sa mga rebelde (Flores).



Imahen 2: Harapang panig ng eksibit

Patuloy rin niyang itinatanggi ang nakaw na yamang kinamal ng kanilang pamilya noong namuno ang kaniyang ama (Chi). Katulad ng nabanggit sa panimula, ang paggamit ni pangulong Marcos Jr. ng disimpormasyon ay matinding hadlang din sa malayang pagsasalita at pamamahayag.

Imbentaryo at Koordinasyon ng mga Koda

Mula sa mga natukoy na segment na magsisilbing lexias ng mas malalimang pagbasa sa eksibit, inilista sa mga talahanayan sa ibaba ang mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo na matatagpuan sa bawat lexia. Sa ilalim ng kodang lingguwistiko, inilista ang mga pasulat na tekstong kalakip ng bawat obheto sa eksibit, partikular na ang pangalan ng awtor, pamagat, at petsa ng pagkakalikha para sa mga likhang-sining. Para sa mga obheto ng eksibit na pahayag o sanaysay, inilista sa ilalim ng kodang lingguwistiko ang pangalan ng awtor, pamagat, petsa, at maikling buod ng nilalaman ng mga ito. Inilista naman sa ilalim ng kodang ikoniko ang mga kongkreto at biswal na tanda, tulad ng mga partikular na imahen, simbolo, at mga materyal na ginamit. Inilista naman sa ilalim ng koda ng disenyo ang paraan o estilo ng pagkakaayos ng partikular na obheto sa espasyo ng eksibit. Pagkatapos ng bawat talahanayan, inilahad naman ang pag-uugnay-ugnay ng mga natagpuang koda sa isang naratibo.

Segment 1, “Rehimeng Marcos, Sr.”: Inilista sa Talahanayan 1 ang mga artepaktong napapaloob sa unang segment at ang mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo na natagpuan sa bawat isa.

Kung pagbabatayan lamang ang kodang lingguwistiko ng mga obra sa segment na ito, hindi magagagap ang kahulugan ng mga ito. Hindi ekspresibo o kahit konatibo man lang ang mga kodang lingguwistiko. Walang detalyadong paglalarawan sa nilalaman ng bawat obra, at wala ring paliwanag sa kung ano ang mensahe ng mga ito. Dito kapaki-pakinabang ang pagbabasa sa kodang ikoniko na sumusuporta sa kodang lingguwistiko sa kodipikasyon ng kahulugan.

Ang mga tandang makikita sa *Laman Loob* (2018) (tingnan ang Imahen 3), partikular na ang mga salitang “BENEVOLENT ASSIMILATION” at “MANIFEST DESTINY” na nakaukit sa hawakan ng palakol (na siyang bumiyak sa ulo ng taong nalantad ang laman-loob), gayundin ang mga simbolo ng krus, ang salitang “INDIO,” at

Talahanayan 1: Mga Koda sa Segment na “Rehimeng Marcos, Sr.”

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
1	Toym Imao <i>Laman Loob</i> , 2018 Fiberglass, welded steel, pounded brass, carved wood	Biniyak na ulo ng tao; laman-loob ng ulo; palakol na may nakaukit na mga salitang “BENEVOLENT ASSIMILATION” at “MANIFEST DESTINY”; maskarang may krus at may nakalawit na dilang may nakaukit na salitang “AMEN” sa baybayin; salitang “INDIO”; maskarang demonyo	Nakatayong eskultura; nasa bungad ng eksibit; nasa gitnang bahagi
2	Toym Imao <i>Nganga at Ngawa</i> , 2018 Fiberglass, welded steel, pounded brass, carved wood	Ulo ng tao na may nakapatong na dalawa pang ulo; ulong kulay pula na nakalawit ang dila na may mga salitang “NGAWA”; ulong may pintang bungo sa mukha na nakalawit ang dila na may mga salitang “NGANGA”; espadang may nakaukit na mga salitang “SOMEDAY THE SONS OF LIGHT SHALL FILL ALL THE EARTH, THE MORNING OF JUSTICE SHALL HAVE COME TO ITS BIRTH” sa harap at “SO WE’LL ALL WAVE OUR BANNER HIGH FREE THROUGH THE AIR, FOR THE LOVE AND GLORY WE THEN ALL SHALL SHARE” sa likod	Nakatayong eskultura; nasa kanang bahagi ng eksibit; nasa tabi ng talaan ng mga bumisita sa eksibit
3	Imelda Cajipe-Endaya <i>Hango sa Sinaunang Hukay</i> , 1975 Etching 57.9 x 36.7 cm	Mga pigurang bilog na tila nasa hukay; mga salitang nakabaybayin tulad ng “PILIPINAS” at “PANAHO”; mga salitang “LUHA,” “LUPA,” “NINUNO,” “NILIMOT,” “CHINO,” “BIFFAYAS,” at “NEGRILLOS”	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; nakalagay sa kuwadro na may salamin; nasa kanang bahagi ng eksibit

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
4	BenCab <i>Garrote</i> , 1974 Etching 15.2 x 19.6 cm	Isang taong ginarote sa ibabaw ng isang platapormang kahoy	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; nakalagay sa kuwadro na may salamin; nasa kanang bahagi ng eksibit
5	Elmer Borlongan <i>Walang Kamuwang-muwang</i> , 1990 Oil on canvas 76.2 x 76.2 cm	Portrait ng isang pamilyang may pitong miyembro; krus; mga salitang "ORA PRO NOBIS"; mga militar; mga helicopter; mga taong natatakpan ang ilong at bibig	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; nakakuwadro; nasa kanang bahagi ng eksibit
6	Alfredo Liongoren <i>Hulog (Tao, Ano ang nakikita mo? Hulog Panginoon ... sagot ng tao)</i> , 2011 Oil on canvas 122.3 x 155 cm	Taong may hawak na tatsulok sa kanang kamay at puso ng saging sa kaliwang kamay; mga salitang "SA PAMAMAGITAN NITO, IPAPAKITA KO ANG PAGKAKAMALI NG AKING BAYAN." - PANGINOON" sa tatsulok	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; hindi nakakuwadro; nasa kanang bahagi ng eksibit
9	George Burchett <i>Democracy</i> , 2014 Screen print on DZO paper 220 x 336 cm	Mga kamay na nakaturo sa itaas ang hintuturo; mga pigurang tao na nakasalakot na kulay itim at pula; salitang tila "demokratia" ngunit mali ang baybay	Nag-iisang nakapaskil sa puting pader; pinagtagni-tagning anim na panel; nasa dulong gitnang bahagi ng eksibit



Imahen 3: *Laman Loob* (2018) ni Toym Imao

ang salitang “AMEN” na nakasulat sa katutubong baybayin, ay nagpapahiwatig ng kolonyal na karanasan ng mga Pilipino sa ilalim ng mga Espanyol at Amerikano. Ayon kay Ito-Tapang, ipinosisyon ito bilang pambungad na obra ng eksibit dahil sa praktikal at simbolikong konsiderasyon. Una, ang malawak na espasyong kinalalagyan nito ay nararapat para sa mga obrang tridimensiyonal, at ikalawa, iniuugnay nito sa mahabang kasaysayan ng kolonyalismo ang pagsupil ng kalayaan sa pamamahayag na napakatingkad sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr. (Ito-Tapang). Ito rin marahil ang dahilan kung bakit kasunod ng *Laman Loob*, makikita naman ang obrang *Nganga at Ngawa* (2018) na ang imahe’y direktang nauukol kay Marcos Sr. Maiuugnay ang mga kahulugang matatagpuan sa *Laman Loob* sa mga kahulugang matatagpuan sa *Hango sa Sinaunang Hukay* (1975) (tingnan ang Imahen 4), kung saan ang mga biswal na tanda tulad ng mga salitang nakabaybayin na “PILIPINAS” at “PANAHOON”; mga salitang “LUHA,” “LUPA,” “NINUNO,” at “NILIMOT”; at mga salitang mula sa Boxer Codex (isang dokumentong nagtatala ng impormasyon tungkol sa prekolonyal na lipunang Pilipino) tulad ng “CHINO,”



Imahen 4: *Hango sa Sinaunang Hukay* (1975) ni Imelda Cajipe-Endaya

“BIFFAYAS,” at “NEGRILLOS” ay nagpapahayag naman ng idea ng pagsasantabi, pagsasawalang-bahala, o pagbabaon sa limot (kung kaya’t kailangang hanguin mula sa hukay) sa mga bagay na katutubo sa mga Pilipino at sa mismong mga katutubong Pilipino. Makikita ito sa maraming paraan, tulad ng pagkakamkam sa mga lupang ninuno at iba pang uri ng karahasan sa mga katutubo, at bunsod din ito ng mga puwersa ng kolonyalismo at makabanyagang polisiya ng gobyerno. Makikita rin ang idea ng kolonyalismo sa *Garrote* (1974) (tingnan ang Imahen 5) kung saan makikita ang isang taong biktima ng di-makataong hustisya sa pamamagitan ng pagbitay sa garote noong panahon ng mga Espanyol. Ang mga paring martir na sina Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora o mas kilala sa tawag na Gomburza ay mga tanyag na halimbawa ng mga Pilipinong di-makatarungang pinatay sa naturang pamamaraan.

Ang ulo naman sa base ng *Nganga at Ngawa* (2018) (tingnan ang Imahen 6) ay kamukha ni Marcos Sr. Nakapatong sa ulong ito ang dalawang ulo rin na



Imahen 5: *Garrote* (1974) ni BenCab




Imahen 6: *Nganga at Ngawa* (2018) ni Toym Imao

nakalawit ang dila kung saan mababasa ang mga salitang “NGANGA” at “NGAWA.” Nasa kaniyang lingkod ang isang espada kung saan nakaukit ang mga salitang “SOMEDAY THE SONS OF LIGHT SHALL FILL ALL THE EARTH, THE MORNING OF JUSTICE SHALL HAVE COME TO ITS BIRTH” sa harap at “SO WE’LL ALL WAVE OUR BANNER HIGH FREE THROUGH THE AIR, FOR THE LOVE AND GLORY WE THEN ALL SHALL SHARE” na pawang mga titik ng theme song ng anime na Voltes 5 na ipinatigil ang pag-ere noong panahon ng diktadura ni Marcos Sr. Maraming espekulasyon kung bakit ipinatigil ito ng rehimeng Marcos, at isa na rito ang paniniwalang ipinatigil ito dahil sa subersibong mensahe ng pagpapatalsik sa isang mapaniil na pinuno (Chua). Ang diktadura ni Marcos ay ipinahihiwatig din sa obrang *Walang Kamuwang-muwang* (1990) (tingnan ang Imahen 7). Pangunahing paksa ng pintang ito ang larawan ng pamilya ng awtor na si Elmer Borlongan noong siya ay sanggol at bagong binyag pa lamang (San Juan). Ipinanganak si Borlongan noong 1967, kasisimula pa lamang ng pamumuno ni Marcos Sr. sa bansa.




Imahen 7: *Walang Kamuwang-muwang* (1990) ni Elmer Borlongan



Imahen 8: *Hulog (Tao, ano ang nakikita mo? Hulog Panginoon ...sagot ng tao)* (2011)
ni Alfredo Liongoren

Hindi lang ang sanggol na si Borlongan ang walang kamuwang-muwang; wala ring kamuwang-muwang ang kanilang buong pamilya sa sasapitin ng bansa sa ilalim ni Marcos Sr. Ang iba pang biswal na tanda sa naturang obra ay nagpapaalala rin sa danas ng mga Pilipino sa ilalim ng diktadura: ang mga militar, mga helicopter, at ang taumbayang humarap sa mga puwersa ng estado. Ginamit din ng pintor na si Alfredo Liongoren, isang artistang nagprotesta laban sa diktadura, bilang paksa ng pinta ang kaniyang sariling imahen sa *Hulog (Tao, Ano ang nakikita mo? Hulog Panginoon ...sagot ng tao)* (2011) (tingnan ang Imahen 8). May hawak siyang puso ng saging sa kanang kamay at tatsulok na tabletang sa kaliwang kamay na naglalaman ng mga katagang “SA PAMAMAGITAN NITO, IPAPAKITA KO ANG PAGKAKAMALI NG AKING BAYAN.’- PANGINOON” na tila si Moises na bumaba mula sa bundok bitbit ang mga kautusan ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga imaheng ito, nais niyang ipahayag na ang pagreresolba sa mga sakit ng lipunan ay isang gradwal na prosesong nagsisimula sa sarili—ang transpormasyon ng puso ng



Imahen 9: *Democracy* (2014) ni George Burchett

tao (*Layers and Layers* 7). Maaari ding ang kaniyang puso o sarili ay ang kaniyang sining mismo, at sa pamamagitan nito, isisiwalat niya ang tunay na kondisyon ng kaniyang lipunan na makaaambag sa unti-unting pagpapanibago nito.

Sa dulo ng segment na ito, makikita ang malaking obrang *Democracy* (2014) (tingnan ang Imahen 9). Bagama't hindi Pilipino, ang mga biswal na tanda sa pinta ng awtor na si George Burchett ay umuugnay sa Pilipinong danas ng kolonyalismo at diktadurang Marcos. Ang naturang obra ay pag-alala at pagbibigay-pugay ni Burchett sa kaniyang ama (Long), isang Australyanong mamamahayag, na nakipamuhay sa mga gerilyang Vietnamese sa Hilagang Vietnam noong Vietnam War. Naging malapit din ang nakatatandang Burchett sa rebolusyonaryong si Ho Chi Minh na nanguna sa pakikipaglaban sa mga puwersang imperyalista. Ang mga paulit-ulit na biswal na tanda ng isang taong nakasalakot o *non la* (Vietnamese conical hat) ay depiksiyon mismo ng kaniyang ama na nagsusuot nito, at ang pag-uulit-ulit nito sa espasyo ng obra ay nagpapahiwatig ng walang kapagurang pagpapatuloy at paglaban (Long). Ang mga hintuturong may tinta sa dulo ay nagpapakita naman ng idea ng halalan, ngunit ang katagang Griyego na “demokratia” sa tabi ng mga ito ay mali ang baybay. Nagpapahiwatig ito ng idea ng isang nabigong demokrasya, na maaaring pumapatungkol sa di-matagumpay

na pag-iisa ng Hilaga at Timog Vietnam sa pamamagitan sana ng isang halalan (alinsunod sa Kasunduang Geneva ng 1954) dahil sa mga motibo ng isang imperyal na bansa (ang Estados Unidos) at mga kakampi nito (Burchett). Sa halip, ang pag-iisa ay nakamit hindi sa pamamagitan ng balota kundi sa pamamagitan ng isang armadong pakikibaka (Burchett).

Kung susuriin ang koda ng disenyo sa segment na ito, masasabing wala namang katangi-tangi o agaw-atensiyong paraan ng pagsasaayos ng mga obra. Walang dagdag na dekorasyon ang mga obra. Kung nakapaskil man, ang background ay isang puting pader lang. Gayunman, sa pamamagitan ng ganitong disenyo, hindi nalilihis ang mga mata ng tumitingin palayo sa mga obra. Kung susuriin ang pagkakaayos ng mga obra, na para bang mga salita sa isang binubuong pangungusap, may makikitang isang naratibo. Ang unang sumupil sa malayang pagsasalita at pamamahayag ay kolonyalismo. Sa pamamagitan ng puwersa, ikinintal sa mga Pilipino ang kolonyal at dayuhang mga halagahin at ideolohiya, at napilitan ang mga “indio” na magsalita sa wika at kultura ng mga kolonisador. Pinilit ng mga kolonisador na ibaon sa hukay ang katutubong kaluluwa ng mga Pilipino para sa kanilang sariling mga motibo. Ang magsalita laban sa kolonyal na kapangyarihan ay may kaparusahan. Nang umalis ang mga kolonisador sa bansa, hindi pa ganap na lumaya mula sa dayuhang impluwensiya at kontrol ang mga Pilipino. Nagpatuloy ito at umigting hanggang sa panahon ng diktadura ni Marcos na sinuportahan ng Estados Unidos sa isang neokolonyal na ugnayan. Katulad noong panahon ng kolonyalismo, ang magsalita laban sa diktador ay may kaparusahan. Upang malehitimisa ang diktadura, nagsikap si Marcos na palabasing gumagana ang mga demokratikong institusyon at proseso ng bansa. Isang halimbawa nito ang snap election noong 1986 na ang resulta’y dinaya rin naman pabor kay Marcos. Maraming Pilipino ang lumaban sa diktadura sa iba’t ibang pamamaraan. Marami ang lumahok sa armadong pakikibaka. Sa dulo, napatalsik ang diktador sa kapangyarihan ng taumbayan sa pamamagitan ng makasaysayang People Power Revolution.

Segment 2, “Rehimeng Duterte”: Inilista sa Talahanayan 2 ang mga artepaktong napapaloob sa ikalawang segment at ang mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo na natagpuan sa bawat isa.

Talahanayan 2: Mga Koda sa Segment na “Rehimeng Duterte”

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
7	Tarantadong Kalbo <i>Tumindig</i> , 2021 Digital print	Mga pigurang kamao na nakakuyom na may iba't ibang itsura	Nag-iisang nakapaskil sa puting pader; hindi nakakuwadro; nasa dulong gitnang bahagi ng eksibit
8	Boyett de Mesa <i>Alter-Postcard Project</i> , 2016 Digital print	Mga papel na may nakaimprentang mukha ng tao at mga salitang “FREE RENANTE GAMARA” at “FREE ALL POLITICAL PRISONERS”	Nasa loob ng lalagyang transparent; nasa dulong kanang sulok ng eksibit
11	Ding Royales <i>Replica of the Anti-Chico Dam Heroes Monument (2017) in Bugnay, Tinglayan, Kalinga Province which bears the portraits of Cordillera heroes Macli-ing Dulag, Pedro Dungooc, Sr., and Lumbaya Gayuda</i> , 2021 The original work was demolished by the Philippine National Police in 2021. Photograph 8 x 3 ft.	Tatlong panel na kahoy; may nakaukit na mukha ng tao sa bawat panel	Tatlong panel na kahoy na nakatayo; nasa dulong kaliwang sulok ng eksibit; sa tabi nito'y may isang tablet kung saan nagpe-play ang isang video kung saan ginagawa ang Anti-Chico Dam Heroes Monument
12	“Cordillera Heroes: Katutubong Dangal, Katutubong Tapang” (This speech was delivered in July 10, 2021 by Bantayog ng mga Bayani Executive Director May Rodriguez during the opening of the Katutubong Dangal, Katutubong Tapang Cultural Fair, a celebration for Cordillera heroes and unveiling of the Kalinga heroes monument replica at the Bantayog grounds. Photos from Altermidya, TAKER, and Raymund Villanueva of Kodao.)	Tekstong nakaimprenta sa apat na papel; mga larawang kuha noong pinasinayaan ang isang replika ng Anti-Chico Dam Heroes Monument sa Bantayog ng mga Bayani, Quezon City, 10 Hul. 2021	Nakadikit sa patag na ibabaw ng isang plataporma ang apat na papel na naglalaman ng teksto ng talumpati; nasa dulong kaliwang sulok ng eksibit

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
12	(Buod ng teksto ng mga may-akda): Ipinaalala ni Rodriguez kung paano lumaban ang tatlong bayani ng Kalinga sa diktadurang Marcos—sina Macli-ing Dulag, Pedro Dungoc, at Lumbaya Gayudan. Noong 2017, itinayo ang isang monumento sa kanilang alaala sa Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Ipinatanggal ito ng gobyerno noong 2021 na mariing tinutulan ng Bantayog ng mga Bayani.		
14	Raffy Lerma <i>Masks (The Ones Left Behind)</i> , 2018 Photograph 76.2 x 50.8 cm	Apat na taong may maskara na umiiyak sa harapan	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; hindi nakakuwadro; nasa kaliwang bahagi ng eksibit; katapat ng nakasabit na obrang may mga salitang "STOP THE KILLINGS"
15	Raffy Lerma <i>The body of alleged drug pusher Jesus Jonas lifeless on the street after he was killed in an anti-illegal drug police operation in Quezon City on October 8, 2016. According to the police, Jonas was a notorious drug dealer in the community.</i> 2016 Photograph 76.2 x 50.8 cm	Duguang lalaking nakahandusay sa lansangan; malaking anino ng isang tao sa background na pader	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; hindi nakakuwadro; nasa kaliwang bahagi ng eksibit; katapat ng nakasabit na obrang may mga salitang "STOP THE KILLINGS"


Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
16	Raffy Lerma <i>Jennilyn Olayres holds her partner Michael Siron, 30, a pedicab driver who was shot and killed by unknown motorcycle-riding gunmen along Pasay Rotonda, EDSA, on July 23, 2016. A placard was left beside the victim's body which says, "Drug pusher ako," ...</i> 2016 Photograph 75.5 x 51.4 cm	Isang babaeng yakap ang isang lalaking walang buhay sa lansangan sa harapan; isang karton na may nakasulat na "drug pusher"; mga taong nakatayo sa background; isang signboard na may nakasulat na "BAWAL MAGSAKAY AT MAGBABA NG PASAHERO DITO" sa background	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; hindi nakakuwadro; nasa kaliwang bahagi ng eksibit; katapat ng nakasabit na obrang may mga salitang "STOP THE KILLINGS"
17	Leonilo Doloricon <i>Untitled (Pieta)</i> Watercolor on paper 14 x 8.5 cm	Hawak ni Maria si Hesus na walang buhay; pulang bilog	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; nakalagay sa kuwadrang may salamin; nasa kaliwang bahagi ng eksibit; katapat ng nakasabit na obrang may mga salitang "STOP THE KILLINGS"
18	Jef Carnay <i>La Chica con el Pelo Rojo (The Girl with the Red Hair)</i> , 2018 "Part of the series Ang Serye ng Drama at Katakutan Pen, acrylic, colored pencil on tea and coffee stained project 40 x 46 cm"	Diablo; buwitre; buwaya; aso; lalaking nakaluhod; babaeng nagtatago sa likod ng palumpong; mga ulap at kidlat; mga salitang "at tinugis ng mga halimaw ang babae ... panginoong diablo, hindi po aswang ang anak ko huwag niyo po siyang sasaktan"	Nakapaskil sa puting pader kasama ng iba pang obra; nakalagay sa kuwadrang may salamin; nasa kaliwang bahagi ng eksibit
19	RESBAK (PH) <i>Stop the Killings Banner</i> , 2017 Mourning pins on cloth 871 x 145 cm STOP THE KILLINGS 2017-present Canvas cloth, acrylic pins RESBAK	Nabuong salita na "STOP THE KILLINGS" gamit ang mga itim na acrylic pins na ginagamit ng mga taong namatayan	Nakasabit; nasa kaliwang bahagi ng eksibit

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
19	“STOP THE KILLINGS” is an address by RESBAK (Respond and Break the Silence Against the Killings) --- to organized against former president Rodrigo Duterte’s War on Drugs in the Philippines. Up to 30,000 have died by police assassination and extrajudicial action since 2016. The words of the banner, which made its way through protest are pixelated by mourning pins, traditional acrylic markers worn by the bereaved.		
20	Tarantadong Kalbo <i>Matimyas Community Pantry</i>, 2021 This image was altered and displayed in the streets of Pasig, with the artist and the community pantry initiative accused as being fronts of the New People’s Army. Digital print, .PNG digital file 25.4 x 31.75 cm	Tatlong tao; isang karitong kahoy na may lamang mga prutas at gulay; plakard na may nakasulat na “MAGBIGAY AYON SA KAKAYAHAN, KUMUHA BATAY SA PANGANGAILANGAN”; plakard na may nakasulat na “DEFEND JOBS PHILIPPINES DROP-OFF CENTER” na may address at cellphone number	Nakadikit sa patag na ibabaw ng isang plataporma; nasa kaliwang bahagi ng eksibit
21	Patreng Non <i>Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan</i>, 2021 Bamboo wood cart, concrete installation	Karitong kahoy na may lamang mga biskuwit at tinapay	Nakatayo sa kaliwang bahagi ng eksibit; nasa kaliwang bahagi ng eksibit; nakaayos na tila isang maliit na tindahan
22	Worn Expressions, SPELLS, Jason Magpantay, Cleo Colon <i>Sibol Society DEFEND PRESS FREEDOM Journalist Vest</i>, 2020 Mixed media collage 48.26 x 58.42 cm	Vest na may mga guhit na bulaklak	Nakasabit; nasa kaliwang bahagi ng eksibit

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
24	Concerned Artists of the Philippines (Gabriel Garcia, Jeune Aramburo, Abner Dormiendo, Aldous Reyes) <i>Replica of the Fight for 58 (2019) mural commissioned from CAP by the National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) on the 19th anniversary of the Ampatuan massacre in Maguindanao on November 23, 2019.</i> 2024 The original mural was seized by the Civil Disturbance Management Unit of the National Capital Region Police Office during the vigil awaiting the case verdict promulgation in front of Camp Bagong Diwa, Taguig, on December 19, 2019. Acrylic on canvas 180.34 x 137.16 cm	Mga manggagawang pangmidya; mga mamamayang nagpoprotesta; mga plakard na may nakasulat na "STOP THE ATTACKS," "STOP KILLING JOURNALISTS," "186 KILLINGS SINCE 1986," "END IMPUNITY," "FIGHT FOR 58," "DEFEND PRESS FREEDOM," "STOP DDOS ATTACKS," "JUSTICE NOW," "CONVICT AMPATUAN"; backhoe; mga telebisyon	Nakapaskil sa puting pader; hindi nakakuwadro; nasa kaliwang bahagi ng eksibit malapit sa entrada
25	"Artists' Statement, Fight for 58" Acrylic on canvas November 23, 2019 Mehan Garden, Manila (Buod ng teksto ng mga may-akda): Ipinaliliwanag nito ang konsepto sa likod ng mural na idinisenyo para sa ika-10 anibersaryo ng Ampatuan Massacre sa Maguindanao kung saan pinatay ang 58 tao na karamiha'y mga mamamahayag. Paalala ang mural ng pakikibaka laban sa kapabayaan ng estado at impunidad, at ng patuloy na paghahanap ng katarungan.	Tekstong inimprenta sa isang papel na may larawan ng "Fight for 58" mural	Nakadikit sa patag na ibabaw ng isang plataporma; nasa kaliwang bahagi ng eksibit malapit sa entrada katabi ng replika ng isang mural

Ang mga naitalang kodang lingguwistiko sa segment na ito ay mula pa rin sa mga label na kalakip ng bawat obra—mga batayang impormasyon tulad ng awtor, pamagat, taon, midyum, at sukat. Gayunman, kaiba sa naunang segment na “Rehimeng Marcos Sr.,” marami sa mga kodang lingguwistiko sa segment na ito ay konatibo na detalyadong naglalarawan sa obra, pati na rin ang konteksto ng mga ito. Isang halimbawa nito ang pamagat ng obrang *Replica of the Anti-Chico Dam Heroes Monument (2017) in Bugnay, Tinglayan, Kalinga Province which bears the portraits of Cordillero heroes Macli-ing Dulag, Pedro Dungooc, Sr., and Lumbaya Gayuda* (2021). Bukod sa pagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa pagiging replika nito, lokasyon ng orihinal na obra, at mga indibidwal na mukhang makikita rito, may kalakip din itong karagdagang impormasyon na ang monumento’y giniba ng kapulisan noong 2021. Kalakip din nito ang isang tekstong nakaimprenta sa papel, ang transkrip ng talumpating “Cordillera Heroes: Katutubong Dangal, Katutubong Tapang” (2021) na nagpapahalaga sa naturang monumento. Ganito rin ang lapit sa pagsulat ng kodang lingguwistiko ng *Replica of the Fight for 58 (2019) Mural* (2024) na nagbibigay ng mayamang detalye tungkol sa motibasyon ng mga lumikha, pangyayaring ginugunita (Ampatuan massacre) at kinahinatnan ng obra sa mga kamay ng kapulisan. May kalakip din itong isang tekstong nakaimprenta sa papel, ang “Artists’ Statement, Fight for 58” (2019). Marami ring impormasyon sa kodang lingguwistiko ng retrato ng pinaslang na si Jesus Jonas at ang retrato ni Jennilyn Olayres na yakap ang kaniyang binaril na asawa sa lansangan. Kumpleto ang mga ito sa impormasyon tungkol sa dahilan ng pagkakapatay sa dalawang biktima. Ekspresibo naman ang kodang lingguwistiko ng ibang obra, kung saan ipinahahayag na ang tema o kahulugang nais ng mga tagapaghatid ng mensahe na makuha ng mga bisita ng eksibit, katulad ng *Tumindig* (2021), *Masks (The Ones Left Behind)* (2018), at *Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan* (2021). May mga reperensiyal din na kodang lingguwistiko, tulad ng *Alter-Postcard Project* (2016), *Untitled (Pieta)*, *La Chica con el Pelo Rojo (The Girl with the Red Hair)* (2018), *Stop the Killings Banner* (2017), *Matimyas Community Pantry* (2021), at *Sibol Society DEFEND PRESS FREEDOM Journalist Vest* (2020).

Ang mensahe ng pagtindig ay lalong pinagtibay ng mga kodang ikoniko na matatagpuan sa obrang *Tumindig* (tingnan ang Imahen 10). Makikita rito ang mga pigura ng mga kamao na tila mga taong may iba’t ibang itsura at dekorasyon—may mga mata, nakalabas ang mga ngipin na matatalim, may salamin, at iba pa.



Imahen 10: *Tumindig* (2021) ni Tarantadong Kalbo

Mapapansin din ang kanilang mga emosyon. May umiiyak, nakasimangot, nang-uusig, at nakikipaglaban. Maging mga hayop tulad ng mga pusa ay sangkot sa pagtindig ng mga kamao. Ang iba pang biswal na tanda, tulad ng mga salitang makikita sa plakard na hawak ng ilang pigura, ay nagpapahayag ng pagtindig laban sa rehimeng Duterte: “DU30 WAKASAN,” “Meowst Duterte,” at “DUTERTE PATALSIKIN.” Makikita rin ang iba pang panawagan, tulad ng “STAND WITH THE POOR” at “ADOPT DON’T SHOP.” Ayon sa artista nitong si Kevin Raymundo (a.k.a. Tarantadong Kalbo), resulta ito ng isang kampanya na magsalita at manindigan ang mga Pilipino kahit na pakiramdam nila’y sila lamang ang gumagawa nito (Baizas). Noong 17 Hulyo 2021, ilang araw bago ibahagi ni dating pangulong Duterte ang kaniyang State of the Nation Address (SONA), inilathala ni Raymundo sa Twitter ang kaniyang likhang larawan ng isang kamaong nakatindig sa gitna ng iba pang mga kamaong nakayuko. Simula noon, makikita ang sunod-sunod na pakikiisa ng mga artista sa pamamagitan ng paisa-isang pagdaragdag ng nakatayong kamao na tinipon ni Raymundo (Baizas). Sa mga kilusang panlipunan, makahulugan ang



Imahen 11: *Alter-Postcard Project* (2016)
ni Boyet de Mesa

kamaong nakakuyom bilang simbolo ng paglaban sa opresyon at pagkakaisa ng mga taong nakikilahok sa isang politikal na pakikibaka (“The raised fist”).

Ang pagbibigay ng artista ng iba’t ibang anyo sa mga pigurang kamao sa *Tumindig* ay nagpapakita ng inklusyon at sama-samang pakikipaglaban sa isang mapaniil na gobyerno. Ang iba pang kodang ikoniko ng mga obra sa segment na ito ay lalong nagpapalakas sa imahen ng mapaniil na rehimeng Duterte. Ang *Alter-Postcard Project* (tingnan ang Imahen 11) ay may mga biswal na tandang nagpapahayag ng politikal na persekusyon: ang mukha ni Renante Gamara, at mga salitang “FREE RENANTE GAMARA” at “FREE ALL POLITICAL PRISONERS.” Si Gamara ay isang peace consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na inaresto noong 2012 dahil umano sa murder ngunit pinalaya rin sa piyansa upang makalahok sa negosasyong pangkapayapaan sa Oslo, Norway noong 2016 (Cinco). Bagama’t inaresto bago pa man maupo si Duterte bilang pangulo, hindi rin nakaligtas si Gamara sa politikal na persekusyon sa ilalim ni Duterte. Noong

2019, inaresto muli si Gamara kasama si Arturo Balagat ng pinagsamang puwersa ng Special Action Force (SAF) at Philippine Army dahil umano sa illegal possession of firearms and explosives ("Free Renante Gamara"). Ayon sa 2023 datos ng mga organisasyong Karapatan at Kapatid, may kabuuang 801 bilanggong politikal sa bansa, kung saan 672 ang naghihintay pa sa pagdinig o sa hatol ng hukuman. Malaking bilang sa mga ito ay dinakip at ibinilanggo noong administrasyon ni Duterte (Buan). Ang iba pang biswal na tanda sa *Alter-Postcard Project* ay nagpapakita ng kawalan ng katarungan para sa mga bilanggong politikal. Ang larawang pinaglapatan ng mukha ni Gamara ay isang batang musmos na may hawak na bote ng tubig, na para bang isang inosenteng bilanggong nauuhaw sa hustisya.

Ang naratibo ng politikal na represyon sa ilalim ng rehimeng Duterte ay pinaigting pa ng obrang *Replica of the Anti-Chico Dam Heroes Monument* (tingnan ang Imahen 12). Isa itong eskulturang kahoy na replika ng isang monumentong bakal



Imahen 12: *Replica of the Anti-Chico Dam Heroes Monument* (2017) in Bugnay, Tinglayan, Kalinga Province (2021) ni Ding Royales

na itinayo sa Kalinga bilang pagpaparantal sa tatlong katutubong bayani na sina Macli-ing Dulag, Pedro Dungoc, Sr., at Lumbaya Gayuda na tumutol sa Chico Dam River Project ng rehimeng Marcos Sr. Itinayo ang orihinal na monumento noong 2017. Bagama't hindi biktima ng politikal na represyon sa ilalim ni Duterte sina Dulag, Dungoc, at Gayuda, ang kanilang mga mukhang simbolo ng kabayanihan at paglaban sa isang mapaniil na gobyerno ay tinangkang supilin ng rehimeng Duterte. Noong Enero 2021, binaklas ang *Anti-Chico Dam Heroes Monument* na isang makahulugang akto: ang pagtatanggal sa monumento ay paglapastangan sa alaala ng pakikibaka ng mga katutubo laban sa makasariling interes ng gobyerno't mga korporasyon. Ang mga kodang lingguwistiko at ikoniko sa transkrip ng talumpating “Cordillera Heroes: Katutubong Dangal, Katutubong Tapang” (tingnan ang Imahen 13) ay lalo pang nagpapatibay sa pagpapakahulugang ito. Hindi lamang din si Marcos Sr. ang may ganitong uri ng proyekto. Si Duterte ay naglayon ding magtayo ng isang dam, ang Kaliwa Dam, na isa lamang sa maraming proyekto sa ilalim ng kaniyang programang “Build, Build, Build” na ang ilan ay pinondohan



Imahen 13: Isang Pahina ng Teksto ng talumpating “Cordillera Heroes: Katutubong Dangal, Katutubong Tapang” ni May Rodriguez

ng Tsina (Cepeda). Tulad ng tatlong bayani ng Kalinga, tinutulan din ito ng mga residente dahil sa idudulot nitong displacement ng mga katutubo at banta sa kalikasan. Ang paglikha at eksibisyon sa publiko ng *Replica of the Anti-Chico Dam Heroes Monument* ay nagsisilbing panawagan sa kasalukuyang henerasyon na patuloy na alalahanin ang mga bayani ng Kalinga at patuloy ring itaguyod ang karapatan at kapakanan ng mga katutubo.

Ang mga sumunod na obra sa segment na ito ay nagpapahayag naman ng madugong extrajudicial killings sa ilalim ng rehimeng Duterte. Malakas ang signipikasyon ng mga kadang lingguwistiko at ikoniko ng mga retratong kuha ni Raffy Lerma. Kaakibat ng mga detalyadong kadang lingguwistiko ang mga karimarimarim na imahen ng mga napaslang dahil sa di-makatarungan at di-makataong giyera kontra droga ng administrasyong Duterte. Sa isa sa mga retratong ito, makikita ang isang lalaking walang buhay, duguan, at nakahandusay sa lansangan. Siya si Jesus Jonas, isang pinaghinalaang tulak ng droga na pinatay sa isang operasyon sa Quezon City noong 2016 (tingnan ang Imahen 14). Karamihan sa mga nakitil sa giyera kontra droga ay nanlaban umano sa awtoridad at hindi na dumaan pa sa pormal na imbestigasyon (Conde), na siya ring nangyari kay Jonas. Katabi ng retratong ito ang isa pang retrato na nagpapakita kay Jennilyn Olayres na yakap



Imahen 14: *The body of alleged drug pusher Jesus Jonas lifeless on the street after he was killed in an anti-illegal drug police operation (2016) ni Raffy Lerma*



Imahen 15: *Jennilyn Olayres holds her partner Michael Siaron, 30, a pedicab driver who was shot and killed by unknown motorcycle-riding gunmen (2016) ni Raffy Lerma*

ang bangkay ng kaniyang asawang si Michael Siaron, isang pedicab driver na binaril ng mga di-kilalang indibidwal noon ding 2016 (tingnan ang Imahen 15). Ang iba pang biswal na tandang pumapaligid sa imahen nina Olayres at Siaron ay nagpapahiwatig ng kaugnayan ng pagkapaslang kay Siaron sa giyera kontra droga. Katabi ng walang buhay na katawan ni Siaron ang isang karton kung saan nakasulat ang mga salitang “DRUG PUSHER AKO.” Ang lahat ng ito’y nangyari sa isang pampublikong espasyo, sa isang lansangan kung saan “BAWAL MAGSAKAY AT MAGBABA NG PASAHERO,” at ang pagtangis ni Olayres habang yakap ang asawa ay tinutunghayan ng maraming tao katulad ng makikita sa mga paa at binting nasa background. Ang tagpong ito, ayon kay Lerma, ay katulad ng pamosong eskultura ni Michelangelo na *Pieta* na nagpapakita ng pagluluksa ni Maria habang yakap din ang walang buhay na katawan ni Hesus (“The story behind”), na sa kabila ng pagiging inosente ay di-makatarungan ding pinatay. Ang paghahambing na ito ay lalo pang pinalakas ng mga kodang ikoniko ng katabi nitong obra, ang *Watercolor* na rendisyon ni Leonilo Doloricon sa imahen ng *Pieta* (tingnan ang Imahen 16). Ayon sa mga ulat, hindi bababa sa 6,252 indibidwal ang nasawi sa mga operasyon ng kapulisan kaugnay ng giyera kontra droga sa ilalim ng administrasyong Duterte, at hindi pa kasama rito ang tinatayang 27,000 hanggang 30,000 biktima ng vigilanteng estilo na pagpatay (Gavilan, “Duterte’s violent war”).



Imahen 16: *Untitled (Pieta)* ni Leonilo Doloricon

Sa mga kasong katulad nito, ang pagkamatay ng mga magulang na kumakayod para sa kanilang mga pamilya ay lalong nagsasadlak sa kanilang mga naulila sa kahirapan (Conde). Ang ideang ito ay sinusuportahan naman ng isa pang retratong kuha ni Lerma, ang *Masks (The Ones Left Behind)* (tingnan ang Imahen 17). Makikita sa foreground ng retrato ang mga indibidwal na natatakpan ng puting tela ang buong mukha. Kuha ito ni Lerma noong 2018 sa labas ng Kongreso habang ipinahahayag ni Duterte ang kaniyang SONA. Sila’y mga pamilyang naulila ng mga biktima ng giyera kontra droga (Lerma, “Ethics”), na sinusuportahan naman ng kodang lingguwistikong “The Ones Left Behind.” Nagpapahayag ang mga biswal na tanda ng pagluluksa—sa puting tela’y iginuhit gamit ang itim na tinta ang isang mukhang umiiyak. Ang signipikasyon ng pagluluksa ay lalo pang pinalakas ng isang malaking obrang katapat ng mga retrato ni Lerma, ang *Stop the Killings Banner* (tingnan ang Imahen 18) na nagpoprotesta rin laban sa mga paglabag sa karapatang pantao kaugnay ng giyera kontra droga sa ilalim ng rehimeng Duterte. Ang kodang ikoniko tulad ng mga itim na acrylic pins na karaniwang isinusuot ng mga namatayan sa kulturang Pilipino ay simbolo ng mga taong naulila nang



Imahen 17: *Masks (The Ones Left Behind)* (2018) ni Raffy Lerma



Imahen 18: Bahagi ng *Stop the Killings Banner* (2017)
ng RESBAK (PH)

dahil sa extrajudicial killings. Kaakibat ng pagluluksa ay ang panawagan para sa hustisiya, ngunit mailap ito. Sa panahong inilunsad ang eksibit, ang administrasyon ni pangulong Marcos Jr. ay nagpahayag ng di-pakikiisa sa International Criminal Court (ICC) na nag-iimbestiga sa giyera kontra droga ni Duterte. Noong Enero 2024, sinabi niya na ang ICC ay walang hurisdiksiyon sa Pilipinas at ang imbestigasyon nito'y banta sa soberanya ng bansa ("PBBM reiterates"). Gayunpaman, pagkaraan ng higit isang taon, inaresto si Duterte noong Marso 2025 at dinala sa kustodiya ng ICC para litisin.



Imahen 19: *La Chica con el Pelo Rojo (The Girl with the Red Hair)* (2018) ni Jef Carnay

Bukod sa giyera kontra droga, ang red-tagging ay malaking bahagi ng naratibo ng eksibit tungkol sa rehimeng Duterte. Ang mga biswal na tanda sa *La Chica con el Pelo Rojo (The Girl with the Red Hair)* (tingnan ang Imahen 19) ay nagpapakita ng isang pulang diyablong nakasakay sa buwaya na may kasamang buwitre at aso, isang taong nakaluhod, at isang babaeng may pulang buhok na nagtatago sa likod na halaman. Ang mga salitang nakasulat sa itaas at ibabang bahagi ng obra ay nagtatahi sa mga biswal na tandang ito sa isang kuwento—na “tinugis ng mga halimaw ang babae”—at nagmamakaawa sa kaniya ang taong nakaluhod na nagsabing, “panginoong diablo, hindi po aswang ang anak ko, huwag nyo po syang sasaktan.” Makahulugan sa obrang ito ang kulay pula. Ayon sa lumikha nito, ang pinta’y tugon ng artista sa red-tagging at witch-hunt ng mga aktibista at manggagawang pangkultura (Jefishfish Carnay). Ang rehimen ng “panginoong diablo,” sa pamamagitan ng mga puwersa ng estado na sinisimbolo ng mga kasama nitong halimaw, ay walang habas na nanre-redtag na naghahatid ng banta sa buhay ng mga biktima nito. Isa na rito si Ana Patricia Non na nagtayo ng isang community pantry sa Maginhawa Street, Diliman, Quezon City gawa sa kawayan noong panahon ng pandemya, na kasali rin sa mga obra ng eksibit (tingnan ang Imahen 20). Ang kodang lingguwistikong *Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan* ay nagpapahayag ng pangkalahatang pilosopiya ng community pantry. Ipinahihiwatig din ng kapayakan at pagiging “bukas” nito ang idea ng pagbibigayan ng mga tao, anoman ang kanilang estado sa buhay, noong panahon ng pandemya. Ang mga donasyon ay nagmula sa mga may kakayanang pinansiyal at kahit pa yaong mga kapos din sa buhay, at pati ang mga korporasyon at mga mangingisda’t magsasaka mula sa kanayunan ay nagbigay rin (Kusuma).



Imahen 20: *Magbigay ayon sa kakayahan, kumuha batay sa pangangailangan* (2021) ni Patreng Non

Sinasalamín nito ang pagkakaisa ng mga Pilipino sa gitna ng isang matinding krisis. Sinuportahan ito ng isa pang obra, ang *Matimyas Community Pantry* (tingnan ang Imahen 21) na nagtatampok naman sa itinayong community pantry sa Matimyas Street, Sampaloc, Maynila. Makikita sa iba pang biswal na tanda sa obra na nagsilbing inspirasyon ng mga organisador nito ang community pantry na sinimulan ni Non. Gayunman, naging biktima ng red-tagging si Non. Ipinaskil ng Quezon City Police District sa opisyal na pahina nito na ang community pantry ay propaganda umano ng Communist Party of the Philippines (CPP) (De Leon). Mula noo'y nakatanggap si Non ng mga banta sa kaniyang buhay (Tilo).

Naging target din ng mga pag-atake ang midya. Sa ilalim ng pamumuno ni Duterte, tinatayang hindi bababa sa 23 mamamahayag at manggagawang pangmidya ang pinatay, at may hindi bababa sa 32 ang naiulat na insidente ng red-tagging sa mga miyembro ng naturang sektor (Gavilan, "Six years"). Sa eksibit, katabi ng community pantry ni Non ang obrang *Sibol Society DEFEND PRESS FREEDOM Journalist Vest* (tingnan ang Imahen 22) na nagpapahayag ng paglaban sa pag-atake sa malayang pamamahayag sa bansa. Isa itong vest na kakikitaan ng iba pang kodang ikoniko tulad ng mga bulaklak. Kung titingnang mabuti, ang mga bulaklak na ito'y tila mga tama ng baril, at mula rito'y may tumutulo na dugo. Sa



Imahen 21: *Matimyas Community Pantry* (2021) ni Tarantadong Kalbo




Imahen 22: *Sibol Society DEFEND PRESS FREEDOM Journalist Vest* (2020) ng Worn Expressions, SPELLS, Jason Magpantay, Cleo Colon



Imahen 23: *Replica of the Fight for 58 (2019) (2024)* nina Gabriel Garcia, Jeune Aramburo, Abner Dormiendo, at Aldous Reyes

kabila ng mga pag-atakeng ito, sumibol mula sa mga butas ang mga bulaklak na nagpapahayag ng di-pagsuko at patuloy na paglaban ng mamamahayag. Sa kasaysayan ng karahasan sa mga mamamahayag at manggagawang pangmidya sa Pilipinas, hindang-hindi malilimutan ang Ampatuan Massacre na kumitil sa buhay ng 58 indibidwal kung saan 32 ang mamamahayag noong 2009 (“People of the Philippines”). Itinampok ito sa obrang *Replica of the Fight for 58 (2019) mural* (tingnan ang Imahen 23). Ang mga kodang ikoniko sa obra ay nagpapaalala sa malagim na masaker: mga manggagawang pangmidya, telebisyon, at ang backhoe na ginamit upang ibaon sa hukay ang mga pinaslang. Bagama’t nangyari ang masaker noong panahon ng pamumuno ni dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, ang iba pang biswal na tanda sa mural ay umuugnay sa mga pag-atakeng naranasan ng mga mamamahayag sa ilalim ng rehimeng Duterte (e.g., mga mamamayang nagpoprotesta, at mga katagang “STOP THE ATTACKS,” “STOP KILLING JOURNALISTS,” “186 KILLINGS SINCE 1986,” “END IMPUNITY,” “DEFEND PRESS FREEDOM,” at “STOP DDOS ATTACKS”), gayundin ang patuloy na paghingi ng hustisya para sa mga biktima ng masaker (e.g., mga katagang “JUSTICE NOW” at “CONVICT AMPATUAN”). Inilunsad ang mural noong ika-10 taong anibersaryo ng masaker, 23 Nobyembre 2019, batay na rin sa katabing “Artists’ Statement, Fight for 58” ng replika nito sa eksibit (tingnan ang Imahen 24). Noong 19 Disyembre 2019,



Imahen 24: Teksto ng “Artists’ Statement, Fight for 58” (2019)

lumabas ang desisyon ng korte at hinatulang nagkasala sina Andal Ampatuan Jr., kaniyang kapatid na si Zaldy Ampatuan, at 26 iba pang kasabwat (“People of the Philippines”). Sa kabuuan, makikita ang paglaban para sa mga karapatan ng mga mamamahayag mula noon hanggang ngayon.

Kung susuriin ang koda ng disenyo sa segment na ito, makikitang walang engrangdeng dekorasyon o katangi-tanging paraan ng pagtatanghal sa mga obra. Gayunman, mapapansing nagkatahi-tahi ang mga obra na nagpapahayag ng magkakatulad o magkakalapit na mensahe. Nagsimula ang naratibo ng segment sa sama-samang pagtindig ng mga mamamayang nagmula sa iba’t ibang sektor ng lipunan. Ang mga sumunod na obra’y naglantad sa mga mapaniil na gawain at praktis ng rehimeng Duterte: politikal na persekusyon, pagbubura sa alaala ng mga bayaning katutubo habang itinataguyod ang mga proyektong dayuhan na may dala-dalang banta sa lokal na komunidad at kalikasan, ang kultura ng impunidad na ipinakikita ng mga kaso ng extrajudicial killings kaugnay ng giyera kontra droga, red-tagging, at iba pang anyo ng pag-atake sa mga mamamahayag at manggagawang pangkultura. Sa dulo nito’y pinaalingawngaw pa rin ang kahalagahan ng paglaban at pagtanggì sa isang mapaniil na pamahalaan.

Segment 3, “Rehimeng Marcos, Jr.”: Inilista sa Talahanayan 3 ang mga artepaktong napapaloob sa ikatlong segment at ang mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo na natagpuan sa bawat isa.

Talahanayan 3: Mga Koda sa Segment na “Rehimeng Marcos, Jr.”

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
10	Sulat sa Daan <i>Kaha</i> , 2023 Digital print and acrylic paint on cigarette boxes 44.5 x 44.5 cm	Iba’t ibang larawang kuha sa mga pampublikong espasyo na may mga salitang “MARCOS NOT A HERO,” “MABUHAY ANG PAGLABAN SA HISTORICAL DISTORTION,” “MARCOS HINDI BAYANI,” “A WOMAN’S PLACE IS IN THE REVOLUTION,” “DI TAYO MALAYA,” “STOP KILLING FARMERS,” “HUSTISYA PARA KAY ERICSON ACOSTA,” “NEVER AGAIN,” “PAG-ARALAN ANG LIPUNAN,” “MAKATARUNGAN MAGREBOLUSYON,” “SAHOD ITAAS, PRESYO IBABA,” “PEACE TALKS ITULOY”; nababahiran ng tintang pula ang mga pinagdikit-dikit na larawan at sa gitna’y may kulay dilaw na martilyo at karit	Nakapaskil sa puting pader; hindi nakakuwadro; nasa dulong bahagi ng eksibit, gitna, katapat ng <i>Democracy</i>

Bilang sa Floor Plan	Kodang Lingguwistiko	Kodang Ikoniko	Koda ng Disenyo
13	Tokwa Penaflorida <i>Shirt Design, Fashion Against Fascism</i> , 2023 Digital print on cotton shirt	Mga kamay na may hawak na baril, patalim, at sulo; umiiyak na kabundukan; nasusunog na bahay at kapaligiran; umiiyak na kalabaw; sundalong namamaril; mga kamaong nakakuyom sa ere	Nakasabit; nasa kaliwang bahagi ng eksibit katabi ng <i>STOP THE KILLINGS</i>
23	Max Santiago Video documentation of the Doble Kara (Two-Faced) Effigy commissioned by Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) for the State of the Nation Address (SONA) protest in July 2023. In October 2023, the artist was accused and charged by the police of violating the Clean Air Act. The complaint was dismissed in December 2023. Video file	Isang lalaking may hawak na papel na windmill sa kanang kamay at nakahugis “V” ang kaliwang kamay sa isang mukha ng barya na may nakasulat na “BAGONG PILIPINAS” at “UNITY”; isang lalaking may hawak na baril at sako ng pera sa kabilang panig ng barya na may nakasulat na “ROB THE PHILIPPINES”	Pine-play on loop sa isang screen; nasa kaliwang bahagi ng eksibit malapit sa entrada

Ang mga naitalang kodang lingguwistiko sa segment na ito ay mula pa rin sa mga label na kalakip ng bawat obra. Ang kodang lingguwistiko ng *Kaha* (2023) ay mga batayang impormasyon lamang tungkol sa obra, tulad ng awtor, pamagat, taon, midyum, at sukat. Mula rito’y hindi kaagad magkakaroon ng idea ang tumitingin kung ano ang kahulugan ng obra dahil ang gamit ng koda ay reperensiyal lamang. Samantala, konatibo at ekspresibo ang kodang lingguwistiko ng dalawa pang obra sa segment na ito. Ibinubunyag na agad ng pamagat ng *Shirt Design, Fashion Against Fascism* (2023) ang pangunahing idea ng obra—na ito’y lumalaban sa

pasismo. Ang huli nama'y nagbibigay detalyadong impormasyon tungkol sa obrang *Doble Kara Effigy* (2023), mga nagpagawa nito ("Bagong Alyansang Makabayan [BAYAN]"), motibasyon sa paglikha ("for the State of the Nation Address [SONA] protest in July 2023"), at implikasyon nito sa lumikha ("the artist was accused and charged by the police of violating the Clean Air Act"; "complaint was dismissed in December 2023").

Lubos na nakatulong ang mga kodang ikoniko sa kodipikasyon ng kahulugan sa obrang *Kaha* (tingnan ang Imahen 25). Binubuo ito ng pinagdikit-dikit na mga litratong kuha sa mga pampublikong espasyo tulad ng sidewalk, tulay, poste ng kuryente, at pampublikong transportasyon. Ang bawat litrato ay may mga salitang isinulat sa pamamagitan ng graffiti. Katulad ng nabanggit na, ang administrasyon ni Marcos Jr. ay hindi maihihiwalay sa rehimen ng kaniyang ama. Ang mga katagang "MARCOS NOT A HERO," "MABUHAY ANG PAGLABAN SA HISTORICAL DISTORTION," "MARCOS HINDI BAYANI," at "NEVER AGAIN" ay mga biswal na tanda ng paglaban sa rebisyonistang naratibong patuloy na ipinalalaganap ng mga Marcos hanggang sa kasalukuyan, lalo na ngayong nakabalik na sila sa Malacañang, na si Marcos Sr. ay hindi isang diktador kundi isang bayani, at makatwiran ang pagpapatupad noon



Imahen 25: *Kaha* (2023) ni Sulat sa Daan

ng Batas Militar. Ang mga kataga namang “STOP KILLING FARMERS,” “HUSTISYA PARA KAY ERICSON ACOSTA,” at “PEACE TALKS ITULOY” ay nagpapahayag ng patuloy na karahasan ng mga puwersa ng estado. Sa tala ng Human Rights Watch noong 2023, nagpatuloy pa rin sa ilalim ni Marcos Jr. ang extrajudicial killings kaugnay ng operasyon kontra droga, politika, midya at pamamahayag, at operasyon kontra armadong kilusan, gayundin ang red-tagging ng mga kritiko ng pamahalaan (“World Report”). Ang mga katagang “SAHOD ITAAS, PRESYO IBABA” ay nagpapahayag ng patuloy na panawagan ng mga manggagawang Pilipino. Ang mga kataga namang “A WOMAN’S PLACE IS IN THE REVOLUTION,” “DI TAYO MALAYA,” “PAG-ARALAN ANG LIPUNAN,” at “MAKATARUNGAN MAGREBOLUSYON” ay nagpapahayag ng pagpapatuloy ng pakikibaka para sa pagbabagong panlipunan. Lalo pa itong pinalakas ng mga biswal na tanda na pulang pinta at mga simbolong martilyo at karit sa gitna.

Konektado rin sa pakikibaka at karahasan ng estado ang obrang *Shirt Design, Fashion Against Fascism* (tingnan ang Imahen 26). Bahagi ito ng isang fashion



Imahen 26: *Shirt Design, Fashion Against Fascism* (2023) ni Tokwa Penafloida

show ng Youth Advocates For Climate Action Philippines (YACAP), isang grupo ng mga tagapagtanggol ng kalikasan na naglalayong bigyang-diin kung paanong nag-ambag ang unang taon ng administrasyon ni Marcos Jr. sa paglala ng krisis pangklima ng bansa (“Fashion show”). Nais din nitong ipakita ang pagpapatuloy ng pagkasira ng kalikasan mula sa rehimen ni Marcos Sr. hanggang sa pamumuno ng kaniyang anak (“Fashion show”). Pinagtitibay ito ng mga biswal na tanda sa disenyo ng tshirt: umiiyak na kabundukan, umiiyak na kalabaw, at nasusunog na kapaligiran. Sa ulat ng IBON Foundation noong 2023, pinahintulutan ng kasalukuyang administrasyon ang proliperasyon ng mga proyektong nakasisira ng kalikasan, tulad ng pagtataguyod ng 187 malakihang proyekto ng reklamasyon at pagmimina ng malalaking korporasyon sa pamamagitan ng pag-apruba ng 35 permit ng eksplorasyon sa mga unang buwan ng pamumuno (“Marcos Jr admin fails”). Bukod sa pagkasira ng kalikasan, ang biswal na tanda na isang sundalong namamaril ay nagpapakita ng karahasan ng estado. Sa tala ng Global Witness, Pilipinas ang nananatiling pinakamapanganib na bansa sa Asya para sa mga tagapagtanggol ng kalikasan. Noong 2022, sa nadokumentong 16 pagpatay sa Asya, 11 ang nangyari sa Pilipinas (“Standing firm”). Ayon sa Global Witness, bigo ang administrasyon ni Marcos Jr. sa pagtugon sa mga paglabag sa karapatang pantao at sa halip ay nagpokus sa mga ekonomiko at pangnegosyong interes habang dumarami ang mga gawaing mapagsamantala sa kalikasan katulad ng pagmimina (“Standing firm”). Ang iba pang biswal na tanda ay nagpapakita ng pakikibaka: mga kamay na may hawak na baril, patalim, at sulo, at mga kamaong nakakuyom sa ere.

Ipinapalabas naman nang paulit-ulit sa isang screen ang bidyong dokumentasyon ng *Doble Kara Effigy* (tingnan ang Imahen 27). Ang mga biswal na tanda sa obrang ito ay nahahati sa dalawang mukha ng isang baryang ginto na maihahalintulad sa “Tallano gold” na napasakamay umano ng mga Marcos. Sa isang mukha, ipinahahayag ang pangako ni pangulong Marcos Jr. mula noong panahon ng kampanya hanggang sa kaniyang pag-upo sa Malacañang. Ipinakikita rito si Marcos Jr. na may hawak na papel na windmill sa kanang kamay—isang simbolong paulit-ulit na ginagamit upang ipahayag ang “maunlad” na Pilipinas noong panahon ng kaniyang diktador na ama. Ang mga daliri naman sa kaniyang kaliwang kamay ay nakahugis “V”—simbolong ginamit pa ni Marcos Sr. na isang tanda ng pagtatangka ni Marcos Jr. na ipagpatuloy ang legasiya ng ama. Dito’y



Imahen 27: Screen kung saan mapanonood ang bidyong dokumentasyon ng *Doble Kara (Two-Faced) Effigy* (2023) ni Max Santiago

nakasulat ang mga salitang “BAGONG PILIPINAS” (na nagpapaalala pa rin sa “Bagong Lipunan” ng nakatatandang Marcos) at “UNITY” na siyang panawagan ng tambalang Marcos Jr. at Sara Duterte noong panahon ng kampanya. Ang lahat ng biswal na tandang ito’y sumusuporta sa mitong ipinalalaganap ng mga Marcos—ang mito ng “ginintuang panahon” sa ilalim ng diktador (“The making”). Ipinakikita naman sa kabilang mukha ng parehong barya ang imahen ng isang magnanakaw na may hawak na baril sa kanang kamay at sako ng pera sa kaliwa, at ang mga katagang “ROB THE PHILIPPINES.” Ayon sa mga gumawa ng effigy, ipinakikita nito ang isang “mas makatotohanang imahen” ni Marcos Jr. (“The making”). Ang baril ay kumakatawan sa nagpapatuloy na paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng kaniyang pamumuno, at ang sako ng pera ay kumakatawan naman sa patuloy na pandarambong sa pera ng sambayanan (“The making”). Kinokontra nito ang mitong ipinalalaganap ng mga biswal na tanda sa kabilang mukha ng barya. Ang ginawang pagtugon ng mga puwersa ng estado sa protestang ito ay simboliko rin: kinasuhan ng mga pulis ang artistang si Maximo Santiago dahil sa mga paglabag umano sa Ecological Waste Management Act at Clean Air Act (Laqui). Gayunman, nabasura ito dahil sa kakulangan ng sapat na ebidensiya. Lumilitaw na ito’y hindi isang aktong dala ng pagmamalasakit sa kalikasan kundi isang aktong politikal na sumusupil sa malayang pagsasalita at pamamahayag ng sambayanan.

Kung susuriin ang koda ng disenyo sa segment na ito, makikitang walang engrande o katangi-tanging paraan ng pagtatanghal sa mga obra. Gayunman, nakapuwesto ang mga ito sa makahulugang posisyon sa espasyo ng eksibit. Ang *Kaha* ay katapat ng malaking obrang *Democracy* na nagpapalakas sa signipikasyon ng pakikibaka. Ang *Shirt Design, Fashion Against Fascism* ay katabi ng “Cordillera Heroes: Katutubong Dangal, Katutubong Tapang” at *STOP THE KILLINGS* na nagpapalakas din sa mensahe ng pagtutol sa karahasan ng estado sa mga mamamayan nito. Ang bidyong dokumentasyon naman ng *Doble Kara Effigy* ay katabi ng replika ng *Fight for 58 mural* at *Sibol Society DEFEND PRESS FREEDOM Journalist Vest* na nagpapaalala sa patuloy na banta sa malayang pagsasalita at pamamahayag sa bansa. Kung ihahambing din sa dalawa pang segment ng eksibit, ang mga obra sa segment na Marcos Jr. ay hindi magkakatabi. Ang tatlong obra ay nakakalat sa iba’t ibang bahagi ng eksibit. Ipinakikita ng ganitong pagkakaayos ang hindi maihihiwalay na naratibo ng rehimeng Marcos Jr. sa naratibo ng mga rehimeng Marcos Sr. at Duterte. Ang naratibo ng pasismo at ang paglaban dito ng sambayanan sa iba’t ibang pamamaraan ay nagpapatuloy mula noon hanggang ngayon.

Kongklusyon at Rekomendasyon

Sa anyong pagbubuod, tinangka ng pag-aaral na ilapat ang balangkas ng semyotikang pangmuseo ni Horta sa pagsusuri ng naratibong ipinahayag ng eksibit na *Warm Bodies: Upholding Freedom of Expression*. Tatlong segment ang natukoy sa eksibit: 1) “Rehimeng Marcos Sr.”; 2) “Rehimeng Duterte”; at 3) “Rehimeng Marcos, Jr”. Sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng mga kodang lingguwistiko, ikoniko, at disenyo ng mga segment, lumitaw ang mga imaheng maaaring pagbuklurin sa sumusunod na tema: 1) kolonyalismo at neokolonyalismo; 2) pagbabaluktot sa kasaysayan; 3) politikal na persekusyon; 4) karahasan at pag-abuso sa kapangyarihan; at 5) pagtindig at pakikibaka. Ang mga temang ito’y mapag-uugnay-ugnay sa isang naratibo ng pagsupil sa malayang pagsasalita at pamamahayag sa Pilipinas na binubuo ng sumusunod na subnaratibo. Una, sinupil ng kolonyalismo ang malayang pagsasalita at pamamahayag ng mga Pilipinas, at ang mga bakas ng kolonyal na ugnayan ng Pilipinas sa iba pang bansa ay naoobserbahan pa rin kahit na “lumaya” na ang Pilipinas mula sa mga kolonisador. Ikalawa, ang mga rehimen ay gumamit ng iba’t ibang anyo ng pagbabaluktot sa kasaysayan, pagbubura ng mga alaala ng nakaraan, at iba pang

anyo ng disimpormasyon para sa kani-kanilang politikal na interes, na nagkait din sa sambayanan ng akses sa tamang impormasyon na bahagi ng karapatan sa malayang pagsasalita at pamamahayag. Ikatlo, ang mga kritiko ng mga rehimen ay pinatahimik sa pamamagitan ng politikal na persekusyon at iba pang anyo ng represyon. Ikaapat, gumamit ng karahasan ang mga rehimen at inabuso ang kanilang kapangyarihan upang magpakita ng lakas at maghasik ng takot sa sinomang nagtatangkang tumuligsa sa umiiral na kalakaran. Ikalima, sa kabila ng mga banta sa malayang pagsasalita at pamamahayag at sa iba pang karapatang pantao sa bansa, patuloy na nakikibaka at lumalaban ang mga Pilipino tungo sa isang mas makatarungang lipunan.

Mahalaga ring banggitin na lubusang nakapag-ambag sa pagiging kohesibo at sa kakayahang tumayo ng naturang naratibo ang dalawang tradisyong kinapopookan ng *Warm Bodies* na nagsilbi rin nitong tuntungan. Una na rito ang institusyonal na karanasan ng CAP bilang biktima ng represyon at bilang tagapagtanggol din ng kalayaan sa pamamahayag. Ang ikalawa naman ay nauukol sa mismong lugar na pinagdausan ng eksibit. Ang UP ay may mahabang kasaysayan ng pagtataguyod ng mga karapataong pantao at pakikibaka laban sa mga mapaniil at di-makatarungang patakaran ng estado. Matingkad na matingkad ito noong panahon ng diktadurang Marcos Sr. at nagpapatuloy pa hanggang sa kasalukuyan. May pagpapahalaga ang naturang institusyon sa kalayaan sa pamamahayag at kalayaang akademiko, kaya nagsilbi ito bilang isang ligtas na espasyo para ibahagi ang kritikal na mensahe ng eksibit (Ito-Tapang). Sa partikular, ang UP College of Fine Arts mismo—ang mga fakulti, estudyante, at alumni nito—ay naging target din ng iba’t ibang anyo ng represyon tulad ng red-tagging (Ito-Tapang).

Malay rin ang mga mananaliksik sa papel na ginagampanan ng kaalamang taglay ng mga bisita ng eksibit, partikular na sa kasaysayan, mga kilusang panlipunan, at sining-protesta, sa mabisang pagtatahi-tahi ng mga natagpuang koda sa isang naratibo. Katulad ng nabanggit sa itaas, sa yugto pa lamang ng konseptuwalisasyon ng *Warm Bodies* ay may kuwento nang nais buuin ang kurador, i.e., intensiyonal at makahulugan ang pagtatabi-tabi at pagkakaayos ng mga obra sa espasyo ng gallery. Gayunman, hindi dapat asahang makaaabot ang lahat ng bisita ng eksibit sa magkakaparehong lebel ng pagtatahi-tahi at deskodipikasyon

dahil hindi magkakapareho ang taglay nilang kaalaman bago pumunta sa eksibit. Kaugnay nito, isa raw sa mga natutuhang leksiyon ng kurador ang kahalagahan ng pagbabalanse sa kagustuhang magsalita ang obra sa sarili nito at sa pagkakaroon ng mga karagdagang teksto sa eksibit na magbibigay-konteksto sa mga itinampok na obra (Ito-Tapang). Sa pamamagitan nito, mas matitiyak ng mga naglunsad ng eksibit na naitatawid sa mga tumutunghay ang batayang naratibong nais nilang isalaysay.

Makabuluhan at higit na kinakailangan ang patuloy na pagsasalaysay sa kasalukuyan ng mga naratibo ng opresyon at paglaban sa lipunang Pilipino. Ito ang ginawa ng eksibit na *Warm Bodies*. Ang pagpapanatili ng ganitong diyalektika sa kamalayan ng sambayanan sa pamamagitan ng ugnaya't talaban ng mga kahulugang bitbit ng mga imahen ay maaaring magbunga ng mas malalaki pang pagkilos sa lipunan. Naging matagumpay ang eksibit sa pagtatampok sa iba't ibang kuwento ng mga "warm body" na nakikipaglaban at/o nananawagan ng katarungan, mula sa mga artista, manggagawang pangkultura, at mamamahayag na biktima ng represyon, hanggang sa mga pamilyang iniwan ng mga biktima ng extrajudicial killings. Itinampok din ng eksibit ang mga obrang hindi sumusunod sa mga tradisyonal na pamantayan ng sining, na nagpapakita ng tensiyon at kontradiksiyon sa pagitan ng namamayaning kaayusan at pagbaklas dito.

Para sa mga susunod na pag-aaral, inirerekomenda na ilapat din ang balangkas ng semiyotikang pangmuseo sa iba pang museo at eksibit sa Pilipinas, lalo na yaong mga bahagyang permanenteng eksibisyon o mga eksibisyong pinupuntahan ng mas maraming tao. Sapagkat nagpokus lamang ang kasalukuyang pag-aaral sa unang yugto ng pagsusuri ng naratibo ng eksibit, nagsilbing limitasyon ng isinagawang semiyotikong analisis ang kakulangan ng pagtalakay sa apektibong aspekto na nauukol sa impluwensiyang emosyonal at maging sikolohikal ng eksibit sa mga bumisita rito. Kaya naman, inirerekomenda ring isagawa ang ikalawang yugto (i.e., pagsusuri ng pagtanggap sa mensahe gamit ang ebalwasyon ng mga bumisita sa eksibisyon) at ikatlong yugto (i.e., pagsusuri ng datos mula sa una't ikalawang yugto) upang lalong maging holistiko ang pagtatasa sa antas ng kabisaan o komunikabilidad ng eksibisyon.

MGA SANGGUNIAN

- Anyfandi, Glykeria, et al. "A socio-semiotic framework for the analysis of exhibits in a science museum." *Semiotica*, No. 200, 2014, pp. 229-54. www.researchgate.net/publication/274328060_A_socio-semiotic_framework_for_the_analysis_of_exhibits_in_a_science_museum.
- Arkhipova, Daria. "The Design of Museums: A Semiotic Approach." *CROSS-INTER-MULTI-TRANS: Proceedings of the 13th World Congress of the International Association for Semiotic Studies (IASS/AIS)*, pinamatnugutan nina Dario Martinelli, Audrone Daubariene, Simona Stano, at Ulrika Varankaite, IASS Publications & International Semiotics Institute, 2018, pp. 253-58. www.researchgate.net/publication/345663930.
- "Artist as Citizen' by Lino Brocka." *My Ecdysis*, 27 July. 2010, www.myeecdysis.com/2010/07/artist-as-citizen-by-lino-brocka. Inakses 7 Apr. 2024.
- Baizas, Gaby. "'Tumindig': Artists dare to dissent in online campaign." *Rappler*, 21 July 2021, www.rappler.com/moveph/advocacies/tumindig-artists-dare-dissent-online-fist-people-campaign. Inakses 12 Apr. 2024.
- Bitgood, Stephen. "Problems in Visitor Orientation and Circulation." *Visitor Studies*, Vol. 1, No. 1, 1988, pp. 155-70. www.informalscience.org/sites/default/files/VSA-a0a1o7-a_5730.pdf.
- Bolledo, Jairo. "IN NUMBERS: Filipino journalists killed since 1986." *Rappler*, 23 July 2022, www.rappler.com/nation/numbers-filipino-journalists-killed-since-1986. Inakses 7 Apr. 2024.
- Buan, Lian. "Political prisoners wait an average of 4 years in jail while on trial." *Rappler*, 8 Feb. 2024, www.rappler.com/newsbreak/data-documents/political-prisoners-average-wait-time-jail-while-trial. Inakses 12 Apr. 2024.
- Burchett, George. "The Ten Principles of Bandung." *People's Republic*, n.d., peoplesrepublic.net.au/pib.htm. Inakses 11 Apr. 2024.
- Capulla, Rose Pascual, at Feorillo Petronilo Demeterio III. "Mga Ideolohiyang Politikang na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining Saysay na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan." *Humanities Diliman*, Vol. 20, No. 2, 2023, pp. 72-106. journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/9458.
- Cepeda, Mara. "A new dam threatens this Filipino tribe. It's just one of the country's stalled China-funded projects." *The Straits Times*, 3 Mar. 2024, www.straitstimes.com/multimedia/graphics/2024/03/chinese-investment-philippines/index.html?shell. Inakses 12 Apr. 2024.
- Chi, Cristina. "Marcos denies family's ill-gotten wealth anew, accuses critics of 'propaganda.'" *Philstar*, 5 Mar. 2024, www.philstar.com/headlines/2024/03/05/2338285/marcos-denies-familys-ill-gotten-wealth-anew-accuses-critics-propaganda. Inakses 10 Apr. 2024.
- Chua, Xiao. "XIAOTIME, 18 September 2012: BAKIT NA-BAN ANG VOLTES V?" *Xiaochua*, 19 Sept. 2012, xiaochua.net/2012/09/19/xiaotime-18-september-2012-bakit-na-ban-ang-voltres-v. Inakses 11 Apr. 2024.
- Cinco, Maricar. "NDFP peace consultant, priest arrested." *Inquirer*, 22 Mar. 2019, newsinfo.inquirer.net/1098662/ndfp-peace-consultant-priest-arrested. Inakses 12 Apr. 2024.

- Conde, Carlos. "'Our Happy Family Is Gone': Impact of the 'War on Drugs' on Children in the Philippines." *Human Rights Watch*, 27 May 2020, www.hrw.org/report/2020/05/27/our-happy-family-gone/impact-war-drugs-children-philippines. Inakses 12 Apr. 2024.
- Cupin, Bea. "Marcos, beneficiary of disinformation, to launch campaign vs fake news." *Rappler*, 19 June 2023, www.rappler.com/nation/marcos-beneficiary-disinformation-launch-campaign-fake-news/#:~:text=MANILA%2C%20Philippines%20-%20President%20Ferdinand%20Marcos,no%20place%20in%20modern%20society. Inakses 7 Apr. 2024.
- Curato, Nicole. "Democratic expressions amidst fragile institutions: Possibilities for reform in Duterte's Philippines." *Brookings*, 22 Jan. 2021, www.brookings.edu/articles/democratic-expressions-amidst-fragile-institutions-possibilities-for-reform-in-dutertes-philippines. Inakses 10 Apr. 2024.
- De Leon, Dwight. "Defying red-baiting, Patricia Non, Maginhawa community pantry carry on." *Rappler*, 20 Apr. 2021, www.rappler.com/nation/patricia-non-maginhawa-community-pantry-defies-red-tagging-resumes-operations. Inakses 12 Apr. 2024.
- Demeterio, Feorillo Petronilo III. "Rafael Lerma's Photojournalistic Take on the Duterte Administration's Drug War: A Counter-Barthesian Semiological Study." *Plaridel*, Vol. 17, No. 1, 2020, pp. 75-110. www.plarideljournal.org/wp-content/uploads/2020/06/2020-01-Demeterio.pdf.
- . "Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9." *Malay*, Vol. 26, No. 1, 2013, pp. 17-35. ejournals.ph/article.php?id=8042.
- "Fashion show against fascism and fossil fuels held." *Bulatlat*, 18 Sept. 2023, www.bulatlat.com/2023/09/18/news-in-pictures-fashion-against-fascism-and-fossil-fuels-fashion-show. Inakses 11 Apr. 2024.
- Flores, Helen. "President Marcos: My father was not a dictator." *Philstar*, 15 Sept. 2022, www.philstar.com/headlines/2022/09/15/2209778/president-marcos-my-father-was-not-dictator. Inakses 10 Apr. 2024.
- "Free Renante Gamara! Stop political persecution of peace consultants!" *Karapatan*, n.d., www.karapatan.org/media_release/free-renante-gamara-stop-political-persecution-of-peace-consultants. Inakses 12 Apr. 2024.
- Gavilan, Jodesz. "Duterte's violent war on drugs, as recorded by rights groups, int'l bodies." *Rappler*, 4 July 2022, www.rappler.com/nation/list-reports-documentation-rodrigo-duterte-drug-war-killings. Inakses 12 Apr. 2024.
- . "Six years of blood and violence: People we lost under Duterte." *Rappler*, 24 June 2022, www.rappler.com/newsbreak/iq/duterte-administration-blood-violence-drug-war-lawyers-activists-mayors-vice-mayors-killed. Inakses 12 Apr. 2024.
- Guillermo, Alice. *Image to Meaning: Essays on Philippine Art*. Ateneo de Manila UP, 2001.
- Horta, Maria de Lourdes Parreiras. *Museum Semiotics: A New Approach to Museum Communication*. 1992. University of Leicester, dissertation. *ProQuest*, www.proquest.com/docview/1675046018?pq-origsite=gscholar&fromopenview=true&sourcetype=Dissertations%20&%20Theses.
- Ito-Tapang, Lisa. *On The Historical Imperative of Dissent*. Concerned Artists of the Philippines, 2024.

- . Personal na interbyu. Nina Jay Israel De Leon at Maria Elena Dator. 26 Nov. 2024.
- Jefishfish Carnay [@jefishfish]. “la chica con el pejo rojo (the girl with red hair).” *Threads*, 28 Jan. 2024, www.threads.net/@jefishfish/post/C2pQNqCv-af. Inakses 12 Apr. 2024.
- Khan, Irene. “Preliminary observations by the UN Special Rapporteur on freedom of opinion and expression, Ms. Irene Khan, at the end of her visit to the Philippines.” *Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights*, 2 Feb. 2024, www.ohchr.org/sites/default/files/documents/issues/expression/statements/20240202-eom-philippines-sr-freedex.pdf. Inakses 7 Apr. 2024.
- Kusuma, Nazalea. “Maginhawa Community Pantry in the Philippines: A New Hope.” *Green Network*, 3 Aug. 2021, greennetwork.asia/news/maginhawa-community-pantry-in-the-philippines-a-new-hope. Inakses 12 Apr. 2024.
- Laqui, Ian. “QC prosecutor dismisses charges vs artist for effigy burning at SONA protest.” *Philstar*, 14 Dec. 2023. qa.philstar.com/headlines/2023/12/14/2318845/qc-prosecutor-dismisses-charges-vs-artist-effigy-burning-sona-protest. Inakses 11 Apr. 2024.
- Layers and Layers of the Self Peeled Through*. Liongoren Family, Parola UP Fine Arts Gallery, at Tin-aw Art Projects, 2023. [img1.wsimg.com/blobby/go/8acdca7c-a653-4d0e-a75b-9e60152bb47a/AAL%20Catalogue%20-%20over17Sep2023%20\(1\).pdf](https://img1.wsimg.com/blobby/go/8acdca7c-a653-4d0e-a75b-9e60152bb47a/AAL%20Catalogue%20-%20over17Sep2023%20(1).pdf).
- Lerma, Raffy. “Ethics through the lens: Photographing the Drug War in the Philippines.” *Saving the News: Ethics and the Fight for the Future of Journalism*, pinamatnugutan nina Chris Elliott at Tom Law, Ethical Journalism Network, 2019, pp. 29-33. ethicaljournalismnetwork.org/wp-content/uploads/2019/04/EJN-Saving-the-News-2019.pdf.
- . “The story behind the viral photo.” *Raffy Lerma*, 31 July 2016, www.raffylerma.com/blog-1/2016/12/22/the-story-behind-the-viral-photo. Inakses 12 Apr. 2024.
- Long, Mai Nguyen. “George Burchett Democracy.” *Slot Gallery*, Dec. 2014, slotgallery.blogspot.com/2014/12/current-exhibition-george-burchett.html. Inakses 11 Apr. 2024.
- “Marcos Jr admin fails to respect, protect, and fulfill social and economic rights.” *IBON Foundation*, 9 Dis. 2023, www.ibon.org/marcos-jr-admin-fails-to-respect-protect-and-fulfill-social-and-economic-rights. Inakses 11 Apr. 2024.
- Montaña, Joveth Jay, and John Albert Nares. “(De)Constructing Myths in Editorial Cartoons: The Case of Philippine Elections.” *International Journal of Language and Literary Studies*, Vol. 4, No. 1, 2022, pp. 260-72. doi.org/10.36892/ijlls.v4i1.837.
- “PBBM reiterates ICC has no jurisdiction over PH; won’t cooperate in its investigation.” *Presidential Communications Office*, 23 Jan. 2024, pco.gov.ph/news_releases/pbbm-reiterates-icc-has-no-jurisdiction-over-ph-wont-cooperate-in-its-investigation. Inakses 12 Apr. 2024.
- “People of the Philippines v. Datu Andal ‘Unsay’ Ampatuan Jr.” *Global Freedom of Expression*, 19 Dec. 2019, globalfreedomofexpression.columbia.edu/cases/people-of-the-philippines-v-datu-andal-unsay-ampatuan-jr. Inakses 12 Apr. 2024.
- “Philippines.” *Reporters Without Borders*, 2023, rsf.org/en/country/philippines. Inakses 7 Apr. 2024.
- “Philippines: Freedom in the World 2023 Country Report.” *Freedom House*, 2023, freedomhouse.org/country/philippines/freedom-world/2023. Inakses 7 Apr. 2024.

- San Juan, Thelma Sioson. "Elmer Borlongan's untold stories." *Lifestyle Inquirer*, 25 Mar. 2018, lifestyle.inquirer.net/289874/elmer-borlongans-untold-stories. Inakses 11 Apr. 2024.
- Smith, Samuel, and Kenneth Foote. "Museum/space/discourse: analyzing discourse in three dimensions in Denver's History Colorado Center." *Cultural Geographies*, Vol. 24, No. 1, 2016, pp. 1-18. doi.org/10.1177/1474474016663930.
- "Standing firm: The Land and Environmental Defenders on the frontlines of the climate crisis." *Global Witness*, 13 Sept. 2023, www.globalwitness.org/en/campaigns/environmental-activists/standing-firm. Inakses 11 Apr. 2024.
- "The making of the 'Doble Kara' effigy." *Bulatlat*, 25 July 2023, www.bulatlat.com/2023/07/25/first-person-the-making-of-the-doble-kara-effigy. Inakses 11 Apr. 2024.
- "The raised fist: a history of the symbol." *People's History Museum*, 4 Sept. 2023, phm.org.uk/blogposts/the-raised-fist-a-history-of-the-symbol. Inakses 12 Apr. 2024.
- Tilo, Dexter. "Maginghawa pantry organizer bares receiving threats, fake food deliveries under her name." *Inquirer*, 11 May 2021, newsinfo.inquirer.net/1430337/maginghawa-pantry-organizer-bares-receiving-threats-fake-food-deliveries-under-her-name. Inakses 12 Apr. 2024.
- Umali, Joey. "Kalayaan sa pamamahayag." *Philstar*, 6 May 2023, www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2023/05/06/2264180/kalayaan-sa-pamamahayag. Inakses 7 Apr. 2024.
- "World Report 2024: Philippines." *Human Rights Watch*, n.d., www.hrw.org/world-report/2024/country-chapters/philippines. Inakses 11 Apr. 2024.
- Zou, Yongguang, et al. "Constructing identity in space and place: Semiotic and discourse analyses of museum tourism." *Tourism Management*, Vol. 93, 2022, pp. 1-12. doi.org/10.1016/j.tourman.2022.104608.

Si **Jay Israel B. De Leon** (jay.deleon@dlsu.edu.ph) ay lektiyurer ng Departamento ng Filipino, De La Salle University (DLSU), Manila. Nakuha niya ang digring Batsilyer ng Sining sa Kasaysayan (*magna cum laude*) mula sa University of the Philippines Diliman noong 2018, at ang digring Master ng Sining sa Araling Filipino mula sa DLSU noong 2022 na may Outstanding Thesis Award. Kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Doktor ng Pilosopiya (By Research) sa Araling Filipino sa DLSU.

Si **Maria Elena M. Dator** (mariaelenadator@gmail.com) ay propesor sa National University, Laguna. Nakuha niya ang digring Bachelor in Secondary Education (Filipino) mula sa De La Salle Lipa at ang digring Master ng Sining sa Araling Filipino mula sa De La Salle University (DLSU), Manila. Kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Doktor ng Pilosopiya sa Araling Filipino sa DLSU.

Mga Nakapaloob na Ideolohiyang Politikang sa Klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano sa Eksibit na *Sining Saysay* ng Gateway Gallery

Embedded Political Ideologies in the Cluster of the American Colonial Period in the *Sining Saysay* Exhibit of Gateway Gallery

Rose P. Capulla

Visayas State University

Feorillo Petronilo A. Demeterio III

De La Salle University

ABSTRAK

Sinusuri ng papel na ito ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa anim na obra sa ilalim ng cluster ng Panahon ng mga Amerikano sa permanenteng eksibit na *Sining Saysay* ng Gateway Gallery. Gamit ang semiotika ni Roland Barthes at ang ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio bilang mga hermenyutikal na lente, sinuri ang bawat obra upang matukoy ang kanilang mga politikal na ideolohikal na paninindigan, gayundin ang kabuuang padron ng ideolohiya ng klaster. Ipinapakita ng pagsusuri na ang mga obrang *Reasserting Independence*, *American Betrayal of an Ally*, at *Filipinos Experiencing Invasion* ay nagpapahayag ng ideolohiyang liberal libertaryan, samantalang ang *Philippines Under the Stars and Stripes* at *Quezon-Osmeña Administration* ay konserbatibong libertaryan, at ang *Occupied Philippines* ay nasa pagitan ng konserbatibong libertaryan at awtoritaryan. Sa isang sinkronikong pananaw,

ang kabuuang ideolohiya ng klaster ay maituturing na katamtaman; sa isang dayakronikong pananaw, makikita ang unti-unting paglipat mula sa liberal libertarian tungo sa konserbatibong awtoritaryan. Inilalahad ng papel ang sining bilang tagapagdala ng ideolohiya sa espasyo ng museo at binibigyang-diin ang pangangailangang magsagawa ng kritikal na pagninilay sa historikal at kontemporaryong ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos.

Mga Susing Salita: *Sining Saysay*, ideolohiyang politikal, pananakop ng mga Amerikano, kalupitan ng digmaan, *Leyte landing*


ABSTRACT

This paper examines the political ideologies embedded in the six paintings under the American Period cluster in the permanent exhibit of *Sining Saysay* in Gateway Gallery. Using Roland Barthes's semiotics and Slomp and Demeterio's ideological spectrum as hermeneutical lenses, each painting is examined to identify its political ideological stances, as well as the overall ideological pattern of the cluster. The analysis concludes that the paintings *Reasserting Independence*, *American Betrayal of an Ally*, and *Filipinos Experiencing Invasion* express a liberal libertarian ideology, *Philippines Under the Stars and Stripes* and *Quezon-Osmeña Administration* are conservative libertarian, and *Occupied Philippines* is somewhere between conservative libertarian and authoritarian. While from a synchronic perspective, the overall ideology of the cluster appears moderate, from a diachronic perspective, a gradual shift from liberal libertarian to conservative authoritarian is seen. The paper presents art as a carrier of ideology in the museum space and emphasizes the need to critically reflect on the historical and contemporary relations between the Philippines and the United States.

Keywords: *Sining Saysay*, political ideology, American colonization, atrocities of war, *Leyte landing*

Introduksiyon

Ang Gateway Gallery ay isang museong pansining na matatagpuan sa ikalimang palapag ng Gateway Mall, sa loob ng Araneta Complex, sa distrito ng Cubao, Lungsod ng Quezon. Pinasinayaan ito noong 2014. Kabilang ang museong ito sa mga atraksiyon ng Gateway Mall, at pati na ng Araneta Complex. Pagmamay-ari ang museo, ang mall, at ang buong kompleks ng Araneta Group of Companies. Nilalayon ng museo na magsilbing kaluluwa ng Araneta Center, “kung saan matatagpuan at mapagninilayan ng mga bisita ang Pilipinong pagkakakilanlan at esensya sa pamamagitan ng mga exhibit at event” (“About Us”). Nagtatampok ang Gateway Gallery ng mga guided tour, storytelling session, kultural na pagtatanghal, pagpapalabas ng pelikula, art workshop, panayam, reading session, at palaro (“About Us”). Ipinapakita ng Figura 1 ang floorplan ng Gateway Gallery.



Pig. 1: Floorplan ng Gateway Gallery

Nasa mahigit kumulang aninmapung metrong haba at sampung metrong lapad ang kabuuang laki ng Gateway Gallery. Binubuo ito ng pangunahing bulwagan ng eksibit, mga lugar para sa worksyap at iba pang mga aktibidad, at pansamantalang bulwagan ng eksibit.

Pangunahin at permanenteng eksibit ang *Sining Saysay: Philippine History in Art* ng Gateway Gallery. Ito ang “flagship exhibit” ng nasabing museo (“Permanent Exhibits”). Binubuo ito ng tatlung panel at bawat isa nito ay may sukat na anim na talampakang taas at labindalawang talampakang haba. Isinalaysay nito ang kasaysayan ng bansa mula prehistoriko hanggang sa kasalukuyan. “Isa itong biswal at dramatikong paglalakbay ng bata pang republika habang hinahanap at sinusuong nito ang landas tungo sa isang progresibo at pantay-pantay na

lipunan” (“Permanent Exhibits”). Nabuo ito dahil sa kolaborasyon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ng University of the Philippines Alumni Association, at ng Araneta Center, Incorporated. Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang pangalan ng mga pintor at pamagat ng mga obrang bumubuo ng Sining Saysay.

Talahanayan 1: Pangalan ng mga Pintor at Pamagat ng mga Obrang Bumubuo sa *Sining Saysay*

Mga Pintor	Mga Obra	Lokasyon sa Figura 1	Periodisasyon/ Pagklaster
Luis Enano Yee, Jr. (Ipinanganak: 1942)	Pre-Historic Philippines I	1	Panahong Pre-Historikal (Mga Sekwensiyal na Obra)
Benjamin Isla Cabangis (Ipinanganak: 1957)	<i>Prehistoric Philippines II</i>	2	
Simkin Sarabosing de Pio (Ipinanganak: 1976)	<i>Peopling the Philippines I</i>	3	
Gig Completo de Pio (Ipinanganak: 1951)	<i>Peopling the Philippines II</i>	4	
Randy Solon (Ipinanganak: 1971)	<i>Pre-Hispanic Philippines</i>	5	
Armand Bacaltos (Ipinanganak: 1949)	The West Discovers the Philippines I	7	Panahon ng Pananakop ng mga Espanyol (Mga Sekwensiyal na Obra)
Amado Hidalgo (Ipinanganak: 1945)	<i>The West Discovers the Philippines II</i>	8	
Vincent Paolo Sarabosing de Pio (Ipinanganak: 1979)	<i>Filipino Responses to Spanish Colonization</i>	11	
Romeo Castillo Mananquil (Ipinanganak: 1942)	<i>Breaking Colonial Ties I</i>	12	
Aileen Lanuza-de Pio (Ipinanganak: 1987)	<i>Breaking Colonial Ties II</i>	13	
Adonai Artificio (Ipinanganak: 1981)	Re-asserting Independence	15	Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano (Mga Sekwensiyal na Obra)
Norman Damasco Dreó (Ipinanganak: 1970)	<i>American Betrayal of an Ally</i>	16	
Janno Gonzales (Ipinanganak: 1988), Jasmin Gonzales (Ipinanganak: 1994), Marianne Rios (Ipinanganak: 1972), at Aman Santos (Ipinanganak: 1973)	<i>Filipinos Experiencing Invasion</i>	17	
Cris Cruz (Ipinanganak: 1935)	<i>The Philippines under the Stars and Stripes</i>	18	
Romeo San Antonio Carlos (Ipinanganak: 1945) at Norman Damasco Dreó (Ipinanganak: 1970)	<i>Quezon-Osmeña Administration</i>	19	
Julius Samson (Ipinanganak: 1977)	Occupied Philippines	20	

Mga Pintor	Mga Obra	Lokasyon sa Pigura 1	Periodisasyon/ Pagklaster
Norlito Meimban (Ipinanganak: 1966)	<i>Building from the Ashes</i>	21	Panahon Matapos ang Digmaan (Mga Sekwensiyal na Obra)
Romy Carlos (Ipinanganak: 1945) at Michael Velasco (Ipinanganak: 1980)	<i>Quirino Presidency</i>	23	
Ben Infante, Sr. (Ipinanganak: 1937)	<i>Post-War Philippines</i>	24	
Pablo Baen Santos (Ipinanganak:1943)	<i>Martial Law in the Philippines</i>	25	Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan (Mga Sekwensiyal na Obra)
Angel Cruz Cacnio (1931-2021)	Filipinos Unite to End Martial Law	26	
Michael Velasco (Ipinanganak: 1980)	<i>Ramos-Estrada Administration</i>	27	
Grandier Gil Bella (Ipinanganak: 1972)	<i>Restoration of Democracy Continues</i>	28	
Abdulmari Asia Imao (1936-2014) at	<i>Muslims in the Philippines</i>	6	Mga Obrang mas Kultural ang Tema at Hindi Basta-bastang Maikakahon sa Nabanggit nang Periodisasyon (Mga Tematikong Obra)
Jonahmar Aguilar Salvosa (Ipinanganak: 1953)	<i>Galleon Trade</i>	9	
Janice Liuson-Young (Ipinanganak: 1965)	<i>Chinese in the Philippines</i>	10	
Grace Javier Alfonso (Ipinanganak: 1952)	<i>Woman Empowerment in the Philippines</i>	14	
Leonilo Ortega Doloricon (Ipinanganak: 1957)	<i>History of Labor in the Philippines</i>	22	
Denes Villacruz Dasco (Ipinanganak: 1973)	<i>Philippine Icons and Symbols</i>	29	
Romeo San Antonio Carlos (Ipinanganak: 1945)	<i>Philippine Festivals</i>	30	
Pinaghanguan: Capulla at Demeterio 72-106			

Makikita din sa Talahanayan 1 ang mga numerong tumutukoy sa tiyak na lokasyon ng bawat obra sa Pigura 1. Makikita din sa nasabing talahanayan ang pagkaka-klaster ng dalawampu't tatlong obra sa limang panahon: 1) Panahong Pre-historikal; 2) Panahon ng Pananakop ng mga Espanyol; 3) Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano; 4) Panahon Matapos ang Digmaan; at 5) Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan (Capulla at Demeterio 76). Ang dalawampu't tatlong obra na ito ay tinatawag na sekwensiyal na mga obra, habang ang nalalabing pitong obra na wala sa alinmang temporal na klaster ay tinatawag na tematikong mga obra, at nakakalat ang mga lokasyon nito sa pagitan ng mga sekwensiyal na obra (Defeo 13).

Sa 2023 na artikulong “Mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa mga Obra ng *Sining Saysay* na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan” ng mga may-akda ng papel na ito, sinuri na ang panlimang sekwensiyal na klaster ng Sining Saysay (Capulla & Demeterio). Sa kasalukuyang papel na ito, susuriin naman ang pangatlong sekwensiyal na klaster: ang mga obra na napabilang sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano. Hangad ng mga may-akda na makagawa pa ng ilang papel na susuri sa tatlo pang nalalabing sekwensiyal na klaster, pati na sa nag-iisang tematikong klaster.

Ayon sa Talahanayan 1, may anim na obra ang napabilang sa sekwensiyal na klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano: 1) *Re-asserting Independence* ni Adonai Artificio (numero 15 sa Pigura 1); 2) *American Betrayal of an Ally* ni Norman Damasco Dreó (numero 16 sa Pigura 1); 3) *Filipinos Experiencing Invasion* nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos (numero 17 sa Pigura 1); 4) *The Philippines under the Stars and Stripes* ni Cris Cruz (numero 18 sa Pigura 1); 5) *Quezon-Osmeña Administration* nina Romeo San Antonio Carlos at Norman Damasco Dreó (numero 19 sa Pigura 1); at 6) *Occupied Philippines* ni Julius Samson (numero 20 sa Pigura 1). Ang mga Imahen 1, 2, 3, 4, 5, at 6 ay nagpapakita sa anim na obrang ito.



Imahen 1: *Re-Asserting Independence* ni Adonai Artificio (Cruz)



Imahen 2: *American Betrayal of an Ally* ni Norman Damasco Dreo (Cruz)



Imahen 3: *Filipinos Experiencing Invasion* nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos (Cruz)



Imahen 4: *Philippines Under the Stars and Stripes* ni Cris Cruz (Olivares)



Imahen 5: *Quezon-Osmeña Administration* nina Romeo San Antonio Carlos at Norman Damasco Dreo (Olivares)



Imahen 6: *Occupied Philippines* ni Julius Samson (Olivares)

Batay sa kasaysayan, ang Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano ay nagsimula noong 1898, matapos talunin ng Estados Unidos ng Amerika ang Espanya sa Digmaang Espanyol-Amerikano. Sa pamamagitan ng Kasunduan sa Paris, isinuko ng Espanya ang Pilipinas sa Amerika kapalit ng halagang dalawampung milyong dolyar. Bagaman ipinangako ng mga Amerikano ang demokrasya at edukasyon, sinupil nila ang kalayaan ng mga Pilipino. Nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano mula 1899 hanggang 1902, at tinatawag itong Digmaang Pilipino-Amerikano. Sa ilalim ng pamahalaang kolonyal, ipinakilala ng Amerika ang sistemang pampublikong edukasyon, wikang Ingles, at mga bagong impraestruktura. Gayunman, sinikap din nilang baguhin ang kultura at pamumuhay ng mga Pilipino upang maging maka-Kanluran. Binigyan ng ilang kalayaan ang mga Pilipino sa pamamagitan ng mga halalan, ngunit nanatiling kontrolado ng Amerika ang pamahalaan. Sa kabila ng pag-unlad, nanatili ang layunin ng mga Amerikano na panatilihin ang kanilang kapangyarihan. Nagtapos lamang ang kolonisasyon nang kilalanin ang kalayaan ng Pilipinas noong Hulyo 4, 1946.

Ang anim na sekvensiyal na obra ay nag-uumpisa sa Digmaang Pilipino-Amerikano (1899) sa pamamagitan ng obrang *Re-asserting Independence* (Imahen 1) at nagtapos sa pagbabalik ni General Douglas MacArthur (1944) sa pamamagitan ng obrang *Occupied Philippines* (Imahen 6).

Nilalayon ng papel na ito na ungkatin ang, o ang mga, ideolohiyang politikal na nakapaloob sa anim na obrang naiklaster sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano. Susuriin din kung magkakapareho o magkakaiba-iba ba ang ideolohiyang politikal ng nasabing anim na obra, at kung magkakaiba-iba man, may makikita bang padron sa gitna ng kanilang pagkakaiba-iba.

Ginamit sa papel na ito ang dalawang teorya sa pagsusuri, ang una ay ang semiolohiya ni Roland Barthes, at ang pangalawa ay ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Hans Slomp at Feorillo Demeterio upang tuklasin at uriin ang mga ideolohiyang nakapaloob sa mga historikal at kultural na simbolo o icon sa mga likhang sining.

Ang semiolohiya ni Barthes ay isang pamamaraang naglalayong ilantad ang ikalawang antas ng kahulugan ng mga simbolo—mga kahulugang hindi lantarang nakikita ngunit malalim na nakaugat sa kasaysayan, kultura, at politika. Nakabatay ito sa teorya ni Ferdinand de Saussure kung saan ang isang *sign* ay binubuo ng *signifier* (anyo o imaheng nakikita o naririnig) at *signified* (konsepto o ideang kinakatawan nito). Sa pagpapalawig ni Barthes, maaaring magamit ang isang *sign* bilang bagong *signifier* upang lumikha ng mas malalim na antas ng kahulugan na tinatawag na mitolohiya—isang proseso kung saan ang isang bagay ay nagiging tagapagdala ng ideolohiya.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, tinatawag na icon ang mga ganitong klaseng *sign*—mga biswal na simbolo na, sa kabila ng kanilang harapang kahulugan, ay may taglay na masalimuot na ideolohikal na nilalaman. Sa pamamagitan ng semiolohiya, sinusuri ng papel kung paano ang mga icon sa mga likhang sining ng *Sining Saysay* ay naging behikulo ng partikular na mga pananaw politikal o panlipunan.

Bilang karugtong ng semiolohikal na pagsusuri, ginamit ng papel ang modipikadong ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio upang sistematikong uriin ang mga ideolohiyang nakalantad mula sa mga icon. Ang ispektrum ay inilahad sa pamamagitan ng dalawang aksis: ang x-aksis na nagpapakita ng oryentasyong progresibo (hangaring pagbabago) hanggang retrogresibo (paghahangad sa pagbabalik ng nakaraan), at ang y-aksis na naglalarawan ng pagiging awtoritaryan (pagpapahalaga sa estado) hanggang libertaryan (pagpapahalaga sa indibidwal) (tingnan ang Figura 2). Mula sa pagkakabuo ng ispektrum, naipakita ang walong posisyong ideolohikal: radikal na libertaryan, radikal na awtoritaryan, liberal na libertaryan, liberal na awtoritaryan, moderato, konserbatibong libertaryan, konserbatibong awtoritaryan, at reaksiyonaryo (tingnan ang Figura 2).




Fig. 2: Ang Ideolohikong Ispektrum na may Dalawang Dimensiyon na Unang Binuo ni Slomp at Minodipika ni Demeterio

Talahanayan 2: Paliwanag sa Figura 2

Ideolohiya	Paliwanag	Halimbawa
Radikal na libertaryan	Paninindigang pumapabor sa madalian at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal	Sosyalismong demokratiko na nakabatay sa Marxistang prinsipyong “matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng demokrasya ng masa ang lipunan”

Ideolohiya	Paliwanag	Halimbawa
Radikal na awtoritaryan	Pumapabor din sa mabilis at malalimang pagbabago ngunit nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado	Komunismong nakabatay sa Leninistang paniniwalang “matapos ang rebolusyon, dapat pamunuan ng isang diktadurang awtoritaryo ang lipunan”
Liberal na libertarian	Pumapabor sa kalkuladong pagbabago habang pinahahalagahan ang kalayaan at indibidwal	Klasikong liberalismong “naniniwalang ang estado ang umaapi sa mga tao kaya dapat limitahan ang kapangyarihan nito”
Liberal na awtoritaryan	Sumusuporta rin sa kalkuladong pagbabago ngunit pinahahalagahan ang panlipunang kontrol at estado,”	Kontemporaryong liberalismong “naniniwalang kailangan ng estado sa pagsasaayos ng mga gawain at inisyatiba ng mga indibidwal”
Moderato	Mabusising kumikilatis sa pangangailangan ng pagbabago at benepisyo ng kasalukuyang kaayusan	Dahil sa hangaring masusing suriin ang dalawang panig, itinuturing ni Demeterio na walang kabuluhan ang distinksiyon sa pagitan ng moderatong liberal at awtoritaryan
Konserbatibong libertarian	Sumasang-ayon sa kasalukuyang kaayusan habang pinahahalagahan ang kalayaan at indibidwal	Makakanang liberalismo sa Hilagang Amerika at Europa
Konserbatibong awtoritaryan	Sumasang-ayon sa kasalukuyang kaayusan ngunit pinahahalagahan ang panlipunang kontrol at estado at pinakamalalang halimbawa nito ang pasismo	Pasismo
Reaksiyonaryo	Pumapabor sa paorong na pagbabago	Dahil sa layuning ibalik ang lumang kaayusan, hindi na rin nakikitang makabuluhan ang pagkakaiba ng reaksiyonaryong libertarian at awtoritaryan
Pinaghanguan: Demeterio 20-22		




Fig. 3: Konseptuwal na Balangkas ng Pananaliksik

Ipinapakita ng Figura 3 ang konseptuwal na balangkas ng papel na ito.

Makikita sa pigurang ito kung paano hinango ang mga icon mula sa anim na obra, at kung paano sinusuri ang kani-kanilang mga diskurso tungkol sa kasalukuyan/pagbabago ng lipunan at tungkol sa pagpapahalaga sa indibidwal/estado, gamit ang semiolohiya ni Barthes. Makikita din sa pigurang ito kung paano muling susuriin ang mga diskurso tungkol sa kasalukuyan/pagbabago at indibidwal/estado, gamit ang modipikadong ispektrum nina Slomp at Demeterio, para matukoy ang tiyak na ideolohikal na paninindigan ng bawat obra.


Batay pa rin sa Figura 3, may anim na substantibong seksiyon ng pag-aaral na ito na susuri sa ideolohiyang politikal ng bawat isa sa anim na obrang saklaw ng klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano.

Sa pagsusuri ng mga piling obra sa *Sining Saysay*, tinutukoy ng pananaliksik na ito ang sining bilang tagapagdala ng politikal na ideolohiya sa pampublikong espasyo ng kasaysayan at kultura. Sa larangan ng museolohiya, nakatutulong ang pagbubunyag ng mga ideolohikal na mensahe upang mapalalim ang *curatorial*

practice at interpretasyon ng mga bisita. Samantala, ipinapakita ng larangan ng estetika ang kapangyarihan ng sining na hindi lamang maglarawan kundi maghubog ng diskurso sa kolonyalismo, nasyonalismo, at kolektibong alaala. Nagbibigay ito ng mahalagang ambag sa Araling Pilipino sa pag-unawa sa pananakop ng mga Amerikano sa pamamagitan ng Barthesyanong semiolohiya at ideolohikal na ispektrum nina Slomp at Demeterio. Kaugnay nito, ang kasalukuyang alyansa ng Pilipinas at Estados Unidos ay nagpapatingkad sa pangangailangang kritikal na suriin ang mga salaysay ng nakaraan—tulad ng Digmaang Pilipino-Amerikano, pamana ng mga Amerikano, at mga personalidad gaya nina dating presidente Manuel Quezon at Sergio Osmeña. Sa likod ng *Sining Saysay* ay makikita ang kolaborasyon ng akademya, civil society, negosyo, at sining, na may kani-kaniyang ideolohiyang politikal. Sa kontekstong ito, layunin ng pananaliksik na linangin ang mas kritikal na pag-unawa sa sining bilang salamin ng politika at pambansang pagkakakilanlan sa harap ng kasaysayan at kontemporaryong hamon.

Ang Obrang *Re-Asserting Independence* ni Adonai Artificio

Una nang ipinakita sa Imahen 1 ang obrang *Re-Asserting Independence* ni Artificio. Minapa ng Figura 4 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.



Pig. 4: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng Obrang *Re-Asserting Independence*

Mahalagang banggitin na nakalatag sa halos kabuuang espasyo ng canvas ang bandila ng Pilipinas, na unang isinapubliko noong Mayo 1898, at nagsisilbing background sa limang parte ng obra. Nagpapahiwatig nito na ang limang parte ng obra ay kuwento ng batang republika. Ang parteng A sa Pigura 4 ay naglalarawan sa Labanan ng Maynila ng Digmaang Espanyol-Amerikano na naganap noong Mayo 1898 at nagbukas sa kolonisasyong Amerikano. Ang parteng B sa parehong pigura ay naglalarawan sa Kongreso ng Malolos na nag-umpisa noong Setyembre 1898 at nagproklama ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas noong Enero 1899. Isinusulong ng konstitusyong ito ang isang presidensiyal at demokratikong pamahalaan, na may ehekutibo, lehislatibo, at hudisyal na mga sangay, at naniniwala sa mga pundamental na karapatan ng mga mamamayan. Ang parteng B ang maaaring sabihin na pinakabatayan ng pamagat na “Re-Asserting Independence.” Ang parteng C sa parehong pigura ay naglalarawan kay Private William Walter Grayson, ang Amerikanong sundalong unang nagpapatok ng baril noong Pebrero 1899 na naging mitsa ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang parteng D sa parehong pigura ay naglalarawan sa dehadong kalagayan ng mga Pilipino sa Digmaang Pilipino-Amerikano. Ang parteng E ng parehong pigura ay naglalarawan ng pagpaslang ni Heneral Antonio Luna noong Hunyo 1899 batay umano sa utos ng Pangulong Emilio Aguinaldo. Ang parteng F ng parehong pigura ay naglalarawan kay Heneral Gregorio del Pilar na sakay sa kanyang puting kabayo. Matatandaang napatay ng mga sundalong Amerikano ang heneral na ito sa Labanan ng Pasong Tirad noong Disyembre 1899. Ang parteng G naman ng parehong pigura ay naglalarawan sa pagkadakip ng Pangulong Aguinaldo ng mga sundalong Amerikano noong Marso 1901.

Dalawang taon at sampung buwan na kasaysayan, mula Mayo 1898 hanggang Marso 1901, ang isiniksik ng pintor sa kanyang obra upang ikuwento ang bigong reasersiyon ng kasarinlan ng batang republika, pagtatraydor ng mga Amerikano sa mga Pilipino, at pati na sa pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino. Bigo ang nasabing reasersiyon at hindi kinilala ng mga Amerikano ang kasarinlan ng bansa at ang naitatag na republika. Trinaydor ng mga Amerikano ang mga rebolusyunaryo dahil matapos nila talunin ang mga Espanyol ay isinailalim ang buong kapuluan sa pangalawa nitong ganap na kanluraning kolonisasyon. Si Heneral Luna ay di umano tinraydor ni Aguinaldo, si del Pilar ay tinraydor ng isang

Tinguian, at si Heneral Aguinaldo naman ay tinraydor ng mga taga-Macabebe, Pampanga.

Ipinapahiwatig ng obrang baguhin ang kasalukuyang positibong imahen ng mga Amerikano at pati ang talamak na pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino na mitsa ng ating kawalan ng pagkakaisa at humahadlang sa ating pag-unlad bilang republika. Ang mga pagbabagong ito ay inaasahang makamtan sa banayad, intelektuwal, at edukasyunal na paraan. Kaya masasabing liberal ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Batay sa pagpapahalaga ng obra sa Malolos Convention na nagluwal sa pinakaunang konstitusyon ng ating bansa, pinahahalagahan din nito ang diwa ng demokrasya na naglalagay sa ugat ng politikal na kapangyarihan sa bawat indibidwal na Pilipino. Ipinapahiwatig din ng konstitusyong ito ang pagprotekta sa bawat indibidwal na Pilipino laban sa anumang pang-aabuso ng mga pinunong magpapatakbo ng estado. Kaya, masasabi nating mas kinikilingan ng obra ang indibidwal kaysa estado. Ibig sabihin, mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang obrang ito.

Kapag pagsasamahin natin ang liberal na pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, at ang pagkiling nito sa indibidwal kaysa estado, at ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio na ispektrum, makikita natin sa Pigura 5 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay liberal na libertaryan.





Fig. 5: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politikal ng Obrang *Re-Asserting Independence*

Ang obrang *Re-Asserting Independence* ni Adonai Artificio ay masalimuot na pagsasalaysay ng mahahalagang pangyayari mula Mayo 1898 hanggang Marso 1901—panahong sinubukang muling igiit ng batang Republika ng Pilipinas ang kasarinlan nito. Sa pamamagitan ng mga pigura’t simbolo, inilalarawan ng obra ang kolonyal na pagtataksil ng mga Amerikano, gayundin ang mga pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino. Binibigyang-diin nito ang halaga ng Malolos Convention at ang diwa ng demokrasya, na nagpapalakas sa kapangyarihang politikal ng indibidwal. Isinusulong ng obra ang isang liberal at libertaryang pananaw—isang panawagan sa edukado, mapanuri, at makataong pagbabago sa ating lipunan.

Ang Obrang *American Betrayal of an Ally* ni Norman Damasco Dreo

Una nang ipinakita sa Imahen 2 ang obrang *American Betrayal of an Ally* ni Dreo. Minapa ng Pigura 6 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.



Pig. 6: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng Obrang *American Betrayal of an Ally*

Si Macario Sakay y de Leon pagkapatapos binigyan ng amnestiya ng mga Amerikano noong huling bahagi ng 1902 ay nagdesisyonang mamundok at

ipagpatuloy ang rebolusyong Pilipino na dati ay laban sa mga Espanyol pero uminog sa pakikipaglaban sa mga Amerikano. Nagbuo siya ng rebolusyunaryong pamahalaang Republika ng Katagalugan na siya ang naglilingkod na Pangulo. Nasa kanyang tabi ang bandila ng nasabing Republika, pati ang isang rebolusyunaryong Pilipino. Ang kaalyansang tinraydor base sa pamagat ng obrang *American Betrayal of an Ally* ay ang Republika ng Pilipinas, ngunit si Sakay ang nagsisilbing mukha o representayon ng kaalyansang ito. Ang parteng C ay naglalarawan sa mga pangunahing pinuno ng kanyang pamahalaan, pati na ang mga ilustradong sumusuporta sa kanya. Ang parteng D ay nagpapakita ng dalawang imahen ng mga pinuno ng Katipunan na noong 1902 ay hindi yumuko sa bandila ng Amerika, sina Apolinario Mabini at Heneral Artemio Ricarte. Matapos sumuko sina Pangulong Aguinaldo at Heneral Miguel Malvar, ang dalawang nasabing bayani ay ang nagsisilbing inspirasyon kay Sakay para ipagpatuloy pa ang rebolusyon. Matatandaang si Mabini ay nanumpa sa bandila ng Amerika noon lamang 1903, at si Heneral Ricarte naman ay talagang hindi sumumpa sa nasabing bandila. Ang parteng E ay naglalarawan sa kubo ni Sakay sa kabundukan ng Timog Luzon na nagsisilbing punong-tanggapan ng kanyang pamahalaan.

Ang parteng F ay naglalarawan kay Koronel Harry Hill Bandholtz at isa pang Amerikanong sundalo. Si Koronel Bandholtz ang siyang nakipagsabwatan kay Dominador Gomez, para pasukuin si Sakay. Si Gomez ay isa sa mga ilustradong sumusuporta sa pamahalaan ni Sakay, at isa siya sa mga personalidad na makikita sa parteng C ng obra. Ginamit nina Bandholtz at Gomez ang nilalaman ng 1902 na Philippine Organic Act ng Kongreso ng Amerika. Ipinangako ng batas na ito na itatag sa Pilipinas ang isang asembleya ng mga halal na representate kapag natupad ang tatlong kondisyon: una, dapat mawala ang anumang insureksiyon sa kapuluan; pangalawa, matapos at mailathala ang nooy isinasagawa nang census; at pangatlo, magkakaroon ng dalawang taong tuloy-tuloy na kapayapaan mula sa pagkalathala ng census. Gagamitin ang mga pangako at kundisyong ito ng mga Amerikano bilang pain sa pagpapasuko kay Sakay. Batay sa una at pangalawang kundisyon ng Philippine Organic Act, ipinamumukha nina Koronel Bandholtz at Gomez kay Sakay na nagiging hadlang na ang kanyang pagkilos sa pagkakaroon ng Asambleya sa Pilipinas. Sumuko nga si Sakay sa mga Amerikano noong Hulyo 1906 at agarang pinagkalooban ng amnestiya. Noong Hulyo 1907 ay agarang naganap ang halalan para sa unang Asemblea ng Pilipinas.

Pero hindi nagtagal ang kalayaang ipinagkaloob ng mga Amerikano kay Sakay ng kanyang mga pinuno. Ang parteng G ay simbolikong naglalarawan sa tatlong batas ng kolonyal na pamahalaang Amerikano na ginamit sa muling pag-usig kay Sakay at ng kanyang mga pinuno ilang araw lamang matapos silang pinagkalooban ng amnestiya: ang Sedition Law, Brigandage Law, at Flag Law. Gamit ang mga batas na ito, hinatulan sina Sakay ng parusang kamatayan. Ang parteng H ay naglalarawan sa pagbitay kay Sakay noong Setyembre 1907.

Halos siyam taon na kasaysayan, mula Disyembre 1898 hanggang Setyembre 1907, ang isiniksik ng pintor sa kanyang obra upang ikuwento ang pagtraydor ng mga Amerikano sa mga Pilipino sa katauhan ni Sakay. Ang pagtratraydor na ito ay pagtatraydor din ng mga ilustradong Pilipino sa mga rebolusyunaryong nagmumula sa mabababang uri ng lipunan.

Ipinapahiwatig din ng obrang baguhin ang kasalukuyang malawakang positibong imahen ng mga Amerikano at pati ang talamak na pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino na mitsa ng ating kawalan ng pagkakaisa at humahadlang sa ating pag-unlad bilang republika. Mas matingkad ang pagiging class-based ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino sa obrang ito. Nagmukhang ibinenta si Sakay sa mga Amerikano ng mga ilustrado na gusto nang pumuwesto bilang mga mambabatas. Pero ang mga pagbabago na minimithi ng obra ay inaasahang makamtan pa rin sa banayad, intelektuwal, at edukasyunal na paraan. Kaya masasabing liberal din ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Batay sa pagkundena ng obra sa ginawang pagbenta kay Sakay sa mga Amerikano para sa kapakanan ng kolonisadong bayan, at pati na sa awtoritaryang mga batas na ginamit sa pag-usig kina Sakay, ipinahihiwatig ng obra na mas kinikilingan nito ang indibidwal kaysa kolonisadong at kolonisador na estado. Ibig sabihin, mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang obrang ito.

Kapag pagsasamahin natin ang liberal na pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, at ang pagkiling nito sa indibidwal kaysa estado, at ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio spectrum, makikita natin sa Figura 7 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay liberal na libertaryan rin.




Fig. 7: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politikal ng Obrang *American Betrayal of an Ally*

Ang obrang *American Betrayal of an Ally* ni Norman Damasco Dreo ay nagpapakita ng kasaysayan ng pagtataksil ng mga Amerikano sa rebolusyunaryong si Macario Sakay mula 1898 hanggang 1907. Sa pamamagitan ng simbolismo at makasaysayang pigura, itinatampok nito ang panlilinlang gamit ang Philippine Organic Act, pati ang pagtatraydor kay Sakay ng kapwa Pilipino para sa pansariling kapakinabangan. Ipinapahiwatig ng obra ang liberal at libertaryang pananaw—isinusulong nito ang intelektwal at mapayapang pagbabagong panlipunan, habang kinikilala ang halaga ng indibidwal laban sa kapangyarihan ng kolonisador at elitista. Isang makapangyarihang komentaryo ito sa kasalukuyang anyo ng ating pambansang pagkakakilanlan.

Obrang *Filipinos Experiencing Invasion* nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos

Ang obrang *Filipinos Experiencing Invasion* ay naiiba sa unang dalawang binanggit nang obra, pati na sa lahat ng nalalabing dalawampu't pitong obra ng *Sining Saysay*. Hindi ito lubusang nilikha para sa nasabing koleksiyon. Isa itong pinalaking reproduksiyon ng 1980 na obrang *A Page from an Officer's Diary* ni Benedicto "Bencab" Cabrera, isang Pambansang Alagad ng Sining. Bahagi ang obra ni Cabrera sa koleksiyon ng Ayala Corporation. Ang orihinal na obra ay may sukat na apat na talampakan na taas at walong talampakan na haba. Ibig sabihin, mula sa tatlungpu't dalawang kuwadrang talampakan (4 ft x 8 ft), pinalaki ang obra ni Cabrera sa

pitumpu't dalawang kuwadrangong talampakan (6 ft x 12 ft) nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos. Mahigit doble ang inilaki ang reproduksiyon nina Gonzales, Gonzales, Rios, at Santos sa orihinal ni Cabrera.

Una nang ipinakita sa Imahen 3 ang obrang *Filipinos Experiencing Invasion* nina Gonzales, Gonzales, Rios, at Santos. Minapa ng Pigura 8 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.




Fig. 8: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng Obrang *Filipinos Experiencing Invasion*

Kahalintulad sa nauna nang sinuri na dalawang obra, nariyan pa rin ang mga bandila ng Amerika at Pilipinas sa background ng obra. Ngunit mas maliit ang mga ito. Nasa mahigit-kumulang 1/4 lamang na espasyo ng canvas ang sinakop ng mga ito. Kapansin-pansin ding pababa ang pagkalatag ng bandilang Amerikano at likurang bahagi ng bandila ang ipinapakita. Ang bandilang Pilipino naman ay pahiga ang pagkalatag at ang pulang kulay ang nasa itaas sa halip na ang asul na kulay. Sa babang kaliwang kanto ng obra matatagpuan ang pahayag na ang obrang ito ay kopya ng 1980 na orihinal ni Cabrera na may pamagat na *A Page from an Officer's Diary*. Ang parteng A ay naglalarawan ng mga opisyal at sundalong Pilipino. Nasa likuran ng mga opisyal ang bandilang Pilipino. Ang parteng B ay naglalarawan ng mga opisyal at sundalong Amerikano. Nasa likuran din ng mga opisyal ang bandilang Amerikano. Ang parteng C ay naglalarawan ng bitayan kung saan may binitay na babae, at garote kung saan may babae ring ginarote.

Walang malinaw na historikal na pagtukoy ang mga imaheng ipinakita sa obra, kahit ilan sa mga imahen ng mga Pilipinong opisyal at sundalo ay ibinatay ni Cabrera sa ilang mga lumang litrato. Halimbawa ang Imahen 7, na bahagi ng parteng A, ay nakabatay sa Imahen 8, na parte naman ng litrato ni Heneral del Pilar at kanyang mga sundalo na kuha noong 1898, ilang buwan bago pa sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano.



Imahen 7: Detalye ng Parteng A ng Obrang *Filipinos Experiencing Invasion*



Imahen 8: Bahagi ng Litrato ni Henral Gregorio del Pilar na Kuha sa Probinsiya ng Pampamga noong 1898

Halos walang pinagkaiba ang kawalan ng malinaw na historikal na banggit ng obrang *Filipinos Experiencing Invasion* sa tematikong obrang *Galleon Trade* ni Jonahmar Aguilar Salvosa, numero 9 sa Pigura 1. Kaya medyo nakakalito kung bakit ang *Filipinos Experiencing Invasion* ay itinuturing na sekwensiyal na obra, habang ang *Galleon Trade* ay itinuturing na tematikong obra ng *Sining Saysay*.

Maaari sigurong sabihin na halos tatlong taong kasaysayan, mula Pebrero 1899 hanggang Hulyo 1902, ang isiniksik ni Cabrera sa kanyang orihinal na obra upang ikuwento ang pagsalakay ng mga Amerikano sa Pilipinas. Pebrero 1899 unang sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano, habang Hulyo 1902 naman idineklara ng mga Amerikano pagkatapos ng nasabing Digmaan, kahit may mga rebolusyunaryo pa rin sa iba't ibang lokasyon sa bansa.

Kahalintulad sa unang dalawang obrang sinuri, ipinahiwatig din ng obrang *Filipinos Experiencing Invasion* baguhin ang kasalukuyang malawakang positibong imahen ng mga Amerikano. Subalit, naiiba ito sa naunang dalawang obra dahil hindi nito pinuna ang talamak na pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino. Ang baliktad na bandilang Amerikano ay tila nagsasagisag sa kanilang nakakubling motibo sa pagpunta sa kapuluan, at ang baliktad na bandilang Pilipino ay mas tiyak na nagsasagisag sa pakikipagdigma ng mga Pilipino sa mga mananakop na Amerikano. Kahalintulad sa una nang sinuring dalawang obra, ang pagbabago na minimithi ng obrang ito ay inaasahang makamtan pa rin sa banayad, intelektuwal, at edukasyunal na paraan. Kaya masasabing liberal din ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Batay sa pagkundera ng obra sa karahasan ng mga Amerikano sa mga walang kalaban-labang Pilipino, sinasagisag ng mga binitay at ginaroteng Pilipino, ipinapahiwatig ng obra na mas kinikilingan din nito ang indibidwal kaysa kolonisador na estado. Ibig sabihin, mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang obrang ito.

Kapag pagsasamahin natin ang liberal na pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, at ang pagkiling nito sa indibidwal kaysa Estado, at ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio spectrum, makikita natin sa Pigura 9 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay liberal na libertaryan rin.




Fig. 9: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politikang ng Obrang *Filipinos Experiencing Invasion*

Ang *Filipinos Experiencing Invasion* nina Janno Gonzales, Jasmin Gonzales, Marianne Rios, at Aman Santos ay pinalaking reproduksiyon ng 1980 na obrang *A Page from an Officer's Diary* ni Bencab. Ipinapakita nito ang pag-atake ng mga Amerikano sa Pilipinas mula 1899 hanggang 1902. Sa pamamagitan ng simbolismong bandilang baligtad, bitayan, at sundalo, ipinapahayag ng obra ang pananakop at karahasang dinanas ng mga Pilipino. Taliwas sa ibang obra, hindi nito tinutuligsa ang pagtatraydor ng mga Pilipino sa kapwa Pilipino. Gayunman, liberal at libertaryan ang pananaw nito: binibigyang-halaga ang edukasyon para sa pagbabago, at pinapaboran ang karapatan ng indibidwal laban sa kolonyal na kapangyarihan.

Ang Obrang *Philippines Under the Stars and Stripes* ni Cris Cruz

Una nang ipinakita sa Imahen 4 ang obrang *Philippines Under the Stars and Stripes* ni Cris Cruz. Minapa ng Pigura 10 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.

Naiiba sa unang tatlong obrang sinuri, wala na sa background ang mga bandila ng Pilipinas at Amerika sa obrang ito, kung hindi nasa sentrong foreground na. Ang parteng A ay naglalarawan sa gusali ng Korte Suprema kasama ang litrato ng una nitong Chief Justice na si Cayetano Arellano. Sinasagisag ng mga ito ang pagkakatatag ng Korte Suprema sa kapuluan noong Hunyo 1901 ng Philippine Commission. Ang parteng B ay naglalarawan sa barkong US Army Thomas na dumaong noong Agosto 1901, sakay ang mahigit tatlong daang mga Amerikanong




Fig. 10: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng Obrang *Philippines Under the Stars and Stripes*

guro na magpapatatag sa pampublikong edukasyon sa kapuluan gamit ang wikang Ingles. Naglalarawan din ang parteng ito ng isang eksena sa loob ng silid paaralan kasama ang isang Amerikanang guro. Ang parteng C ay naglalarawan sa isang bahagi ng Kennon Road na nagsasagisag sa pagdeblop ng Baguio para maging “Summer Capital” ng mga Amerikano umpisa noong Nobyembre 1901.

Ang parteng D ay naglalarawan ng isang eroplanong pangkoreo at ng gusali ng Post Office. Sinasagisag ng mga ito ang muling pag-organisa sa serbisyong koreo ng Pilipinas bilang Bureau of Posts sa Ilalim ng Department of Trade ng Philippine Commission noong 1902. Ang parteng E ay naglalarawan ng isang gusali ng Unibersidad ng Pilipinas kasama ang litrato ni Ignacio Villamor, ang kauna-unahan nitong Pilipinong pangulo, at lalaki at babaeng graduate. Sinasagisag ng mga ito ang pagkatatag ng nasabing pamantasan noong 1908. Ang parteng F ay nagpapakita ng isang eksena ng pag-aani ng tubo sa harap ng isang modernong gilingan ng asukal. Sinasagisag nito ang pagkakatatag ng merkado ng asukal para sa Amerika sa ilalim ng Payne-Aldrich Act ng 1909.

Ang parteng G ay naglalarawan sa gusali ng senado at nagsasagisag sa pagkakatatag ng Senado ng Pilipinas noong 1916. Umpisa noon ay naging dalawang kapulungan

na ang lehislatura ng Pilipinas. Ang parteng H ay naglalarawan sa paglagda sa Tydings-McDuffie Law noong 1934. Ipinangako ng batas na ito ang kalayaan ng Pilipinas at inuutos nito ang pagtatag ng saligang batas at transisyunal na Pamahalaang Commonwealth. Ang parteng I ay naglalarawan ng isang alegorya ng Pamahalaang Commonwealth ng Pilipinas na itinatag noong 1935. Gamit nito bilang sagisag ang isang babae, o ang inang bayan, na hawak ang mga bandilang Amerikano at Pilipino, habang nasa lilim ng Agila ng Amerika. Ang parteng J ay naglalarawan ng mga Pilipino at Pilipinang bumuboto at sinasagisag ng mga ito ang matagumpay na plebisito ng 1937 na kumikilala sa karapatan ng mga Pilipinang bumoto. Ang parteng K ay naglalarawan ng isa pang alegorya ng modernisasyon at kasaganahang tumatagos sa tahananang Pilipino. Gamit nito bilang sagisag ang isang eksena sa loob ng isang kusina o hapag kainan kung saan may mag-inang nakatayo sa harap ng bukas na refrigerator na hitik sa mga pagkain at inumin.

Tatlumpu't anim na taon ng kasaysayan, mula 1901 hanggang 1937, ang isiniksik ng pintor sa obrang ito para ikuwento ang ekonomiko, politikal, kultural, impraestruktural, at administratibong biyayang napala ng mga Pilipino sa ilalim ng Amerikanong kolonyalismo.

Naiiba ang obrang ito sa nauna nang sinuring tatlong obra. Hindi nito minimithing baguhin ang malawakang positibong imahen ng mga Amerikano. Sa halip ay sinusugan nito ang ganitong positibong imahen. Kaya, kung ang usapin tungkol sa ating masalimuot na pakikitungo sa mga Amerikano ang pagbabatayan, masasabi nating konserbatibo ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Batay sa pagpapahalaga ng obra sa Tydings-McDuffie Law na nagsilbing pundasyon sa pagpanday sa 1935 na Konstitusyon ng Pilipinas, sa Korte Suprema, sa edukasyon, sa karapatang bumoto ng dating marhinalisadong sektor ng kababaihan, at sa kalagayan ng tahananang Pilipino, masasabi nating mas kinikilingan ng obra ang indibidwal kaysa estado. Ibig sabihin, mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang obrang ito.

Kapag pagsasamahin natin ang konserbatibong pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, at ang pagkiling nito sa indibidwal kaysa estado, at




Fig. 11: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politikal ng Obrang *Philippines Under the Stars and Stripes*

ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio spectrum, makikita natin sa Figura 11 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay konserbatibong libertayan.

Ang *Philippines Under the Stars and Stripes* ni Cris Cruz ay nagsasalaysay ng tatlumpu't anim na taong kasaysayan ng Pilipinas sa ilalim ng kolonyalismong Amerikano, mula 1901 hanggang 1937. Sa halip na batikusin, pinagtitibay ng obra ang positibong pananaw sa panahong iyon. Tampok dito ang mga institusyong gaya ng Korte Suprema, edukasyong pampubliko, Senado, at Unibersidad ng Pilipinas. Inilalarawan din nito ang mga reporma sa kabuhayan at karapatang bumoto ng kababaihan. Ipinapakita ng obra ang konserbatibong pananaw sa kasalukuyan at pagbabago, at isang malinaw na pagkiling sa indibidwal, kaya't matuturing itong may ideolohiyang konserbatibong libertayan.

Ang Obrang *Quezon-Osmeña Administration* nina Romeo San Antonio Carlos at Norman Damasco Dreó

Una nang ipinakita sa imahen 5 ang obrang *Quezon-Osmeña Administration* nina Carlos at Dreó. Minapa ng Figura 12 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.

Mapapansing bumalik sa obrang ito ang estilo ng paggamit ng bandila bilang background. Sa pagkakataong ito, bandila ng Pilipinas na lamang ang nakalatag sa mahigit kalahating espasyo ng canvas. Nawala ang bandila ng Amerika pero makikita pa rin ang presensiya ng imperyalistang bansa sa malaking Amerikanong agila na nakadapo sa eskuda ng Pamahalaang Commonwealth na matatagpuan naman sa itaas na kaliwang kanto ng obra. Ang parteng A ay naglalarawan sa




Fig. 12: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng
Obrang *Quezon-Osmeña Administration*

unang Asembleya ng Pilipinas kung saan ang nahalal na Ispiker ay si Sergio Osmeña noong 1907. Ang parteng B ay muling naglalarawan sa paglagda sa Tydings-McDuffie Law noong 1934. Ang parteng C ay naglalarawan sa panunumpa ni Manuel Quezon bilang Pangulo ng Pamahalaang Commonwealth ng Pilipinas noong 1935. Ang parteng D ay naglalarawan kay Pangulong Quezon. Siya ang unang pangulo ng nasabing pamahalaan, mula 1935 hanggang 1944. Ngayon ay itinuturing siyang ikalawang pangulo ng Republika ng Pilipinas, kasunod kay Aguinaldo. Ang parteng E ay naglalarawan kina Quezon at Osmeña na nagtutulungan bilang Pangulo at Katuwang na Pangulo ng Pamahalaang Commonwealth mula 1935 hanggang 1944.

Ang mga parteng F hanggang J ay nagpapakita sa mga pangunahing proyekto ng administrasyong Quezon-Osmeña. Ang parteng F ay naglalarawan sa isang aklat gramatika ng wikang Tagalog, at sinasagisag nito ang pagkakahirang ng nasabing wika bilang wikang pambansa ng Pilipinas noong 1937. Ang parteng G ay naglalarawan sa gusali ng Quezon Institute na itinayo noong 1938 bilang Santol Sanatorium, isang pagamutan para sa sakit na Tuberculosis. Ang parteng H ay naglalarawan sa monumentong Quezon Memorial, at sinasagisag nito ang Quezon City na nilikha noong 1939 para maging bagong kabisera ng bansa. Opisyal itong

naging kabisera ng bansa mula noong 1949 hanggang 1976, kung kailan ibinalik ang katayuang ito sa Maynila. Ang parteng I ay naglalarawan sa estatwang Oblation ng Unibersidad ng Pilipinas. Sinasagisag nito ang pagpapalawak ng nasabing pamantasan mula Maynila patungong Diliman, Siyudad ng Quezon, umpisa noong 1939. Ang kampus na ito ay kalaunan magiging University of the Philippines Diliman, ang flagship kampus ng nasabing pamantasan. Ang parteng J ay naglalarawan sa pangunahing gusali ng Tala Leprosarium na itinatag noong 1940. Nagsilbing pagamutan ng mga may sakit na ketong ang institusyong ito.

Ang parteng K ay naglalarawan kay Osmeña bilang ikalawang Pangulo ng Pamahalaang Commonwealth ng Pilipinas, mula 1944 hanggang 1946, at ngayon ay itinuturing na ikaapat na Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Matatandaang masalimuot ang pagbibilang ng pagkakasunod-sunod ng mga pangulo ng nasabing Republika dahil may overlap sa panunungkulan ni Jose Laurel sa panunungkulan nina Quezon at Osmeña. Ang parteng L ay naglalarawan sa panunumpa ng mga kasapi ng Gabinete ni Osmeña. Ang parteng M ay naglalarawan sa mapa ng probinsiya ng Quezon, ang dating Tayabas, ang lugar ng kapanganakan ng dating Pangulong Quezon na ipinangalan sa kanya noong 1946.

Halos tatlumpu't siyam na taon ng kasaysayan, mula 1907 hanggang 1946, ang isiniksik ng mga pintor sa obrang ito para ikuwento ang politikal, kultural, impraestruktural, at administratibong biyayang napala ng mga Pilipino sa ilalim ng Pamahalaang Commonwealth. Hindi ipinakita ng mga pintor ang malagim na bahagi ng panahong ito, ang katotohanang ang mahigit-kumulang 1/3 ng panahon ng Pamahalaang Commonwealth ay binulabog ng pananakop ng mga Hapon at ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sina Quezon at Osmeña ay napilitang pumunta sa Estados Unidos noong 1942. Doon na pumanaw si Quezon at doon na rin inumpisahan ni Osmeña ang kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng Pamahalaang Commonwealth. Ang obrang *Quezon-Osmeña Administration* ay ang pinakasiksik sa anim na obra kung ang haba ng sinasaklawang kasaysayan at dami ng parte ang pag-uusapan.

Mas pareho ang ideolohiyang politikal ng obrang *Quezon-Osmeña Administration* sa *Philippines Under the Stars and Stripes* kaysa *Re-asserting Independence*, *American Betrayal of an Ally* at *Filipinos Experiencing Invasion* na mga obra. Hindi rin nito minimithing baguhin ang malawakang positibong imahen ng mga Amerikano.

Sa halip ay sinususugan rin nito ang ganitong positibong imahen. Kaya, kung ang usapin tungkol sa ating masalimuot na pakikitungo sa mga Amerikano ang pagbabatayan, masasabi nating konserbatibo ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Batay pa sa pagpapahalaga ng obra sa unang demokratikong lehislatura ng bansa, sa Tydings-McDuffie Law na nagsilbing batayan sa pagpanday sa 1935 na Konstitusyon ng Pilipinas, sa reporma sa edukasyon, sa wika ng masang Pilipino, sa kalusugan ng mga Pilipino, masasabi nating mas kinikilingan pa rin ng obra ang indibidwal kaysa estado. Ibig sabihin, mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang obrang ito.

Kapag pagsasamahin natin ang konserbatibong pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, at ang pagkiling nito sa indibidwal kaysa estado, at ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio spectrum, makikita natin sa Pigura 13 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay konserbatibong libertayan.




Fig. 13: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politikal ng Obrang *Quezon-Osmeña Administration*

Ang *Quezon-Osmeña Administration* nina Carlos at Dreo ay nagsasalaysay ng tatlumpu't siyam na taong kasaysayan mula 1907 hanggang 1946 sa ilalim ng Pamahalaang Commonwealth. Itinatampok nito ang mga institusyong demokratiko, reporma sa wika, edukasyon, kalusugan, at impraestruktura, habang pinapanatili ang positibong imahe ng kolonyalismong Amerikano. Bagamat simbolikong nawala ang bandila ng Amerika, nananatili ang presensiya nito sa obrang alegorikal. Hindi

isinama ang trahedya ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kaya't lumilitaw na konserbatibo ang pananaw nito sa kasaysayan. Dahil sa pagkiling sa indibidwal at hindi sa estado, masasabing ang obra ay nagpapakita ng ideolohiyang konserbatibong libertaryan.

Ang Obrang *Occupied Philippines* ni Julius Samson

Una nang ipinakita sa Imahen 6 ang obra ni Samson. Minapa ng Pigura 14 ang mga icon na nilalaman ng obrang ito.




Fig. 14: Pagmamapa sa mga Icon na Nilalaman ng Obrang *Occupied Philippines*

Lubusang naiiba sa unang limang obrang sinuri ng papel na ito, hindi ginagamit ng obrang *Occupied Philippines* ang anumang bandila bilang parte ng background o foreground. Pero nanatili ang presensiya ng imperyalistang estado ng Amerika sa pamamagitan ng mga sagisag ng kapangyarihang militar nito. Dagdag pa nito nariyan din ang presensiya ng isa pang imperyalistang estado, ang bansang Hapon. Ang parteng A ay naglalarawan kay Heneral Masaharu Homma, ang Kumander ng Imperyal na Hukbong Hapon na lumusob sa Pilipinas noong 1941. Nagtagal si Homma sa bansa hanggang 1944. Ang parteng B ay naglalarawan ng isang eksena sa Lungsod ng Maynila kung saan may karatulang nagsasabi na isa itong “open city.” Matatandaang idineklara ni Heneral Douglas, ang Kumander ng US

Army Forces in the Far East at nakabase sa Pilipinas, ang Manila bilang “open city” noong 1941 para maiwasan ang madugo at mapanirang paglusob nito ng mga Hapon.

Ang parteng C ay naglalarawan sa isang eksena ng Bataan Death March kung saan pinaglakad ng mga Hapon ang mahigit pitumpung libo na Pilipino at Amerikanong bilanggo ng digmaan mula Bataan hanggang Tarlac. Marami sa kanila ang nasawi. Ang parteng D ay naglalarawan sa isang bahagi ng baybayin ng isla ng Corregidor. Matatandaang sa islang ito pansamantalang nanatili ang mga Amerikano habang hinihintay ang karagdagang puwersa mula sa kanilang bansa, pero bumagsak ito sa kamay ng mga Hapon noong 1942. Ang parteng E ay naglalarawan ng isang eksena ng labanan sa lupa, ang parteng F ng bakas ng isang eksena ng labanan sa dagat, habang ang parteng G ng isang eksena ng labanan sa himpapawid. Ang parteng H ay naglalarawan kay Jose Laurel ang Pangulong itinalaga ng mga Hapon noong 1943 para pamunuan ang kanilang nilikhang Pangalawang Republika ng Pilipinas. Ang parteng I ay naglalarawan sa Leyte Landing, ang pagbabalik ng puwersang Amerikano noong 1944 para umpisahan ang pagpapalaya ng Pilipinas sa pananakop ng mga Hapon. Makikilala sa parteng ito sina Macarthur, dating Pangulong Osmeña, at Carlos P. Romulo na noon ay bahagi ng Gabinete ni Osmeña.

Halos tatlong taon ng kasaysayan, mula 1941 hanggang 1944, ang isiniksik ng pintor sa obrang ito para ikuwento ang malagim na episyodyo ng Pananakop ng mga Hapon at Ikalawang Digmaang Pandaigdig na nagtapos naman sa matagumpay na paglipol sa mga Asyanong mananakop ng mga kaalyadong Amerikano. Nasa sentro ng canvas ang matagumpay na konklusyong ito, habang nasa mga laylayan halos ang malalagim na detalye ng nasabing pananakop at digmaan.

Mas kahalintulad ang obrang ito sa ikaapat at ikalimang obrang sinuri ng papel na ito kaysa una, pangalawa, at pangatlong mga obra. Hindi rin nito minimithing baguhin ang malawakang positibong imahen ng mga Amerikano. Sa halip ay sinusugan nito ang ganitong positibong imahen. Pati ang kasalukuyang malawakang positibong imahen ng mga Hapon ay bahagyang sinusugan ng obrang ito sa pamamagitan ng banayad lamang na pagpapakita ng kalagiman ng kanilang pananakop. Kaya, kapag ang usapin tungkol sa ating masalimuot na

pakikitungo sa mga Amerikano pati na sa mga Hapon ang pagbabatayan, masasabi nating konserbatibo ang pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago.

Hindi katulad sa naunang limang obrang sinuri ng papel na ito, ang obrang *Occupied Philippines* ay walang malinaw na mga icon na maaaring magpahiwatig kung mas kinikilingan ba nito ang indibidwal o estado. Ibig sabihin, hindi natin matitiyak kung libertaryan o awtoritaryan ang obrang ito.

Kung pagsasamahin natin ang konserbatibong pananaw ng obra tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, maging ang hindi malinaw na pagkiling nito sa indibidwal o sa estado, at ilatag sa two-dimensional Slomp-Demeterio spectrum, makikita natin sa Figura 15 na ang tiyak na ideolohiyang politikal nito ay nasa pagitan konserbatibong libertaryan at konserbatibong awtoritaryan.




Fig. 15: Ang Tiyak na Ideolohiyang Politik ng Obrang *Occupied Philippines*

Ang *Occupied Philippines* ni Julius Samson ay nagpapakita ng malagim na kasaysayan mula 1941 hanggang 1944 sa panahon ng pananakop ng mga Hapon at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa halip na bandila, ginamit sa obra ang mga sagisag ng kapangyarihang militar upang ilarawan ang kaguluhan, karahasan, at paglaban. Bagama't itinatampok ang kalupitan ng mga Hapon, nasa sentro ng canvas ang pagbabalik ng mga Amerikano, na muling nagpatibay sa positibong imahe ng Estados Unidos. Gayunman, hindi malinaw kung ang obra ay kumikiling sa indibidwal o sa Estado, kaya't ideolohikal, ito'y pumapagitna sa konserbatibong libertaryan at konserbatibong awtoritaryan.

Konklusyon

Naipakita ng papel na ito na may kanya-kanyang ideolohiyang politikal ang anim na obrang hinalaw at sinuri mula sa eksibit na *Sining Saysay*. Liberal na libertaryan ang mga ideolohiyang politikal ng mga obrang *Re-asserting Independence*, *American Betrayal of an Ally*, at *Filipinos Experiencing Invasion*. Konserbatibong libertaryan naman ang mga ideolohiyang politikal ng mga obrang *The Philippines under the Stars and Stripes* at *Quezon-Osmeña Administration*. Habang, nasa pagitan ng konserbatibong libertaryan at konserbatibong awtoritaryan ang ideolohiyang politikal ng obrang *Occupied Philippines*.

May dalawang paraan para tingnan ang kabuuang ideolohiyang politikal ng anim na sekwensiyal na obrang bumubuo sa klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano. Ang una ay ang pagtingin sa mga obrang ito bilang iisang konstelasyon, o sinkronikong pagtingin. Ipinapakita ng Figura 16 ang sinkronikong pagtingin sa iba't ibang ideolohiya ng nasabing mga obra.




Fig. 16: Ang Kabuuang Sinkronikong Ideolohiyang Politikal ng Anim na Sekwensiyal na Obrang Bumubuo Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano

Tatlong obra ang ay may liberal na libertaryan, dalawa ang may konserbatibong libertaryan, at isa ang nasa pagitan ng konserbatibong libertaryan at konserbatibong awtoritaryan. Kaya, sa isahang pagtingin ay lalabas na moderado ang ideolohiyang politikal ng mga obrang ito.

Ang pangalawang paraan para tingnan ang kabuuang ideolohiyang politikal ng anim na sekwensiyal na obra ay ang pagturing sa mga ito bilang mga punto na

nakalatag sa takbo ng panahon, o diakronikong pagtingin. Pero may dalawang takbo ng panahong sangkot dito. Ang unang takbo ng panahon ay tungkol sa historikal na panahong tumatayong sanggunian ng mga obrang ito. Ipinapakita ng Pigura 16 ang mga historikal na panahong saklaw ng bawat isa sa anim na obra. Muling ipinapakita rin ng Pigura 17 ang sequence ng mga ideolohiyang politikal sa ganitong pagkakalatag.




Fig. 17: Ang Kabuuang Diakronikong Ideolohiyang Politikol ng Anim na Sekwensiyal na Obrang Bumubuo sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano

Mapapansin nating hindi tumutugma ang eksibit sequence ng anim na obra sa historikal sequence ng mga ito. Ang obrang *Filipinos Experiencing Invasion* na pangatlo sa eksibit sequence ay pangalawa sa sequence ng mga historikal na sanggunian ng mga obra. Bunsod ito sa katotohanang hindi naman talaga orihinal na idinisenyo ang nasabing obra para sa eksibit na *Sining Saysay*. Gayunpaman, kung gagawin ang diakronikong pagtingin, kung saan ang panahong pinag-uusapan ay ang historikal na sanggunian ng bawat obra, ganito ang pagkakasunod-sunod ng mga ideolohiyang politikal: mula sa liberal na libertarian papunta sa konserbatibong libertarian/awtoritaryan.

Ang ikalawang takbo ng panahong sangkot sa diakronikong pagtingin sa anim na obrang bumubuo sa sekwensiyal na klaster ng Panahon ng Pananakop ng mga

Amerikano ay ang panahon ng bawat bisita ng museo na tumingin sa unang obra hanggang sa ikaanim na obra. Susunod ang pagkakasunod-sunod na ito ayon naman sa pagkakasunod-sunod ng eksibit. Kahit may kaunting pagkakaiba ang pagkakasunod-sunod na ito sa historikal na sanggunian ng mga obra, lalabas sa diakronikong pagtingin ay ganito pa rin: mula sa liberal na libertaryan papunta sa konserbatibong libertaryan/awtoritaryan.

Sa parehong sinkroniko at diakronikong pananaw, naipakikita ng anim na obrang bumubuo sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano ang malawakang positibong representasyon ng mga Amerikano sa kasaysayan ng Pilipinas. Gayunpaman, hindi nagtatapos dito ang pagtingin sa mga obrang ito. Para sa mga bisita ng Gateway Gallery na may mas mapanuri at makabayang pananaw, ang unang tatlong obrang may liberal-libertaryang ideolohiya ay nag-aalok ng mahalagang puwang para sa mas malalim na repleksiyon ukol sa ating masalimuot na ugnayan sa Estados Unidos. Sa ganitong pagbasa, ang sining ay hindi lamang salamin ng nakaraan, kundi imbitasyon din sa patuloy na pagtanong, pag-unawa, at pagtindig sa gitna ng kasaysayan, ideolohiya, at kapangyarihan.

Mula sa pagsusuring ito, iminumungkahi ang mga kasunod na maaaring aksyunan o rekomendasyon sa polisiya: 1) maaaring maglagay ng guide map ang Gateway Gallery para sa bawat obra nito sa baba ng bawat write-up/label para lalong mauunawaan ng mga bisita ang mga historikal na naratibo isiniksik sa bawat obra sa pamamagitan ng estilong collage; 2) maaaring balikan ng kurador kung dapat bang pagpalitin ang eksibit na pagkakasunod-sunod ng obrang *American Betrayal of an Ally* at *Filipinos Experiencing Invasion* para maging mas naaayon ang mga ito sa kanilang historikal na pagkakasunod-sunod; at 3) maaaring gumawa at mamimigay ang Gateway Gallery ng karagdagang gabay, lalo na sa mga guro at mag-aaral na gumagamit sa nasabing museo bilang edukasyunal na materyal, tungkol sa politikal na mensahe ng mga obra.

Mula sa parehong pagsusuri, iminumungkahi ang mga kasunod na paksa na maaaring saliksikin sa hinarahap: 1) ang mga ideolohiyang politikal ng iba pang klaster ng *Sining Saysay*, maliban sa Panahon ng Batas Militar hanggang sa Kasalukuyan na una nang sinuri ng mga may-akda; 2) ang mga ideolohiyang politikal sa mga kahalintulad na koleksiyon sa ibang museo sa bansa; at 3) pag-aaral sa *Sining Saysay* batay sa persepsiyon ng mga bisita nito.

MGA SANGGUNIAN

- “About Us.” *Gateway Gallery*. <https://gatewaygallery.aranetacity.com/about-us/>. Inakses: 7 Apr. 2025.
- Capulla, Rose at Demeterio III, Feorillo Petronilo. “Mga Ideolohiyang Politikál na Nakapaloob sa mga Obra ng Sining Saysay na Kabilang sa Panahon ng Batas Militar Hanggang sa Kasalukuyan.” *Humanities Diliman*, vol. 20, no. 2, 2023, pp. 72-106. journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/9458/8358.
- Cruz, Isaac. “Sining Saysay in Gateway Gallery.” *A-List Manila*. a-listmanila.blogspot.com/2015/03/sining-saysay-in-gateway-gallery_6.html. 2015. Inakses 7 Apr. 2025.
- Defeo, Ruben. *Sining Saysay: Philippine History in Art*. Quezon City: Office of the President, University of the Philippines System, 2015.
- Demeterio III, Feorillo P. *Ang mga Ideyolohiyang Politikál ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines*. De La Salle Publishing House, 2012.
- Olivares, John Paul. “Sining Saysay, Gateway Mall, Cubao, Quezon City, Part 1: From Our Roots to Subjugation.” *Lakbay ng Lakan*. 2019. lakansining.wordpress.com/2019/01/19/sining-saysay-gateway-mall-cubao-quezon-city-part-1-from-our-roots-to-subjugation/. Inakses 7 Apr. 2025.
- “Permanent Exhibits.” *Gateway Gallery*. gatewaygallery.aranetacity.com/permanent-exhibits/. Inakses 7 Apr. 2025.

Rose Pascual-Capulla (rose.capulla@vsu.edu.ph) ay katuwang na propesor sa Department of Philosophy and Social Sciences (DPSS), Faculty of Humanities and Social Sciences (FHSS), Visayas State University (VSU). Nagtamo siya ng PhD sa Pag-aaral ng Pilipino: Wika, Kultura, at Midya mula sa De La Salle University (DLSU) – Manila. Halos tatlong taon na siyang nagtuturo sa DPSS at nakapaglahad ng mga papel sa mga lokal at internasyonal na kumperensiya. Kabilang sa kanyang mga interes sa pananaliksik ang hermenyutika, pag-aaral ng kultura, pag-aaral ng Pilipinas, pag-aaral ng Timog-silangang Asya, at pag-aaral ng espirituwalidad.

Feorillo Petronilo A. Demeterio III (feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph) ay isang natatanging ganap na propesor sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malayang Sining ng De La Salle University (DLSU) at Tagapagpaganap na Direktor ng Research and Grants Management Office ng DLSU. Siya ay may-akda o kasamang may-akda ng mahigit isang daang artikulo tungkol sa hermenyutika,

pag-aaral ng kultura, pag-aaral ng pamanang kultural at pilosopiyang Pilipino na nailathala sa mga lokal at internasyonal na journal. Nagsilbi rin siya bilang panauhing propesor sa pananaliksik sa Council for Research in Values and Philosophy sa Catholic University of America (2013), at sa Divinity School of Chung Chi College, Chinese University of Hong Kong (2021). Isa rin siya sa mga tagapagtatag ng Andrew Gonzalez Philippine Citation.

Local Culture and Contextual Design: Visual identification on Lamuri Tombstone Ornaments

Bambang Sunarto

Indonesia Institute of the Arts Surakarta

Agung Zainal Muttakin Raden

Universitas Indraprasta PGRI

Agung Purnomo

Andra Arie Anto

Indonesia Institute of the Arts Surakarta

ABSTRACT

This study aims to identify and analyze ornaments on Lamuri tombstones using a visual methodology encompassing production, image, circulation, and audience sites. An examination of the local culture and contextual design of these tombstones reveals symbolic meanings and socio-religious values, providing insight into how cultural identity and historical narratives are visually conveyed and preserved through funerary art. The identification results of the four sites show that the ornaments were made with traditional techniques that reflect high local skills, with design elements such as symmetry, floral patterns, and geometrics. The influence of trade routes resulted in the enrichment of ornaments from various cultures. The results indicate that the ornaments on the tombstones not only function as decorations but also have aesthetic and religious values that illustrate local identity and culture. Lamuri tombstone ornaments demonstrate the skills of local craftsmen who combine traditional techniques and Islamic art to create spiritual aesthetics through design elements. In addition, cultural interaction through trade routes has become a spiritual symbol and source of inspiration for modern design in the preservation of sustainable and cultural heritage.

Keywords: visual methodology, ornaments tombstones, contextual design, cultural heritage, symbolism

Introduction

The Lamuri site, located in Lamreh Village, Mesjid Raya District, Aceh Besar Regency, Aceh Province, Indonesia, holds significant archaeological and historical value. Situated at an altitude of 40 meters above sea level, the site's topography includes hilly terrain mixed with karst rocks, offering a view of the Strait of Malacca to the east, the Andaman Sea to the north, and the Indian Ocean to the west (Hayati). The site's geographical coordinates are N 5°36'494" and E 95°32'011", covering an area of approximately 88.6 hectares. This strategic location, facing important maritime routes, contributed to Lamuri's prominence as a cross-regional trade hub in the 13th to 15th centuries. Archaeological finds, such as South Indian red pottery, Chinese ceramics, and Chinese coins, point to Lamuri's vital role in regional commerce (Feener 1).

Lamuri, once a powerful kingdom, played a key role in the development of the Aceh Sultanate. Following the relocation of Lamuri's political center to Makota Alam, the kingdom was unified with other regional polities, such as Pase, Daya, Lingga, Pedir (Pidie), Perlak, Benua Tamiang, and Samudera Pasai, under Sultan Ali Mughayat Syah in 1513, forming the Sultanate of Aceh Darussalam. This unification marked a crucial moment in the history of Southeast Asia, as it led



Fig. 1: Location of Lamuri Tomb Complex (Google Earth 2025)

to the establishment of a dominant Islamic state motivated by resistance to Portuguese expansion after the fall of Malacca in 1511 (Ningsih and Nailufar).

The Lamuri site offers rich cultural heritage, particularly through its ancient tombstones and its role in bridging Hindu-Buddhist and Islamic influences. The Plak-Plieng (or Plak-Pleng) tombstone, one of the most significant archaeological finds at the site, is considered a symbol of this cultural transition (Husni et al. 60; Noval et al. 41). The site's topography includes steep hills, coastal cliffs, and valleys, with dense shrubs and Krung Raya Bay to the south. The bay, one of the widest along the Aceh coast, and a freshwater river flowing through a cove on the south side further contribute to the site's ecological and archaeological significance (Ibrahim et al. 3). Lamuri's location along the coast, near the Strait of Malacca, made it an important maritime trade center, facilitating cultural exchanges with regional powers such as India, China, and Arab countries. This location also enabled the spread of Islam in the region. The mangrove forests lining the Lamreh estuary play a crucial role in sediment transport and coastal stabilization, indirectly supporting the preservation of the site's archaeological remains. This highlights the importance of the relationship between the site's natural geography and the settlement patterns in Lamreh (Permatasari et al. 2).

The Lamuri Kingdom, considered one of the earliest Islamic kingdoms in Sumatra, played a key role in the spread of Islam in Southeast Asia, predating the more widely known Samudera Pasai. The kingdom served as a cultural bridge between Indian and Islamic influences, as seen in its architectural style and the mixed artifacts left behind. Archaeological research underscores the significance of Lamuri as a focal point for the early spread of Islam in the region, laying the groundwork for the rise of the Aceh Sultanate (Montana 94).

Typologi of Lamuri Tombstones

At the Lamuri site, many ancient tombstone archaeological relics are rectangular in shape with a pointed top, Plak-Plieng (Maler et al. 122), but there are also those in the form of flat beams with wings. Both types of tombstones are made of sandstone and andesite stone. The Plak-Plieng presents a new dimension of knowledge in funerary practices in Aceh, offering insight into the evolution of Islamic art in the region and contributing to the understanding of the spread of Islam and the social structure of the Lamuri Kingdom (Noval et al. 43).

The tombstone displays a range of carved ornamental motifs, including geometric patterns, stylized decorative forms, and representations of natural elements, reflecting the artistic conventions and symbolic expressions of its period. Motifs of geometric patterns such as lines, dotted lines, and intersecting circles are common motifs, similar to the inscriptions in the *Carmina Latina Epigraphica* (Schwitter 134).

Decorative motifs that are synonymous with ornamental varieties that are widely developed in Aceh are tendrils with floral motifs (Andeska et al. 352; Hasanah 292) and motifs of natural objects (Yuzaili 236–37). These motifs are found in Acehese tombstones and Rumoh Aceh (Dedy Afriadi et al. 206).

The decorative elements observed on the two types of tombstones, including geometric motifs, floral patterns, and calligraphic inscriptions, are considered to carry symbolic significance beyond mere ornamentation. These motifs are thought to reflect a particular aesthetic sensibility, consistent with Sheppard's (77) argument that every work of art contains inherent value expressed through its form, beauty, and capacity for aesthetic engagement. The Lamuri tombstone, a funeral monument with artistic characteristics, certainly has significant value. This tombstone is unique because it comes with design, calligraphy, and art on a stone charged with religiosity. This entity has a relationship with life and religion (Raden et al. 133; Suprayitno 366); it can be said that a very valuable spiritual aesthetic is attached to the tombstones. Therefore, uncovering the essence of the spiritual aesthetics manifested in the tombstones at the Lamuri site can be a means of reflecting on cultural identity and understanding local visual traditions to stimulate creativity and innovation among artists.

Conceptual and Scholarly Context

To situate the discussion of Lamuri tombstone ornaments, this study engages with earlier scholarly perspectives on symbolism, cultural interaction, and Islamic artistic influences in Southeast Asian funerary traditions. These studies provide an important conceptual background for understanding how ornamental forms function as cultural markers within historical contexts.

Research by Rajes Ikhlas Rosaguna, Mauliy Purba, and Agus Priyatno investigates the symbolic significance of the Plak-Plieng tombstone, attributed to the Lamuri

Kingdom, which was rediscovered in 1890 and dated to the 12th century CE. Their study emphasizes the tombstone's distinctive features, which are reflective of the specific funerary practices of the Lamuri polity. The authors highlight its historical importance, particularly the intricacy of its carved ornamentation and the limited scholarly attention it has received to date (79-90).

Similarly, Dedi Satria conducted a comprehensive study on the decorative motifs of the Plak-Plieng tombstones, analyzing their cultural and religious significance. The study explores the transformation of motifs as a result of the synthesis between local traditions and external, particularly Islamic, influences. In addition to examining the inscriptions, the research investigates the broader implications of tombstone production during the 13th to 15th centuries. The analysis aims to provide insights into the cultural development of early Muslim communities in Aceh, which emerged through sustained interaction between local and foreign groups. Particular attention is given to the distinctive artistic styles and the arrangement of motifs that characterize the Plak-Plieng tombstones (87-106).

Further discussion offered by Ismail et al. examines the influence of Islamic art on Acehnese tombstones in Sumatra and the Malay Peninsula, with particular emphasis on the tombstones of Sultan al-Malik al-Saleh (d. 1297 CE). The study identifies the use of calligraphic styles characteristic of 10th-century artistic developments in regions such as Iran, Iraq, Anatolia, and Egypt. The authors argue that decorative features, including *mihrab*-shaped motifs and interlacing knot patterns, demonstrate variations in design that reflect a synthesis of local traditions and Islamic artistic influences. Their analysis offers a comparative perspective on the calligraphy and ornamental elements of Sultan al-Malik al-Saleh's tombstones within the broader context of Islamic art across the Muslim world (1-37).

Archaeological perspectives are presented by Husni, S. Saryulis, et al. who conducted archaeological research at the Lamuri site, uncovering significant cultural artifacts including the Plak-Plieng tombstones, imported ceramics, glassware, and Chinese coins. Their study identifies the Plak-Plieng tombstone, dated to the 15th century CE, as a material representation of the transitional period between Hindu-Buddhist and early Islamic influences in the region. The coexistence of Arabic calligraphy with Hindu-Buddhist ornamental motifs on the

tombstone illustrates a distinctive phase of cultural and religious syncretism characteristic of that era (59-88).

From a design perspective, Saputra discusses creating interior works inspired by plaques with a structured process that includes three main stages: the first is the exploration stage, the second is the design stage, and the third is the realization stage. The exploration stage involves researching the decorative design of plaques and their relevance to the elements of the living room. The design stage is the stage of preparing sketches and designs based on the findings of the exploration results. The realization stage is the final stage that transforms the design into a real work of art (134-44). Additionally, Maler et al. highlight the similarities between the tombstones of Barus and the tombstones of Plak-Plieng from Aceh. According to them, both illustrate the historical relationship and cultural exchange between these regions during the spread of Islam. They suspect that the design and motif of the Barus tombstone have influenced the Plak-Plieng tombstone (119-24).

Elizabeth Lambourn provides a critical analysis of material culture, particularly Islamic tombstones, as an essential source for understanding the early spread of Islam in Southeast Asia. The study focuses on the importation of tombstones from Gujarat, India, to major Islamic centers such as Samudera-Pasai in Sumatra and Gresik in Java during the fifteenth century. These tombstones, crafted from Gujarat stone, are interpreted as tangible evidence of cultural, religious, and political relationships across the Indian Ocean region. The analysis underscores the role of transregional religious, commercial, and material networks in facilitating the diffusion of Islamic beliefs and practices. This process enabled the integration of Islamic elements into pre-existing local traditions, resulting in localized Islamic expressions within Southeast Asian societies (221-84).

Lambourn also examines the origins and evolution of the Batu Aceh tradition, a distinctive tombstone style found in the Aceh region within the historical context of Samudera-Pasai. The study suggests that characteristic forms and decorative elements emerged through interaction between indigenous cultural expressions and external Islamic influences, particularly from South Asia. This perspective highlights how the Batu Aceh tradition reflects processes of assimilation and cultural adaptation during the spread of Islam (211-48).

Furthermore, Lambourn investigates early Islamic history in Southeast Asia through typological analysis of tombstones and epigraphic evidence. The analysis demonstrates that Islamic tombstones function not only as religious artifacts but also as primary historical sources for understanding the establishment and expansion of Islam in the region. These monuments reveal patterns of Islamic dissemination, local adaptation, and the formation of a distinct Southeast Asian Islamic identity (252-86).

Overall, existing scholarship demonstrates substantial attention to the historical and cultural significance of tombstones in Aceh and Southeast Asia (Rahman et al. 1). Most studies emphasize historical interpretation, symbolic meaning, Islamic artistic influence, and comparative material culture. However, limited attention has been given to the spiritual aesthetics embedded within the ornamental structures of Lamuri tombstones. This study addresses this gap by examining how aesthetic expression and spiritual meaning are articulated through ornamental design at the Lamuri site.

Visual Analytical Framework

Gillian Rose's visual methodology, which examines visual objects such as paintings, photographs, and sculptures, among others, is the approach used in this study of Plak-Plieng tombstone ornaments. Visual works that are represented could be responded to based on social circumstances, production techniques, and how the designer or artist sees himself, the surrounding environment through the visual representation he designed (Rose 24-25). Visual methodology is the act of reading or looking at works of art to find the essence, source of art, and methods and techniques. The focus of the study on artworks is the substance, source, method, and procedure (Sunarto 620).

The visual methodology developed by Rose offers a structured approach to analyzing visual artifacts through four interrelated sites: production, image, circulation, and audiencing. When applied to the study of Lamuri tombstone ornaments, this framework allows for a contextual reading rooted in local culture and contextual design. The site of production reveals the cultural and historical context of artifact creation, while the image site focuses on the visual elements such as motifs and inscriptions that reflect local Islamic aesthetics. The




Fig. 2: Visual Methodology Diagram (Rose 24, fig. 2.1)

circulation site addresses the spatial and ritual placement of the tombstones, and audiencing considers community interpretations shaped by regional beliefs and traditions. This approach highlights how local values and spiritual expressions are embedded within visual forms, contributing to a deeper understanding of Acehese Islamic heritage.

The visual methodology adapted from Rose is grounded in an interpretive framework that emphasizes how meaning is constructed through images. It analyzes visual artifacts through interconnected analytical sites addressing production context, visual representation, circulation, and audience interpretation. These dimensions are examined through three key modalities: technological, compositional, and social. Technological modality refers to the materials and techniques employed in the creation of visual objects, encompassing everything from manual craftsmanship to digital reproduction technologies. Compositional modality addresses the formal elements of an image such as color, line, content,

and spatial organization which collectively construct aesthetic styles and visual coherence. Social modality considers the broader socio-political, cultural, and economic contexts in which visual artifacts are produced and interpreted, including the relationships between image and audience (24-47).

To enrich this framework, the analysis in this study incorporates the concept of patron agency, especially relevant in examining production-centered artifacts such as tombstones. Visual artifacts are not only shaped by the hands of artisans or the constraints of available technologies but also by the values and intentions of those who commission them. In the context of the Lamuri tombstones, patrons likely influenced key aspects of the visual design, including epigraphic content, stylistic decisions, and symbolic ornamentation. These choices served not merely decorative purposes but actively communicated messages of social hierarchy, religious identity, and lineage. By integrating patron agency into Rose's framework, this study offers a more nuanced application of the social modality highlighting how visual production operates within negotiated cultural, religious, and political dynamics. This approach allows for a more comprehensive understanding of how meaning is constructed materially and symbolically in the visual culture of Islamic Southeast Asia.

Visual Interpretation of Lamuri Tombstone Ornaments

Four aspects need to be discussed in this research. First is the site of production, which includes the Lamuri tombstones' place of production, techniques and materials of production, concepts that reflect local culture, and external influences such as spirituality at the time of production. Second, site of image itself which provides visual data to help understand the aesthetic, symbolic, and contextual values of the design. Third, site of circulation which influences the interpretation and understanding of ornaments. And fourth, site of audience, which refers to how the ornaments on Lamuri tombstones are understood by the audience in the past and present.

Site of Production

Lamuri has a relationship with the pre-Islamic period. Before gradually transitioning to an Islamic kingdom, Lamuri in pre-Islamic times was an important settlement during the Hindu-Buddhist period. Archaeological evidence, such as

pottery, beads, and bronze objects at the Lamuri site, indicates traces of previous cultural influences. These artifacts reflect the region's long-standing relationship with the wider Asian civilization (Hayati).

The discovery of an Acehnese tombstone at Lamreh, known locally as the “Aceh Tombstone,” suggests that Islamic civilization had already been established in the region. Semiotic traces are evident in the visual elements of these tombstones, including calligraphic inscriptions, symbolic motifs, and ornamental compositions, some of which date back to the fourteenth century. The carvings and inscriptions indicate that the person buried was of Islamic faith. This tombstone is significant not only because it shows religious symbolism but also because it is adorned with a rich diversity of artistic elements. A brief description of the tombstones of Islamic figures is presented in Figure 3, which depicts one of the tomb complexes at the Lamuri cemetery, believed to include the tomb of Malik Syamsuddin, who passed away in 822 H.

The tomb reflects the adoption of Islamic funerary practices. Rather than cremation, burial was commemorated through the installation of a gravestone typical of Muslim graves. The tombstone bears Arabic inscriptions that record the date of death according to the Islamic calendar (Taylor 74). At the Lamuri



Fig. 3: The Lamuri burial complex includes the grave of Malik Syamsuddin, who died in 822 AH. (Raden et al. 2024)

site, according to Arya Purbaya, an Acehnese tombstone archaeologist, there are two private tombs with the title of Sultan and eight tombs with the title Malik (interview, August 12, 2024). The rulers of Lamuri and Pasai expressed their Islamic identity to Muslim maritime networks by assuming the title of Sultan and adopting Arabic names. This practice is reflected in figures such as Sulaiman bin Abdullah bin al-Basir, who died in 608 H/1211 CE, and Malik al-Saleh, who died in 1297 CE (Taylor 74).

Biglang sisipot si Felipe Treverton matapos ng isang taong pagpapagaling sa kaniyang natamong sugat. Hindi pala ito patay at ang pagbebenta at pagkamkam ng kaniyang mga ari-arian ay pakana ni Silas Craig. Pineke ni Silas Craig ang mga dokumentong nagpapatunay na ibinenta ni Felipe ang kaniyang ari-arian. Dahil dito'y mababawi ni Ernesto ang kaniyang ari-arian at pupunta siya kasama si Gilberto kay Augusto upang mabawi si Cecilia. Sasabihin ni Augusto na ibinigay niya kay Adelaida si Cecilia. Nang lapitan nina Ernesto at Gilberto si Adelaida, nagulat na lamang sila nang sabihin nitong pinalalaya na niya si Cecilia. Dahil malaya na, maaari nang pakasalan ni Gilberto si Cecilia. Ngunit kailangan niyang dalhin sa Inglatera si Cecilia upang doon magpakasal dahil, kahit na malaya na, ipinagbabawal ng batas ng Luisiana na magpakasal ang isang puti sa isang may dugong alipin. Magtatapos ang nobela sa kasal nina Mortimer Percy at Adelaida Horton at sa pag-alis nina Gilberto at Cecilia sakay ng barkong patungong Inglatera.


Masinsinang Pagbasa at Pagsusuring Salin Gamit ang Kompilyuter

Susuriin at paghahambingin ang *Dugo sa Dugo* (DSD) at *The Octoroon* (TO) gamit ang mga pamamaraang nilikha ni Ramon Guillermo sa kanyang librong *Translation*

and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell (2009) at sanaysay na “The Pulse of the Text: Using Digital Tools for Closer Reading” (2018). Sa *Translation and Revolution*, ipinaliwanag ni Guillermo ang halaga ng paggamit ng kompiyuter sa sistematikong pagsusuri ng salin ni Rizal sa Tagalog kumapara sa Aleman ni Schiller. Bakit nga ba kakailanganin ang kompiyuter sa pagsusuri ng batis at salin? Hindi ba sapat ang tradisyunal na masinsinang pagbasa? Para kay Guillermo, kung gagawin ang masinsinang pagbabasa, paghahambing, at pagsusuri ng batis at salin, magiging lubhang makapal ang pagsusuri at nagiging sagabal ang paghahambing sa maliliit na mga detalye (micro-level discourse) para maabot ang isang pangkalahatang pag-unawa sa mga teksto (29-30).

Gamit ng nilikhang programang pangkompiyuter at proseso ni Guillermo, nababalanse ang isang masinsinang pagsusuri at mas pangkalahatang pag-unawa. Gayundin, nababalanse din ang tendensiya ng pagsusuri sa larangan ng digital na humanidades na kumiling sa malakihang datos sa halip na maging pantulong masinsinang pagbasa, isang pagkiling na umusbong nang ipakilala ni Franco Moretti nang ipakilala niya ang konsepto ng “distant reading” (Bushell at Hutcheon 12). Inaasahan na magiging ambag ang pagsusuring ito sa yumayamang araling pagsasalin at pagsusuri ng mga akdang salin. Gayundin, inaasahan ding magiging ambag ang sanaysay na ito sa lumalagong pagnunuring pampanitikan nang may tulong ng kompiyuter. Umaasa ang may-akdang maipakikita kung paano tumatawid at nagsasalimbayan ang mga idea’t diskurso galing sa labas ng Pilipinas at kung paano ito inaangkop ng mga Pilipino.

Ngunit hindi lamang sasalalay ang pagsusuring ito sa programang pangkompiyuter ni Guillermo. Upang madagdagan at matukoy ang pangkalahatang mga padron ng pagsasalin ng TO tungong DSD, sumalalay din ang pagsusuring ito sa iba pang mga programang pangkompiyuter upang lumikha ng mga *dispersion plot*, o kung kailan o saan lumilitaw ang isang salita sa loob ng isang teksto, at *network graph*, o ugnayan ng ilang susing salita’t konsepto sa pagitan ng dalawang teksto. Tingnan ang Ilustrasyon 1 upang makita kung paano dumaloy ang pagsusuring ito na ipaliliwanag sa susunod na bahagi.



Ilustrasyon 1: Daloy ng gawain ng pagsusuri ng *The Octoroon* at *Dugo sa Dugo*.

Paglalarawan ng mga Programang Pangkompiyuter at Proseso ng Pagsusuring Tinulungan ng Kompiyuter

Bago isalang sa isang programang pangkompiyuter, nilinis muna ang dalawang tekstong susuriin sa tulong ng kompiyuter. Ang teksto ng *Dugo sa Dugo* ay galing sa Internet Archive (www.archive.org) habang ang kopya ng *The Octoroon* ay galing sa Project Gutenberg (www.gutenberg.org). Nilinis sa mga pagkakamali sa pagbabaybay ang mga kopyang ito. Tinanggal din ang mga bantas, maliban sa gitling, at ginawang maliliit lahat ng titik (lower case), maliban sa mga pangngalang pantangi ng mga tauhan, upang higit na madaling mabasa't mabilang ng kompiyuter ang mga teksto. Gayundin, inilagay ang dalawang teksto sa magkaibang .txt file.

Ginamit ng pagsusuring ito sa DSD at TO ang programang *Python* na “textanalysis-1.py” na nilikha ni Ramon Guillermo at inilakip niya sa apendise

ng kaniyang sanaysay na “The Pulse of the Text: Using Digital Tools for Closer Reading.” Pagbabatayan dito ang kaniyang programang pangkompiyuter na inilakip sa sanaysay at maging ang pangkalahatang proseso sa pagsusuri ng datos na naging resulta ng programa. Idinaan sa programang pangkompiyuter na ito ang mga .txt file ng DSD at TO tulad ng ginawa ni Guillermo sa kaniyang pagsusuri ng *Bumi Manusia* ni Pramoedya Ananta Toer at sa mga saling Ingles at Filipino nito.

Lumilikha ang “textanalysis-1.py” ng apat na file. Ang unang file ay nagsisimula sa pangalang “1-TEXT” na isang .txt file. Sa simula ng file na ito ay may impormasyon nang inilalatag tungkol sa teksto tulad ng pangkalahatang bilang ng *token* o kabuuang bilang ng mga salita sa dokumento, bilang ng *type* o ng natatanging salitang ginamit sa kabuuang dokumento, at ang *lexical complexity* o ang sopistikasyon at variability ng mga salitang ginamit sa isang teksto, na makikita sa pagkuha ang bilang ng type at hahatiin ito sa bilang ng token. Inilista din sa dokumento na ito ang lahat ng salita sa dokumento at binibigyan ito ng katapat na bilang para sa katumbas nitong *scan window*, o sandali ng pagkakabilang ng kompiyuter.

Ang pangalawang file ay may pangalang “2-WORDFREQS” na isa ring .txt file at nililista nito kung kailan unang nagpakita sa dokumento ang isang salita at ilang beses itong mauulit sa dokumento. Pagkatapos tukuyin ang unang pagpapakita at bilangin kung ilang beses umulit sa dokumento’y tatanggalin na sa listahan ang salita.

Ang pangatlong file ay may sa pangalang “3-NEWORDS” na isang .csv file. Dito itinatala ang mga *new-words* o unang pagkakabanggit ng isang bagong salita isang teksto. Tatlong kolum ang malilikha ng file na ito. Ang unang hanay ay ang scan window number, ang pangalawa naman ay ang bilang ng bagong salita na makikita sa scan window na iyon, habang ang pangatlong kolum ay ang resulta ng paghati ng haba ng scan window sa bilang ng mga bagong salita sa scan window na iyon.

Ang pang-apat na file ay nagsisimula sa pangalang “4-HAPAXA” na isa ring .csv file. Mayroon din itong tatlong kolum. Ang unang ay ang scan window number,

ang pangalawa naman ay ang bilang ng *hapax legomena* o isang salitang isang beses lamang lumalabas sa isang teksto at mabibilang lamang sa isang partikular na scan window, at ang pangatlo naman ay ang bilang ng hapax legomena na ginawang isang bahagi ng isang scan window.

Bukod pa sa programang nilikha ni Guillermo, ginamit din ang Python Library na *SpaCy* upang tingnan ang bilang at konteksto ng mga salita (*SpaCy Concordance Creation Tutorial*). Gamit din ng Python at *SpaCy*, lumikha ng mga dispersion plot o grap na ipinakikita kung kailan o saan sa teksto lumalabas ang isang salita upang ipakita ang padron ng umuulit na mga salita. Mano-manong nilista at itinala kung paano isinalin ang ilang susing salita mula Ingles tungong Tagalog. Ang datos na bunga ng paglilista na ito'y idinaan sa isa pang programang pangkompiyuter sa Python at inilagay sa app na *Cytoscape* upang likhain ang network graph o ugnayang sapot upang maipakita kung paano isinalin ang ilang mga susing salita (*Translation Network Graph; NetworkX to Cytoscape Conversion*). Ginamit din ang *ChatGPT* upang pinuhin ang mga Python code na ginamit sa pagsusuring ito. Ginawa ang mga programang pangkompiyuter na ito upang madagdagan ang mga pagsusuring nakuha mula sa programang pangkompiyuter ni Guillermo, lalo na sa usapin ng higit na mas malawakang pagtingin sa mga padron sa loob ng dalawang teksto.

Resulta ng Pagsusuring May Tulong ng Kompiyuter at Mga Grap ng *New-Word* at *Hapax Legomena*


Ang unang resulta ng “1-TEXT” ng DSD at TO ay makikita sa Talahanayan Blg. 1. Ang DSD ay may 69294 na token, 8090 na type, at may lexical complexity na 0.116748924870840. Ang TO naman ay may 79092 at may 6800 na lumilikha ng 0.08597582562079603 na lexical complexity. Sa bilang token, masasabing higit na mahaba ang TO kaysa DSD. Makikita din ito sa mga kabanata ng dalawang bersiyon. Mula 34 na kabanata sa TO, naging 24 na kabanata na lamang ang mayroon sa DSD. Gayundin, may mga talata’t diyalogong wala sa DSD. Ayon kay Lilia Antonio, batay ang *Dugo sa Dugo* sa bersiyong Espanyol na *Lucha de Razas* (55). Wala pang natatagpuang kopya ang awtor ng bersiyong Espanyol ng *The Octoroon* kung kaya’t hindi makasisiguro ang awtor kung batay ba sa bersiyong Espanyol ang

pagpapaikli o interbensiyong ito ni Laksamana. Kung ano man, naging tapat ang DSD sa orihinal na Ingles sa pagsunod sa pangkalahatang banghay nito at kung titingnan din ang naging resulta ng pagtatapat ng mga rurok ng new-words at hapax legomena sa pagitan ng dalawang dokumento. Halos tuwirang salin ang DSD ng TO, kung pagtatapat ng mga sipi ang pag-uusapan.


Talahanayan 1: Bilang ng tokens, types, at lexical complexity ng *Dugo sa Dugo* at *The Octoroon*.

	TOKENS	TYPES	LEXICAL COMPLEXITY (TYPES/TOKENS)
<i>Dugo sa Dugo</i> (DSD)	69294	8090	0.116748924870840
<i>The Octoroon</i> (TO)	79092	6800	0.08597582562079603


Sa pagsusuri ng DSD at TO, ginamit ang magkakaibang haba ng scan window upang makita kung alin ang pinakaakmang gamitin sa isang masinsinang pagsusuri. Ginamit ang mga habang 250, 500, 1000, at 2000. Makikita sa Ilustrasyon 2 ang grap ng new-words ng DSD na inihahambing ang magkakaibang haba ng scan window. Makikita sa Ilustrasyon 3 ang grap ng new-words ng TO na inihahambing ang magkakaibang haba ng scan window. Sa Ilustrasyon 4 makikita ang grap ng hapax legomena ng DSD na inihahambing ang magkakaibang haba ng scan window. Habang sa Ilustrasyon 5 naman makikita ang grap ng hapax legomena ng TO na inihahambing ang magkakaibang haba ng scan window.




Ilustrasyon 2: Paghahambing ng grap ng new-words sa *Dugo sa Dugo* na may 250, 500, 1000, at 2000 na haba na scan window.



Ilustrasyon 3: Paghahambing ng grap ng new-words sa *The Octoroon* na may 250, 500, 1000, at 2000 na haba na scan window.




Ilustrasyon 4: Paghahambing ng grap ng hapax legomena sa *Dugo sa Dugo* na may 250, 500, 1000, at 2000 na haba na scan window.




Ilustrasyon 5: Paghahambing ng grap ng hapax legomena sa *The Octoroon* na may 250, 500, 1000, at 2000 na haba na scan window.

Para sa pagsusuring ito, pinili ang habang 500 para sa scan window bilang sapat na haba upang makita ang mga pagpasok ng mga bagong salita't konsepto sa pagdaloy ng teksto nang may sapat nang detalye. Makikita sa Ilustrasyon 6 ang mga rurok na nililikha ng pagsusuri ng DSD sa habang 500 na scan window para sa new-words at hapax legomena. Makikita naman sa Ilustrasyon 7 ang mga rurok na nililikha ng pagsusuri ng TO sa habang 500 na scan window para sa new-words at hapax legomena.

Kung paghahambingin ang mga rurok ng new-words at hapax legomena ng DSD, na may pagkakatatugmang makikita sa mga rurok, lugdo, at kabuuang ritmo




Ilustrasyon 6: Paghahambing ng grap ng new-words at hapax legomena sa *Dugo sa Dugo* na may 500 na haba na scan window.




Ilustrasyon 7: Paghahambing ng grap ng new-words at hapax legomena sa *The Octoroon* na may 500 na haba na scan window.

sa pagitan ng new-words at hapax legomena. Makikita din ito sa new-words at hapax legomena ng TO. Kung ipagtatapat naman ang mga grap ng DSD at TO sa isa't isa, may bahagyang pagkakahawig na mapapansin bagaman may ibang ritmo ng mga lugdo at rurok ang dalawang dokumento lalo na sa gitna, resulta marahil ng pagkakaiba ng haba ang pagkawala ng ilang bahagi sa DSD kung ihahambing sa TO.

Anim na rurok sa DSD at TO ang pinili na makikita sa mga Ilustrasyon 8 at 9. Kinuha mula sa anim na rurok ang mga siping masinsing susuriin at paghahambingin



Ilustrasyon 8: Pagtukoy sa grap ng mga rurok sa new-words at hapax legomena sa *Dugo sa Dugo* na pinagkunan ng mga siping susuriin.



Ilustrasyon 9: Pagtukoy sa grap ng mga rurok sa new-words at hapax legomena sa *The Octoroon* na pinagkunan ng mga siping susuriin.

upang makita kung paano nagkakatulad o nagkakaiba ang diskursong binubuo ng bawat akda sa malapitang antas o micro level at hindi lamang sa isang malawakang antas o macro level. Sa ganitong paraan, maaaring makita ang mga maliit na mga pagkakaiba sa pagitan DSD at TO na hindi madalas makikita kung tututok lamang sa pagpansin sa mga pinakamaraming salitang binanggit. Gayundin, tulad ng panukala ni Guillermo sa kaniyang *Translation and Revolution*, magagamit ang ganitong pagpansin sa mga ruok ng mga new-word at hapax legomena sa pagpansin sa pagpasok ng mga mahahalagang salita't diskursong tinatangang ipakilala ng bawat akda (60-62). Ibig sabihin, kung may biglang bugso ng mga bagong salita o salitang isang beses lang ginamit, may bagong mga tauhan o eksena na ipinakilala sa naratibo bukod pa sa bagong mga konseptong ipinakilala para sa mambabasa.

Masinsing Pagsusuri ng mga Piling Rurok

Muli, mahalaga para kay Guillermo na matukoy ang mga pagpasok ng new-words at hapax legomena sa mga sandaling ito dahil natutukoy ang mga salitang hindi madalas mapansin sa iba pang pamamaraang digital kung saan mas binibigyang-pansin ang mga salitang umuulit. Sa ganitong paraan, higit na masusuri ang mga tema't ideang isang beses lang o bihirang banggitin ("Pulse of the Text" 278-79).

Sa bawat siping tatalakayin, tinutukoy ang mga new-words at mga hapax legomena gamit ng ilang biswal na mga tanda. Naka-boldface ang mga new-words o mga salitang unang beses babanggitin sa loob ng teksto ngunit susulpot pa sa iba pa susunod na mga bahagi. Naka-bold-italics naman ang mga hapax legomena o mga salitang isang beses lang makikita sa kabuuan ng teksto. Kapansin-pansin na lahat ng anim na sipi mula sa DSD at TO ay may mga salitang patungkol sa pang-aalipin o lahi. Ginagamit ang salungguhit upang makita nang mas madali ang mga salitang patungkol sa pang-aalipin at lahi. Sa ganito'y isang mahalagang *seed-word*, o mga salitang nagluluwal ng mga bagong konsepto sa paligid nito, ang mga salitang patungkol sa pang-aalipin at lahi (Guillermo, "Pulse of the Text" 287-88).

Bukod sa pagsipi ng mga ruok mula sa DSD at TO sa mga talahanayan, lumikha rin ng mga biswal na pagmamapa ng mga konsepto sa loob ng bawat sipi. Halaw sa pamamaraan nina Klaus Mudersbach at Heidrun Gerzymisch-Arbogast sa kanilang

sanaysay na “Isotopy and Translation”, tunguhin ng mga mapang ito na maipakita kung paano nag-uugnay ang mga konsepto sa loob ng isang sipi at maihahambing kung paano naiiba ang batis sa salin nito sa isang higit na biswal na paraan. Sa bawat mapa’y gumagamit ng iba’t ibang kulay upang madaling matukoy ang mga tema at grupo ng mga konsepto.

Sipi I: Pagkaalipin bilang Sumpa

I <i>Dugo sa Dugo (5445-5604)</i>	I <i>The Octoroon (6034-6211)</i>
ay ano ang aking mahihita kung sabihin ko man nananaig sa akin ang pagkaawa kay Miss Leslie siya ay pinaglihimang talaga ng kanyang ama tungkol sa kanyang tunay na kalagayan at pinanggalingan at ngayon ang kaawa-awa ay nag-aakalang siya ay liping europa hindi nga ako makapangahas magpahayag ng lihim na itong ikapagdurugo ng kanyang puso inaakala mo bang ang pag-uwi niya sa Nueva Orleans ay ikasasawi ng kanyang palad ganyan ang palagay ko ani Mortimer ang lahat nang pintong lalapitan niya pagdating doon ay mapipinid sa kanyang pagtawag maging ang pinsan ko na ngayon ay isang matalik niyang kaibigan kung may loob mang maawain sakali ay di makapaghahagis sa kanya kundi ng isang tinging may pagdusta at ano ang marapat sa isang kung nag-aangkin man ng lubos na kagandahan kayamanan at kabutihang ugali ay inaagusan naman sa mga ugat ng pinakasusumpang dugong Aprikana ang lahat ay lalabi at susurot sa kanyang mukha at pauyam na magsasabing siya ay isang <u>alipin</u>	what would have been the use since i cannot tell it to Miss Leslie that is what seals my lips her father has concealed from her her real origin she thinks she is of the europa race i discovered that in my interview with her and i dare not reveal a secret which is not mine to tell and you fear that her return to New Orleans will cause sorrow to herself said Gilbert i do replied the young south American every door at which she dares to knock will be closed against her even my cousin her friend will turn from her with pity perhaps but with contempt you who dwell in a land where the lowest beggar crawling in his loathsome rags is as free as your mightiest nobleman can never guess the terrors of slavery genius beauty wealth these cannot wash out the stain the fatal taint of African blood still remains and though a man were the greatest and noblest upon earth the curse clings to him to the last he is a <u>slave</u>


Ang unang ruok na bibigyang-pansin sa DSD at TO ay mamarkahang bilang I. Sa DSD, makikita ang ruok na ito sa pagitan ng mga salita mula scan window 5445 hanggang 5604 at ito’y binibuo ng 159 na salita. Makikita naman ang ruok I ng TO mula scan window 6034 hanggang 6211 at ito nama’y binubuo ng 177 salita. Dito’y tinatalakay ng mga tauhang sina Mortimer Percy at Gilberto Margrave ang

paglilihim ng pagiging alipin at pagkakaroon ng dugong Afrikana ni Cecilia/Cora. Inilihim ito ni Ernesto/Gerard Leslie na tinutukoy sa DSD sa salitang “ama.” Isang mahalagang salita ang “ama” sa DSD na lumabalas nang 175 beses. Ito ay salin ng salitang “father” sa TO na lumabas naman nang 149 na bese sa kabuuan ng dokumento. Masasabing ang mga salitang “ama” para sa DSD at “father” sa TO bilang mga pangunahing salita o *seed-words*. Kaugnay nito ang pangalang “Leslie,” na parehong apelyido nina Ernesto/Gerard at Cecilia/Cora na lumabalas nang 209 na beses sa DSD at 233 na beses sa TO. Ang isa pang pangunahing salita ay “alipin” na 85 beses lumabas sa DSD at ang katapat nitong salitang “slave” na lumabas nang 130 beses sa TO. Sa kabuuan ng DSD, 57 umuulit sa kabuuan nito ang salitang “lihim” na maitatapat sa salitang “secret” sa TO na lumabalas naman doon ng 60 beses. Ang mga salitang nag-uugat sa “awa” (“pagkaawa,” “kaawa-awa,” at “maawain”) ay makikita din sa rurok na ito ng DSD. Parehong lalabas sa DSD ang “pagkaawa” at “kaawa-awa” nang apat na beses sa kabuuan ng dokumento. Ang salitang “maawain” ay isang beses lamang na lumabas sa DSD bagaman ang salitang “loob” mula sa katagang “loob na maawain” ay lumabalas nang 200 beses. Maitatapat ang mga salitang nakaugat sa “awa” sa salitang “pity” sa TO na lalabas ng 11 na beses sa kabuuan nito. Ang katagang “cause sorrow to herself” sa TO ay isinalin sa DSD bilang “ikakasawi ng kaniyang palad.” Hapax Legomena ang salitang “ikakasawi” habang ang salitang “sorrow” naman ay lumabalas sa TO nang walong beses. Ang mga salitang “genius,” “beauty,” at “wealth” sa TO ay isinalin bilang “kagandahan,” “kayamanan,” at “kabutihang ugali” sa DSD. Madaling maitatapat ang “kagandahan,” na lumabalas sa DSD nang 12 beses, sa “beauty,” na lumabalas sa TO nang 27 beses. Ang salitang “wealth” naman, na lumabalas sa TO nang 21 beses, ay maitutumbas sa “kayamanan” sa DSD na 19 na beses lumabas. Ang kataka-taka ay ang pagsasalin ng salitang “genius” bilang “kabutihang ugali.” Ngunit kung babalikan ang etimolohiya ng salitang “genius,” nagiging malinaw ang dahilan ng ganitong pagsasalin. Bagaman, sa modernong gamit ang “genius” sa kakaibang natural na talento’t abilidad, pumapatungkol ang orihinal na Latin “genius” sa gumagabay na espiritu sa pagkatao ng isang tao. At mula sa ganitong espiritu, naisalin ang “genius” bilang “kabutihang ugali.”


Sa kabilang dako naman, wala sa DSD ang mahabang katagang “you who dwell in a land where the lowest beggar crawling in his loathsome rags is as free

as your mightiest nobleman can never guess the terrors of slavery” mula sa TO. Katakata-taka ito dahil dito sa siping ito matatagpuan ang karamihan ng mga hapax legomena ng Sipi I ng TO (“dwell,” “crawling,” “loathsome,” “rags,” “mightiest,” “nobleman”). Idinidiin ng katagang ito, lalo na ng mga tinukoy na hapax legomena, ang kawalan ng Malay ni Gilberto/Gilbert sa tunay na kalagayan ng pang-aalipin at pagiging alipin sa Estados Unidos. Idinidiin sa sipi na ito ang pagkakapantay ng mayaman (mightiest nobleman) sa mahihirap (lowest beggar) dahil parehong silang tinitingnan bilang parehong malaya (free) dahil ito ang namamayaning kalakaran sa Inglatera. Sa simulang ito, makikita ang paglalatatag ng rasistang mundo na kinabubuhayan ng mga alipin kumpara sa mundong malaya na kinagisnan ni Cecilia/Cora. Sa ganito’y dinidiin ng DSD ang kasawiang palad ng pagiging alipin habang higit na idinidiin naman ng TO ang pamamayani ng kalayaan at pagkakapantay-pantay sa Inglatera.

Ang huling mahalagang pagkakaiba ng DSD at TO ay ang huli nitong mga kataga na umiinog sa konsepto ng “dugo.” Isinalin sa DSD bilang “inaagusan naman sa mga ugat ng pinakasusumpang dugong Aprikana” ang mga katagang “these cannot wash out the stain the fatal taint of african blood still remains” mula sa TO. Mapapansing bahagyang magkaiba ang diin ng dalawang sipi pagdating sa lahi. Parehong idinidiin ang pagiging natural at isang katotohanan ang pagkakakaroong ng dugong Afrikana ni Cecilia/Cora, higit na negatibo ang paglalarawan sa dugong ito sa TO dahil sa paggamit ng mga salitang “stain” at “taint” na hindi mahuhugasan (cannot wash out). Bagaman ginagamit ng DSD ang salitang “pinakasusumpang” bilang paglalarawan sa dugo, isa itong salin ng salitang “curse” sa TO na sumipot din sa sipi. Idinidiin, kung gayon, ng TO ang pagiging “marumi” ng dugong Afrikana ni Cecilia/Cora, isang malubhang rasistang pananaw, habang idinidiin ng salitang “sumpa” ang isang husga o pataw sa dugo. Ibig sabihin, natural o likas ang pagiging marumi ng dugong Afrikano sa TO habang ipinapataw ng lipunan bilang sumpa ang dugong Afrikano sa DSD, isang pananaw na nilikha ng lipunan at, kung gayo’y, maaaring mabago o baguhin. Nakaugat, ang magkaibang turing sa isang alipin kumpara sa isang malayang tao sa lahi, sa pagkakaiba ng “dugo” sa pagitan ng mga Afrikano at ng mga Europeo. Tingnan ang mga Ilustrasyon 10 at 11 upang makita ang ugnayan ng mga salita sa pagkaalipin.



Ilustrasyon 10: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi I sa DSD.



Ilustrasyon 11: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi I sa TO.

Sipi II: Batas ng Pang-aalipin at ang Ugnayang Pampamilya

II <i>Dugo sa Dugo (9216-9392)</i>	II <i>The Octoroon (10759-10943)</i>
<i>nawawatasan</i> ko na ang ibig ninyong sabihin sa <i>pagkamarangal</i> na taong bayan ni Mr Leslie at sa kanyang pagkabinyagan at <i>pagkamaginoo</i> ayon sa <i>pakahulugang ibinibigay</i> natin sa ganitong salita ay ipinadala sana niya ang kanyang anak na babae hindi sa Londres kundi sa kanyang taniman upang gumawa ng <i>labing-anim</i> na oras sa araw at gabi dapat <i>sanang pinahirapan</i> niya sa <i>hampas</i> ng <i>latigo</i> ang batang ito kung <i>nagtatamad-tamara</i> sa <i>paggawa</i> o kaya ay <i>ipinagbili</i> naman kung <i>sakaling</i> dahil sa kanyang <i>pagkaama</i> ay <i>nahihiyang magpasakit</i> sa kanyang anak ngunit kung ang gagawin gaya ng kanyang ginawa ay <i>minahal pinagsumakitang lumiwanag</i> ang pag-iisip at <i>pinaturuan</i> ng <i>nararapat</i> sa pag-aakalang may langit na <i>nagpapala</i> na di <i>nagtutulot</i> ng <i>pang-aalipin</i> ay <i>sapilitang</i> siya ay <i>mahuhulog</i> sa pagkakasala sa mga batas at sa bayan ng Luisiana iyan nga ang totoo ani Silas Craig nakikita kong kayo ay nakababatid at nakatatalos na mabuti sa mga <i>utos</i> ng bayan Mr Percy hindi nga <i>kataka-takang magkahirap-hirap</i> ang pamumuhay ni Ernesto <i>nagkagugol</i> siyang gaya sa isang <i>prinsipe</i> sa <i>pagpapaaral</i> sa batang babaeng ito na isa lamang <i>busabos</i>	i <i>understand</i> as a <i>worthy</i> member of society then as a <i>christian</i> and a gentleman in the <i>sense</i> in which we regard these things he may <i>send</i> his daughter to <i>toil</i> sixteen hours a day on his plantation he may hand her to his overseer to be <i>flogged</i> if she is too <i>weak</i> or too <i>lazy</i> as it will most <i>likely</i> be called to <i>work</i> he may sell her if he will no matter to what <i>degradation</i> no matter to what <i>infamy</i> but let him dare to love her let him dare to look upon her with one thrill of <i>fatherly</i> affection let him <i>attempt</i> to <i>elevate</i> her mind by education to teach her that there is a free heaven above her where <i>slavery</i> cannot be let him do this and he has <i>committed</i> a <i>crime</i> against society and the <i>laws</i> of Louisiana <i>exactly</i> so replied Craig rubbing his oily hands i see you understand the law of the land Mr Percy no wonder that Gerald Leslie is a ruined man he has <i>wasted</i> a <i>princely income</i> on the education of this girl this <i>slave</i>

Sa pangalawang sipi na ito'y puno ng mga nagtatalabang konsepto sa loob ng mga sipi mismo. Sa isang panig nariyan ang mga salitang patungkol sa pamilya't pag-aaruga dito. Sa DSD nariyan ang mga salitang "anak (na lumabas sa DSD nang 145 na beses)," "pagkaama," "pinaturuan," "minahal," "lumiwanag," at "pagpapaaral" na matatapat sa mga salitang "daughter (na lumabas sa TO nang 82 beses)," "fatherly," "affection," "love," "elevate," "teach," at "education." Sa ganito'y maaaring makita ang salitang "anak" sa DSD at "daughter" sa TO bilang mga seed-words. Umabot ng 118 banggit sa salitang "love" sa TO bagaman, sa sipi sa itaas, ay tatlong beses lang binanggit ang salitang "minahal" sa DSD, 37 beses binanggit ang salitang "mahal" at 64 na beses naman ang salitang "pag-ibig."

Sa kabilang banda, ang mga salitang patungkol sa pag-aalaga'y itinatambal sa mga salitang patungkol sa pagpapahirap at pagtatrabaho ng mga alipin. Sa DSD, nariyan ang mga salitang "taniman (binanggit sa DSD nang 11 beses)," "labing-anim na oras (1)," "gumawa (13)," "pinahirapan (1)," "hampas (3)," "nagtatamad-tambaran (1)," "paggawa (6)," "ipagbili (8)," at "magpasakit (2)." Isinalin ang mga salitang ito sa DSD mula sa mga salita ng TO na "toil (8)," "sixteen hours (2)," "plantation (36)," "flogged (1)," "weak (4)," "lazy (1)," "work (27)," "sell (6)," "degradation (4)," at "infamy (10)."

Nagtatapat ang dalawang grupo ng mga konsepto na ito, ang una'y mapagkalinga at ang pangalawa'y mapagmalupit dahil sa kabalintunaan ng buhay ni Cecilia/Cora. Sa isang banda, isa siyang anak ni Ernesto/Gerard na ninais nitong kalingain at arugain. Sa kabila nama'y isa siyang alipin, isang pag-aaring dapat na nasa taniman upang magtrabaho. Nabubuo ang ganitong balintuna dahil sa pagtatalaban ng natural na mapagkalingang kalooban ng isang magulang sa kaniyang anak at sa mahigpit na ipinapataw ng batas. Sa sipi mula sa DSD, binabanggit ang salitang "batas," nang 18 beses, at ang salitang "utos," na binabanggit nang walong beses sa kabuuan. Sa TO, binabanggit ang salitang "law," nang 21 beses, at "laws," 11 beses. Dahil sa maghigpit na pag-aatas ng batas na ikahon si Cecilia/Cora bilang isang alipin, "nahuhulog sa pagkakasala/committed a crime" si Ernesto/Gerard. Hindi lang sa batas nagkakasala si Ernesto/Gerard. Nagkakasala din siya sa bayan at lipunan. Ang salitang "bayan," na binanggit nang dalawang beses sa sipi, ay lalabas nang siyam na beses sa kabuuan ng DSD. Ang salitang "society" ay binabanggit nang 18 beses at ang "land" nang 17 beses sa kabuuan ng TO. Sa ganito'y nilalabag ni Ernesto/Gerard ang mga batas ng Lusiana at nagkakasalasiya sa mata ng lipunan. Nawawawala na, kung gayon, ang paggalang kay Ernesto/Gerard.


Sa mata ng lipunan at batas ng Luisiana, nagkakasala si Ernesto/Gerard sa pagkalinga nito kay Cecilia/Cora, isang may dugong alipin. Ngunit para sa mga mambabasa ng nobela, hindi si Ernesto/Gerard ang nagkakamali kundi ang buong lipunan at batas ng Luisiana. Para kay Jules Zanger sa kaniyang "The "Tragic Octoroon" In Pre-Civil War Fiction," malinaw na isang paraan ang paggamit ng pagkatao at kalagayan ng mga octoroon na tulad ni Cecilia/Cora upang batikusin ang namamayaning pang-aalipin sa Katimugan ng Estados Unidos. Ani Zanger,

The octoroon, to the North, represented not merely the product of the incidental sin of the individual sinner, but rather what might be called the result of cumulative institutional sin, since the octoroon was the product of four generations of illicit, enforced miscegenation made possible by the slavery system. The very existence of the octoroon convicted the slaveholder of prostituting his slaves and of selling his own children for profit. (66)


Kinakatawan ng octoroon, para sa Hilaga, hindi lamang ang pagiging produkto ng panandaliang pagkakasala ng isang tao, ngunit bilang isang resulta ng nagkakapatong-patong na pagkakasalang pang-institusyon, dahil produkto ang octoroon ng apat na salinlahi ng ilegal at sapilitang paghahalo ng lahi na nilikha ng sistema ng pang-aalipin. Ang mismong pagkakaroon ng octoroon ay isang hatol sa may-ari ng alipin ng kaniyang pambubugaw sa kaniyang mga alipin at sa pagbebenta ng kaniyang sariling mga anak para sa kita. (Salin ng may-akda)

Hindi si Ernesto/Gerard ang nagkakamali kundi ang mismong mga batas ng Katimugang Estados Unidos. Ito ang batikos ng mga *abolitionist* o abolisyunistang akdang tulad ng DSD/TO. Sa ganitong paraan, may katwiran ang natural na pagnanasa ni Ernestong pangalagaan ang kaniyang anak, kahit isa pa man itong may dugong Afrikana. Sa kabilang banda, buktot ang mga batas kung hindi ito sumusunod sa natural na matwid. Tingnan ang Ilustrasyon 12 at 13 upang makita kung paano nagtatalaban ang batas at natural na matwid o karapatang ito.

Sa huli'y kailangang kilalaning ang yaman ni Ernesto/Gerald ay nakaugat sa mismong sistema ng pang-aalipin. Ang kanyang yaman ay dulot ng hirap at pagod ng kaniyang mga alipin, mga aliping dapat kasama si Cecilia/Cora. Ang yaman na ito ang ugat din ng kaniyang mataas na katayuan sa lipunan sa Luisiana na makikita sa “pagkamarangal (1),” “pagkabinyagan (2),” “pagkamagino (5)” na salin ng mga salitang ito mula sa “worthy (13),” “Christian (2),” at “gentleman (15)” sa TO. Ngunit pinagdududahan ang mabuting katayuan na ito dahil sa kaniyang pagsuway sa mga batas ng Luisiana.



Ilustrasyon 12: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi II sa DSD.



Ilustrasyon 13: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi II sa TO.

Sipi III: Ekonomikong Kaligiran ng Pang-aalipin at Pagsasamantala sa mga Alipin

III <i>Dugo sa Dugo (18434-18725)</i>	III <i>The Octoroon (19933-20119)</i>
kahambal-hambal nang totoo ang nangyayari hindi siya nakapaglakas loob na magtagal sa tahanang kinalalagyan ng kanyang anak pagkat doon at sa lahat ng sandali ay napapanganib siyang surutin sa mukha ng mapanumbat na tinig ni Cecilia na siyang-siya rin at walang pinag-ibhan sa tinig noong si Francilia na yumao hindi hindi siya makakatagal doon sa piling na lamang ng kanyang sulatan at sa gitna ng nagsabog na mga aklat ni sawing palad na pangangalakal niya ay doon mag-isang magpupumilit makalimot sa bugtong na anak sa anak na yaong marahil hindi na iibig sa kanya kailan man at sa mga araw na iyon saan naman naroon si Cecilia Leslie nasa kanyang silid na tulugan na ang mga bintana ay pinid na pinid at di mapamusutan ng kahit kaunting liwanag naroong nakasubsob ang mukha sa mga sinutlaang unan at taos sa pusong ginugunita ang ina yaong inang ang mukhang puspos kalumbayan ay bahagya nang matandaan ng kanyang pangwari naroong ginugunita rin ang ama yaong amang noong kabataan ay nakagawa ng mga kasamaan at katampalasanang kalagim-lagim na nang mabatid niya ay huli na sa panahon napakapapanglaw ngayong mga isipin ang gumigiyagis sa dalagang ito na kamakailan lamang ay kalong-kalong pa ng di masayod na kaligayahan at katahimikan kung minsan ay magpumilit na maglakas-loob at ipagwalang pansin ang mga nangyayari ngunit pinasusuko ring pilit ng nakikinitang masungit na anino ng kanyang hinaharap siya na laging hampulan ng mga papuring kalugod-lugod at siya na laging handugan ng mga pagmamahal at paggiliw na sakdal ng tamis at siyang parating may ingat na gandang hinahangaan kamakailan lamang sa buong Londres ay isa palang alipin lamang oo isang alipin ang isang patak ng dugong Aprikanang taglay niya ay nakapagpaitim sa matingkad niyang uri at ikinapussyaw ng mataas na kapalarang tinutungo	it was too horrible he dared not remain at the summer pavilion he dared not meet the reproachful glances of those eyes which appeared to him as the ghostly orbs of the late Francilia no alone in his office surrounded only by the evidences of commerce and the intricate calculations of trade he endeavored to forget that he had a daughter and a daughter who no longer loved him and where all this time was Cora with the venetian shutters of her apartment closed with the light of day excluded from her luxurious apartment she lay with her head buried in the satin cushions of her couch weeping for the mother whose mournful face she could scarcely recall weeping for the father whose youthful sins she so lately learned bitter were the thoughts of the young girl whose life had heretofore been one long summer sunshine she the courted the caressed the admired beauty of a London season she was a slave an octoroon a few drops only of the african race were enough to taint her nature and change the whole current of her life


Sa ikatlong sipi na ito mula sa DSD at TO, katatapos pa lang harapin ni Cecilia/Cora ang kanyang amang si Ernesto/Gerard sa katotohanan ng ina niya ang alipin si Francilia. Marami sa mga salita dito'y sa bahagi lamang na ito lalabas o unang lalabas. Sa partikular, nagtatalaban sa sipi na ito ang mga salita tulad ng "iibig (2)" at "loved (42)" sa mga salitang "pangangalakal (12)," "trade (6)," at "commerce (1)." Sa siping ito lamang lumalabas sa TO ang mga salitang "commerce (1)" at "intricate calculations (1)."

Tinutukoy ng mga salitang "pangangalakal," "trade," at "commerce" ang halaga ng pagyaman para kay Ernesto/Gerard. Itinatapat ito sa pag-ibig sa pamilya at lumilikha ito ng kontradiksiyon para kay Ernesto/Gerard. Tulad ng nabanggit sa Sipit II, ang kaniyang yaman ay nakaugat sa pang-aalipin. Sa kabilang banda naman, ang kaniyang pag-ibig para kay Cecilia'y taliwas sa pundasyon na ito ng kaniyang yaman sa harap ng katotohanang may dugong alipin si Cecilia/Cora. Hiya ang nararamdaman ni Ernesto/Gerard at makikita ito sa mga salitang "mapanumbat (1)," at "reproachful glances (2)." Hindi maharap ni Ernesto/Gerard si Cecilia/Cora dahil pinaaalala ng kaniyang anak ang kaniyang mga kasalanan. Ngunit hindi ang kasalanang taliwas sa mga batas ng Luisiana ang ikinahihiya niya kundi ang kasalanang hindi niya mapanindigan ang kaniyang pagmamahal sa sariling anak. At interesanteng makita na may ibang panamdam ang salin ni Laksamana mula sa orihinal ni Braddon upang ipakita ang pagsisisi na ito ni Ernesto/Gerard. Isinalin ni Laksamana ang "reproachful glances of those eyes which appeared to him as the ghostly orbs of the late Francilia" tungong "mapanumbat na tinig ni Cecilia na siyang-siya rin at walang pinag-ibhan sa tinig noong si Francilia na yumao." Mata ang mapanghusgang tumitingin kay Ernesto/Gerard sa Ingles ngunit tinig naman ang naririnig sa bersiyong Tagalog.


Sa kabilang banda, lungkot at pamamanglaw ang dinaramdam ni Cecilia/Cora. Umiiyak si Cecilia/Cora sa "sinutlaang unan (1)" o "satin cushions (2)" sa loob ng "luxurious apartment." Ngunit ang silid na ito ang naghihiwalay sa mag-ama dahil ito'y "pinid (2)" at "excluded (2)" na kahit liwanag ay hindi makapasok. Ngunit may ambigwidad ang pagkukulong na ito ni Cecilia/Cora. Itinataboy ba niya ang

kaniyang ama o ikinukulong ang sarili? Tila ang huli ang nangyayari dahil sa pagsiwalat ng katotohanang may dugong alipin pala si Cecilia/Cora.

Tulad ng nabanggit na, ang yaman ni Ernesto/Gerard, ang yamang nakapundar sa pang-aalipin, ang nagbigay kay Cecilia/Cora ng kakayahang mangibambayan at pansamantalang makatakas mula sa mapait na kalagayan ng pagiging alipin. Sa Inglatera siya’y “kalong-kalong (1)” o “caressed (4)” ng lipunan doon. Ngunit sa Luisiana, ang kaniyang pagkakaroon ng dugong Afrikana ang “nagpapaitim (1)” sa kaniyang “kapalarang tinutungo” o “current of her life.” Sa ganito’y hindi matatakanan ni Cecilia/Cora ang kaniyang kapalaran bilang alipin ayon sa mga batas ng Luisiana at kahit ang yaman ng kaniyang ama ay hindi makapangtatanggol o mapagpapabago sa kaniyang kapalaran. Makikita sa Ilustrasyon 14 at 15 ang nagtatalabang mundo ng Londres, na kumakatawan sa kalayaan, kumpara sa mapang-aliping mundo ng Luisiana.



Ilustrasyon 14: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi III sa DSD.



Ilustrasyon 15: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi III sa TO.

Sipi IV: Ang Awit at Karanasan ng Alipin

IV <i>Dugo sa Dugo (33626-33755)</i>	IV <i>The Octoroon (39827-39938)</i>
at sa malaking pananabik sa mangyayari ay muling tumahimik siya upang mapakinggang mabuti ang putok ngunit ang narinig niya ay kakaibang totoo sa pangkaraniwang putok di iba kundi ang malungkot na dalit sa gabi ng mga aliping sabay-sabay sa pagpupuri at pagpapasalamat dahil sa pagsapit ng maligayang sandali na kanilang maipagpapahinga lumuhog ang araw na saksi ng pagod tayo <u>mga itim</u> magsipagpapahinga oh gaanong aliw ang inihahandog ng buwang ninikat sa inyong kalulwa kulang palad na mga tao ang nabigkas ni Mortimer sila ang mga busabos ni Craig na ngayon lamang nagsisiuwi mula sa gawaing patay-katawan sa buong maghapon nagsisipag-awit ang mga kahabag-habag na likha ng dios ang panghampas ng kapatas ay di ipinagmamaliw ng piping kaligayahan sa kanilang puso kay dali silang paginhawahin kung ibig ng isang mabuting panginoon	it was for the report of the firearms that he listened but the sound which met his ear was of altogether a different nature it was the evening chorus of the negroes floating upon the tranquil air a sweet harmonious strain of melody which breathed of peace and repose day is dying day is gone weary niggers rest work all day and toil and moan quiet night is best poor fellows said Mortimer they are Craig's negroes returning to their cabins after the day's labor they sing poor simple creatures the overseer's lash cannot destroy the quiet content of their honest hearts how easily might a good master make them happy again

Sa siping ito mula sa DSD, 18 hapax legomena ang makikita, ang mga salitang “mapakinggang,” “dalit,” “sabay-sabay,” “pagpupuri,” “maipagpapahinga,” “lumuhog,” “magsipagpahinga,” “ninikat,” “kalulwa,” “nagsisiuwi,” “patay-katawan,” “nagsisipag-awit,” “kahabag-habag,” “panghampas,” “kapatas,” “ipinagmamaliw,” “piping,” at “paginhawahin.” Sa TO, 7 natatanging salita ang makikita, ang mga salitang “firearms,” “strain,” “melody,” “moan,” “fellows,” “cabins,” “overseer’s,” at “lash.” At ang mga natatanging salitang ito’y maihahanay sa magkatambal na konsepto ng paghihirap at ginhawa. At hindi kataka-taka ang ganitong pag-usbong ng mga konseptong ito sa bahaging ito dahil isa itong eksena kung kailan maririnig nina Mortimer at Gilberto ang pag-awit ng mga alipin ni Silas Craig pagkatapos ng buong araw na pagtatrabaho sa lupa. Ito rin ang dahilan kung bakit dito lamang sa sipi na ito makikita ang mga salitang kaugnay sa pag-awit (“dalit,” “nagsisipag-awit,” “melody”). Ito ang mismong awit ng mga alipin sa DSD at TO:

“Lumuhog ang araw na saksi ng pagod
 Tayo, mga itim: magsipagpahinga
 Oh, gaanong aliw ang inihahandog
 Ng buwang ninikat sa inyong kalulwa!” (Dugo sa Dugo 96)


“Day is dying, day is gone,
 Weary niggers, rest;
 Work all day, and toil and moan,
 Quiet night is best!” (The Octoroon 106)

Sa awit ng mga alipin, malinaw ang pagtatambis sa “araw” o “day” kumpara sa “buwan” o “night.” Puno ng hirap ang araw dahil sa pagod ng pagtatrabaho habang ipinapangako ng gabi ang ginhawa. Ngunit hindi lamang mabigat ang trabaho ng mga alipin kundi isa itong sapilitang paggawa. Hindi lamang ang hirap ng trabaho ang nagpapabigat sa mga alipin kundi ang mismong “panghampas” o “lash” ng kapatas/overseer.


Sa sobrang pagkahabag ng kalagayan ng mga alipin, napagtanto nina Mortimer at Gilberto/Gilbert na magiging sapat na ang pagkakaroon ng “mabuting panginoon” o “good master” upang magdulot ng kaligayahan sa kanilang puso. Sinasabi ba ng nobela na hindi gusto ng mga alipin na sila’y lumaya? Hindi. Ngunit ang mga

maliliit na bagay tulad ng pagkakaroon ng isang mabuting amo o panginoo'y nagbibigay na ng kaligayahan sa mga alipin. Ngunit nananatili silang alipin. Sa pananaw ng isang abolisyunista, isang uri ng huwad na kamalayan o *false consciousness* ang ligaya o sayang ito na mararanasan ng isang alipin sa ilalim ng isang mabuting panginoon. Kalayaan lamang ang magbibigay sa mga alipin ng tunay na kaligayahan at kaginhawahan.

Ngunit mapapansing bahagyang magkaiba nakatuon ang DSD sa aspektong ito ng paghihirap ng mga alipin kumpara sa TO. Higit na pisikal ang tuon ng TO pagdating sa usaping ito ng hirap ng mga alipin kung babalikan ang awit. Natutuwa ang mga alipin dahil tapos na ang araw at maaari na silang pagpapahinga. Tulad ng makikita sa mga Ilustrasyon 16 at 17, gumagamit ng mga salitang tulad ng “kalulwa” at “paginhawahin” ang DSD, hindi lamang pisikal ang usapin ng pagpapahinga. Tumatagos ang pagpapahinga sa kalooban ng isang tao kasabay ng pisikal na aspekto.



Ilustrasyon 16: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi IV sa DSD.



Ilustrasyon 17: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi IV sa TO.


Sa siping ito’y may 12 natatanging salita dito lamang makikita sa DSD, ang mga salitang “bumayo,” “kabiglaanan,” “sakunang,” “masilayan,” “lagus-lagusan,” “aabutan,” “magkantututo,” “sabing,” “kaway,” “ipaubaya,” “magliligtas,” at “pagliligtas.” Sa TO naman, dalawa lang ang natatanging salita sa siping ito lamang lumabas: “illumining,” at “communicates.” Sa sipi na ito matatagpuan ang eksena kung saan tinangka nina Ernesto/Gerard at Tobias na itakas si Cecilia/Cora mula sa mga humahabol sa utang ni Ernesto/Gerard. Bilang isang alipin, isa na lamang pag-aaring maaaring kamkamin si Cecilia/Cora. Ito ang dahilan ng lito at takot na dinadanas ni Ernesto/Gerard. Maaaring mawala sa kaniya ang kaniyang anak. Iniatas ni Ernesto/Gerard kay Tobias na maghanap ng paraan upang maitakas si Cecilia/Cora. Tila maililigtas na si Cecilia/Cora kaya’t makikita sa mukha ni Ernesto/Gerard na “unti-unting masilayan ng pag-asa” / “a gleam of hope illumining his dusky face.” Inako ni Tobias/Toby ang responsibilidad na iligtas si Cecilia/Cora sa kabila ng panganib ng kamatayan (ikalalagot ng buhay / his own life pays the price). Ngunit mahuhuli pa rin siya at mapapasama sa mga ari-ariang isusubasta upang bayaran ang mga utang ni Ernesto/Gerard.

Sipi V: Mula Kalayaan tungong Pagkaalipin at ang Wika ng Alipin


V <i>Dugo sa Dugo (46220-46430)</i>	V <i>The Octoroon (53605-53766)</i>
ang bagong ligalig na ito ay parang isang malakas na dagok na bumayo sa dibdib ng dalaga at sa kabiglaanan ay halos walang hiningang napalungayngay sa mga bisig ng ama oh ang anak ko ani Mr Leslie ang anak ko Tobias ang batang inalagaan mo noong maliit hindi ba makaliligtas sa sakunang ito wala ka bang nalalamang paraan upang siya ay iyong mailayo ang tapat na alipin ay malaong di nakapangusap ang ulo niya at pag-iisip ay litong-lito sa paghanap ng mabuting kaparaanan pagkatapos na ang kanyang mukha ay unti-unting masilayan ng pag-asa ay marahang nagsabi sa panginoon ng ganito mahal kong panginoon ang halamanang ito ay lagus-lagusan hanggan sa pataniman natin kung kami ay makaalis dito ng lihim ay hindi kami aabutan ng kahit sino sila ay na sa ibaba pa ngayon hintay hintay pagkasabi nito ay dalidaling umalis si Tobias at si Mr Leslie ay iniwang hindi magkantututo ng gagawin nang makailang sandali ang maliksing alipin ay lumitaw sa bintana ng isang silid na may isang pintuang papanaog at ang sabing kasabay ng kaway sa panginoon ligtas na po siya Mr Leslie siya ay ipaubaya ninyo sa mga bisig ni Tobias at ito ang magliligtas sa kanya kahit ang pagliligtas na ito ay ikalagot ng buhay ng abang alipin	the agitation of the morning had been too much for the <u>octoroon</u> the last shock completely prostrated her and she sunk fainting into her father's arms my daughter cried Gerald my child Toby the one you nursed is there no escape no way to save her the <u>mulatto</u> wrung his hands in silent anguish then with a gleam of hope illuminating his dusky face exclaimed stay massa the garden below this communicates with the plantation if we could reach that they could never find us they are all below in the vestibule wait wait he rushed from the room leaving Gerald Leslie in utter bewilderment as to what he was about to do but in three minutes he appeared at the open window of the apartment standing at the top of a ladder see massa he cried we will save her yet give her into Toby's arms and he will save her though his own life pays the price of her liberty

Makikita din sa sipi na ito ang pagkakaiba ng wikang ginamit sa pagsasalita ni Tobias sa pagitan ng DSD at TO. Sa DSD, higit na pormal ang pagkakasalin sa pananalita ni Tobias habang gumagamit ng diyalektong Afrikano-Amerikano si Tobias sa TO sa paggamit niya ng salitang tulad “massa” sa halip na “master” kapag kinakausap si Ernesto/Gerard. Bakit hindi ginagad ni Laksamana ang ganitong diyalekto ni Tobias sa DSD? Masasabing imposibleng masalin ang diyalektong ito dahil wala talagang katapat na diyalekto sa wikang Tagalog ang diyalektong Afrikano-Amerikano sa wikang Ingles. Ngunit maaari ding tanungin kung bakit pinili ni Braddon ang diyalektong Afrikano-Amerikano para sa pananalita ni

Tobias sa TO. Maaaring may realistikong tunguhin si Braddon ngunit maaaring pagtatangka din ito ng pagbibigay-tuon sa pagkakaiba ng lahi gamit ng pagkakaiba ng pananalita. Ngunit problematiko ang paggamit ng diyalektong Afrikano-Amerikano dahil madalas inilalarawan ang mga Afrikano-Amerikano sa isang negatibong paraan tulad ng pagbibigay-tuon sa kanilang kahirapan at kamangmangan (Graziano 263-64). Sa paggamit ng pormal na pananalita sa bersiyong Tagalog, nawawala ang mababang pagtingin na ito sa mga Afrikano-Amerikano at sa halip ay nadidiin ang matayog at dakilang dangal ng mga alipin sa kabila ng kanilang mababang kalagayan. Tila nagiging kapantay ni Tobias si Ernesto/Gerard sa DSD kumpara sa TO dahil walang ipinagkaiba ang kanilang pananalita sa isa't isa sa DSD. Higit na umaangat din ang pagkatao ni Tobias sa DSD dahil sa paggamit ng mga pang-uring tulad ng “tapat”, “maliksing”, at “abang” katabi ng salitang “alipin” bilang paglalarawan kay Tobias (tingnan ang ilustrasyon 18). Sa TO, higit na ginagamit ni Braddon ang mga salitang tungkol sa lahi (tingnan ang Ilustrasyon 19). Sinasadya man o hindi, higit na umaangat ang pagkatao ni Tobias sa DSD dahil tinatrato siyang katulad ni Ernesto/Gerard kumpara sa TO na idinidiin ang kaniyang pagiging iba kundi di man mababa.



Ilustrasyon 18: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi V sa DSD.



Ilustrasyon 19: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi V sa TO.

Sipi VI: Ang Puting Alipin bilang Reyna

VI Dugo sa Dugo (58748-58838)	VI The Octoroon (63939-64021)
malal kong panginoon anya huwag kayong umiyak dito ay hindi kayo magiging <u>alipin</u> natatalastas kong ang marikit na tahananang ito ay sadyang inilaan sa inyo ng panginoon kong si Mr Horton at sa bahay na ito ay kikilanlin kayong tulad sa isang reina reina ang buong saklap na naibulong ng binibini oo nga reinang dinala rito upang lubusang mapag-ukulan ng bala nang maruming tangkang maisip ng nag-aakalang siyang tanging makapangyayari tingnan mo batang musmos ano at makikiramay ka sa aking pagpipighati kailan man ay hindi mo mauunawa ang aking mga dinaramdam	My dear mistress do not weep thus she said you will be no <u>slave</u> here i know for our master has had these beautiful rooms prepared on purpose for you and you are to be treated as a queen a queen said Cora hysterically yes the empress of a profligate's hour of pleasure to be trampled beneath his feet when the whim has passed go my good girl why should i distress you with my griefs you can never understand my misery

Sa siping ito, may walong natatanging salita sa DSD, ang mga salitang “umiyak,” “inilaan,” “kikilanlin,” “reinang,” “mapag-ukulan,” “makapangyayari,” “makikiramay,” at “mauunawa.” Sa TO naman, mayroong tatlong hapax legomena: “hysterically,”

“empress,” at “profligate’s.” Sa siping ito matatagpuan ang eksena sa pagitan ni Cecilia/Cora at batang aliping inatasan ni Augusto/Augustus Horton na pagsilbihan si Cecilia/Cora. Napasakamay na ni Augusto/Augustus si Cecilia/Cora pagkatapos mapanalo si Cecilia/Cora sa naganap na subastahan sa mga ari-arian ni Ernesto/Gerald Leslie. Naging mataas ang halaga na iginugol ni Augusto/Augustus kay Cecilia/Cora dahil sa pagiging aliping puti nito.


Isang mahalagang eksena ang subastahan ng mga quadroon o octeroon sa mga akdang abolisyunista dahil sa paghuhubad ng kaligtasan at katayuan ng mga babaeng tulad ni Cecilia/Cora. Ani Kimberly Snyder Manganelli,

The transgressions that occur in the domestic sphere are resolved in the privacy of the home rather than in the public court of law. However, in British and American abolitionist tales of the Tragic Mulatta, the mixed-race heroine is ripped from the comfort and privacy of the domestic sphere and subjected to public exposure and sale on the auction block. Exposed on the auctioneer’s platform, she is stripped of her whiteness. (86)


Ang mga paglabag na nangyayari sa loob ng tahanan ay nireresolba sa pribadong buhay sa halip na sa pampublikong hukuman. Gayunpaman, sa mga kuwento ng mga abolisyonistang Briton at Amerikano tungkol sa Tragic Mulatta, ang halong-lahing bidang babae ay inaalisan ng kaginhawahan at ng pribadong buhay ng tahanan at isinasailalim sa pampublikong paglalantad at pagbebenta sa subastahan. Inilalantad sa plataporma ng subasta, hinuhubaran siya ng kanyang pagiging puti. (salin ng may-akda)

Isang kabalintunaan, kung gayon, ang pagtukoy kay Cecilia/Cora bilang “reina” o “empress.” Makikita sa Ilustrasyon 20 at 21 ang kabalintunaang ito. Isa siyang reyna dahil sa laki ng halagang iginugol sa kaniya sa subastahan at sa kaniyang natatanging katangian bilang puting alipin. Ngunit ipinakikita ng subastahan ang katotohanang isa pa rin siyang alipin na nasa pagmamay-ari ni Augusto/Augustus. Nagiging mahalaga lamang si Cecilia/Cora bilang isang bagay na magagamit ni Augusto/Augustus para sa kaniyang masasamang balak. Makikita ito sa inisip ni

Cecilia/Cora: “reinang dinala rito upang lubusang mapag-ukulan ng bala nang maruming tangkang maisip ng nag-aakalang siyang tanging makapangyayari” sa DSD at “empress of a profligate’s hour of pleasure to be trampled beneath his



Ilustrasyon 20: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi VI sa DSD.



Ilustrasyon 21: Ugnayan ng mga mahahalagang salita sa Sipi VI sa TO.

feet when the whim has passed” sa TO. Kaya’t pagkalugmok ang nararamdaman ni Cecilia/Cora sa kaniyang pagiging bagong “reyna” ni Augusto/Augustus. Si Augusto/Augustus, kung gayon, ang nananatiling makapangyarihan, ang panginoon o master ni Cecilia/Cora at sa batang alipin. Ngunit si Cecilia/Cora lamang ang nakauunawa ng pagkalugmok na ito dahil hindi malay ang batang nagsisilbi sa ipinagkakait sa kanilang kalayaan.


Pagsasalin ng Pangunahing mga Salita Tungkol sa Pag-aalipin at Lahi

Sa ngayo’y, maaaring tingnan muli ang mga mahahalagang salitang madalas na umuulit sa DSD at TO. Ulit, kapansin-pansin na umuulit sa lahat ng sipi na ito ang mga salitang kaugnay ng pang-aalipin at panglahi. Kung titingnan muli ang pagbibilang na nilikha ng mga programang pangkompiyuter ni Guillermo para sa DSD at sa TO, makikita ang malaking bilang ng mga salitang ito ay kaugnay ng tema pang-aalipin at tema ng lahi. Makikita ito sa Talahanayan 2.


Talahanayan 2: Mga salitang patungkol sa pang-aalipin.

Dugo sa Dugo	Bilang	The Octoroon	Bilang
alipin	85	slave	130
aliping	44	slaves	32
busabos	114	slavery	15
pang-aalipin	1	slave-leaders	1
pang-aaliping	1	slave’s	2
alipinin	1	slaver	4
kaalipinan	2	slave-sale	1
pagkaalipin	3	slave-daughter	1
pangbubusabos	2		
binubusabos	1		
pangbubusabos	2		

Halos nagpapalitan ang DSD sa paggamit ng mga salitang “alipin” at “busabos” upang tumukoy sa salitang “slave” sa TO. Kung paghahambingin ang dalawang hanay, higit 256 na beses ginamit ang mga salita’t baryasyon ng “alipin” at “busabos” sa DSD habang umabot sa 186 na beses ang paggamit sa “slave” at mga baryasyon nito sa kabuuang TO. Maaaring maihambing ang paggamit ng DSD ng “alipin” at “busabos” sa “slave” sa isang biswal na paraan gamit ng dispersion plot na nilikha sa Python gamit ang *SpaCy* na makikita sa Ilustrasyon 22 at 23.



Ilustrasyon 22: Dispersion plot ng mga salitang “aliping” (unang hanay), “alipin” (ikalawang hanay) at “busabos” (ikatlong hanay) sa DSD.



Ilustrasyon 23: Dispersion plot ng mga salitang “slavery” (unang hanay), “slaves” (ikalawang hanay) at “slave” (ikatlong hanay) sa TO.

Bakit higit na marami ang mga salitang pang-aalipin na ginamit sa DSD kung ihahambing sa TO? Dito lalabas ang pangalawang pangunahing tema’t salita na bumubuo sa DSD at TO, ang mga salitang kaugnay ng lahi at paghahalo ng dugo na makikita sa Talahanayan 3.


Talahanayan 3: Mga salitang patungkol sa lahi at dugo.

Dugo sa Dugo	Bilang	The Octoroon	Bilang
kalahi	2	mulatto	39
lahi	3	quadroon	12
lahing	4	octoroon	58
aprikana	3	negro	54
aprikanang	2	negroes	4
dugong	8	negro's	2
dugo	20	nigger	7
lipi	5	niggers	4
liping	3	creole	6
itim	29	creoles	3
		creole's	1
		race	21
		african	9
		blood	25
		black	26


Makikita na walang katapat na salin sa wikang Tagalog ang mga salitang patungkol sa lahi o kung ilang bahagi ng dugo na dumadaloy sa isang tao ay dugong Afrikano o alipin. Sa TO, nariyan ang mga salitang “mulatto” (39), “quadroon” (12), “octoroon” (58) at “creole” (10). Tinutukoy ng mga salitang “creole,” “mulatto,” “quadroon,” at “octoroon” kung ilang bahagi ng dugo ay Afrikano o alipin. Kalahati ang sa “mulatto,” sangkapat ang “quadroon” at sangwalo ang sa “octoroon.” Ang salitang “creole” ay patungkol sa pangkalahatang paghahalo ng dugo’t lahi ng mga galing Afrika sa mga Europeo’t katutubo ng Hilaga’t Timog Amerika. Bukod pa sa mga salitang naglalarawan sa bahaginan ng dugong alipin o Afrikano, nariyan din ang mga salitang tuwirang rasista tulad ng “nigger” (7), “niggers” (4), “negro” (54), at “negroes” (4). Kung titingnan ang concordance plot ng mga salitang ito, makikitang nagkalat at mga salitang ito sa kabuuan ng TO at idinidiin ang halaga nito sa TO (tingnan ang Ilustrasyon 24, 25, at 26).

Kung walang katapat ang mga salitang ito tungkol sa lahi, paano ito isinalin? Dito babalik ang naunang pansin kung bakit higit na marami ang salitang patungkol sa pang-aalipin sa DSD kung ikukumpara sa TO. Makikitang isinasalin ang mga salitang ito bilang “alipin” o “busabos” sa sipi III, IV, at V. Ang salitang “slave” at “octoroon” sa sipi III ng TO ay isinalin bilang parehong “alipin” sa DSD. Ang mga salitang “negroes” at “niggers” sa IV ng TO ay isinalin bilang “alipin,” “itim” at “busabos.” Ang mga salitang “octoroon” at “mulatto” sa sipi V ng TO bilang


“alipin.” Makikita na isinasalin ang mga salitang “slave” sa TO bilang “alipin” at “busabos.” Ngunit isinasalin din ang mga salita patungkol sa lahi tulad ng “octoroon” at “negro” sa TO sa parehong mga salitang bilang “alipin” at “busabos” sa DSD. Makikita ang pangkalahatang pagkakasalin ng mga salitang pang-aalipin



Ilustrasyon 24: Dispersion plot ng mga salitang “itim” (unang hanay), “Aprikanang” (ikalawang hanay), at “Aprikana” sa DSD.



Ilustrasyon 25: Dispersion plot ng mga salitang “creole” (unang hanay), “mulatto” (ikalawang hanay), “quadroon” (ikatlong hanay) at “octoroon” (ikaapat na hanay) sa TO.



Ilustrasyon 26: Dispersion plot ng mga salitang “negroes” (unang hanay), “negro” (ikalawang hanay), “niggers” (ikatlong hanay), at “nigger” (ikaapat na hanay) sa TO.


at panglahi sa Talahanayan 4. Makikita naman sa Ilustrasyon 27 ang ugnayan o daloy ng pagsasalin ng mga salita sa pagitan ng DSD at TO nang idaan ang datos sa *Cytoscape*.

Talahanayan 4: Bilang kung paano isinalin ang mga salitang pang-aalipin at panglahi sa pagitan ng TO at DSD.

Ingles	Tagalog	Bilang
slave	busabos	43
slave	alipin	24
slaves	busabos	21
mulatto	alipin	15
octoroon	busabos	14
slave	aliping	8
mulatto	aliping	7
negro	alipin	7
octoroon	aliping	7
octoroon	alipin	6
negro	aliping itim	5

Ingles	Tagalog	Bilang
negro	aliping	4
negroes	busabos	4
mulatto	busabos	3
quadroon	alipin	3
quadroon	busabos	3
slaves	alipin	3
creature	alipin	2
lady's-maid	alipin	2
mulattress	alila	2
mulattress	alipin	2
negro	busabos	2
negro	itim	2
nigger	busabos	2
octoroon	dalaga	2
slavery	alipin	2
slavery	busabos	2
slaves	aliping	2
Tristan	alipin	1
birth	busabos	1
boy	alipin	1
criminal	alipin	1
dark skin	alipin	1
girl	alipin	1
lady's-maid	aliping	1
lady's-maid	busabos	1
man	alipin	1
mulatto	Tobias	1
mulatto	bataan	1
mulatto	bataang itim	1
mulattress	busabos	1
negro	bataang itim	1
negroes	aliping	1

Ingles	Tagalog	Bilang
nigger	aliping itim	1
nigger	itim	1
niggers	aliping itim	1
niggers	itim	1
old man	busabos	1
property	aliping	1
servants	alipin	1
slave	aliping itim	1
slave	bataan	1
slave-daughter	busabos	1
slave-leaders	busabos	1
slaves	aliping itim	1



Ilustrasyon 27: Pagsasalin ng mga salitang pang-alipin (nasa loob ng kahong ube) at mga salitang panlahi (nasa loob ng kahong pula) sa pagitan ng DSD (kulay luntian) at TO (kulay bughaw). Kung higit na makapal ang linya, ibig sabihin ay higit na marami ang pagkakasalin sa pagitan ng dalawang salita.

Sa ganito'y mahihinuha sa mga salitang ginamit patungkol sa pang-aalipin at lahi na magkaiba ang tuon ng DSD at TO. Higit na maraming salita ang ginagamit ng DSD kumpara sa TO para sa pang-aalipin bukod pa sa mas maraming banggit sa mga salitang ito. Sa partikular, ginagamit ng DSD ang dalawang salitang katumbas ng "slave" sa Ingles, ang "alipin" at "busabos." Higit na malawak naman ang bokabularyo ng TO pagdating sa usapin ng paghahalo ng dugo.

Maipaliliwanag ang pagkakaibang ito sa wika't pananalita sa dalawang teksto sa pagkakaiba ng kultural, panlipunan, pangkasaysayan, at legal na konteksto ng pang-aalipin sa Pilipinas at Estados Unidos. Para sa Estados Unidos, lahi ang nagtatakda sa pagiging alipin, o posibilidad ng pagiging alipin. Para kina Alejandro de la Fuente at Ariela J. Gross, bubuo sa mga kolonya ng Espanya, Inglatera, at Pransiya sa Hilaga't Timog Amerika ng mga batas na patatatagin ang pagkaalipin ng mga aliping galing Afrika. Ayon kina de la Fuente at Gross, sa kanilang pag-aaral sa mga batas at panukala tungkol sa pang-aalipin sa Virginia, Louisiana, at Cuba,

In all three places, slaveholding elites acted to cement the association between African origin and slavery, linking blackness to social degradation. By the early eighteenth century, the legal regimes in all three jurisdictions constituted blackness as a debased category that was equivalent to enslavement. But despite these similar beginnings, by the midnineteenth century the social implications of blackness in each region were fundamentally different. (5)

Sa lahat ng tatlong lugar, ang mga elit na nagmamay-ari ng alipin ay kumilos upang patibayin ang ugnayan sa pagigitan ng pagiging Aprikano at pang-aalipin, ang ugnayan sa pagiging itim sa panlipunang pagkaimbi. Pagsapit ng unang bahagi ng ika-18 siglo, itinuring ang pagiging itim sa legal na panuntunan sa lahat ng tatlong hurisdiksyon bilang isang abang katerya na katumbas ng pagkaalipin. Ngunit sa kabila ng mga magkakatulad na simulang ito, pagsapit ng kalagitnaan ng ika-19 na siglo, ang mga implikasyon sa lipunan ng pagiging itim sa bawat rehiyon ay magkakaroon ng malalim na pagkakaiba. (Salin ng may-akda)

Kaya't napakahalaga ng dugo sa wika ng TO kung ikukumpara sa DSD. Sumusunod ito sa malalim na pag-uugnay ng kalagayan ng pagkaalipin sa pagiging Afrikano sa Estados Unidos sa usaping legal.

Sa kabilang dako naman, may ibang tuon ang konseptong “alipin” sa DSD dahil sa ibang kultura at kasaysayang pinagdaanan ng Pilipinas. Bago pa man dumating ang mga Espanyol, laganap ang pang-aalipin sa mga sinaunang lipunan sa Pilipinas. Nang ipataw ng mga Espanyol ang kanilang kapangyarihan sa Pilipinas, ipinagbawal nila ang pang-aalipin sa mga nasakop nilang katutubo ngunit nagtalaga ng sistema ng *polo y servicios* upang mapunan ang pangangailangan ng pamahalaang kolonyal ng lakas-panggawa (Kimuell-Gabriel, 21-22). Bagaman tinangka ng mga Espanyol na ipagbawal ang pang-aalipin sa mga nasasakupan nito, may mga kaso pa rin ng pang-aalipin sa Pilipinas nang dumating ang mga Amerikano. Laganap sa mga lipunang Muslim ang pang-aalipin, na pundasyon ng kapangyarihan ng mga sultan at datu, at sa mga katutubo ng Koldilyera. May mga pagkakataon pa nga na bumibili ang mga Katolikong Pilipino ng mga alipin mula sa mga lipunan ng kabundukang Kordilyera (Salman 161-180). Ngunit ang pang-aalipin ay ipinapataw sa kalahi, kung hindi man sa malapit na etnikong grupo. Sa ganito'y kinakatawan ng mga salitang “alipin” at “busabos” ang kalagayang panlipunan at legal na ipinapataw sa isang kalahi sa halip na ipinapataw sa isang taong iba ang lahi.

Ang Diskurso ng Pang-aalipin sa Panitikan at Kasaysayan

Magkakaroon tayo ng higit na malalim na pag-unawa sa mga salitang panlahi at pang-aalipin kung pag-uugnayin ang mga ito sa mga salita't konseptong umusbong sa paligid ng mga salitang ito sa masinsing pagsusuri ng sipi mula sa anim na piling rurok. Kung pagbabatayan lamang ang pangmalawakang paghahambing sa mga salitang panlahi at pang-aalipin, nagmumukhang tila naglalaho ang usapin ng lahi sa mga salitang panlipunang ginagamit sa DSD kumpara sa TO. Ngunit kung babaling sa mga rurok, makikitang idinidiin pa rin ng mga salita (at ng naratibo mismo na tatalakayin nang mabuti mamaya) ang hirap at sakit na pinagdadaanan ng mga alipin habang idinidiin pa rin ang pagkakaaba ng lahing Afrikano. Tatlong beses na lumabas ang tambalan o *bigram* na “dugong Aprikana” at dalawa naman ang “dugong Aprikanang” sa DSD,

na makikita sa Sipi I at III. Lumilitaw din lagi sa paligid ng mga salita ng pang-aalipin ang mga salitang idinidiin ang abang kalagayan ng mga alipin tulad ng “pagdusta”, “pinakasusumpang”, “pinahihirapan”, “magpasakit”, “hampas”, “pagod”, “patay-katawan”, “kahabag-habag”, at “maruming tangkang”.

Sumusunod ang TO/DSD sa tropo ng “tragic octoroon” o ang kuwento ng isang babaeng biglaang malalamang isa pala siyang alipin dahil mayroon siyang dugong Afrikano. Mahalaga ang tropo na ito bilang retorikal na sandata para sa mga abolisyunista o ng mga gustong palayain ang mga alipin sa Estados Unidos laban sa mga pabor na panatilihin ang pagiging alipin ng mga may dugong Afrikano sa mga estado ng Katimugan ng Estados Unidos. Sa nobelang tulad ng TO/DSD, malinaw na imoral ang pang-aalipin dahil sa di-makatwiran nitong pagtrato sa isang tao dahil lamang sa dugo at lahi nito. Kailangang ipakitang sa kabila ng kanyang tagumpay at pagiging “puti”, maaaring mahulog sa pagkaalipin ang isang tao dahil may katiting na dugong Afrikano. Nakababagabag para sa mga mambabasang puti ang ganitong kalagayan ni Cecilia/Cora. Ngunit hindi lubos na naisasalin ang katwirang abolisyunista na ito. Sa orihinal na konteksto nito, may malinaw na partikular na reaksiyon dapat ang mambabasa ng mga nobelang may tropo ng “tragic octoroon” kung saan dapat makakuha ang kuwento ng mga babae na ito ng simpatya mula sa mga mambabasa, lalo na sa mga puting mambabasa. Ayon kay Zanger,

On the imaginative level, at least, each witness to the octoroon's tragedy was threatened by a similar fate, by the sudden reversal of fortune that was so much a part of the American experience, and the ironic underside of the American dream. . . . In an age when women of the middle class were nearly as dependent upon the head of the household as the poor octoroon was upon her master-father, the antislavery propagandist could draw upon the audience's own dread of the life they would face if the bank failed, the tariff were defeated, the speculation fizzled. (67)

Sa nibel ng imahinasyon, kahit papaano, nagbabanta sa bawat saksi sa trahedya ng octoroon ang isang katulad na kapalaran, ang biglaang pagbaligtad ng kapalaran na naging malaking sangkap ng karanasang Amerikano, at ang mabalintunang bahagi ng pangaraping

Amerikano Sa isang panahon kung kailan ang mga babaeng gitnang uri ay umaasa lamang halos sa pinuno ng tahanan tulad ng kawawang octoroon sa kanyang amo-ama, maaaring gumamit ang propagandistang kumakalaban sa pang-aalipin ng naturang pangamba ng mga manonood para sa buhay na kanilang haharapin kung lumubog ang isang bangko, matalo ang taripa, maglaho ang ispekulasyong pinansiyal. (salin ng may-akda)

Bagaman inilalatag ng Estados Unidos ang sarili nito bilang isang bansa na puno ng oportunidad para sa mga tao, para lamang ang pag-unlad para sa iilan lalo na sa mga lahing di-Afrikano. Ngunit hindi pa rin sigurado ang tagumpay at pag-unlad na ito kahit sa mga lahing di-Afrikano. Para sa isang mambabasa sa Estados Unidos noong unang hati ng ika-19 na siglo, walang kasiguraduhan ang yaman at pag-unlad na kaniyang nakamit. Maaaring maabot ang “American dream” ngunit maaari din itong maglaho lalo na sa harap ng isang hindi makatwirang sistema.

Bagaman tila naglalaho ang usaping panlahi sa DSD kumpara sa TO, tulad ng nabanggit na, napatatag nito ang usapin ng kawalang katarungan para sa mga inaalipin. Sa bagong konteksto ng mga Pilipino sa simula ng ika-20 siglo sa ilalim ng imperyalismong Amerikano, nagbabago ang kahulugan ng tropo ng “tragic octoroon” sa DSD at nakaugat ito sa pag-uugnay ng konsepto ng pang-aalipin sa karanasan ng kolonyalismo. Sa mga sulatin ng mga ilustrado at sa mga sulatin at ritwal ng Katipunan, gagamitin ang konsepto ng pang-aalipin bilang metapora ng pangkalahatang kalagayan ng Pilipinas sa ilalim ng Espanya (Salman 130-140). Ayon kay Michael Salman, ipagpapatuloy ng makabayang diskurso ng mga Pilipino noong unang mga dekada ng ika-20 ang ganitong pag-uugnay ng pang-aalipin sa kolonyalismo. Ani Michael Salman,

In the American colonial Philippines, the powerful meaning of slavery was not merely, or only, projected as a part of colonial ideology or a manifestation of capitalism. It was also refracted in struggles over the construction of colonial hegemony and nationalist alternatives. Much as Orlando Patterson implied, the modern world’s embarrassment in the face of slavery has deeply affected understandings of nationality, freedom, and the workings of various forms of dishonorable subordination, including colonialism. Like

slavery in the postabolitionist world, colonialism has become an embarrassment in our postcolonial world of independent nation-states. (Salman 20)

Sa panahon ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas, ang makapangyarihang kahulugan ng pang-aalipin ay hindi lamang, o natatanging, ipinakikita bilang bahagi ng ideolohiyang kolonyal o isang manipestasyon ng kapitalismo. Binabago rin ito ng tunggalian hinggil sa pagbuo ng kolonyal na gahum at mga nasyunalistang alternatibo. Tulad ng ipinahiwatig ni Orlando Patterson, lubos na nakaapekto ang kahihiyan ng modernong mundo sa pagkakaroon ng pang-aalipin sa mga pag-unawa sa nasyunalidad, kalayaan, at ang paggana ng iba't ibang anyo ng kawalang-dangal ng panunupil, kabilang na ang kolonyalismo. Tulad ng pang-aalipin sa mundo pagkatapos ng abolisyon, naging isang kahihiyan ang kolonyalismo sa ating postkolonyal na mundo ng mga malayang bansa-estado. (salin ng may-akda)

Gagamitin ng mga Pilipino ang diskurso ng abolisyon upang maging kritika sa imperyalismo at kolonyalismo Amerikano tulad ng ginawa ng mga Amerikanong miyembro ng Anti-Imperialist League.

Tulad ng naipakita na sa Sipi II at III mula sa DSD at TO sa itaas, nakaugat sa mga di-makatarungang batas ang pang-aalipin, mga batas na sa pananaw ng mga abolisyunista ay sumusuway sa likas na katwiran ng pag-aaruga sa pamilya. Makikita din sa pagsusuri ng mga sipi ang pangunahing diskursong rasista na inilalarawan ang likas na pagiging mababang lahi ng mga may dugong Afrikano at kinakatawan ng mga batas sa pang-aalipin ang kalikasan na ito. Ngunit alin ba ang tunay na kaso? Nagiging alipin ba ang isang tao dahil sa kaniyang dugo o dahil lang sinasabi ito ng batas? At dito na gumuguho ang argumento ng posisyong pabor sa pang-aalipin dahil kung kailangang patatagin ng batas ang pagiging alipin ng isang tao, ibig sabih'y hindi natural ang kalagayan ng pagiging alipin.

Hindi nalalayo, kung gayon, ang mga rasistang argumentong pabor para sa pagpapatuloy na pagiging legal ng pang-aalipin noong 1860 sa pangangatwiran ng Estados Unidos sa kanilang pananakop ng Pilipinas noong 1898. Ang mga

argumento ng “hindi kahandaan” at “kahinaan” ng mga Pilipino pagdating sa pamamalakad ng isang bansa ang pangunahing argumento ng mga Amerikano upang sakupin ang Pilipinas at tatawagin itong *inclusionary racism* o inklusibong rasismo ni Paul A. Kramer (191-98). Mabalintuna ang katagang *inclusionary racism* ni Kramer. Sa isang banda, inklusibo ito dahil tinatanggap ng kolonyalismong Amerikano ang halaga at pangangailangan ng pakikisama’t pakikisanggot ng mga Filipino sa kanilang kolonyal na proyekto. Ngunit rasista pa rin ito dahil may likas na pagkukulang ang mga Pilipino kung kaya’t hindi sila handa sa pamamahala ng kanilang sariling pamahalaan. Sa ganito’y kailangang “patunayan” ng mga Pilipino ang kanilang kahandaan sa pamamahala’t pamumuno. “Batas” ang maikakatwirang paraan upang makamit ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Aakitin ng mga Amerikano ang mga Pilipino na makibahagi sa kanilang politikal na proyekto ng kolonisasyon upang mapatunayan ng mga Pilipino ang kanilang kahandaan sa pamamahala na tatawagin namang *calibrated colonialism* ni Kramer. “Calibrated” ang kolonyalismo ng mga Amerikano dahil nagmumukha itong tumutugon sa hiling ng mga Pilipino ng mas malawakang partisipasyon sa pagpapasya ng mga polisiya ng pamahalaan ngunit nananatili itong kolonyalismo dahil sa huli’y hindi malaya ang Pilipinas at ang mga Amerikano pa rin ang may kapangyarihan. Bagaman puno ang mga talumpati ng mga Amerikano ng mga pangako ng isang malayang Pilipinas sa hinaharap, maipapaloob lamang ang mga pangakong ito sa kasulatan ng batas ng Estados Unidos nang ipasa ang Jones Law noong 1916 at magsisimulang magpadala ng residenteng komisyoner sa Kongreso ng Estados Unidos ang mga Pilipino simula 1919. Ngunit walang tumpak na panahon na ibinigay ang Jones Law para sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Kung mapatutunayan lamang ng mga Pilipino ang kanilang “kahandaan” ay saka lamang darating ang minimithing kalayaan.

Batas ang inihahaing daan ng mga Amerikano upang makamit ang kalayaan at kasarinlan. Ngunit paano kung ang mismong batas ang di-makatwiran at di-makatarungan? Paano kung ang batas mismo ang nagpapanatiling nakatanikala ng Pilipinas? Ito ang kontradiksiyon ng kolonyalismong ipinataw ng mga Amerikano sa Pilipinas. Batas ang magpapalaya ngunit batas din ang nagtatanikala.

Ang kabalintunaan na ito ng batas at di-makatarungang kalagayan ng kolonyalismo ang itinatawid ng pagsasalin ng TO tungong DSD. Kung babalikan

ang konteksto't orihinal na mambabasa ng TO, ang pagiging alipin ni Cecilia/Cora ay isang paraan upang isiwalat sa mga mambabasang Ingles noong 1861 ang suliraning etikal, moral, at legal ng pang-aalipin sa Estados Unidos (Harrison 217). Ngunit sa punto de bistang Pilipino, madaling maunawaan ang sitwasyon ni Cecilia/Cora dahil ang sitwasyon niya ay ang kalagayan ng Pilipinas na dumadanas ng di-makatwirang pang-aalipin. Alegoriko, kung gayon, ang magiging pagbasa ng isang mambabasang Pilipino kay Cecilia/Cora bilang kinatawan hindi lang ng lahing Afrikanong inaalipin ng mga Amerikano kundi pati ng mga lahing di-puti na inaalipin ng Kanluran. Tulad ng paggamit ng batas upang ipataw ang kapangyarihan ng Estados Unidos sa Pilipinas bilang kolonya, ginagamit din ang batas sa DSD/TO upang ipataw ang pagmamay-ari ni Augusto/Augustus Horton kay Cecilia/Cora. Ito ang dahilan kung bakit hindi kinailangang ipasok ni Laksamana sa DSD ang debate sa pagitan ng abolisyunista at makapang-aalipin sa ibang bahagi ng TO. Alam na ng mga Pilipino ang kabuktutan ng pang-aalipin, una, bilang institusyon at, pangalawa, bilang metapora ng kolonyalismo. Sapat na ang pagpapakita ng kawalang katarungan at kabuktutan ng katwiran ng kalagayan ni Cecilia/Cora upang maunawaan ang karanasang Afrikano-Amerikano.

Kongklusyon: Mula Kontra-rasismo at Kontra-kolonyalismo tungong Pakikipagkapatiran ng mga Lahi

Bagaman ipinakikita ng pagsusuring ito ang pagkakaiba ng diskursibong kaligiran ng wikang Ingles sa TO at wikang Tagalog sa DSD—na makikita sa pagkakaiba ng mga salitang panlahi, na kinakatawan ng mga salitang “octoroon” at “negro”, sa mga salitang panlipunan, na kinakatawan ng mga salitang “alipin” at “busabos”—ipinakikita din ang ugnayan ng kilusang kontra-rasista at abolitionist ng Estados Unidos sa kilusang kontra-kolonyalismo ng Pilipinas. Bagaman magkaiba ang tuon ng kilusang kontra-rasista at abolisyunista, na higit na nakatuon sa panloob na kalakaran ng lipunang Amerikano tungo sa abolisyon ng pang-aalipin, sa kilusang kontra-kolonyalista, na higit na nakatuon sa ugnayang panlabas ng Estados Unidos sa iba pang mga bayan, binabaka ng dalawang kilusan na ito ang rasistang pundasyon ng lipunang Amerikano.

Kung kaya't ang pagbasang alegoriko na inihahain ay hindi lamang isang pagtatangkang isa-Filipino ang karanasan ng isang aliping Afrikano. Sa halip,

isa itong paraan upang makapasok ang isang mambabasang tinitingnan ang karanasan ng pagkaalipin ng isang may dugong Afrikano bilang banyaga sa kanilang sariling karanasan. Sa pamamagitan ng kuwento ni Cecilia/Cora Leslie, higit na kongkretong nauunawaan ng isang mambabasang Pilipino ang partikularidad ng rasismong dinadanas ng mga may dugong Afrikano. Sa ganitong paraan, maaaring makabuo ang mga Pilipino hindi lamang ng ugnayan o paghahambing sa karanasang Pilipino sa karanasang Afrikano-Amerikano kundi pati na rin ng isang higit na makabuluhang kilos tungo sa pagpapatatag ng ugnayan sa pagitan ng mga lahing inaalipin ng imperyalismo at kolonyalismo tulad ng mga Afrikano at Pilipino.

At dahil dito’y nananatiling mahalaga ang nobelang tulad ng *Dugo sa Dugo* dahil sa patuloy na impluwensiya ng rasismo sa Estados Unidos at maging sa Pilipinas. Bagaman higit sandaang taon na ang lumipas mula nang maganap ang masaker sa Tulsa, Oklahoma, nananatili pa rin ang mga suliranin ng lipunang Amerikano lalo na sa usapin ng lahi. Ayon sa estadistika noong taong 2019, dalawa’t kalahating beses na posibleng mapatay ng pulis ang isang Afrikano-Amerikano kumpara sa isang puting Amerikano (Roper). Hindi man tuwirang naaapektuhan ang Pilipinas, tumatawid ang mga usapin ng rasismo sa kasalukuyan dahil makikita ito sa mga produktong kultural ng Estados Unidos. Nananatiling sentro ang Estados Unidos ng pandaigdigang kalakarang kapitalista at nagpapatuloy ang dominasyon ng kulturang Amerikano na nililikha ng iba’t ibang industriya nito.

Bukod dito, may direkta pa ring impluwensiya ang rasismo sa polisiya ng Estados Unidos tulad ng paghihigpit sa pagpasok ng mga migranteng Pilipino tungo sa Estados Unidos o paghuli sa mga TNT (tago nang tago) sa hanay ng mga manggagawang Pilipinong naghahanap ng kabuhayan sa Estados Unidos. Sa pagkapanalo ni Donald Trump ng kaniyang ikalawang termino, malaking paghihigpit ang kaniyang ginawa upang tugisin ang mga para sa kaniya’y “illegal immigrants”. Sa katunaya’y isang Pilipina-Amerikana na si Alma Bowman ang inaresto ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) noong Marso 2025 (Abad). At hindi lamang sa Estados Unidos, hinaharap din ng mga Pilipino ang rasismo sa kanilang pangingibambayan sa iba’t ibang bahagi ng daigdig. Sa Canada, nasasamantala ang mga imigranteng Pilipino, lalo na ang mga manggagawa sa larangan ng agrikultura at pag-aaruga o mga caregiver (Mooten 6). Sa kaso

naman sa mga bansa sa Gitnang Silangan, makikita ang diskriminasyon laban sa mga Pilipino at sa iba pang migranteng manggagawa sa hindi pagbibigay ng matagalang kontrata tungo sa pagiging mamamayan sa mga bansa roon at sa pang-aabusong dinadanas ng mga manggagawa sa ilalim ng kanilang mga amo (Jureidini 52). Tulad ng pagpapahalaga ni Jose Corazon de Jesus at Francisco Laksamana sa naganap sa Tulsa, Oklahoma noong 1921 at ang ugnayan nito sa polisiyang kolonyal ng Estados Unidos, mahalaga ding makisangkot sa usapin ng kilusang Black Lives Matter dahil sa ugnayan nito sa pangkalahatang direksiyon ng Estados Unidos sa pagtrato nito sa mga neokolonya nito tulad ng Pilipinas. Paano magiging huwaran ang Estados Unidos ng isang demokratiko't malayang daigdig sa ika-21 siglo kung nananatili pa rin ang mga kontradiksiyong panlipunan nito na nakaugat pa sa ika-17 na siglo?

Gayundin, ang rasismong tila pundasyon ng lipunang Amerikano'y matatagpuan din sa Pilipinas lalo na sa di-patas na pagtrato sa mga dayuhan—tulad ng dinadanas ng mga Tsino at Tsino-Pilipino—at maging sa panghihimasok sa kalayaan at karapatan ng mga etnikong grupong hindi bahagi ng Kristiyanisadong kultura ng malaking bahagi ng lipunang Pilipino—tulad ng mga Mangyan ng Mindoro o Manobo sa Mindanao. Naging pundasyon ng nasyonalismong Pilipino na nabuo noong kolonyalismong Amerikano na tingnan ang sarili nito bilang natatanging pangkat sa loob ng Pilipinas kung ihahambing sa mga tatawaging di-Kristiyanong mga grupo (Kramer 208-14). Tigib, kung gayon, ang nasyonalismong Pilipino ng diskriminasyon laban sa mga titingnan nitong kaiba sa pangkaraniwan nitong binibuong imahen ng pagka-Pilipino—Kristiyano, Kanluranin, at moderno. Kailangang matuto ang mga Pilipino mula sa mga sularining kinakaharap ng Estados Unidos sa pagbuo ng isang multikultural na lipunan dahil kailangang tingnan din ang Pilipinas at ang lipunang Pilipino bilang isang multikultural na lugar at lunan.

Kailangang tandaan na puno ng tunggalian at di-pagkakapantay-pantay ang kasalukuyang kaayusang pandaigdig. Tulad ng pansin ni Homi Bhabha, nakaugat sa dominasyon ang kasalukuyang kalakaran kapitalista, hindi lamang dominasyon ng kapital sa manggagawa kundi pati na rin sa dominasyon sa mga minoryang komunidad (50-51). Ang sistema ng pang-aalipin na laganap sa Estados Unidos bago ng Digmaang Sibil ng mga Amerikano ay isang uri ng dominasyon sa mga

taga-Afrika upang magamit ang kanilang lakas sa pagpapalago ng ekonomiya ng malaking bahagi ng Katimugan ng Estados Unidos. Makikita ito sa pundasyon ng yaman ni Ernesto/Gerald Leslie sa DSD/TO. At bagaman binuwag na ang pang-aalipin sa Estados Unidos, naging mahalaga ang patuloy na dominasyon sa mga may dugong Afrikano—kasama na ang mga Asyano, Latino-Amerikano, at iba pang migranteng lipunan kalaunan—upang ipagpatuloy ang paglago ng industriyalisasyong Amerikano, ang pundasyon ng kasalukuyang kalakarang kapitalistang global. Ang diskriminasyong nararanasan ng mga Afrikano-Amerikano sa Estados Unidos, kung gayon, ay hindi mailalayo sa diskriminasyon laban sa mga minorya ng Pilipinas. Sa kasalukuyan, laganap ang pangangamkam ng lupang ninuno ng mga etnikong grupo sa Pilipinas upang tugunan ang pagnanasa at pangangailangan ng mga malalaking korporasyong multinasyonal ng lupa para sa pagsasakang industriyal (Imbong 27-29). Bilang institusyon, ginagawa ng pamahalaan ng Pilipinas sa mga grupong etniko ang diskriminasyong isinasagawa ng pamahalaan ng Estados Unidos sa mga minoridad na grupo doon, mga minoridad na kasama ang mga migranteng Pilipino. Hindi malayo, kung gayon, ang aspirasyon ng mga nagtataguyod ng Black Lives Matters sa aspirasyon ng mga Pilipino na nagtataguyod ng mga karapatang pantao ng lahat ng Pilipino—Krisitiyano, Muslim, o Lumad man—para sa isang makatarungan at makatwirang lipunang kinakalinga ang kabutihan at kaginhawaan ng lahat. Ngunit upang makamit ang mga mithiing ito, kailangang talikuran at buwagin ang mga kaayusan at kalakarang ginagamit ang dominasyon upang magkamal ng kapangyarihan. Tanging sa pakikipagkapatiran ng iba’t ibang lahi—mahalagang sangkap ng isang tunay na demokratikong lipunan—makakamit ang mga adhikain ng makatarungan at makatwirang lipunan sa loob at sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos.

MGA SANGGUNIAN

- Abad, Michelle. "Fil-Am, Living in US with Citizenship Claim, Detained by ICE – Groups." *RAPPLER*, 28 Mar. 2025, www.rappler.com/philippines/overseas-filipinos/alma-bowman-us-citizenship-claim-detained-ice/.
- Antonio, Lilia Francisco. *Apat na Siglo ng Pagsasalin: Bibliograpiya ng mga Pagsasalin sa Filipinas (1593-1998)*. Sentro ng Wikang Filipino, 1999.
- Bhabha, Homi. *The Location of Culture*. Routledge, 1994.
- Braddon, M. E. *Dugo sa Dugo*. Isinalin ni Francisco Laksamana. *Internet Archive*, <https://archive.org/details/atk8758.0001.001.umich.edu>. Inakses 26 Set. 2021.
- . *The Octoroon. Project Gutenberg*, www.gutenberg.org/ebooks/74484. Inakses 15 Abr. 2025.
- Bushell, Sally, at Rebecca Louise Hutcheon. *New Approaches for Digital Literary Mapping: Chronotopic Cartography*. Unang ed., Cambridge UP, 2025. doi.org/10.1017/9781009353632.
- Brantlinger, Patrick. "Class and Race in Sensation Fiction." *A Companion to Sensation Fiction*. Unang ed. Pamela K. Gilbert, pat. Blackwell Publishing, 430-41.
- Corazon de Jesus, Jose. "Black and White." *Mga Piling Tula*. Virgilio S. Almario, pat. De La Salle UP, 1995, 160-61.
- de la Fuente, Alejandro, at Ariela J. Gross. *Becoming Free, Becoming Black: Race, Freedom, and Law in Cuba, Virginia, and Louisiana*. Cambridge UP, 2020.
- Graziano, John. "The Use of Dialect in African-American Spirituals, Popular Songs, and Folk Songs." *Black Music Research Journal*, Vol. 24, No. 2, 2004, 261-86.
- Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Ateneo de Manila UP, 2009.
- . "The Pulse of the Text: Using Digital Tools for Closer Reading." *Tomas*, Vol 2, No. 12, 2018, 277-311.
- Harrison, Kimberly. "Political Persuasion in Mary Braddon's *The Octoroon; or, The Lily of Louisiana*." Sa *Victorian Sensations: Essays on a Scandalous Genre*. Kimberly Harrison at Richard Fantina, mga pat. Columbus: The Ohio State UP, 2006, 212-24.
- Imbong, Jerry Degollacion. "'Bungkalan' and the Manobo-Pulangihon Tribe's Resistance to Corporate Land-Grab in Bukidnon, Mindanao." *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, Vol. 17, No. 1, Mar. 2021, 23-31, doi:10.1177/1177180120967724.
- Jureidini, Ray. "Migrant Workers and Xenophobia in the Middle East." *Racism and Public Policy*, Yusuf Bangura and Rodolfo Stavenhagen, mga pat. Palgrave Macmillan UK, 2005, pp. 48-71, doi.org/10.1057/9780230554986_3.
- Kimuell-Gabriel, Nancy. *Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999.
- Kramer, Paul. *The Blood of Government: Race, Empire, The United States, & the Philippines*. Ateneo de Manila UP, 2006.
- Manganelli, Kimberly Snyder. *Transatlantic Spectacles of Race: The Tragic Mulatta and the Tragic Muse*. Rutgers UP, 2012.
- Messer, Chris M., et al. "Official Frames and the Tulsa Race Riot of 1921: The Struggle for Reparations." *Sociology of Race and Ethnicity*, Vol. 4, No. 3, Hulyo 2018, 386-99.

- Mooten, Nalinie. *Racism, Discrimination and Migrant Workers in Canada: Evidence from the Literature*. Immigration, Refugees and Citizenship Canada, Hulyo 2021. www.canada.ca/en/immigration-refugees-citizenship/corporate/reports-statistics/research/racism-discrimination-migrant-workers-canada-evidence-literature.html.
- Mudersbach, Klaus, at Heidrun Gerzymisch-Arbogast. "Isotopy and Translation." *Translator and Interpreter Training and Foreign Language Pedagogy*, Peter W. Krawutschke, pat. John Benjamins Publishing, 1989, pp. 147–70, www.jbe-platform.com/content/books/9789027286093-ata.iii.13mud.
- NetworkX to Cytoscape Conversion. *ChatGPT*, OpenAI, 20 Set. 2024, chatgpt.com/share/69940f0c-6aec-8004-8431-463df49c87b6.
- Oklahoma Commission to Study the Tulsa Race Riot of 1921. *Tulsa Race Riot: A Report*. 2001.
- Roper, Willem. "Black Americans 2.5x More Likely Than Whites to Be Killed By Police." *Statista*, Statista, 2 Hunyo 2020, www.statista.com/chart/21872/map-of-police-violence-against-black-americans/.
- Salman, Michael. *The Embarrassment of Slavery: Controversies over Bondage and Nationalism in the American Colonial Philippines*. Ateneo de Manila UP, 2001.
- SpaCy Concordance Creation Tutorial. *ChatGPT*, OpenAI, 16 Hulyo 2024, chatgpt.com/share/69941080-a308-8004-8507-6facf2bdc973.
- Translation Network Graph. *ChatGPT*, OpenAI, 20 Ago. 2024, chatgpt.com/share/69940ccc-ef00-800c-9be1-06e91ed6119c.
- Zanger, Jules. "The 'Tragic Octoroon' In Pre-Civil War Fiction." *American Quarterly*, Vol. 18, No. 1, Spring 1966, 63-70.

Si **Christoffer Mitch C. Cerda** (ccerda@ateneo.edu) ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng BFA Creative Writing at MA Panitikang Filipino sa parehong pamantasan at ng Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Ang D.A.N.A.S at Kuripot: Dalumat-Salita sa Marangyang *Padas* ng Diasporang-Ilokana sa Singapore

D.A.N.A.S. and Frugality: A Conceptual Analysis of the Lavish *Padas* Among the Ilocano Women Diaspora in Singapore

Baby Jean VC. Jose

Central Luzon State University

ABSTRAK

Aktibo ang lokal at internasyunal na migrasyon sa Pilipinas. Kahirapan at pamilya ang nag-uudyok sa pagtangkilik sa diaspora. Sa hilagang bahagi ng Pilipinas, agrikultura ang mayoryang ikinabubuhay partikular na ng mga Ilokana-Isabela. Mabagal at mababa ang kita, bagay-panulak na dahilan upang maghanap ng ibang pagkakakitaan kaakibat ng matinding pagtitipid at pag-iimpok, panagkuripot, na nagiging branding at istigma sa kanila.

Mula sa resulta ng katutubong pamamaraan sa pananaliksik at paraan at proseso ng pagdadalumat, gayundin ng paglalapat ng teoryang tulak-hila, lumabas sa pag-aaral na ang “panagkuripot” ay kalakasang kultural ng mga Ilokana dahil ito ay pagtitipid at komyunal na pagtutulungan. Sa pamamagitan ng *triangulation*, lumabas sa pag-aaral na multi-layered ang D.A.N.A.S (*danag*—alalahanin; *anus*—sakripisyo; *namnama*—pag-asa; *arapaap*—pangarap; *sanikua*—mga pundar) at *padas* (danas/karanasan). Malaki ang impluwensiya ng diaspora sa pag-iral ng Ilokanong konsepto ng panagkuripot sa paghulma ng globalisadong identidad.

Mga Susing Salita: diaspora, etnograpiya, globalisadong kultura, kuripot, pagdalumat

ABSTRACT

Local and international migration remain salient features of the socioeconomic landscape of the Philippines. Poverty and familial obligations are the main reasons for migration. In the Northern Philippines, among Ilocano women in Isabela Province, agriculture serves as the primary livelihood; however, its low and unstable returns act as push factors for migration and pursuit of alternative sources of income. This condition fosters practices of thrift and resource management, termed *panagkuripot*, which has emerged as both a cultural marker and a stigmatized identity.

Employing indigenous research methodologies, particularly *pagdadalumat* (conceptual analysis), guided by the push–pull theory of migration, this study re-examines *panagkuripot* as a form of cultural strength that encapsulates frugality and communal support. Through triangulation, findings reveal that D.A.N.A.S.—*danag* (anxiety), *anus* (sacrifice), *namnama* (hope), *arapaap* (aspiration), and *sanikua* (material accumulation)—as well as *padas* (lived experience), function as multi-layered constructs. Diasporic conditions shape the persistence and reinterpretation of *panagkuripot*, contributing to the formation of a glocalized Ilocano identity.

Keywords: diaspora, ethnography, glocalized culture, *kuripot*, *pagdalumat*

Panimula

Karangalan sa mga Ilokano/a ang kanilang malaking ginampanan sa kasaysayan ng diaspora ng Pilipinas. Hindi matatawaran ang naging ambag ng mga Ilokano sa mga pambansa at internasyunal na diasporang pagkilos. Kilala ang probinsiya ng Isabela na madalas salantahin ng bagyo sanhi na rin ng katangiang topograpikal ng pook. Nagiging pangkaraniwan na lamang sa mamamayan na halos taon-taon nag-aayos at nagpapatayo muli ng kanilang mga tahananang nawasak ng kalamidad. Maraming pagkakataon na kakikitaan ang pook ng katatagan (*resiliency*) kung saan patuloy silang bumabangon sa kabila ng kahirapang kanilang natatamo. Likas din sa kanila ang pagiging malapit sa pamilya lalo na ang mga Ilokana. Bukod dito, kilala rin silang magaling sa pakikisalamuha at madaling makibagay (McKay 20).

Sa paglobo ng bilang ng sobrang paggawa at sa pangkalahatang kondisyon ng ekonomikong paghihirap sa sariling bansa, marami ang napipilitang maghanap ng trabaho sa ibang pook o mangibang-bansa (Tolentino 419). Dito pumapasok ang *push-pull theory* (Pe-pua at Hao 32). Sa pamamagitan nito, makikita ang mga dahilan ng paglisan sa lugar na kinalakhan mula sa panulak (internal at eksternal na dahilan bunga ng pinanggalingan pook) at panghila o puwersa mula sa labas ng kinagisnang pook o tutunguhang bansa. Kadalasan, ang puwersang nagtutulak ng migrasyon ay maiuugnay sa sosyo-kultural at pang-ekonomiyang salik (Javier 60).

Sa kabilang banda, agrikultura ang mayoryang ikinabubuhay ng mga Ilokano-Isabela. Tumatagal ng tatlo hanggang apat na buwan bago mag-anihan. Madalas silang dumadayo sa mga karatig-probinsiya tuwing panahon ng anihan at babalik sila sa Isabela pagkatapos makigapas (McKay 50). Isang danas o *padas* na nag-uudyok sa kanila upang maghanap ng ibang pagkakakitaan kaakibat ng pagtitipid at pag-iimpok. Ito ang posibleng dahilan kung bakit naging bansag sa kanila ang pagiging “kuripot” at karamihan sa kanila ay nangingibang-bayan o nangingibang bansa sa paniniwalang ito ang magbibigay sa kanila ng panatag at maalwan na buhay. Kaugnay nito, ang penomenon ng pangigingibang bansa upang magtrabaho ay may mahabang kasaysayan sa ating bansa (Tullao 1).

Samantala, mahalagang matalakay ang wika sapagkat nakaugat dito ang kulturang mayroon ang isang tiyak na pook. Inaarok ng wika ang yaman, kakayahang umangkop, kalakasan at kahinaan ng tradisyon at paniniwala ng isang tiyak na lugar. Sa ganitong balangkas, itinakda ang malinaw na direksiyon ng pananaliksik. Nilayon ng pag-aaral na ito na: (a) mailahad ang D(anag) A(nus) N(amnama) A(rapaap) S(anikua) o D.A.N.A.S ng mga Ilokanang migrante sa Singapore at pamilya sa Pilipinas; (b) mailarawan ang Ilokanong konsepto ng panagkuripot; at (c) mailarawan ang umiiral na globalisadong identidad na nabuo sa Singapore.

Inspirasyon ng pag-aaral na ito ang isang Manang na dalawang dekada nang naninilbihan sa Singapore ngunit wala pang planong umuwi kahit na may mga naipundar na ito. Dakila ang sakripsiyong inilaan niya para sa pamilya. Taglay niya ang kulturang panagkuripot na likas sa mga Ilokana at bitbit niya ito mula Quirino, Isabela patungong Singapore. Siya at ang karanasan niya ang naging hugot upang liparin ng mananaliksik ang Singapore at marinig mula sa kanya

ang makulay na kuwento ng kanyang pakikipagsapalaran kasama ng iba pang kapwa-Ilokano na nasa Singapore gayundin na mabalikan ang bayan ng Quirino at marinig din ang masentimyentong kuwento ng kanilang pamilyang iniwanan. Madalas, naisasantabi ang kanilang saloobin bilang miyembro ng pamilyang naiwan dahil nakapokus tayo sa mga lumilisan sa bayan. Dagdag pa rito, naging mahalagang batayan ang obserbasyon sa baryo kung saan kapansin-pansing halos lahat ng sambahayan ay may kasaping OFW, ano man ang kasarian. Gayundin, nagsilbing inspirasyon sa pag-aaral ang umiiral na istigma at “kuripot” na branding na ikinakabit sa mga Ilokano.

Sa pamamagitan ng snowball sampling, labintatlong (13) Ilokanang OFW mula sa Isabela na may lima (5) hanggang dalawampu’t limang (25) taon ng pagtatrabaho sa Singapore bilang domestic helper, caregiver, nurse, at sales representative ang naging pangunahing kalahok ng pag-aaral. Kalakip nito tig-iisang (1) miyembro ng kanilang pamilya sa Pilipinas—maaaring magulang, asawa, o anak—ang isinama bilang sekondaryang kalahok. Ang pagpili sa kanila ay nakabatay sa kanilang tuwirang karanasan at ugnayan sa danas o *padas* ng *panagkuripot*, migrasyon, at pag-iral ng lokalisasyon.

Malaki ang gampaning kinapapalooban ng mga Ilokanang OFW pagdating sa pinansiyal na aspekto ng pamilya. Hindi biro ang ginagawang pagbabadyet para sa pamilya, at posibleng naisasapamuhay ang panagkuripot kung paano nila ito nagagamit sa kanilang trabaho at personal na pag-unlad.

Isang kuwalitatibo at deskriptibong pananaliksik ang kasalukuyang pag-aaral. Isang empirikal na paraan ng pananaliksik ang pag-aaral ng kaso at ginagamit upang imbestigahan o suriin ang isang penomenon na tumutuon sa “dynamics” ng kaso sa makatotohanang konteksto (Yin 15-25).

Nilayon ng pananaliksik na ito na maobserbahan, mailarawan at mailahad ang iba-ibang buhay na karanasanng D.A.N.A.S ng panagkuripot at migrasyon ng mga Ilokanang-Isabela. Gayundin, mailahad ang tumutulak at humihilang puwersa sa mga migrante sa pagsasagawa ng migrasyon at pag-iral ng kulturang panagkuripot. Ginamit sa pag-aaral ang *triangulation* sa pagkuha ng mga datos upang matiyak na walang nakaligtaang mahahalagang pangyayaring nararapat

na maidokumento. Gumamit ng gabay na tanong na nakasulat sa Iloko para sa pakikipagkuwentuhan at pakikipanayam upang higit na dalisay ang makukuhang mga sagot.

Kuwento sa Katutubong Pamamaraang Pangangalap ng Datos

Sa layuning makuha ang mga pagpapakahulugan sa salitang kuripot at panagkuripot, gayundin ang marinig karanasan ng mga kalahok, gumamit ng metodong pakikipagkuwentuhan sa pangangalap ng datos, kung saan wikang Ilokano ang naging midyum ng pakikipagtalastasan.

Sa midyum na ito, natiyak na mas komportable ang mga kalahok sa pagsagot sa mga tanong. Ang mga sumusunod ay mga katutubong pamamaraang isinagawa sa pagdodokumento tulad ng pagdalaw at pagmamasid na isinagawa noong Hunyo 2018 na tumagal ng walong araw at noong Enero 2020 na tumagal ng dalawampu upang makita ang potensiyal na pagsasakatuparan ng paksa. Tuloy-tuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok mula 2018 kaya madaling naisagawa ang pakikipanayam sa kanila gayundin ang pagsasagawa ng harapang focus group discussion at naisagawa ito tuwing araw ng Linggo sa isang partikular na pook sa araw ng day-off ng karamihan ng kalahok. Kadalasang ang mga OFW ay may nakatakdang pook na lunsaran ng pagkikita-kita at salusalo (Constable 1-17). Ang sama-sama at pinatnubayang pagsagot ay nakatulong upang makapagpasimula ng bahaginan sa kanilang mga karanasan. Gumamit ng digital voice recorder at cellphone video ang mananaliksik sa buong proseso ng pakikipanayam upang maidokumento nang mabuti ang mga datos. Naging hamon ang transkripsyon (Ilokano patungong Filipino) dahil nasa wikang Ilokano ang mga sagot at kinailangan pang isalin ito sa Filipino upang maunawaan ng nakararami. Samantala, mahalagang gawain ang pagteteorya/pagdadalumat-salita upang higit na mabigyang linaw ang kahulugan ng kuripot sa perspektibo ng mga pinatutungkulan dito.

Tuon ng pag-aaral na ito na madalumat ang salitang kuripot na istigma sa mga Ilokano at matukoy ang D.A.N.A.S. ng mga migranteng Ilokana-Isabela. Mahalagang malaman ang marami at nagkakaiba-ibang dahilan ng pangingibang-bansa at ang kanilang D.A.N.A.S: a) danag—mga kaba, takot, alalahanin o suliranin kapwa sa pook na nilisan at pinatunguhan; b) anus—tiyaga, sakripisyo ng paglayo sa

pamilya ang kanilang pangunahing dahilan kung bakit sila nangibang—bansa kaya anumang hirap na kanilang mararanasan, gaano man kasakit sa kanila ang nag-iisa sa ibang bansa, pinagtitiyagaan; c) namnama—pag-asa; d) arapaap—mga pangarap; at e) sansanikua—mga naipong bunga ng pagtitipid upang higit na maunawaan at makapagmungkahi ng programa para sa kanilang sektor.

Sa konteksto naman ng glokalisasyon, naisagawa rin ang pagsusuri sa indibidwal na pag-unlad ng mga kalahok (personal at propesyunal) gayundin ang pisikal na pag-unlad ng pook na pinanggalingan na hindi nawawala nang lubusan ang kulturang kinagisnan bilang salalayan ng pagkamakabayan o pagkabansa. Mababalikan ang “pagpopook” bilang mahalagang konsepto ng “pagkabansa.” Mahihinuha malaki ang naidudulot ng diaspora sa pagkalusaw ng kultura (cultural erosion) ng mga Pilipino. Malaki ang gampanin ng pagpopook upang maiwasan ang pagkalimot sa kulturang kinagisnan. Ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa pook na nilisan sa diwa ng pagkukusa, “*pannakikadwa/pakikisama*” at “*ammuyo/bayanihan*” ay malaking hakbang upang patuloy na nakaugat sa pinagmulan. Mula rito, makikita na ang halagahang Pilipinong kinagisnan ay hindi basta-basta matatangay ng daloy ng modernisasyong dala ng globalisasyon.

Dalumat-Salita at Pagteteorya ng Pag-aaral

Tinatawag na dalumat-salita ang paggamit ng wika sa mataas na antas ng pagteteorya sa masusi, masinop, kritikal at analitikal na paggamit ng mga salitang kumakatawan ng mga idea at kaalamang nagiging konsepto sa malalimang pag-uuri’t paggamit nito (Nuncio 200).

Isang nakapananabik na gawain ng pagdalumat na ayon kay Rhoderick Nuncio (41; di nailathala) ay “tawag sa proseso ng pag-iisip at pag-urir at sa mga kahulugang lantay at ipinahihiwatig ng isang salita”. Pamilyar ang mananaliksik sa salitang dadalumin ngunit sa proseso ng pagsasagawa ng mananaliksik nito, mahirap at mabususi pala ito. Gayunpaman, naroon ang kasiyahan sa puso ng mananaliksik na dutdutin ang salitang ito upang mabigyang hugis o maibigay ang isang mukha o totoong mukha ng isang luma ng konsepto tungkol sa mga Ilokano.

Nahahati ang Pilipinas sa iba’t ibang pangkat-etnolingguwistikong grupo. Ayon sa aklat ni Teresita Fortunato (pp. 53–54), ang Ilokano ay pumapangatlo sa may

pinakamalaking bilang ng mga tagapagsalita dahil sa tatlong salik: (1) dami ng mga nagsasalita nito; (2) yaman ng mga naisulat na panitikan; at (3) lawak ng migrasyon ng mga gumagamit nito.

Matatagpuan ang mga Ilokano sa mga probinsiya ng Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union at ilang bahagi ng Pangasinan, Tarlac, Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya at Nueva Ecija. May mga Ilokano ring matatagpuan sa ilang bahagi ng Cordillera Region tulad ng Baguio at Ifugao. Bilang pangkat-etnolinggwistiko, may kani-kaniyang kasaysayan, ninuno o add “at” - pinagmulan, at may tiyak na kulturang tinataglay. Madalas, ang ideolohiya, gawi, kilos at pagpapahalaga ay magkakaiba depende sa kung ano ang nakagisnan at paniniwala. Naniniwala ang mananaliksik na malaki ang bahagi ng kasaysayan ng pananakop at paglaya mula sa mga mananakop.

Mahalagang suriin ang wika sapagkat ito ay sumasalamin sa kulturang umiiral sa isang partikular na lugar. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang kabuuang dinamika ng mga tradisyon at paniniwala, kabilang ang mga aspekto ng lakas, limitasyon, at kakayahang umangkop ng isang pamayanang kultural.

Sa pagsasakonteksto, ang “branding” ay tumutukoy sa kolektibong katawagan o imaheng panlipunan na ikinakabit ng ibang pangkat sa isang partikular na etnolingguwistikong grupo. Ito ay nabubuo mula sa mga paulit-ulit na obserbasyon, karanasan, o isteryotipikal na pananaw na kalauna’y nagiging isang “tatak” o generalisadong pagkakakilanlan ng buong pangkat, kahit hindi naman ito tumutukoy sa lahat ng indibidwal.

Ang ilan sa mga ito ay ang galante sa Kapampangan, mahilig sa maanghang sa Bicolano, malambing sa Ilongga, matapang sa Batangueño, takaw-gulo sa Waray, at kuripot sa Ilokano. Ang mga katawagang ito ay hindi lamang simpleng paglalarawan; bagkus, ito ay nagiging panlipunang representasyon na nag-uugat sa eksternal na pagtingin sa isang grupo.

Sa ganitong paraan, ang branding ay nagiging uri ng *cultural labeling* o *stereotyping* na maaaring maglaman ng positibo o negatibong kahulugan. Sa paglipas ng panahon, ang mga label na ito ay maaaring magpatibay ng identidad ng grupo o kaya naman ay magdulot ng istigmatisasyon, tulad ng “kuripot” na nagiging dominanteng pananaw sa mga Ilokano kahit hindi ito kumakatawan sa kabuuan ng

kanilang kultura at pag-uugali. Madalas, tinatawag na *killjoy* ang isang Ilokanong ayaw sumama sa isang salusalo pagkatapos ng araw ng pagsahod, binabansagang “kilnet” o makunat dahil limitado ang ibinibigay kapag naghahati-hati na ang barkada/grupo sa gastusin at may pagkakataon ding iniwasang maging kagrupo sa isang proyekto dahil sa taglay raw nitong kakuriputan. May negatibong konotasyon kung gayon ang salitang ito at pinabubulaanan ito ng mga Ilokano dahil mayroon silang tiyak na dahilan kung bakit.

Sa pag-aaral na ito dinalumat ang salitang kuripot o panagkuripot (akto o kilos) gamit ang leksikal na pamamaraan, simbolikal at diskursibo. Suriin natin ang salitang “*kuripot*” sa unang antas, ang leksikal o literal na pagpapakahulugan ng salita.

A. Leksikal

1. Kahulugan

Inilalahad ng talahanayan sa ibaba ang salitang sinonimo/ kasingkahulugan ng kuripot mula sa iba’t-ibang diksyunaryo.

LEKSIKAL NA KASINGKAHULUGAN NG KURIPOT			
Wika	Pagtutumbas	Kahulugan	Reperensya
Ingles	Miser; niggard; cheapskate; tightwad	a very mean person who spends as little as possible in order to hoard money// one who saves and hoards avariciously	The New Philippines Comprehensive Dictionary (PCD) and Thesaurus with Philippines 12 languages
Filipino	maramot	taong labis ang tingin sa salapi	The New Philippines Comprehensive Dictionary (PCD) and Thesaurus with Philippines 12 languages (2015)
Cebuano	tihi	ayaw gumastos; ginagamit para sa taong labis ang pagtitipid hanggang ayaw na talagang maglabas ng pera	The New Philippines Comprehensive Dictionary (PCD) and Thesaurus with Philippines 12 languages (2015)

LEKSIKAL NA KASINGKAHULUGAN NG KURIPOT			
Wika	Pagtutumbas	Kahulugan	Reperensya
Hiligaynon	<i>mainot</i>	Ayaw gumastos o magbahagi	Benton, R. A. (1971). <i>Pangasinan reference grammar</i> . Honolulu: University of Hawai'i Press.
Kapampangan	<i>kuripot; maymut</i>	matipid hanggang sa pagiging maramot; ayaw gumastos kahit kinakailangan	Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). (n.d.). <i>Mga diksyunaryo at sangguniang pangwika sa mga wikang rehiyonal</i> . Maynila: KWF; mula sa panayam.
Pangasinense	<i>kanengneng</i>	matipid / ayaw maglabas ng pera	Rubino, C. (2000). <i>Ilocano dictionary and grammar</i> . Honolulu: University of Hawai'i Press.
Ilonggo	<i>daluk</i>	sakim o ganid sa pagkain o pag-aari; maaari ring tumukoy sa pagiging labis na mapang-agaw o "greedy" (mas malapit sa sakim kaysa simpleng kuripot)	Rubrico, J. G. U. (n.d.). <i>Hiligaynon dictionary resources and lexical studies</i> .
Batay sa kahulugang nakalahad, ang kuripot ay salitang pantukoy sa taong labis ang tingin sa salapi o taong hindi basta-basta gumagasta ng pera. Konotasyon kung gayon ang pakahulugan sa salitang ito. Konotasyon ang kahulugang ibinibigay sa mga salita, parirala at pangungusap na hindi direktang isinasaad o mensaheng nabubuo mula sa popular na kultura (Barthes; Demeterio & Capulla 93).			

Mapapansin din sa pagpapakahulugang ito na mas lumalabas ang salitang "kuripot" sa bibig ng Pampango (kuriput) hindi sa mga Ilokano (kirnet, nakirmet) tulad ng mga nakalahad sa itaas. Batay rin sa prosesong sounding-out-friends, sinasang-ayunan ng mga Ilokano na ang nakirnet/nakilnet ay tumutugma sa terminong kuripot. Ipinalalagay rin nila na naihalintulad ito sa "naimot"

(madamot), o hindi pagbabahagi ng kung ano ang mayroon siya. Samantala, maaari namang tingnan na ang salitang kuripot ay hindi taal sa mga Ilokano, bagkus sa salin ng adipen(alipin) sa Pampango. Dahil batay kay Propesor Rey Manalo, tagapangulo sa Departamento ng Filipino, San Beda College-Alabang taal na Pampango, maituturing na sila ang nagbansag sa mga Ilokano ng salitang kuripot.

“Kapampangan po talaga ang nagbansag sa kanila (mga Ilokano) ng salitang kuripot. Ang salitang kuripot ay iniuugnay nila sa mga taong ayaw gumasta kapag may handaan o may pagkakagastusan. Taong 1860, ang Capas, Concepcion, Bamban at Lapaz ay bahagi ng probinsiya ng Pampanga. Noong hatiin po ang mga probinsiya noong 1860, ang apat na nabanggit ay naisama sa Tarlac na kung saan majority ay Ilokano. Dumating sa punto na naikumpara ng mga Kapampangan ang tradisyon ng mga Ilokano sa kanila. Karagdagan nito, kuripot ang pantawag nila sa mga taong ayaw gumasta, sa amin kasi kapag pagkakagastusan, todo talaga, kaya nga sabi naman ng iba mayabang ang mga Kapampangan.”

Ang impormasyong ito ay nalaman ni Prop. Manalo sa dinaluhang kumperensiya ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2005. Kung gayon, posibleng ang kuripot ay taal na salitang Kapampangan at hindi sa Ilokano. Posible ring totoo ito dahil ang salitang kuripot ay nakita ng mananaliksik sa *Kapampangan Vocabularies* ni Father Venancio Q. Samson ng Center for Kapampangan Studies, na ang kuripot ay mula sa salitang:

curipot. N. tightwad; adj. rudely frugal; niggardly, miserly; stingy; skinflint, ing taung curiput palagi yang matauad, a tightwad is always seeking bargains; cacuriputan, stinginess, meanness about spending or giving money. Syn. Macunat. Macasacmal magamat.

Mapapansing nakasunod ito sa letrang ‘C’ dahil na rin sa ang wika nila ay higit na naimpluwensiyahan ng wikang Kastila. Patunay ito kung gayon na hindi lahat ng salitang nakapaloob o ginagamit ng isang pook, ay hindi sakop ng kanilang taal na kultura kaya’t maaaring adaptasyon na lamang ito.

Dumako naman tayo sa pag-aanalisang morpolohikal.

2. Morpolohiya

Salitang-ugat ang kuripot dahil wala namang panlaping ku-, gitlaping -ip at hulaping – ot kapwa sa Kapampangan at Ilokano naiuugnay ang salita. Maaaring lapian (panekket) ang salitang ito ng ag- na nangangahulugan ng *panagaramid iti maysa a banag, ti panggaraw, ti panagkuti, ti panagtignay* (nangangahulugan ng paggawa ng isang bagay, pagsunod at /o pagkilos) halimbawa ay *agkuripot*; samantala ang panlaping nag- ay nangangahulugan ng kakayahang maging gawi ang salita kaya ang nagkuripot ay tutukoy sa tao at ang nakakurkuripot naman kung nasa anyong superlatib ito ng pang-uri na tumutukoy sa taong nagkukuripot.

Samantala, maiuugnay rin dito ang salitang *imot/imut* (closed fist) na ipinalalagay ng iba na salitang-ugat ito ng kuripot ngunit walang makitang batayan sa kaisipang ito kaya ito masasang-ayunan gayunpaman, ikukonsidera ito bilang salitang nakapaikot sa salitang dinadalumat.

Silipin naman natin ang pag-aanalisang interlingguwal:

3. Sa Interlingguwal na pag-aanalisa, may nagawang hambingan sa mga panumbas na salita ng ilang lugar/wika sa salitang kuripot: mula sa *UP Diksiyonaryong Filipino Binagong Edisyon* (2010) ni Virgilio Almario, *Diksyunaryo-Tesaurus Pilipino-Ingles* ni Jose Villa Panganiban (1972), at batay sa pakikipanayam sa ilang mga kalahok.

WIKA	KATUMBAS NG "KURIPOT"	KAHULUGAN	SANGGUNIAN
Tagalog	matipid, maramot	hindi madaling gumastos o magbahagi	Almario 2010
Cebuano	<i>tihik</i>	matipid o kuripot	Wolff 1972
Ibanag	<i>fujik</i>	maramot / hindi mapagbigay	Reid 1971
Kapampangan	<i>kuripot; maymut</i>	matipid hanggang sa pagiging maramot	Forman 1971, panayam

WIKA	KATUMBAS NG "KURIPOT"	KAHULUGAN	SANGGUNIAN
Hiligaynon	<i>daluk, dingut</i>	maramot / hindi bukas-palad	Motus 1971
Ilocano	<i>kuripot, nainut</i>	matipid / maramot	Rubino 2000
Ivatan	<i>inut</i>	matipid / hindi mapagbigay	Larson 1986
Indonesian	<i>pelit</i>	Kuripot	Echols & Shadily 1994
Indo-Malaysia	<i>kikir</i>	Kuripot	Wilkinson 1959
Malaysia (Malay)	<i>lolek, bakhil</i>	maramot / kuripot	Wilkinson 1959

Batay rito, magkakaiba ang tumbasan ng mga wika sa salitang kuripot kahit na may pagkakataong magkakasintunog ang mga tumbasan tulad ng sa Cebuano at Ibanag (tuhik vs. fujik), Ilokano at Ivatan (nainut vs. inut) gayundin ang Ilokano at Kapampangan (kuripot). Samantala, malapit naman sa pakahulugan ng wikang Indonesia-Malay sa “pelit” na “pilit” naman sa Tagalog gayundin ang “kikir” sa “kikil”.

Bilang panghuli, gagamitin natin ang intralingguwal.

4. Intralingguwal na Pag-aanalisa

Mula sa salitang “kuripot”/ “kuriput”, makakakuha ng mga salitang may kahulugan buhat dito tulad ng “kur”, “kuri”, “uri”, “ipot” at “pot/put” (basahin sa Ingles)

a. “Kur”- pang. salitang Sumerian na nangangahulugang lupa, bundok o banyagang lupa (a land or mountain or a foreign land) underworld, pangalan ng unang dragon sa kanilang mitolohiya (<https://en.wikipedia.org/wiki/Kur>; huling binasa noong Pebrero 22, 2019).

b. “Kuri”- pang. pangalan ng isang palakaibigang robot na binuo nina Sarah Osentaski at Kaijen Hsiao ng Japan; dinisenyo ito na may personalidad, may-alam at nakakakilos. Isa siyang “kasama” imbes na proteksiyon (Mayfield Robotics 1-19). Si Kuri ay “matalinong kasama sa loob ng bahay”.

c. “Uri” - pang. klase, ayos, tayo, taas, lagay, hanay, tasa, grado (*UP Diksiyonaryong Filipino*)

d. “Ipot” - pang. tae ng ibon, kakarampot, maliit (sariling pakahulugan)

e. “Pot” - pang. burnay, banga, palayok, paso, lagakan, pangunahing produkto ng rehiyong Ilocandia.

Mula sa mga salitang nabuo sa salitang kuripot, tunay ngang mayaman sa kahulugang leksikal ang salitang ito. Bawat salitang nabuo mula rito ay posibleng may kaugnayan sa isa’t isa at may tiyak na ambag sa pangkalahatang kahulugan ng salitang dinadalumat.

Konotasyong maituturing ang kahulugan na ibigay sa interlingguwal na pagpapakahulugan at maaaring totoo ang pagpapakahulugan nina Jose C. Austero at ng kanyang mga kasama na may ilang kalituhan itong nalilikha ang pagbibigay ng konotasyon sapagkat maaaring iba ang gustong palitawing kahulugan sa tunay na kahulugan. Kumbaga, kitang-kita ang pagkakaroon ng bias o may tiyak na pagkiling sa isang kaisipan ng nagsasalita o nagbibigay-kahulugan.

Sa interlingguwal na kahulugan, lumutang na ang kuripot o pagkukuripot ay hindi magandang katangian ng mga Ilokano. Nagdidikta ito ng pagkamakasarili at anti-kapwa na argumento. Ngunit nais ng mananaliksik na pansinin ang mga konseptong inihahain ng intralingguwal na posibleng makapagbibigay ng maliit na pag-asang makapaghahantong na banggain ang kaisipan tungkol sa mga Ilokano.

Tunay na malaki ang gampanin ng kasaysayan, demograpiya at topograpiya sa kalinangan ng isang pook. Unang salitang nahugot sa salitang dinadalumat ay “kur”. Ang “kur” ay salitang Sumerian na nangangahulugang lupa, bundok at banyagang lupain. Mababalikang hindi masyadong pinaunlad ng mga mananakop partikular ng mga Kastila ang lugar ng ka-Ilokanohan kahit na sabihin pang malawak ang mga lupa rito. Dahil sa hindi magandang uri ng lupa rito, kakailanganin ng lakas-paggawa para sa pagpapaunlad nito (CCP Encyclopedia 308).

Dahil sa hirap ng buhay, ginagawa nilang buong taon ang pagtatanim ng palay, mais at tabako para matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan. Sa

Lambak ng Cagayan kung saan lumipat ang mga Ilokanong-Ilocos, masasabing maraming bakanteng lupain na maaring gawing bukid at tumana na maaaring tamnan para sa pangkabuhayan. Samantala, matatandaan ding taon-taon, hindi nakaliligtas sa paghagupit ng bagyo ang mga probinsiya ng rehiyon dahil na rin sa posisyon nito sa mundo at isa rin ito sa 'di nakaliligtas sa sinasabing *gawat* o tagtuyot. Bakit binabanggit ito? Upang maipakita ng mananaliksik ang posibleng salalayan ng kanilang pagiging *mainot* o matipid na isang panumbas sa salitang kuripot ay posibleng batay sa kanilang karanasang dulot ng kalikasan. Isa sa mga estudyante sa senior high school ang lumapit noon sa mananaliksik at pinatatanggal niya ang isa niyang kagrupong dahil sa kuripot daw ito. Hindi ito pinagbigyan dahil alam ng mananaliksik na hindi naiintindihan ng estudyanteng iyon ang praktikalidad na mayroon ang miyembro niyang iyon.

Isa pang kahulugan ng “kur” ay banyagang lupain na kung titingnan naman sa kasaysayan ng mga Isabelino, sila ay migranteng galing sa rehiyon ng Ilocos nakalupaan ng mga Ilokano gayundin na maiaangkla ang kahulugang ito sa pag-aaral ng migrasyong Ilokano na pangunahing dahilan sa pagdadalumat ng salitang ito.

Nabuo naman si “Kuri”, isang palakaibigang robot, sa layuning mabago ang konsepto ng robot na laging inuutusan bagkus magkaroon ng robot na maituturing na kaibigan. Kabaligtaran ito kung gayon ng sitwasyong nabanggit sa una—nawawalan ng kasama o kaibigan ang isang kuripot—samantalang marami sa pagkakataon na ang binabansagang kuripot ay siyang laging takbuhan sa oras ng pangangailangan, pinansyal man o hindi.

Dumako naman tayo sa uri. Tulad ng ibang rehiyon o pangkat, may pansosyal na organisasyon ang mga Ilokano; *babaknang* (mayayaman), *cailianes* (taga-ili o tagabayan) at *adipen*. Lumilikha ang uri ng balanseng komunidad. Gayunpaman, ang mga cailianes o taga-ili ay may malaking oportunidad para maging babaknang. Mapapansing nababansagang kuripot ang mga Ilokano ngunit sa katotohanan, higit na sila ang natatakbuhan kapag oras ng kagipitan dahilan para maihanay sila sa uri ng tao sa lipunan na “babaknang” o mayaman, at “addaan” o mayroon. Maaari ring sipatin sa lente na dahil agrikultural ang karamihang kanilang ikinabubuhay, maihanay sila kung gayon sa magsasaka, amo man o naninilbihan. Samantala, maiuugnay naman ang salitang “ipot” bilang maliit, kakarampot o tae

ng ibon. Mula sa pagiging mainot ng mga Ilokano, ang anumang maliit kapag napagsasama-sama nila, makabubuo ng malaki. Bilang panghuli, ang salitang “pot” (wikang Ingles) o banga. Ang salitang ito ay nagpapakita ng kabuhayan ng Ilokano-Ilocos. Ang *burnay* o banga na nagpapakilala ng kanilang pagiging matiyaga, mapagpasensiya, madiskarte at pagiging masining. Ito rin ay maaaring lagakan o lagayan ng mga bagay na maaring imbakin. Maiuugnay rin dito ang “put” (para sa baryasyong kuripot) o ilagay na maaaring pakahulugang “may-pag-iimbak” o “pag-iimpok”. Ito ang konseptong nais ilatag bilang pantapat sa kaisipang nakalakip sa salitang ating dinadalumat. Ipot man ito kung naipon sa *pot* o banga nang hindi nababawasan, pasasaan ba at mapupuno rin ang lagayan/lagakan.

Mula rito, masasabing ang kuripot ay posibleng taong migrante mula sa isang lugar na kung saan naging kasangkapan niya ang hrap na naranasan sa lugar na pinanggalingan at ginawang inspirasyon ito upang yakapin ang pagpapaunlad ng sarili sa bagong lugar na kinaroroonan. Maiuuri rin siya bilang taong nakaluluwag at mapagkaibigan.

B. Simbolismong Burnay: Pagtatagpo ng Loob, Labas, Lalim at Lawak

Naihahalintulad ng pag-aaral na ito ang kuripot o panagkuripot bilang burnay (banga) at langgam. Bilang guro ng wika at panitikan, palasak na ang salitang simbulo at/o imahen. Madalas itinatanong sa mga estudyante: “Ano ang sinisimbulo ng babae sa katha?”, “Ano ang imaheng inyong nabuo sa pagbasa sa tula?” Samantala, sa komunikasyon malaki ang naitutulong ng mga *icon* upang hindi maligaw ang mga motorista, ang label ng mga gamot at mga kemikal sa laboratoryo ay mahalaga upang maiwasang makapahamak, ang ilaw at ang tamang kulay ngilaw-trapiko ay nakapagpapabilis ng trapiko gayundin na ang labeling, pagbabansag o branding ng mga mamamayan sa isang pangkat o pook ay makatutulong upang makikilala ang sarili nilang kalinangan at kakanyahan.

Tunay na mayaman ang wikang Filipino. Anuman ang katuturang ibinigay o taglay na salita sa kasalukuyan ay posibleng kabaligtaran na nito sa hinaharap. Mahalaga kung gayon ang pagbibigay ng sariling pakahulugan sa isang imahen o simbolo na nakabatay sa sariling karanasan o kultura ng isang tiyak na pook dahil anuman ang naging gawi, kaugalian, kaisipan o karanasan na ikakapsula ito sa kultura.

Kilala ang mga langgam sa modelo ng pag-iimpok ngunit sa pagkakataong ito, gagamitin ng mananaliksik ang *pot* o burnay bilang bagay na kumakatawan sa implikasyon ng pagkukuripot gayundin bilang natatanging pagkakakilanlan ng mga Ilokano. May iba't ibang hugis, may mabigat at may magaan, may iba't ibang materyal na gamit ngunit siguradong magiging imbakan o lagakan ito pagkatapos. Naipakikita nito ang kabuuang kalinangan ng mga Ilokano. Praktikalidad at kasiguraduhan ng bukas ang naihuhulma ng paso o banga. Naipakikilala rin ng banga ang mismong kaugalian ng mga Ilokano sa pagiging matiyaga at matipid na batay sa pag-aaral nina Angelina Tagay at Leah Ballesteros na “Ilocano Familism in The Chichacorn Industry in Paoay, Ilocos Norte, Philippines”, ay katangian ng mga Ilokano (34). Matiyaga dahil kinakailangan ng mahabang pasensiya sa *pagdamili* (paggawa ng palayok, banga, paso at iba pa gamit ang luwad) at malikhain dahil naiiba-iba nila ang disenyo.

Bukod dito, maiuugnay rin ng mananaliksik ang konsepto ng loob, labas at lalim ni Prospero Covar. Isang diskursibong analisis ng dalumat ni Covar bilang pundasyon sa gagawing:

(a) konsepto ng loob, labas, lalim bilang inisyal na bunsuran ng diskursong bubuuin sa danas.

(b) rekonseptuwalisasyon ng loob, labas, lalim, lawak bilang “analitikal na balangkas” sa pagbasa, pagpapakahulugan at pagpapakabuluhan sa kuripot ayon sa ganitong eskima na: (1) loob – lokal na identidad ng mga kalahok, identidad sa Pilipinas; (2) labas – ito ang global na, identidad sa Singapore; (3) lalim – ang pagkukuripot bilang pagkakapangyarihan sa mga Ilokana; at (4) lawak – tumutukoy sa transnasyonalismo, kung paanong naililipat ang kulturang Pilipino sa mga gawi ng mga kalahok sa Singapore.

Sa “Kaalamanang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino” ni Covar, ginamit niya ang metapora ng banga bilang paglalarawan sa tao, gamit ang tatlong dimensiyon nitong loob, labas at lalim. Ang banga bilang isang sisidlan ay may kakayahang maglaman at pag-imbakan ng iba't ibang mga elementong kakayahan din ng isang taong makatanggap ng iba't ibang elementong maaaring bumuo sa kanyang

pagkatao. Subalit hindi lamang ito may kinalaman sa pagtutumbas ng loob, labas at lalim sa isang pagkatao, manapa’y nangangailangan ito ng tamang lapat at ugnayan sa isa’t isa upang maging katiwa-tiwala. Gayundin naman sa usapin ng pagkatao, kinakailangang may tamang tugma ang panlabas na anyo sa kanyang kalooban sapagkat mas nagiging malalim itong repleksiyon ng kanyang kaibuturan o kaluluwa.

C. Diskursibo: Panagkuripot bilang Marangyang Danas

Bawat pook sa daigdig ay may kani-kaniyang kalinangan—may mga pagkakatulad, ngunit mayroon ding malinaw na pagtataliwas. Sa ganitong balangkas maaaring unawain ang pagka-Ilokano, na nag-ugat sa mga katawagang “i-” na nangangahulugang “mamamayan ng” at “loko” na tumutukoy sa mababang lupain (sariling salin; Alvarez 1969). Sa ganitong etimolohiya pa lamang ay mababanaag na ang identidad ng mga Ilokano ay nakaugat sa espasyo, sa lupaing kanilang ginagalawan, at sa mga karanasang humuhubog sa kanilang kolektibong kamalayan. Bilang isang pangkat etnolingguwistiko, kinikilala ang mga Ilokano sa kanilang mayamang kasaysayan, tradisyon, at kultura—mga elementong higit pang pinatitibay ng kanilang ugnayan sa lupa at pagsasaka bilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan.

Mahalagang bahagi ng buhay ng mga Ilokano ang lupa at pagsasaka. Dito nila kinukuha ang kanilang ikinabubuhay bagamat marami na rin sa kanila ang nakapag-aral na. Isa sa kilalang katangian ang pagkukuripot o ang kinakuripot na minsan o madalas kinaiinisang bansag ng ibang etnolingguwistikong grupo sa kanila dahil nagdidikta ito ng pagkamakasarili. Ano ba ang pagkukuripot sa mga Ilokano at kung paano ito inilapat o inilalapat sa pag-aaral?

“Ti makaturog, makamukat; Ti nasalukag, isu ti agbiag.”

(Mabubuhay, ang masipag; Magkakamuta ang tamad)

Kasipagan ang dinidikta ng kasabihan sa itaas. Walang ibang bubungkal ng lupang pinamamahalaan ng mga Ilokano kung hindi sila lang kaya mahalaga sa kanila ang bawat sandali. Wika nga’y mabubuhay ang sinomang masipag. Malaking usapin sa kanila ang lakas-paggawa, ang kumita para mabuhay. Kung kaya makikita sa kanila ang pagiging masipag, madiskarte at may kusang-palo. Likas sa kanila

ang pagtitipid, na naihalintulad sa pagkukuripot dahil natututo sila sa bawat sandaling sila ay nasasagupa ng bagyo o ng salot o ng gawat na dala ng kalikasan dahil sa kanilang katangiang topograpikal. Ang kahandaan para sa darating na bukas ang kanilang nasa isipan.

Sa kabilang banda, maaaring ihambing ang panagkuripot sa konsepto ng pagiging “galante,” na sa ilang wika gaya ng Kapampangan ay iniuugnay sa karangyaan o pagiging marangya. Ang salitang “marangya,” mula sa ugat na “rangya,” ay nagpapahiwatig ng yaman, kasaganaan, at maging ng labis na luho o pagpapakita ng kaginhawahan. Kalakip nito ang idea ng materyal na kasapatan, mga bahay, sasakyan, lupain—gayundin ang panlipunang kapital tulad ng maayos na ugnayan sa pamilya at komunidad. Sa ganitong pagbasa, tila nagkakaroon ng banggaan ang dalawang konsepto: ang kuripot bilang kakulangan at ang marangya bilang kasaganaan.

Subalit sa pagdadalumat na ito, binabaling ang lente upang ipakita ang isang paradoks: ang panagkuripot bilang daan tungo sa marangyang danas. Sa halip na magkatunggali, ang dalawang konsepto ay nagiging magkatuwang. Ang pagiging kuripot, sa anyo ng disiplina sa paggastos, kakayahang mag-ipon, at pagpapahalaga sa hinaharap—ang nagiging mekanismo upang makamit ang isang uri ng karangyaan. Hindi man ito agad nasasalamain sa panlabas na anyo, ito ay unti-unting naipon sa anyo ng seguridad, ari-arian, at kakayahang magbigay hindi lamang sa sarili kundi maging sa pamilya.

Ito ang malinaw na lumilitaw sa karanasan ng mga Ilokanang OFW na kalahok sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng kanilang panagkuripot, nagiging posible ang pag-iimpok mula sa kanilang pinaghirapang sahod sa ibayong-dagat. Ang dating itinuturing na kakulangan—ang pagiging kuripot—ay nagiging puhunan upang maranasan ang isang anyo ng karangyaan, ang pagkakaroon ng sariling bahay, lupa, edukasyon para sa mga anak, at kakayahang tumulong sa kapwa. Sa ganitong diwa, ang marangyang danas ay hindi lamang bunga ng maluwag na paggastos, kundi resulta ng maingat at estratehikong pamamahala ng limitadong yaman.

Samakatuwid, sa pag-aaral na ito, ang panagkuripot ay hindi basta isang negatibong bansag kundi isang diskursibong konstruk na muling binibigyang-kahulugan. Ito ay nagiging isang *marangyang danas*—isang karanasang nagpapakita na ang

tunay na karangyaan ay maaaring makamit hindi sa agarang konsumo kundi sa disiplina, pagtitiis, at kakayahang magpigil. Sa huli, ang bangga ng “galante” at “kuripot” ay hindi simpleng oposisyon, kundi isang masalimuot na ugnayan kung saan ang panagkuripot mismo ang nagbubukas ng landas tungo sa mas malalim at mas matibay na anyo ng kasaganaan.

D.A.N.A.S (Danag, Anus, Namnama, Arapaap, Sanikua): Pagpapakahulugang Mnemonic

Ang salitang “danas” ay salitang-ugat ng “karanasan” na tumutukoy sa pangyayaring naganap o kinasangkutan ng isang indibidwal na maaaring makaimpluwensiya sa kanya sa kung paano siya mag-isip at kumilos.

Sa pag-aaral na ito, binigyang kahulugan ang salitang DANAS bilang akronim na proseso ng pinagdadaan o pinagdaanan ng nakapaloob sa migrasyon. Batay ito sa mga sumusunod sa salita at konsepto mula sa wikang Ilokano:

Danag (kaba/alalahanin/suliranin) – tumatalakay ito sa takot, alalahanin o suliranin kapwa sa pook na nilisan at pinatunguhan ng mga OFW. Dala-dala ito ng mga OFW sa mga unang taon ng kanilang pangingibang-bansa.

Anus (tiyaga/sakripisyo) – pamilya ang pangunahing dahilan bakit nangingibang bansa ang karamihan. Sakripisyong maituturing ang paglayo sa kanila kaya anumang hrap na kanilang mararanasan, gaano man kasakit sa kanila ang nag-iisa sa ibang bansa, pinagtitiyagaan nila ito. Kasama rito ang pagtitiyaga sa mga ugali ng mga amo at mga trabahong kailangan nilang tapusin sa buong maghapon;

Namnama (pag-asa) – sa kabila ng lungkot at hrap na nararanasan habang nasa ibang bansa, bumabangon sila sa kaisipang balang araw maibibigay nila hindi lamang ang pangangailangan kundi pati kagustuhan ng mga kapamilya at maiangat nila ang istatus-pampinansyal ng pamilya. Umaasa sila na darating ang pagkakataon na kapag bumalik na sila nang tuluyan, may papaikutin na silang negosyo, may sasakahin silang maluwang na bukirin na may mga alagang hayop;

Arapaap (pangarap) - samu't sari ang gustong marating para sa sarili, pamilya at maging sa komunidad ang mga kalahok. Nagiging tuntungan nila ito para sa pananatili sa Singapore; at

Sansanikua (mga pundar) – tinutukoy nito ang mga naipon sa kanilang paninilbihan bilang OFW. Sa pagharap nila sa kanilang takot at bunga ng kanilang pagtitiyaga at pagkapit sa kanilang pag-asa, ang kanilang mga pinangarap ay unti-unti nilang nakamtan. Maaaring tumutukoy ito sa materyal tulad ng lupa, bahay, negosyo, sasakyan, mga gamit, alahas at mga nagawang paglibot. Maaari rin itong tumutukoy sa tagumpay tulad ng napag-aral ang kapatid o pinsan o ang sarili at naipagamot ang mga magulang.

Paghulma ng Glokalisadong Identidad sa Ilokanang Migrante

Ang mga Ilokano ay itinuturing na mahahalagang grupong migrante sa loob at labas ng bansa. Sa paglisan ng mga migrante patungo sa iba't ibang pook-trabahuhan sa lokal o internasyunal, bitbit nila ang sariling kultura na maaaring maimpluwensiyahan ng dinatnang kultura bunga ng akulturasyon o mananatili ito bunga ng glokalisasyon.

Madalas na nagmumula sa mga papaunlad o umuunlad pa lang na bansa ang mga migranteng tumutungo sa maunlad ng mga bansa. Bitbit ng mga migranteng ito ang kanilang kahusayan o kadalubhasaan (expertise), bagay na makatutulong sa mabilis na pag-iisip at paggalaw ng kanilang napapasukang kumpanya na nagdudulot ng positibong epekto sa ekonomiya ng bansa, kalakip ang paghahangad ng higit na urbanisadong estado ng pamilya. Idinidikta naman ng globalisasyon ang pandaigdigang pakikipag-ugnayan ng bansa sa lahat ng halos mauunlad na bansa na kung saan may adaptasyon sa gawi o kilos ng mga kaugnay na mga mauunlad na bansa. Tinutukoy ang lokalisasyon bilang proseso ng sariling pagtangkilik at pagpapaunlad na nakaugat sa kultura, kung saan pinahahalagahan ang lokal na wika, gawi, at tradisyon sa gitna ng impluwensiya ng globalisasyon. Nagsisilbi itong panimbang sa pagkakapareho ng kultura na dulot ng globalisasyon sa pamamagitan ng pagpapatibay ng lokal na identidad. Sa gayon, ang lokalisasyon ay nagiging paraan upang mapanatili at mapaunlad ang sariling kultura sa harap ng pandaigdigang pagbabago.

Sa katinayan walang likas na identidad ang tao. Nililikha at hinuhubog ito ng mga puwersang pisikal o di-pisikal, tuwiran o di-tuwiran (Nuncio 3). Kaugnay nito, ang sinumang migrante na may sariling kalinangan mula sa kanyang pinanggalingang pook ay maaaring makaranas ng pagbabago sa kanyang kultura at tradisyon. Maaaring malusaw ang mga ito bunga ng mas mataas na antas ng akulturasyon sa bansang pinatunguhan.

Sa kabilang banda, maaari ring mas mapatingkad at mapataas ang kanyang nakamulang kultura at tradisyon. Ito ay dahil sa impluwensiya ng globalisadong ideolohiya na maaari niyang mapakinabangan at maibahagi sa kanyang pinanggalingang pook, sa pamamagitan ng patuloy na ugnayan at pakikibahagi kahit siya ay nasa ibang bansa.

Ang pagsasalikop ng lokalisasyon at globalisasyon ay tatawagin nating glocalisasyon. Pinalulutang ng glocalisasyon ang kahinaan at kalikasan kapwa ng lokal at global at kanyang sinasala ang mga bayan na maaaring makatulong sa dalawang idea upang magiging mas kapakipakinabang ang resulta.

Kuripot ang bagong Konsepto ng Masinop

Sa kontekstong Ilokano, ang *kuripot* o *panagkuripot* ay karaniwang itinuturing na may negatibong istigma at iniuugnay sa pagiging maramot. Inilalarawan nito ang indibidwal bilang makasarili, anti-kapwa, at kulang sa pakikipagkapwa. Ang ganitong pagtingin ay sumasalungat sa mga pagpapahalagang Ilokano na nakabatay sa pagbibigayan at malasakit sa kapwa. Dahil dito, ang *kuripot* ay nagiging isang panlipunang etiketa na may malinaw na implikasyong moral. Sa kabuuan, ito ay hindi itinuturing na kaayon ng inaasahang asal ng isang kasapi ng komunidad.

Gayunpaman, batay sa datos ng kasalukuyang pag-aaral, lumilitaw ang isang transpormasyon sa pag-unawa sa konseptong ito. Sa halip na ituring na maramot, ang *panagkuripot* ay muling binibigyang-kahulugan bilang isang anyo ng pagiging masinop isang sinadyang pagkontrol sa paggastos at maingat na pamamahala ng yaman. Ang ganitong gawi ay hindi nakatuon sa pansariling interes lamang, kundi nakaugat sa pangmatagalang layunin tulad ng paghahanda sa mga sakuna, katiyakan ng kinabukasan, at kakayahang makatulong sa kapamilya at kapwa sa

oras ng pangangailangan. Sa ganitong pananaw, ang *kuripot* ay isang bagong konsepto ng *masinop*, isang kultural na pagpapahalaga na pinagsasama ang pagtitipid at pananagutang panlipunan.

Sa kabilang dako, sumang-ayon ang karamihan sa mga Ilokanang OFW na sila ay kuripot pero hindi ang kuripot na nagdadamot. Ang mga sumusunod ang naging pakahulugan nila sa salitang kuripot: a) paglalaan/paghahanda para sa kinabukasan, b) pagbibigay, c) pagtitipid, d) mahalagang pagdadamot, e) pag-iipon, f) pagpapahalaga sa pera, g) pagpapautang ng may katuturan, h) matalinong paggasta at i) paraan ng pakikipagkaibigan. Batay sa kanila, ang kuripot ay taong marunong magpapahalaga ng perang pinagpaguran dahil dugo't pawis ang naging puhunan para magkaroon nito. Mula sa pakikipagkuwentuhan, lumabas ang sumusunod na pagpapakahulugan ng kuripot mula sa kanila:

“Iti panagkuripot ket atay haan nga aggastos iti haan nga nasayaat. Haan nga dakes iti panagkuripot ngamin iti kayat na nga saw- en na ket panagtipid mo iti bagbagem ta adda target mo gatangen. (“Ang pagkukuripot ay paggastos sa mga bagay na mahalaga. Hindi masama ang panagkuripot dahil ang ibig sabihin nito ay pagtitipid ng sarili dahil may gustong abutin o ipundar”; salin ng may-akda).

“Para kanyak iti panagkuripot iti Ilokano ket atoy lang iti wagas da tapnu maakurnong iti pang-emergency da ken nalaing lang mangibudget agitay dadduma nga Ilokano isu iti ammu iti kaadwan ket kuripot dan. (“Para sa akin ang pagkukuripot ng mga Ilokano ay paraan lamang nila upang makapag-ipon ng kanilang pondong pang-emergency at ang ilan talagang Ilokano ay mahusay na sa pagbabadget ngunit ang akala ng lahat ay nagkukuripot na sila”; salin ng may-akda).

“Haan nga naimut iti Ilokana. Adda latta panagkuripot ngem adda panagited.” (“Hindi maramot ang mga Ilokana. May panagkuripot kalakip ng pagbibigay”; salin ng may-akda).

“Iti panagkuripot ket panagimped. Ammok ngamin nu ania iti unaek. Nu agitay kayat ko lang, madi paylang kunak nukua. Ngem nu

makan kasdiay, all-out nak. Stress reliever ko gamin. (“Pagtitipid ang panagkuripot. Alam ko kasi kung ano kailangan ko. Kung ito ay wants lang, nagpapas ako pero pagdating sa pagkain, hindi na”; salin ng may-akda).

“Ibaga da nga ti Ilokano ket kuripot ngem siak haan ngamin uray awan mabati kanyak sige lang, agitednak. (“Sinasabi nila na ang ilokano ay kuripot pero sa akin hindi dahil kahit walang matira sa akin okey lang basta makapagbigay ako”; (salin ng may-akda).

Taliwas sa kinamulatang bansag na ang kuripot ay taong walang pakialam sa iba dahil sa pagiging maramot isang taong mapagbigay ang kuripot para sa kanila. Binigyang kahulugan nila ang panagkuripot bilang paraan pagtitipid na bahagi ng kanilang paghahanda sa kinabukasan. Nalalaman nila na walang ibang unang makatutulong sa kanila kung hindi ang sarili nila pagdating ng mga sakuna at kalamidad. Matalinong paggasta para sa kanila ang panagkuripot dahil may pagtitimbang at pagpili bago nila pakawalan ang kanilang pera. Sa lahat ng ito, masasabing ang panagkuripot at bagong konsepto ng pagsisinop.

Samantala, narito ang pakahulugan ng kanilang kapamilya sa salitang kuripot o panagkuripot: a) pag-iipon para sa emergency; b) masinop na pagbabadyet; c) pagtitipid upang makapagbigay; d) pagbibigay sa mga nangangailangan (hal. simbahan, baranggay); e) pagiging galante sa kapamilya; f) pagkakaloob ng bahagi o share tuwing may inuman/pagtitipon; g) mas pagbili nang ayon sa pangangailangan; h) pag-iipong may pagbibigay; i) paraan ng pagpupundar; o) pag-iipon para sa pangarap ng pamilya; j) pagtatabi ng kinita para hindi makakautang at; k) paraan ng pakikipagkaibigan.

“Iti ilokano kuripot ngem nailugar. Di met hardworking na, nag-e-earn sila para iti pamilya da. Kayat da adda pakitkitan iti pamilya da.” (“Kuripot talaga ang mga Ilokano pero nasa lugar. Hindi ba’t hardworking sila, nagtitipid sila para sa kanilang pamilya”; salin ng may-akda).

“Maymayat iti adda naisalukad na ta nu latta adda pakaaramatam. Atay haanka makaut-utang sabili ta adda maalam, ket baka itsimis

da ka pay nangruna idtoy baryo.” (“Mas mainam ay may naitago ka para kapag may pangangailangan ka, hindi ka makakautang dahil baka dahilan pa ito para maitsismis ka sa lalo na sa baryo”; salin ng may-akda)

Pareho ang pagpapakahulugan ng mga naiwanang miyembro ng pamilya sa Pilipinas kaugnay ng kuripot o pagiging kuripot—pagtitipid at pag-iimpok upang may makukuha o may magagamit sa hinaharap. Dagdag pa, makikita ang malasakit dahil nakikita nila ang halaga ng sakripisyo ng mga asawa, anak o ina nilang nangibang bansa batay sa pahayag na:

“Nasken nga adda panagsalimemet gamin haanmet nga kaskari ti trabaho da Manang mo idiay Singapore, isu nga adda latta panagimped tapnu nu makaawidtun nu addan urnongmi” (“Kailangang magsinop dahil hindi naman madali ang trabaho ng Ate mo sa Singapore, kailangang mag-ipon upang makauwi na kapag may ipon na kami”; salin ng may-akda)

Mula sa mga ito, masasabing positibong katangian o kultura ng etnolingguwistikong grupo ang panagkuripot. Nabibigyan ng panibagong-bihis at pagpapakahulugan mula sa mga sitwasyong kontemporaryo o reartikulasyon ang mga umiiral ng kultura, kaugalian o tradisyon at/o katangian o halagahang Pilipino kung saan may pag-uugnay sa panibagong konsepto ng kuripot/pagkukuripot.

Panulak-hilang Puwersa sa mga Ilokanang Migrante

Lumalabas sa pag-aaral ang mga karaniwang sosyo-kultural at pang-ekonomiyang isyung kinaharap at/o kinakaharap ng mga migranteng kalahok sa Singapore na nakaangkla sa Teoryang Panulak-Panghila (Pe-Pua at Hao 32).

Tunay na may iba’t ibang dahilan ang mga Ilokanang OFW sa kanilang pangingibang-bansa, ito ang tinutukoy ni Pe-Pua sa kanyang teoryang panulak-panghila kung saan karamihan ay internal tulad ng paglimot sa trauma, makapangasawa ng ibang lahi, maiahon ang pamilya sa kahirapan, maip plano nang mabuti ang kinabukasan ng anak, at eksternal na dahilan tulad ng pag-iwas sa kaguluhan ng angkan, inhustisya sa mababang sahod at iba pa. Nagiging panghila naman ng mga bansang pinupuntahan ang paglalarawan sa pook bilang

“lupain ng ginto” o “greener pasture” tulad ng Singapore bunga ng katatagan ng kanilang ekonomiya. Totoong iba-ibaang naging buhay ng mga Ilokanang OFW ng/sa Isabela mula noong nasa Pilipinas pa lang sila hanggang sa naroon na sa Singapore. Malinaw na nailahad na magkakaiba sila ng dahilan kung bakit umalis sa Pilipinas. Batay sa kuwento ng ilang mga kalahok:

“Kayat ku malipatan tay naames napasamak, isu inkaradkad ku ti nag-abrod” (“Gusto kong malimutan ang kahindik-hindik na pangyayari kaya ako umalis”; salin ng may-akda).

“Nagrigat ngamin iti kasasaad idia’y Pilipinas, isu nga urayen ah agkatulong wenno agbalin nga yaya uray graduate nak BS in Commerce” (“Napakahirap kasi ng buhay sa Pilipinas, kahit magkatulong na ah o magyaya kahit graduate ako ng BS in Commerce; salin ng may-akda)

“Nagbaba sweldok idia’y clinic, agasem ta 6,000 lang haan nga sulit gastos idi college, tay greener pasture nga kunada isi immikkat nak” (“Ang baba ng sahod ko noon sa klinik, akalain mong 6,000 lang, hindi masusulit ang gastos noong college, paghahanap ng greener pasture kaya ako umalis”; salin ng may-akda)

Mula sa mga tugon, mapapansing may mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga karanasang ito.

Karamihan sa mga Ilokanang OFW ay nagmula sa mga pamilyang ang pangunahing kabuhayan sa Pilipinas ay pagsasaka. Ibig sabihin, bago pa man sila mangibang-bansa, ang kanilang pamilya ay umaasa sa agrikultura bilang pinagkukunan ng kita, kadalasan sa maliit na sakahan o sa mga sistemang tulad ng *kasama* o *porsiyentuhan*, kung saan ang kita sa ani ay hinahati sa may-ari ng lupa at sa magsasaka. Sa ganitong kalagayan, kapansin-pansin na maraming Ilokano ang kabilang sa uring agrikultural na may limitadong yaman, kaya’t nagiging mahalagang dahilan ito ng pangingibang-bansa upang maghanap ng mas mataas na kita at mas matatag na kabuhayan.

Patunay lamang ito na ang pamilyang kinabibilangan ng mga Ilokanang OFW ay nasa braket ng mahirap, walang sariling ari-arian. Sa lokal ng migrasyon ng mga Ilokano mula sa Ilocos patungong Lambak ng Cagayan kung saan matatagpuan

ang Quirino, Isabela, ang pang-ekonomikong aspekto ang isa sa mga dahilan ng pangingibang-bansa. Nakikita ng mga kalahok na hindi sila maiaangat ng pagiging kasamak lang gayundin ng pagkakaroon ng mababang sahod. Mula rito, makikitang sa kagustuhang maiangat ng mga Ilokanang OFW ang kanilang mga pamilya mula sa braket ng “mahirap” ninais nilang mangibang-bansa. Sa madaling salita, sila ang pananagisag ng ‘di mabilang na Filipinang nangingibang-bansa para maging tagapag-alaga ng mga bata o kasambahay sa kasalukuyan, isang kalagayang binuksan ng labis na kahirapan sa sariling bansa at ng globalisasyon ng paggawa (Torres-Yu 2007).

D.A.N.A.S ng mga Ilokanang Migrante

Tulad ng pagkakaiba ng mga dahilan ng pangingibangbansa ng mga Ilokanang OFW, magkakaiba rin ang danas mula sa kanilang D.A.N.A.S na nagmumula sa kanilang iba’t ibang gampanin tulad ng pagiging anak, asawa, ina, babae at mangggawa sa kabuuan.

Inilalahad sa Figura 1 ang kabuuang D.A.N.A.S ng mga kalahok. Ang D(anag) ay tumutukoy sa takot, alalahanin o mga pangamba para sa sarili, pamilya at lipunan ng mga Ilokanang OFW. Makikitang dala-dala at bitbit nila ito kapwa sa Pilipinas




Fig. 1: Magkakaibang D.A.N.A.S ng mga Ilokanang OFW

at sa Singapore. Mapapansin na ang mga sumusunod ang d(anag) o alalahanin ng mga kalahok sa Pilipinas man o sa Singapore: a) pag-iiwanan ng anak habang nasa trabaho; b) kasapatan ng sahod; c) pagtulong sa mga magulang; d) pakikisama sa mga biyenang; e) matinding kahirapan; at f) pag-aaral ng mga anak ng mga sumusunod naman ang mga alalahanin ng mga Ilokanang OFW sa Singapore : a) pagtrato ng amo; b) kaligtasan ng mga alaga; c) bigat ng trabaho; d) alalahanin sa pamilyang iiwanan; e) katatagan ng pamilyang iiwanan; f) sariling kalusugan pati ang anak/mga anak; g) mga magiging kaibigan; at h) walang kasiguruhan ang kontrata. Batay nga sa ilan sa kanila:

“Buteng ko lang idi baka adda haanmi pagtinnunusan ayanti katugangak nga babae. (“Takot ako noon na baka magkaroon kami ng hindi pagkakaunawaan ng aking biyenang”; salin ng may-akda).

“Madanagannak nu kayak metla trabaho (“Alalahanin ko kung kaya ko ba ang trabaho”; salin ng may-akda).

“Dagiti banag nga pagdandanagak idi ket nu madik mapagadal dagiti annak ko. (“Kinatatakutan ko noon ang kaisipan na baka hindi ko mapag-aral ang mga anak ko”; salin ng may-akda).

“Iti nagdandanagak met kada amongku ket nu mayat metlang ti ugali da ken turing da kanyak, agkinnawatan kami ngata ken magustuwan dak metlan ngata nga agserbi kaniada kangrunaan kayak ngata makidanggay kanyada (“Naging alalahanin ko noon kung mabuti ba ang mga amo ko, magkakaintindihan kaya kami at magugustuhan nita kaya iyong serbisyo ko”; salin ng may-akda).

Buhat sa mga alalahaning nabanggit, ang matinding kahirapan na naranasan ang pangunahing isinagot ng mga Ilokanang OFW kaugnay nito ang paraan ng pagtataguyod ng pamilya sa maliit nilang kinikita sa pagsasaka at pamamasukan. Ito ay patunay kung bakit may diasporang Pilipino— dahil may pagnanais na makaahon sa kahirapan. Matatandaang ito rin ang dahilan kung bakit may lokal na migrasyon ang mga Ilokano sa Lambak ng Cagayan batay sa pag-aaral ni Tamayao sa kaniyang Ilocano Diaspora to Cagayan na ang migrasyon kadalasang may kaugnayan sa ekonomikong dahilan pangunahin na ang kahirapan (78).

Sa isang bansang kabilang sa Ikatlong Daigdig tulad ng Pilipinas, itinuturing na “kanser ng lipunan” ang matinding kahirapan na bunga ng iba’t ibang salik na may kinalaman sa mamamayan at pamahalaan. Kadalasan, hindi sapat ang kinikita sa maghaponing pagtatrabaho upang matugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan, o kung sapat man, ito ay eksakto lamang para sa pangunahing gastusin tulad ng pagkain, tirahan, at iba pang batayang pangangailangan. Dahil dito, maraming indibidwal ang nananatiling nasa kalagayang “isang kahig, isang tuka,” kung saan walang natitira para sa ipon o pangmatagalang seguridad.

Naging alalahanin din kung kanino ipagkakatiwala ang anak habang sila’y nagtatrabaho. Patunay ito na sa kabila ng kagustuhang matulungan ang asawang lalaki na buhayin ang pamilya, naroon pa rin ang katotohanang walang ibang tao ang makakaako ng maka-inang tungkulin. Mahusay ang nabanggit na pag-aaral ni Myla Arcinas sa kanyang “Ang Mag-Ina sa Panahon ng Feminisasyon ng Lakas Paggawa” (2008), dahil hindi lamang niya inilatag ang patern ng migrasyon at ang kontemporaryong kalalagayan ng mga inang OFW, kundi nailatag rin niya rito ang implikasyon ng paglisan ng ina sa mga anak. Naibibigay nga ang pangunahing pangangailangan ng mga anak gayundin ang mga gusto nila at may pang-araw-araw namang komunikasyon sa mga ito, ngunit naroon pa rin ang pangangailangan ng totoong presensiya nila. Para mabawasan ang “mom-guilt” ng mga inang OFW, gumastos sila sa nagiging yaya o tagapagalaga ng mga ito upang may pansamantalang humalili sa kanila. Batay kay Arcinas, hindi lamang pisikal na naiwan ng mga babaeng migante ang kaniyang anak kung hindi maging ang responsibilidad at obligasyon din bilang isang asawa at ina (25).

Salungat ito sa panayam sa mga kalahok dahil batay sa kanila ang pag-alis ng ina sa anumang lebel, lokal o nasyunal ay hindi nangangahulugang iniwanan na ang responsibilidad nito sa mga anak. Sa halip, dala-dala pa rin ng mga ina ang kanilang tungkulin at malasakit saanman sila mapadpad, bunga ng paniniwala at ideolohiyang nagsasabing ang responsibilidad sa pamilya ay nananatiling bahagi ng kanilang pagkatao at patuloy na ginagampanan kahit sila ay nasa malayong lugar.

Sa Singapore, mapapansing baon din nila ang alalahanin sa kalagayan ng pamilyang iniwanan. Bunga ng matinding ugnayan ng mga pamilya, iniisip pa rin ng mga Ilokanang OFW ang kalagayan ng mga magulang, asawa at mga

anak dahil nasanay na rin ang mga ito sa kanyang presensiya. Kaya nga, halos sa kanila rin napupunta ang lahat ng sahod dahil pakiramdam ng mga OFW ay paraan na lamang nila ito upang makabawi sa kanilang paglayo. Inilahad ni Fanny Garcia sa kanyang pag-aaral na “Pamilya, Migrasyon, Disintegrasyon”, na sa kagustuhang hindi mag-alala ang pamila, ang mga OFW ay hindi nagbabahagi ng kanilang problema sa mga ito. Dagdag pa, nakasanayang kaugalian na rin ang mga pagpapadala ng pera at regalo bilang bawi o panakip-butas dahil sa pagkakawalay sa pamilya (273).

Gayundin naman, pinakaalalahanin din ng mga Ilokanang OFW ang pagtanggap, pagsunod sa kontrata at trato naman ng kanilang mga amo. Bunga ito ng mga balitang marami sa mga OFW ang minamaltrato at hindi nasusunod ang kontratang kanilang pinirmahan tulad ng hindi pagbibigay ng day-off. Alalahanin nila ito dahil nakasalalay sa trato ng mga amo ang kaligtasan at ikatatagal ng kanilang pananatili sa naturang bansa. Sa oras kasi na hindi naging maayos ang trato at pakikisama ng mga ito, malaki ang mababalewalang sakripisyo mula sa kanila lalo na’t karamihan sa kanila ay nangutang lamang ng pera upang maproseso ang kanilang mga dokumento patungong Singapore. Dagdag din sa takot nila na baka makagawa sila ng labag sa batas ng Singapore lalo na at may mga bata silang inaalagaan. Maiuugnay rito ang iba pang kuwento ng mga OFW na nahatulan ng kamatayan sa ibang bansa.

Lumutang sa kanilang mga tugon na pangunahin nilang takot ang para sa mga anak at pamilya sumunod na lang ang pag-alala sa sarili. Patunay ng pagpapahalaga ng Pilipino sa pamilya (Arcemo et.al, 84). Katangian ng mga babaeng miyembro ng pamilya ang buong pusong paglalaan ng sarili para sa pamilya. Susog ito sa talakay ni Aguilar mula sa pag-aaral ni Torres-Yu (2007) na, maternal o likas sa isang ina ang pagsasakripisyo para sa kaniyang pamilya.

Sa pagpapatuloy, naging *a(nus)* o sakripisyo naman ng mga pangunahing kalahok ang: a) maliit na sahod/pinagkakasya ang maliit na sahod; b) hirap ng buhay sa bukid; c) hirap ng buhay may-asawa; d) pakikisama sa mga biyenang sa kabila ng pangungutya ng mga kamag-anak; e) mapanghinalang katangian ng amo; f) walang kasiguruhang trabaho; at g) pagiging working student.

Samantala, ang mga sumusunod naman ang *inan-anusan* o pinagtitiisan ng mga Ilokanang OFW sa Singapore: a) pangungulila; b) walang hanggang pagtulong sa pamilya; c) paglayo sa mga maliit pang anak; d) pagkainggit sa mga masasayang pagdiriwang/kaganapan sa Pilipinas; e) pag-iisa/pag-aalaga sa sarili tuwing nagkakasakit; f) pakikisama sa mga amo; g) pakikisama sa ibang lahi/kustomer; h) hirap ng komunikasyon; i) anak na magastos at asawang manginginom; j) hirap sa pag-aalaga ng tatlong maliliit na bata; k) pasakit na dala ng pangangaliwa ng kabiya; l) paninigaw ng mga amo; m) maagang paggising; n) pagbabayad ng utang; o) ang takot na dulot ng paglayo; p) harapang pamumunang trabaho mo; q) pagtitiyaga sa ugaling paiba-iba ng amo; r) mahirap na trabaho; at s) sunud-sunod na utos ng amo at pagtatrabaho ng off dahil umeekstra.

Sa kabila ng pagtitiis o sakripisyo, nananatiling may *n(amnaman)* pag-asang hawak ang mga kalahok. Sa naisagawang kuwentuhan, nailahad nila ang mga sumusunod:

“Anus iti toxic nga sched, kuma ket pirmi bannug ngem haan nga well-compensated” (“Pagtitiis sa toxic na iskedyul, sa lagay ay pagod na pagod pero kulang ang sahod”; salin ng may-akda)

“Sakripisyo nga makunak iti panagworking student. Narigat ngem talaga kasdiay, kinayak met” (“Sakripisyong maituturing ang pagiging working student petalagang ganoon”; salin ng may-akda)

“Yaman ko ta idi tawen iti 2014-2018, uppat a tawen nga maminsan nak lang agday-off, maysa nga aldaw lang ti bulan nga awan trabahok.” (“Nagpapasalamat ako dahil noong 2014-18, sa apat na taon ko ay minsan lang ako mag “day-off”- araw na walang trabaho”; salin ng may-akda)

Dahil sa likas na positibo ang mga Pilipino, nanatili silang may *n(amnama)* o pag-asa. Marami sa mga Ilokanang OFW na ang kanilang pag-asa’y nanggaling sa Poong-Maykapal gayundin sa asawa’t anak at ang iba naman sa kanila ay ang mismong kahirapan na kanilang naranasan. Ang pag-asang ito ang nag-udyok sa kanila upang patuloy na mangarap. Makikita ito sa mga inilahad nila sa kanilang mga tugon na:

“Ni Love amin paggaggappuan iti tibker ken namnamak, manipud Pilipinasken ditoy. (“Si Love lagi ang pinanggagalingan ng lahat ng lakas ng loob at pag-asa ko mula noong nasa Pilipinas hanggang ngayong nandito ako”; salin ng may-akda)

“Nasayaat latta kuma ida(employer) a kankanayun. (“Mabuti pa rin sana ang trato sa akin hanggang dulo”; salin ng may-akda)

“Namnamak latta nga addantu latta panagdur- as, adda latta panangnga-asi ni Apo (“Darating din ang pag-angat, may awa ang Diyos”; salin ng may-akda)

“Namnamak ken kararag ko nga kinanayun nga kinasingpet dagiti amo (“Manatili ang kabutihan ng mga amo”; salin ng may-akda)

“Dakkel nga tulong iti gagayyem nu adda problema (“Malaki ng bagay na may mga kaibigan tuwing may problema”; salin ng may-akda)

Makikita mula sa mga tugon nila na ang mga anak, pamilya, kaibigan at Panginoon ang tanging sandigan at kuhanan ng lakas ng loob. Mataas ang pananalig at paniniwala nilang may Diyos sa kabila ng lahat.

Lahat ng mga kalahok ay may mga *a(rapaap)* o pangarap na nais maabot— personal, pampamilya at panlipunan. Karamihan sa kanilang mga pangarap sa Pilipinas ay ang mga sumusunod: a) mas maayos/magaan na pamumuhay; b) makatulong sa pamilya; c) makapag-aral ang mga anak; d) makapagpundar; at e) makabukod ng tahanan. Dahil sa matinding hira ng buhay na kanilang naranasan sa sariling bansa, naroon ang higit nilang kagustuhan na makalaya sa kahirapan at magkaroon ng maayos/magaan na pamumuhay. Kaakibat din nito ang kagustuhang matulungan ang pamilya at mapag-aral ang mga anak.

Samantala, bitbit pa rin ng iba ang ilang pangarap na hindi natupad bago magtungo ng Singapore at naging mas tiyak ang mga ito tulad ng mga sumusunod: a) manatiling mabuti ang amo; b) maihanda ang kinabukasan ng mga anak; c) makapagpatayo ng sariling bahay; d) pagiging matino ng asawa; e) matulungan ang anak sa pinansiyal na pangangailangan; f) mapagtapos ang mga anak;

g) maituloy ang pag-aaral; h) makapamasyal sa iba't ibang lugar at mabili lahat ng gustong bilhin; i) makabili ng sasakyan; j) makabili ng lupa/bukid; k) makaipon at makapunta sa iba pang bansa; l) makapag-asawa; m) matulungang makapangibang-bansa ang ibang miyembro ng pamilya; n) kalusugan ng sarili at pamilya; o) manatiling buo ang pamilya; at o) magkaroon ng tunay na kaibigan. Masaya nilang naibahagi ang kanilang mga inasam, inaasam o pinapangarap tulad ng mga sumusunod:

“Atay awan makunkunda kanyak (“Iyon sanang wala silang masasabi sa akin”; salin ng may-akda)

“Maipurwakak bassit da Inang uray bagas lang Ken mabingaybing ay iti tulong iti kakabsat (“Makapagbigay ako kahit kaunti tulad ng bigas sa aking mga magulang”; salin ng may-akda)

“Buo latta kuma iti pamilyak uray addayuak. (“Buo pa rin sana ang pamilya ko kahit malayo ako”; salin ng may-akda)

“Arapaap ko makabalay iti nasayaat kuma met (“Pangarap kong makapagpabahay nang maayos naman”; salin ng may-akda)

“Arapaap ko nga makapagpundar da tao (“Pangarap kong makakapagpundar ako”; salin ng may-akda)

“Itoy sarilik free lang basta han nak met nagsasakit ken syempre haan nakbaybay-an dagitoy amok finacially ken health. (“Sa aking sarili basta hindi nagkakasakit at syempre iyong hindi ako pababayaang mga amo ko lalo na pagdating sa pinansiyal at kalusugan”; salin ng may-akda)

“Atay nasimsimbeng nga panagbiag” (“Iyon sanang mas maayos, maalwan at kuntentong buhay”; salin ng may-akda)

“Makapagpundar iti bassit a negosyo ken lugan nga pagpasyar ken pangtalon (“Makapagpatayo ng isang maliit na negosyo, sasakyang panggala at pambukid”; salin ng may-akda)

“Arapaap ko mit ii sarili mi nga balay, tapno haannak makidiyan kenni katugangak . . . (“Pangarap kong makapagpundar ng sariling bahay, para maiwasang makitira sa mga biyenang”; salin ng may-akda)

“Atay kuma met nu Fiesta ket makapagdonate ito pangraffle (“Iyon sanang kapag may Fiesta ay makakapag-donate ng pang-raffle”; salin ng may-akda)

“Makalippas kuna da Adingko tapno awan makuna ni Tatangko idiay lang (“Mapagtapos ko sana ang aking mga kapatid upang walang masabi ang Tatay sa langit”; salin ng may-akda)

Makikita mula sa mga sagot ng ilang mga kalahok na umiikot lamang sa sa komunidad, sa pamilya at sa sarili ang pangarap. Mahihinuha mula sa mga ito na nasa sistema ng mga kalahok ang pagtulong at pangangarap sa pamilya. Nangangarap nang mataas ang mga panganay at sinisikap maging mabuti dahil ang mga katangiang ito ay inaasahan mula sa kanila (Adler ix-x; Alvarez et.al, 6). Madalas din na ang mga panganay sa pamilya ang tumatayong mga magulang at nagpapaaral sa mga kapatid. Sa ganitong paraan, masasabing mabigat ang responsibilidad na nakaatang sa kanila. Gayumpaman, maoobserbahan sa pakikipanayam na *selfless* ang karamihan sa mga kalahok pagdating sa mga kapatid at pamilya.

Ang makatulong sa mga kapatid, magulang at mapagtapos ang mga anak para sa mas maganda nilang kinabukasan ang pangarap ng mga llokanang OFW. Inilahad din nila na dahil bihira sa kanila ang nakapagtapos ng pag-aaral, ang makitang matagumpay ang miyembro ng pamilya bunga ng edukasyon ay kaligayahan na nila. Sumunod din ang makapagpundar ng bahay at lupa dahil sa pagnanais na mabigyan ng maayos na buhay ang buong pamilya. Pangarap ng karamihan sa kanila ang lupa o bukid dahil naniniwala silang mas malaki ang matitipid kapag may sariling lupang sinasaka. Aminado ang karamihan sa kanila na malaking tulong ang pagiging OFW kaya pangarap ng isang kalahok na makapangibang-bansa na rin ang kanyang kuya para sa pamilya niya dahil hindi man sabihin ng kalahok, naroon ang pagkasawang tumulong dahil nakadepende ang buhay ng pamilya ng kapatid at ng iba pang miyembro ng pamilya sa padala niya.

Samantala, dahil likas sa kanila ang determinasyon hindi katakataka na ang kanilang mga pinapangarap ay kanilang makukuha at ito ang magsisilbing *s(anikua)* o pundar nila. Sa Pilipinas dahil maliit palang ang sahod ng ilan ang mga sumusunod ang itinuturing nilang pundar: a) pansariling gamit; b) maraming kaibigan sa baryo bunga ng magandang pakikisama; c) masayang pamilya; d) nakapagpatayo ng tindahan. Mula rito makikita na wala masyadong pundar dahil sa kakapusan. Subalit, mahihinuha sa kanilang mga kuwento ang pagiging masaya dahil kasama ang pamilya at nakadadalo sa mga salusalo o programa ng baranggay. Wala man pinansiyal, naroon ang naipundar na magandang samahan sa pamilya at mga kaibigan.

Makikita naman na marami ang pagbabago sa kanilang buhay mula nang nakapangibang-bansa bunga ng pagkakaroon ng mas malaking sahod. Pagkarating sa Singapore, ang mga sumusunod ang kanilang naging pundar (materyal at ugnayan): a) bahay, lupa, at bukid; b) mga sasakyan (single na motor, traysikel, *four wheels* at mga gamit sa bukid; c) mga alahas; d) pambayad sa pagkakautang; e) ipong pera sa bangko; f) insurance/SSS; g) dagdag na salapi para sa kasiyahan (biyahe, pagkain sa labas); h) pang-alawans/maintenance na gamot ng magulang; i) pampaaral ng mga kapatid, pamangkin at pinsan; j) magandang ugnayan sa pamilya dahil sa pagbibigay ng alawans sa pinapaaral; k) mga kaibigan; l) edukasyon/propesyunal na mga anak; m) magandang kalusugan; n) buong pamilya sa kabila ng mga pinagdaanan; o.) negosyo para sa pamilya at; p.) donasyon sa mga proyekto sa simbahan. Mula sa mga ito, ang pagpupundar ng bahay, lupa at bukid ang karamihang inunang naipundar ng mga Ilokanang OFW. Ang kaisipang ito ang nagiging simbulo o tanda ng Idagdag pa rito, matatandaang laging dinadaan ng bagyo ang kanilang lugar. Ang maayos at masinop na bahay para sa pamilya ay makapagdudulot sa kanila ng pagiging kampante dahil komportable ang pamilya sa Pilipinas. Ang bukid ang kasunod na ipinupundar upang masiguro na may pagkukuhanan sila ng kanilang ikabubuhay. Dahil sa pagiging maparaan ng mga Ilokano, hindi na nagiging alalahanin ang pang-araw-araw na pagkain dahil marami na silang mapipitas na gulay mula sa kanilang mga tanim. Samakatuwid, gaano man kaliit ang lupang sinasaka kung sarili naman ito, mabubuhay na kahit paano ang pamilya basta nasa payak lamang ang kanilang pamumuhay. Naging pundar din nila ang mga sasakyan at mga gamit sa bukid. Dahil nga ang

mga kalahok ng pag-aaral na ito ay mula sa rural na lugar, mahirap ang walang sariling sasakyan dahil may kalayuan sa kanila ang kabilang bayan kung saan sila namamalengke. Ang pagkakaroon ng single na motor, traysikel at four wheels ay malaking tulong sa kanila kung dumating ang emergency. Gayundin, nagagamit nila ito kapag naglalako ng kanilang mga produktong palay at gulay. Malaki rin ang kanilang matitipid kapag may sarili silang gamit/motor pambukid dahil hindi na sila magrerenta para sa patubig at pag-aani dahil sila na mismo ang operator ng kuliglig at *reaper* nila. Maliban pa ito sa pagkakaroon nila ng mga sariling kalabaw at kariton.

Sinasang-ayunan ng pag-aaral ni Turgo Tullao Jr. ang ganitong pagpupundar ng mga OFW. Ayon sa kaniya, kadalasang ginugugol ng mga pamilyang tumatanggap ng padala mula sa mga nangimbang-bansa ang ipinadalang pera sa pabahay, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlibangan (73).

Sa kabilang banda, pundar ding maituturing ang mabuting relasyon sa pamilya lalo na ang pananatiling buo ng mga ito sa kabila ng pagtataksil ng mga asawa at mabuting relasyon sa mga amo na ang turing na sa kanila ay kapamilya. Dagdag rin dito ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa grupo ng Quirinians, grupo ng mga OFW ng bayan ng Quirino sa buong mundo at ang pagsuporta ng mga ito sa mga proyekto ng grupo gayundin na higit na napapayabong ang magandang samahan.

Mula sa datos, masasabing iba-iba ang danas sa D.A.N.A.S ng mga kalahok bunga na rin ng pagkakaiba ng kanilang pinanggalingan o pinaniniwalaan ngunit makikitang ang lahat ng kanilang sakripisyo ay nag-uugat sa pagmamahal sa pamilya. Samantala, masasabi ring malaki ang sakripisyo ng mga naiwanan nilang miyembro ng pamilya dahil sila ang umako at umaakto sa mga responsibilidad-pisikal ng kanilang kapamilyang nangibang bansa. May sarili ring danas ang pamilyang naiwan at malaking bagay ang komunikasyon upang manatiling magkaugnay at buo ang parehong kasangkot sa pangingibang bansa.

Mga Sosyo-kultural at pang-ekonomikong Isyung Kinaharap

Lumalabas din sa pag-aaral na ang mga sumusunod ay ang mga karaniwang sosyo-kultural at pang-ekonomiyang isyung kinaharap at/o kinakaharap ng mga migranteng kalahok sa Singapore na nakaangkla sa Teoryang Panulak-Panghila

(Pe-Pua; Hao 32): a) Kahirapan—ang pangunanging usapin na nagtulak sa mga OFW na makipagsapalaran. Sa kabila ng karangyaan o pagkamayroon dahil sa pangangibang-bansa, makikita pa rin ang pag-iral ng “panagkakuripot” sa mga kalahok dahil sa kahirapang naranasan mula sa kanilang pagkabata; b) Kawalan ng trabaho/mababang sahod. Magkaugnay ang kahirapan at kawalan ng trabaho. Ang dalawang ito’y resulta ng isa’t isa; c) Job mismatch na nakapaloob sa kawalan at pansamantalang trabaho; Maituturing itong global na isyung pang-ekonomiko. Hindi akma ang kanilang natapos sa dinatnang trabaho sa Singapore subalit mas malaki ang sahod kung ikukumpara sa paggamit ng kanilang natapos na digri sa Pilipinas; e) Pagbubuntis sa murang edad— hindi nakapagtapos ng pag-aaral dahil sa maagang pagbubuntis at/o pag-aasawa dahilan ng mas mababang oportunidad ng trabaho sa pinanggalingang pook; f) Pagiging palaasa ng anak sa magulang o ng kapatid sa kapatid—mabuti ang pagkakaroon ng magandang samahan sa loob ng tahanan ngunit ang kaugaliang ito’y posibleng tinuturuan ang isang miyembro ng pamilya na maging tamad at palaasa.

Pag-igpaw at Pag-angkop: Ang Glokalisadong Identidad ng mga Ilokanang Migrante sa Singapore

Idinikta ng globalisasyon ang pag-angat o pagbabago tungo sa pag-unlad samantalang ang lokalisasyon naman ay pagpapanati at pagpapatatag sa mga produkto o kulturang lokal. Ang glokalisasyon ay repleksiyon ng globalisasyon sa lokal. Ibig sabihin, hindi nawawala ang lokal kapag naimpluwensiyahan ito ng globalisasyon (Roudometof 1-45). Mula rito, masasabing ang glokalisasyon ay pinagsanib na globalisasyon at lokalisasyon. Ito ay tumutukoy sa akto ng pagdadala ng ideang global sa lokal bunsod ng puwersa ng migrasyon. Makikita ang aktong ito sa mga sumusunod: a) Pagbili ng gamit pantahanan mula Singapore sa paniniwalang mas matibay ang kalidad nito kasi subok na. Ito ang ginagawa ng ilan sa mga kalahok. Bumibili sa Singapore ng kagamitan tulad ng kobrekama gamit pangkusina at iba pang gamit sa bahay na iniipon sa balik-bayan box sa paniniwalang sulit ang pinambili dahil sa kalidad nito. May pagkakataon din naman humahanap sa Pilipinas ng parehong tatak o brand katulad ng ginagamit sa Singapore; b) Panggagaya sa disenyo ng mga kabinet o muwebles ng bahay sa Singapore sa kanilang bahay. Kadalasang nakakukuha ng idea ang mga kalahok sa istilo ng bahay na pinanunuluyan para sa kaniyang ipinatatayong bahay sa

Pilipinas; c) Pagkakaroon ng pagkakakitaan. Natutunan ng ilang kalahok sa kanilang mga amo ang pagkakaroon ng raket na pagtitinda ng *tupperware brand*. Ang pagbebenta ay nagaganap tuwing day-off ng mga kalahok at mga; kapwa Pinoy rin naman ang bumibili sa kanilang paninda; d) Pagbibigay ng donasyon sa simbahan, baryo, o sa mga nanghihingi o nagsosolicit. Karaniwan nang senaryo sa mga OFW ang pagbebenta ng tiket o sobre ng mga kumakandidata sa mga pakontest sa paaralan o sa baryo na anak ng mga kamag-anak o kaibigan sa Pilipinas. Maraming pagkakataon din na nakatatanggap sila ng liham mula sa kanilang Pastor o mga kapwa miyembro sa kanilang simbahan. Kadalasan, pera ang kanilang naipaaabot na donasyon sa simbahan na naibibili naman ng kagamitang musikal at LED TV para sa bahay-panambahan o kapilya; at e) Pagpapaaral sa mga pinsan at pamangkin. Bahagi ang obligasyon ng mga OFW ang makapagpapaaral ng miyembro ng pamilya. Dahil pamilya ang pangunahing dahilan ng pangingibang-bansa, nagiging prayoridad ng karamihan ng OFW ang edukasyon dahil sa paniniwalang malaki ang magagawa ng diploma upang makaalpas sa kahirapan. Sila ang karaniwang kumukumbinsi sa mga miyembro ng pamilya na unahin ang pag-aaral, kaya karaniwang sila ang sumasagot sa alawans at matrikula ng anak, kapatid, pamangkin o pinsan.

Sa kabuuan, lumilitaw na ang pagiging kuripot, na mas angkop na maunawaan bilang panagkuripot, ay hindi simpleng katangiang personal kundi isang anyo ng tunay na kalakasang kultural ng mga migranteng Ilokana. Matingkad ang pag-iral nito sa kanilang glocalisadong identidad, kung saan nananatili ang matalinong pagpapasya sa paggugugulan ng oras at salapi sa kabila ng kanilang paglalakbay sa isang global na espasyo tulad ng Singapore. Sa mas malawak na konteksto, naiuugnay rin ang panagkuripot sa ambag ng mga migrante sa pambansang ekonomiya at sa pagpapaunlad ng kanilang mga pinanggalingang baryo, sa pamamagitan ng padala, pagtitipid, at maingat na pamamahala ng yaman.

Kaugnay nito, ipinapakita rin ng pag-aaral na malaking bahagi ng diaspora ay binubuo ng mga Ilokano, at kapansin-pansing marami sa mga ito ay kababaihan— isang realidad na sumasalamin sa historikal nang kakayahan ng kababaihan sa pakikipagsapalaran, lokal man o internasyonal. Ipinakikita ng mga datos na ang mga Ilokanang migrante sa Singapore ay may sari-saring indibidwal na danas na hinuhubog ng mga pangtulak, gaya ng kalagayang sosyo-ekonomiko sa Pilipinas,

at mga panghila, tulad ng mga oportunidad para sa mas maayos na pamumuhay sa Singapore. Sa ganitong proseso, lumilitaw ang panagkuripot bilang mahalagang salik sa kanilang pag-angkop at pag-iral sa bagong kapaligiran. Sa huli, ang pagsasanib ng mga lokal na pagpapahalaga at global na karanasan ay nagbubunga ng isang natatanging glocalisadong identidad na sumasalamin sa patuloy na pagdadala, pagbabago, at pagpapatibay ng pagka-llokana sa ibayong dagat.

MGA SANGGUNIAN

- Aguilar, Filomeno V., Jr. *Studying Migration and the Family*. Ateneo de Manila UP, 2009.
- Almario, Virgilio S. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Binagong edisyon, UP Sentro ng Wikang Filipino, 2010.
- Arcemo, Micaella, et al. "Ang Magkamali ay Pipingutin Ko: Pagkilatis sa Pamumuhay ng Pamilyang Pilipino sa Modernong Panahon." *PU-Laguna Journal of Arts and Sciences*, vol. 4, no. 2, 2022, pp. 74–90. Web. lpulaguna.edu.ph/wp-content/uploads/2023/10/JAS-22-6.pdf.
- Arcinas, Myla. "Ang Mag-ina sa Panahon ng Feminisasyon ng Lakas Paggawa." *Malay: Internasyunal na Journal sa Araling Filipino*, vol. 20, no. 2, 2008, pp. 26–35. Web. ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FMALAY%2FVol.+20+No.+2+%282008%29%2FMS%2FMALAY+202_3Arcinas.pdf.
- Capulla, Rose Pascual, and Feorillo Petronilo A. Demeterio III. "Ang Senyas: Diskurso ng Pagkabansa mula sa mga Pangunahing Materyal na Ikon sa 29 na mga Obra ng Siningsaysay." *International Journal of Research Studies in Education*, vol. 9, no. 8, 2020, pp. 89–112. Web. consortiacademia.org/journal/index.php/ijrse/article/view/574.
- Constable, Nicole. "Foreign and Domestic in Hong Kong." *Maid to Order in Hong Kong: Stories of Migrant Workers*. 2nd ed., Cornell UP, 2007, pp. 1–17. Web. www.jstor.org/stable/10.7591/j.ctt7v7s1.6.
- Covar, Prospero R. "Kalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, vol. 21, no. 1, 2015, pp. 79–89. Web. journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4915.
- Deleña, Mary Irene Claire S., et al. "Pagbasa sa Identidad ng Kabataan sa Panahon ng Digital na Midya." *Mabini Review*, vol. 8, no. 1, 2025, pp. 40–46. Web. publishing.pup.edu.ph/ojs/index.php/MabRev/article/view/309.
- Fortunato, Teresita V. *Mga Pangunahing Etnolinggwistikong Grupo sa Pilipinas*. De La Salle UP, 1993. Print.
- . *Mga Pangunahing Etnolinggwistikong Grupo sa Pilipinas*. Anvil Publishing, 2017.
- Garcia, Fanny A. *Pamilya, Migrasyon, Disintegrasyon*. C&E Publishing, 2012.
- Hao, Duan. *Embodied Migration: An Affective Understanding of the Push-Pull Theory*. Master's thesis, University of New South Wales, 2012. Web. doi.org/10.26190/unsworks/15749.
- Javier, Roberto. "Mga Migranteng Manggagawang may HIV/AIDS: Pagkalinga sa Pangkalusugang Pangangailangan ng Pamilyang Pilipino." *Malay: Internasyunal na Journal sa Araling Filipino*, vol. 21, no. 2, 2009, pp. 59–70. Web. ejournals.ph/article.php?id=7942.
- McKay, Deirdre. *Global Filipinos: Migrants' Lives in the Virtual Village*. Indiana UP, 2012.
- . *An Archipelago of Care: Filipino Migrants and Global Networks*. Indiana UP, 2016.
- Fortunato, Teresita. *Mga Pangunahing Etnolinggwistikong Grupo sa Pilipinas*. Anvil Publishing, 2017.
- Navarro, Atoy, et al. "Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino." *Diwa E-Journal*, vol. 1, no. 1. 2013, pp. 1–14. www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2014/09/03-Pambungad1.pdf.

- Nuncio, Rhoderick V. Sanghiyang sa Mundo ng Internet. Academica Filipina Digital, 2010.
- Nuncio, Rhoderick V., at Elizabeth Nuncio. "Sangandiwa: Araling Filipino bilang talastasang pangkalinangan at lapit-pananaliksik". Animo Repository, 2024, pp. 1–199. Web. animorepository.dlsu.edu.ph/faculty_research/8459/.
- Roudometof, Victor. "Theorizing Glocalization: Three Interpretations." *European Journal of Social Theory*, vol. 19, no. 3, 2016, pp. 391–408. Web. doi.org/10.1177/1368431015605443.
- Tagaya, Angelina, and Leah Ballesteros. "Ilocano Familism in the Chichacorn Industry in Paoay, Ilocos Norte, Philippines". *Humanities & Social Sciences Reviews* vol. 4, no 1, 2016, pp. 27-40, tinyurl.com/4u2dxdxm.
- Tamayao, Antonio. "Ilocano Diaspora to Cagayan: A Historical Account and Framework for Understanding Ilocano Inter-Provincial Mobility." *Philippine Population Review*, vol. 8, no. 1, 2009, pp. 73–88. Web. philippinepopulationreview.upd.edu.ph/index.php/ppr/article/view/35.
- The New Philippine Comprehensive Dictionary & Thesaurus with Philippine 12 Major Languages*. University of Sto. Tomas, 2015.
- Tolentino, Rolando B. "Globalizing National Domesticity: Female Work and Representation in Contemporary Women's Films," *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, vol. 57, no. 3, 2012, doi.org/10.13185/2244-1638.1727.
- Tullao Jr, Tereso "Epekto ng Padalang Salapi ng mga OFW sa Tunay na Palitan ng Salapi". *Malay Internasyunal na Journal sa Araling Filipino*, vol. 21, no. 2, 2009, pp. 41–58. ejournals.ph/article.php?id=7917.
- Villa, Jose. Diksyunaryo-tesauro; Pilipino- Ingles. Manlapaz Pub. Co., 1972.

Si **Baby Jean VC. Jose** (babyjeanjose@clsu.edu.ph) ay kasalukuyang tagapangulo ng Departamento ng Filipino-CASS, CLSU. Nagtapos siya ng digring PhD sa Araling Filipino-Wika, Midya, Kultura sa De La Salle University-Manila kung saan niya nakamit ang pagkilala bilang *Outstanding Dissertation*. Interes niya sa pananaliksik ang Ilocano diaspora at kultura, leksikograpiya at kasarian.

Revaluating Manong: Nicanor Tiongson's *Manong: The Life and Works of Gerardo de Leon*

Laurence Marvin S. Castillo

University of the Philippines Los Baños

Nicanor Tiongson's *Manong: The Life and Works of Gerardo de Leon* (2025), published by the University of the Philippines Press, is a fitting tribute to the cinematic legacy of National Artist for Film Gerardo De Leon. In this new book, Tiongson demonstrates the encyclopedic grasp of Philippine cultural history and archival rigor that have long marked his body of scholarly works, traits that are here enlisted to shed light on and examine the indispensable contributions of one of Philippine cinema's pioneering masters.

The book opens with "Early Years: 1913-1938," tracing the genealogy of De Leon to the influential Ilagan clan, which counts among its members Hermogenes "Moneng" Ilagan, De Leon's father and a descendant of Francisco Baltazar. Known as the "Father of the Philippine Sarsuwela," Moneng Ilagan emerges as a compelling character in this biographical account, casting a shaping force on his children's subsequent creative engagements and instilling in them the necessary discipline and ethical principles in theater work and eventually filmmaking. The detailed chronicle of Ilagan's artistic influence on his children brings to the fore the interaction between familial intimacies and creative labor in giving shape to the country's cultural production, providing some insights into how collaborative artistic practices are enmeshed in the tightly-knit family dynamics in the country. In recounting the family's involvement in theatrical productions which would extend to their eventual venture into filmmaking, the chapter also shows the close link between theater and the development of the then emergent cinematic practice in the Philippines.

In chronicling De Leon's formative years, the book vividly conjures the social dynamics of early twentieth century Philippines, and the prevailing intellectual and cultural environment, in which the director came of age. In the mentioned chapter, Tiongson also takes note of the spheres of cultural exposure, particularly

the moviehouses in Manila, during the 1900s, through which De Leon was able to gain further understanding of artistic practice, apart from the experiences made available to him by virtue of his family's involvement in theater. These intellectual and cultural influences were complemented by his own pursuit of medical education, which provided him a scientific outlook in his subsequent work, and allowed him to imbue his cinematic creations with psychological insights.

Tiongson also locates, in the same chapter, De Leon's creative growth not just in his practical engagement as an actor, but also in his efforts at self-education. De Leon continued his cultural pursuits, at some point playing piano to provide live accompaniment to silent films, and actively sought out foreign films that entered the country. Such an eclectic cultural exposure enabled him to develop his understanding of cinematic styles and aesthetic principles that would prove useful in his own later productions. Tiongson synthesizes the intellectual and cultural discourses, ideological themes and stylistic qualities that mark the works and texts that the auteur was exposed to -- from cinematic masters like Sergei Eisenstein, Yasujiro Ozu and Satyajit Ray to thinkers like Georges Bataille. These extensive influences would be crucial in shaping De Leon's own generically and thematically diverse cinematic practice.

Taking up the bulk of the volume is the discussion of the filmography of De Leon. Across seven chapters, which cover De Leon's filmic outputs from his early works in Parlatone and LVN, R-D-R, and Sampaguita in the late 1930s, his wartime filmography, his postwar works under Sampaguita and Premiere to his forays in both independent and commercial productions in the 1960s to the 1970s, Tiongson chronologically traces the auteur's diverse body of cinematic works, tracking their respective production contexts and collaborative environments and conditions. The chapters contain film synopses, production information and even details about the critical reception that the works generated. Tiongson's careful contextualization reveals De Leon's filmography to be borne out of the various concessions and maneuvers that the director engaged in to negotiate with studio demands while maintaining artistic independence. Grappling with the dialectical dynamics between autonomy and intervention as he worked with studios like Sampaguita Pictures and Premiere Productions while developing his own cinematic vocabulary, De Leon produced a formidable body of work marked

by stylistic and narrative diversity, honing his craft in every production, be it one that complies with the imperatives of popular entertainment or one more invested with arthouse ambitions.

In undertaking such a comprehensive effort at documenting De Leon's cinematic outputs, Tiongson has to contend with the archival problems that hound cultural-historical research in the country. Of De Leon's roughly sixty films, only twenty two are extant. To address the limitations posed by such archival problems, Tiongson fills in the void by turning to other resources like komiks, novels and newspaper clippings to reconstruct the narratives and other significant details of the auteur's lost films.

Drawing on these existing documents allows Tiongson to approximate lost details and make conjectures about the public impact of, and response to, these works. This creative extrapolation also allows Tiongson to emphasize Philippine cinema's entanglement with other art forms like theater, literature and komiks. By bringing to light how De Leon reimagined narratives drawn from non-filmic mediums, Tiongson's book reveals the wealth of intertextual borrowings and reconfigurations that mark film production in the country. At the same time, as some of these productions like the fantasy film *Dyesebel* (1953) were borne out of perceived popular clamor for movie versions of popular literature, what is revealed is how creative decisions about narrative and generic choices for film production are shaped to a significant degree by studio-dictated notions of popular taste and demands.

The reader is hence given a concrete portrait of the vibrancy of creative work from the pre-war era, palpable in De Leon's chameleon-like studio work, his dynamic responses to the changing political climate, and the artistic collaborations that he forged with established and emerging stars and production crew. Across the painstaking reconstruction of De Leon's development as a towering figure in Philippine cinema who polished his craft in and through every project he created, Tiongson gives his own insightful comments on the aesthetic features and stylistic innovations of De Leon's filmic works.

Attentive to the imperatives of historicizing cultural work, Tiongson's discussion of De Leon's filmography takes careful consideration of the shifting landscape of

Philippine politics and society, especially at a highly volatile milieu marked by American colonial tutelage, wartime atrocities, and post-independence challenges. De Leon's development as an artist is marked by the ways in which creative decisions and choices were shaped not just by studio demands, but also by the political pressures of his time. For instance, in "Chapter III. The War Years: 1942-1945," Tiongson offers a nuanced account of the pressures that impelled De Leon to create propaganda films like 1944's *Dawn of Freedom* for the Japanese colonizers during the Second World War. The author examines wartime circumstances under which De Leon labored, clarifying the director's own political stance as a filmmaker forced to do work for colonial propaganda, while also continuing clandestine involvement in a guerrilla organization.

The book emphasizes that examining auteurial agency in creative work requires a profound understanding of how biographical circumstances are embedded in specific socio-historical conditions. Tiongson's task of laying bare and examining the political visions underlying De Leon's work involves a nuanced accounting of the conjunctural and the structural conditions under which artists labor. A fascinating episode that Tiongson fleshes out towards the end of "Chapter IV: Sampaguita Pictures: 1946-1947" is De Leon's vehicular accident in 1947, which was a crucial event that heralded a new phase in the director's filmic work. De Leon's Damascus moment compelled him to elevate his artistic ambitions and articulate nationalist sentiments in his work. Imbued with a renewed sense of direction to create meaningful and socially relevant work, De Leon's commitment to nationalist politics would become pronounced in the following years which would see him producing masterworks that explicitly tackle social concerns like *Sisa* (1951) and *Ang Daigdig ng mga Api* (1965).

In synthesizing the director's body of work, Tiongson offers his own assessment of the various elements of De Leon's work, his professed admiration for the director never getting in the way of nuanced, occasionally candid, evaluations of some of the films discussed in the book. Apart from a careful examination of the technical aspects of the director's films like editing, screenplay and visual style, the book's penultimate sections deepen the readers' appreciation of De Leon as a flesh-and-blood artist through discussions of his political and ideological convictions, his work style and interactions with his artistic collaborators. Tiongson offers a cogent

synthesis of the diverse themes in De Leon's filmography, exploring the personal attitudes and relatively progressive disposition that the auteur held concerning nationalism, social reform, and even gender and sexuality, as they are conveyed in and through his films. The book also gives space to De Leon's frank views about the film industry's transformations, and the emergence of younger auteurs like Ishmael Bernal and Lino Brocka, casting light on his hopes and dreams for the fate of the art form to which he devoted his life. De Leon's insights about these industry developments could further be extended to an elaborate discussion of the influence that the older auteur's works would cast upon the aesthetic and political achievements of the Second Golden Age of Philippine cinema.

One comes away from the book rewarded by the richly detailed examination of an artist who ventured into filmic work at a time when the country was confronted with the challenges of multiple colonial legacies and post-independence concerns. The book concludes with photographs that serve as a visual archive of De Leon's stellar filmmaking career. In this pictographic gallery, the readers are able to glimpse into the workings of the master, whose works demand to be appreciated by the younger generations of scholars, filmmakers and audiences, despite the archival lacunae. Also included is De Leon's detailed filmography, which contains important information that can be used for future research. In assembling this important tribute to the National Artist, Tiongson, reaffirming his stature as one of our foremost cultural historians, accomplishes the essential task of documenting the legacy of one of Philippine cinema's original masters for a new generation of readers and cinephiles.

WORK CITED

Tiongson, Nicanor. *Manong: The Life and Works of Gerardo de Leon*. U of the Philippines P, 2025.

Laurence Marvin S. Castillo (lscastillo@up.edu.ph) is associate professor of literary and cultural studies at the University of the Philippines Los Baños. He is the author of *Figuring Resistance: The Revolution in Film and Literature in the Philippines* (UP Press, 2026). He is a member of the Manunuri ng Pelikulang Pilipino.



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN
Office of the Vice Chancellor for Research and Development

CALL FOR PAPERS



Humanities Diliman, Science Diliman, and Social Science Diliman
are peer-reviewed journals published biannually (in June and December) by the University of the Philippines Diliman through the Office of the Vice Chancellor for Research and Development (OVCRD).

Papers are accepted year-round.

For more information, please visit the OVCRD website
<www.ovcrd.upd.edu.ph>

Cover image credits: Vargas Museum (*Humanities Diliman*) and Biodiversity Research Laboratory (*Science Diliman*)



JOURNAL SUBSCRIPTION FORM

NOTE: This Subscription Form is for the three journals published by UP Diliman through its Office of the Vice Chancellor for Research and Development (OVCRD) – *Humanities Diliman*, *Science Diliman*, and *Social Science Diliman*. Each journal is published twice a year. **The subscription price for each copy is Php 325.00. (Subscription price is subject to change without prior notice.)**

I/We would like to subscribe to the following journal/s:

JOURNAL TITLE (please check)	NUMBER OF SUBSCRIPTIONS (for each journal, please indicate volume number and desired number of copies) (EX. Volume 15, Number 1, 1 copy)	TOTAL AMOUNT (number of subscriptions x Php 325)
☐ HUMANITIES DILIMAN		
☐ SCIENCE DILIMAN		
☐ SOCIAL SCIENCE DILIMAN		
GRAND TOTAL		

METHOD OF PAYMENT (Please check one)

- ☐ PAY ONLINE (Make payment thru Landbank Link.Biz Portal –
<https://www.lbp-eservices.com/egps/portal/index.jsp>)
- ☐ PAY DIRECTLY AT THE U.P. CASH OFFICE (Located at PNB Bldg., Apacible St., U.P. Diliman)

Account Name: Research Dissemination Office (RDO) Publication Fund (Journals)
Account Code: 950-6700-499-460

SUBSCRIBER DETAILS

NAME/INSTITUTION	
CONTACT PERSON	
MAILING ADDRESS	
EMAIL ADDRESS	
TELEPHONE NO.	

Please send accomplished Subscription Form to the RDO-OVCRD via email (rdo.ovcrd@up.edu.ph).

Editorial and Publication Ethics Policy

EDITORIAL POLICIES

Humanities Diliman adheres to editorial policies aligned with international publishing standards and the Core Practices of the Committee on Publication Ethics (COPE). The Editorial Board consists of the Editor-in-Chief, Associate Editors, and Managing Editor, all appointed on the basis of disciplinary expertise and established research credentials.

The Editorial Board is responsible for safeguarding the integrity of the publication process, ensuring editorial independence, and maintaining academic quality. Editorial decisions are made solely on scholarly merit. The confidentiality of submitted manuscripts and related materials is maintained throughout the editorial process.

REVIEW PROCESS

All submissions undergo an initial editorial assessment by the Editor-in-Chief and Associate Editors to determine their suitability for peer review based on relevance to the journal's scope, originality, and scholarly rigor.

Manuscripts that pass the initial assessment undergo a double-blind peer-review process. Reviewers are selected on the basis of subject expertise and the absence of conflict of interest.

Publication decisions are made by the Editor-in-Chief, taking into account reviewer evaluations and editorial recommendations. Decisions to accept, revise, or reject a manuscript are based solely on its scholarly merit, originality, and contribution to the field.

Submissions authored or co-authored by members of the Editorial Board undergo the same review procedures as all other manuscripts. Editorial Board authors are excluded from all editorial and decision-making processes relating to their submissions, and any conflicts of interest are managed in accordance with the journal's ethical standards.

PUBLICATION ETHICS

Authors must submit original work that is not under consideration elsewhere and must appropriately acknowledge all sources and contributions. Any prior dissemination of the manuscript or its data must be disclosed at the time of submission.

For multi-authored manuscripts, one corresponding author must be designated to manage communication with the journal and ensure the accuracy of authorship information, institutional affiliations, and author order.

Research involving human participants must comply with applicable ethical standards. Authors are responsible for obtaining informed consent and securing participants' agreement to the publication of relevant data. A declaration confirming compliance with these requirements must accompany the submission.

Research involving Indigenous Peoples and communities must adhere to applicable ethical protocols, including meaningful community engagement and appropriate forms of consent and authorization.

RESEARCH MISCONDUCT AND CORRECTIVE ACTIONS

The journal investigates allegations of research and publication misconduct in accordance with COPE guidelines and established scholarly publishing standards.

Misconduct may include, but is not limited to, plagiarism, data fabrication or falsification, duplicate publication, citation manipulation, and misrepresentation of authorship.

If there are issues or concerns, the Editorial Board may request clarification, supporting documentation, or institutional review. Manuscripts found to violate ethical standards will be rejected. If misconduct is identified after publication, the journal may issue a correction, expression of concern, or retraction, as appropriate.

For cases involving faculty members, researchers, staff, or students of the University of the Philippines Diliman, the journal shall observe the applicable University procedures governing the investigation and resolution of written complaints and shall coordinate with the appropriate University authorities in accordance with the UP Diliman Faculty Manual, Administrative Manual, and other relevant institutional policies.

Information for Authors

1. Submission Requirements

- Articles must demonstrate a high degree of scholarship. They will be screened by the editorial board and undergo double-blind peer review.
- Submissions may be written in English or Filipino. For articles written in Filipino, the following must be provided in English translation:
 - Title
 - Abstract (not exceeding 300 words)
 - Five (5) keywords
- Articles in Filipino that translate quoted materials in English must provide the original text.
- Reviews of books, exhibits, websites, films, fora, and other relevant events are also accepted. Reviews should:
 - Provide a critical assessment of the work's arguments, methodology, and contribution, rather than a summary
 - Be approximately 1,500 words, written in English or Filipino, with no abstract required
 - Include complete bibliographic information for the work under discussion
 - Be subject to editorial review; double-blind peer review does not apply
- Submissions should be accompanied by approximately five lines of author biodata, including the author's present position and area of work, e-mail address (institutional e-mails preferred), institutional affiliation(s), and country. Individuals who contributed to the conceptualization of the paper may be acknowledged in the Acknowledgments section.
- Funding sources, if any, should be indicated; write *none* if there are no funding sources.
- All submissions must be made via SALIKSIK, the University of the Philippines Diliman's centralized submission and repository platform (<https://saliksik.upd.edu.ph/>), accessible using a Gmail account. The Humanities Diliman journal page is available at <https://saliksik.upd.edu.ph/journal-issue/HD>.

2. Article Length

- Research articles should range from 5,000 to 12,000 words.
- Reviews should be approximately 1,500 words.

3. Citation Style

- *Humanities Diliman* follows the **MLA style (9th edition, 2021)**. Please refer to: https://owl.purdue.edu/owl/research_and_citation/mla_style/mla_formatting_and_style_guide/mla_general_format.html
- Only manuscripts formatted according to MLA will be considered for review.
- Please use in-text citations and provide a Works Cited list. Endnotes should be limited to explanatory notes.
- Non-English sources must be accompanied by English translations.

4. Manuscript Format

- Manuscripts must be electronically prepared, double-spaced, with 1" margin on all sides.
- Accepted file types: **rtf, doc, docx**.

5. File Naming Format

- To facilitate the processing of submissions, please name all files using the following format: Surname_TITLE NAME_File Type

Examples:

Cruz_ThePoliticsOfMemory_MainDocument.docx
Cruz_ThePoliticsOfMemory_TitlePage.docx
Cruz_ThePoliticsOfMemory_BioNote.docx
Cruz_ThePoliticsOfMemory_Acknowledgments.docx
Cruz_ThePoliticsOfMemory_Figure1.jpg

- Please use the same title across all submission files.

6. Double-Blind Peer Review and File Upload Requirements

- Manuscripts must be prepared for **double-anonymized peer review**.
- The Main Document must not contain any identifying information, including author names, affiliations, acknowledgments, ORCID iDs, funding information, self-identifying references, or other details that may reveal the identity of the author(s).
- Upload the following files separately through the submission platform:
 1. **Main Document** – anonymized manuscript, including figures, tables, and captions
 2. **Title Page** – author details
 3. **Bio Note** – 2–3 sentences per author
 4. **Figures** – anonymized, at least 300 dpi (if applicable)
 5. **Acknowledgments** – submitted as a separate file, if applicable
- Authors are responsible for securing permission to reproduce copyrighted materials.

7. Contact Information

Questions regarding submissions may be sent to **humanities.updiliman@up.edu.ph**.
Please address all correspondence to:

The Editor-in-Chief

Humanities Diliman

Office of the Vice Chancellor for Research and Development

LGF Phivolcs Building, C.P. Garcia Avenue

University of the Philippines

Diliman, Quezon City 1101, Philippines

Tel.: (632) 436-8720 / 981-8500 local 4048

Email: humanities.updiliman@up.edu.ph



Office of the Vice Chancellor for Research and Development
University of the Philippines Diliman
Lower Ground Floor, PHIVOLCS Bldg.
C.P. Garcia Ave., Diliman, Quezon City 1101, Philippines
<http://www.ovcrd.upd.edu.ph>

COVER DESCRIPTION:
Pansak ag-iring (2024)
Photograph by Marc J. San Valentin